
*Mga Dokumento ng*

# Paglalagom

*ng mga Batayang*

# Kilusang Masa sa Kalunsuran



# Nilalaman

Maikling Paliwanag

Paglalagom ng mga Karanasan sa
Pagsusulong ng Rebolusyonaryong
Kilusang Manggagawa (1980-1992) .............................. 1

Paglalagom ng mga Karanasan sa
Pagsusulong ng Rebolusyonaryong
Kilusan ng Kabataan-Estudyante
(1980-1992) ............................................................ 61

Paglalagom ng Hayag na Rebolusyonaryong
Kilusan ng Kababaihan (1980-1992) ............................ 137

Palimbagang Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

## Maikling Paliwanag

Inilalathala ng Pangkalahatang Kalihiman ang mga dokumento ng paglalagom ng Kawanihan sa Kilusang Manggagawa, ng Kawanihan sa Kilusang Kabataan-Estudyante, at ng Kawanihan sa Kilusang Kababaihan. Ang mga dokumento ng paglalagom na ito ay isinulat batay sa kumperensya ng mga kadre sa saklaw ng Pangkalahatang Kalihiman-Pambansang Kagawaran sa Organisasyon noong Disyembre 1994.

Ang mga dokumento ng paglalagom na ito ay mga dokumento ng kilusang pagwawasto ng mga nasabing kawanihan. Magagamit ang mga ito bilang aralin o sanggunian ng mga yunit at kadre ng Partido na nakatalaga sa mga nasabing larangan ng gawain. Ang pagpapalaganap ng mga naturang dokumento ng paglalagom ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng Partido na lubusin ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at isulong sa bago at mas mataas na antas ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa, rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante at rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan.

Pangkalahatang Kalihiman
Enero 1999

# PAGLALAGOM NG MGA KARANASAN SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MANGGAGAWA (1968-1992)

***Kawanihan sa Kilusang Manggagawa***

***(Muling isinulat batay sa kumperensya ng PK-PKO ng 1994)***

# PAGLALAGOM NG MGA KARANASAN SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MANGGAGAWA (1968-1992)

***Kawanihan sa Kilusang Manggagawa***

***(Muling isinulat batay sa kumperensya ng GS-NOD ng 1994)***

**SA NAKARAANG TATLUMPUNG** taon ang militante at progresibong unyonismo, sa pamamagitan ng mahirap na pakikibaka at sa pangunguna ng mga proletaryong rebolusyonaryo, ay muling naitindig at sumulong kasabay ng pagpapanibagong-lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ang rurok na inabot ng pagsulong nito ay ang wala pang kapantay na kilusang welga at makapangyarihang kilusang protestang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal ng mga manggagawa noong unang hati ng dekadang otsenta—na isang pangunahing pwersang nagpabagsak sa pasistang diktadurang US-Marcos. Sa buhay-at-kamatayang pakikibaka sa pasistang diktadurang US-Marcos at sa pagpupunyagi sa militante at rebolusyonaryong pakikibaka laban sa sumunod na reaksyunaryong rehimeng papet ni Aquino at pagkatapos ni Ramos, napatunayan ang malalim at makapangyarihang rebolusyonaryong potensyal ng uring manggagawang Pilipino.

Ang pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa, mula't sapul, ay lipos ng pakikibaka sa reaksyunaryong kaaway na nasa labas, gayundin ng pakikibaka sa sari-saring hibo ng linyang burges at petiburges sa loob ng sariling hanay. Upang makasulong ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa, hindi lamang kinailangang labanan ang mga pagsalakay at pagharang ng malaking burgesyang dayuhan at lokal at ng mga lantad na galamay nilang mga unyong dilawan at pasistang kriminal. Kinailangang pangibabawan din ang mga impluwensya ng rebisyunismo at oportunismong "kaliwa" at kanan, bukod pa ang mga limitasyon ng pagpapanibagong-tatag mula sa halos wala.

Nang lumuwag ang pagkapit nito sa pagbubuo sa ideolohiya at pakikibaka sa rebisyunismo at oportunismo, ang kilusan ay binagabag ng lumala nang lumalang mga linyang insureksyunista, populista at ekonomista. Kaya ang kasagsagan ng pagsulong laban sa pasistang diktadurang US-Marcos ay hindi nagtuluy-tuloy. Ang kilusan habang lumalaon ay binagabag ng pag-aatubili, pagpapabaling-baling at paghahangad ng sobra sa kaya. Dahil sa lumulubhang mga disoryentasyon, napabayaan ang ibayo pang pagbubuo ng solidong lakas na pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon. Mas masahol pa, ang rebisyunismo at oportunismo sa dakong huli ay tumigas at namayani sa mahahalagang bahagi ng organisasyon ng Partido sa kilusang manggagawa, nakapanghati at lumikha ng matinding pinsala.

Gayunman, pagkaraan ng malalaking liko at ikot, nanatiling nasa pamumuno at impluwensya ng Partido ang pinakamalaking bulto ng pwersang manggagawang natipon sa nakaraang ilang dekada ng mahirap na pagpupunyagi at sakripisyo. May sapat na bag-as ng mga kadre at kasapi ng Partido sa iba't ibang antas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa na determinado sa kilusang pagwawasto, pagkokonsolida alinsunod sa wastong linyang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon. Ang mga matapat na proletaryong rebolusyonaryo ay determinadong nagwawaksi sa mga nakaraang paglihis at pagkukulang, at nagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa at rebolusyon sa higit pang mga tagumpay.

Napakainam ng obhetibong kundisyon. Ang patuloy na pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at malaking burgesyang kumprador ay nagtutulak sa mga manggagawa na mag-ipon ng higit pang lakas at lumaban hindi lamang para sa araw-araw na pagtatanggol sa kanilang interes kundi sa pagbabagsak ng buong sistema ng paghaharing kumprador-asendero sa bansa. Higit kailanman sa nakaraan, ang manggagawang Pilipino ay mulat sa pagtataguyod ng rebolusyong pambansang demokratiko para makasulong sa ikalawang yugto ng rebolusyong sosyalista at makapag-ambag sa abot ng kaya sa pagbabagsak ng paghaharing imperyalista sa buong daigdig.

Komprehensibong nilalagom natin ngayon ang mga karanasan sa pagsusulong ng kilusang manggagawa upang matuto sa mayamang praktika sa nakaraan, mapalalim at malubos ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto sa kilusang manggagawa, at patibayin pa ang mga internal na batayan sa panibagong pagsigla at pagpapalakas. Sasaklawin ang mga karanasan mula sa pagpapanibagong-tatag ng Partido bagama't itutuon ang pansin sa mga karanasan at usapin mula katapusan ng dekadang sitenta hanggang sa kasalukuyan.

## *1968–1979:*
## *Panibagong Pagpupundar ng Lakas*

**ANG PANAHON MULA** 1968 hanggang ikalawang hati ng dekadang sitenta, sa kabuuan, ay panahon ng pagpapalaganap sa masang manggagawa ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at linya ng demokratikong rebolusyong bayan, pagpapalawak ng ugnay sa kanila, paglalatag ng lakas sa mga batayang antas (Partido, lihim na mga grupo, mga unyong pinamumunuan at impluwensyado ng Partido), at pagpapasigla sa kilusang welga at kilusang protesta ng mga manggagawa.

Upang maisulong ang mga tungkuling ito, masigasig na inilantad, tinuligsa at binaka ang pasistang pag-atake at paninikil ng estado at mga kapitalista, ang unyonismong dilawan, kleriko-pasista, repormista pro-kapitalista at bulok, gayundin ang mga "kaliwang" tendensya tulad ng sektarismo na pangunahing dala ng kamusmusan at kapusukan ng mga elementong petiburges.

Ang muling tatag na Partido ay kulang na kulang sa karanasan at kaalaman sa umpisa. Pero mahigpit ang kapit nito sa diwa ng malalim na paglubog sa masa, panlipunang pagsisiyasat at pag-aaral sa masa. Hakbang-hakbang na pinangibabawan ang mga limitasyong ito.

### Panibagong pagkilos sa hanay ng uring manggagawa at ang muling pagtatatag ng Partido

Ang panibagong pagbubuo at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa dekadang sisenta ay isang pangunahing sangkap ng pagsisikap ng datihan at bagong-sibol na mga proletaryong rebolusyonaryo na muling isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, itaguyod ang MLKMZ at muling buuin ang Marxista-Leninistang Partido Komunista ng Pilipinas. Mula pa dekadang trenta ang tunay at militanteng kilusang unyon ay bahagi ng kilusan at pakikibakang pambansang demokratiko sa pamumuno ng rebolusyonaryong proletaryado. Mahigpit na magkakawing ang pagsulong, paglakas at pag-atras ng kilusang unyon at ang pagsulong, paglakas at pag-atras ng buong rebolusyonaryong kilusan.

Masikhay at pursigidong ibinangon ng mga rebolusyonaryong kadreng proletaryo ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa mula sa abo ng lumang kilusan na lubos na nilusaw ng oportunismo at rebisyunismong Lava at mula sa matagal na pamamayani at pagmonopolyo ng dilawang unyonismo. Ang naunang

pagsisikap na tipunin sa ilalim ng Lapiang Manggagawa (1961) ang makabuluhang bahagi ng kilusang unyon para buuin ang pagkakaisa ng mga manggagawa at isulong ang progresibo at militanteng unyonismo ay nabigo bunga ng kawalan ng wastong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng pagkahatak ng mga lider unyon sa burges na pulitika, mga kanang oportunistang tunguhin at makitid na sektarismo sa pagitan ng mga pederasyon.

Mula sa napanatiling ugnay sa mga unyon at manggagawang kabilang sa nawasak na Lapiang Manggagawa at Partido Sosyalista, nagpursigi ang mga datihan at bagong proletaryong rebolusyonaryo sa pagbubuo ng rebolusyonaryong bag-as sa mga unyon at pabrika, pagbubuo ng mga bagong unyon o pagtatransporma ng mga dati nang nakatayo at pagsusulong ng mga pakikibakang manggagawa. Kaagad na nagtalaga ng pwersa mula sa kabataan-estudyante para palakasin ang pagkilos sa hanay ng mga manggagawa .

Ang mga napukaw na manggagawa ay masiglang lumahok sa mga aksyong protesta na bumasag sa pangingibabaw ng mabalasik na anti-komunismo noong dekadang sisenta. Kalahok sila sa malakihang demonstrasyon laban sa parity rights at mga baseng militar ng US noong Oktubre 2, 1964. Kabilang ang mga manggagawa sa malaking demonstrasyon kaugnay ng mga saligang problema ng imperyalismo at pasismo noong Enero 25, 1965, gayundin sa mga sumunod pang demonstrasyon noong ikalawang hati ng dekadang sisenta.

Kabilang ang mga kabataaang manggagawa sa naging bag-as ng itinayong Kabataang Makabayan noong 1964. Naging ugnay sila ng mga aktibistang kabataang estudyante sa masang manggagawa. Mula sa hanay ng uring manggagawa ay lumitaw ang mga bagong sibol na proletaryong rebolusyonaryo na naging bahagi ng muling pagbubuo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

## Wastong Pamumuno ng muling itinatag na Partido

Ang matatag na pundasyon sa matagalang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay inilatag ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ng pagtatatag muli ng Partido Komunista ng Pilipinas sa batayang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon ng MLKMZ at pangkalahatang linyang pampulitika ng demokratikong rebolusyong bayan. Ito ang nagtakda sa saligang rebolusyonaryong katangian at oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Wastong inilinaw ng Partido na kailangang itatag ang pamumuno ng uri sa demokratikong rebolusyong bayan, itayo ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka sa pagsusulong hanggang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan. Hindi dapat at hindi maaaring lampasan o unahan ng sosyalistang rebolusyon ang di pa nakukumpletong pambansa-demokratikong rebolusyon. Taliwas sa realidad ng lipunang malakolonyal at malapyudal na lipunan at obhetibong interes ng mga manggagawa na makaisang panig na magkonsentra sa paglutas ng kontradiksyon ng paggawa at kapital gayong saklot-saklot pa ng imperyalismo ang sambayanang Pilipino at ng pyudalismo ang malawak na masang Pilipino. Sa sandaling maagaw ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kapangyarihang pampulitika mula sa paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo ay agad na isusunod ang sosyalistang rebolusyon. Dagdag pa, ang pagkaligta sa pakikibakang antipyudal at digmang bayan sa kanayunan at pagsesentro sa pakikibakang lunsod ay magsasadlak ng kilusan sa peligro ng “kaliwang” adbenturismo o di kaya’y parlamentarismo.

## Paglawak at pagsigla ng kilusang manggagawa sa panahon ng rebolusyonaryong daluyong ng 1970-72

Ang panahon ng rebolusyonaryong daluyong mula unang kwarto ng 1970 hanggang 1972 bago ipinataw ang batas militar ay panahon ng paglawak at pagsigla ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Nakapagpalawak sa mga pabrika sa Maynila-Rizal at nasimulan ang gawain sa Baguio, Gitnang Luzon, Timog Katagalugan, Bikol, Cebu, Dumaguete, at Iligan. Nagtulungan ang kakaunti pang kadre at kasapi ng Partido at ilampung aktibistang masa upang maugnayan ang marami-raming pabrika at mabuo ang mga sirkulo ng pag-aaral ng mga manggagawa at masimulan ang pagbubuo ng mga bagong unyon at transpormasyon ng mga dati.

Agad ding nakapagtalaga ng mga rebolusyonaryong pwersang napalitaw mula sa hanay ng manggagawa para tumungo sa kanayunan ng Gitnang Luzon at Hilagang Luzon mula 1970-1971. Tampok na mga halimbawa dito ang pangkat-pangkat na mga manggagawa mula sa unyon ng Northern Motors at US Tobacco Corp. (USTC) na tumungo sa kanayunan para maging mga pinunong pampulitika, mga kadre sa pagpapalawak, at mga namumunong kadre ng Partido sa mga panimulang sona at larangang gerilya sa Gitna at Hilagang Luzon.

Sa makasaysayang pagbugso ng mga pakikibakang masa noong 1970 at makapangyarihang panawagan para sa demokratikong rebolusyon ng bayan,

tinipon ang mga napamumunuan at impluwensyadong unyon upang itayo ang mga bagong progresibong pederasyong manggagawa na humanay at lumahok sa anti-imperyalista, antipyudal at antipasistang kilusang masa na pinamumunuan ng Partido. Binuo ang Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA) mula sa mga unyong humiwalay sa NATU noong 1970. Ang Pambansang Kilusan ng mga Manggagawa sa Pilipinas (PAKMAP) ay ipinundar mula sa Continental Bazaar Labor Union at iba pang unyon noong 1970. Ang Samahan ng mga Manggagawa sa Otel at Restoran (SMORP) ay itinatag bilang unyon sa naturang linya noong 1971. Ang Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper (PSMT) ay itinatag noong 1970 bilang alyansa ng mga asosasyon ng mga tsuper ng dyipni. Sa Negros, naitayo sa mga manggagawa sa asukarera at manggagawang bukid sa plantasyon ng tubo ang National Federation of Sugar Workers (NFSW) noong 1971.

Maliit pa lamang ang bilang ng manggagawa at unyong saklaw ng mga bagong pederasyon dahil nagsimula tayo mula sa halos wala at nagtitipon pa lamang ng karanasan sa pag-oorganisa sa hanay ng masang manggagawa. Subalit malaki at mahalaga ang ginampanang papel ng mga bagong tayong pederasyon sa higit pang pagpapalawak at pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Gayunman, ang pagkakatayo ng mga bagong pederasyon ay hindi nangahulugan ng pagsasara ng pagkilos sa loob ng mga dilawang pederasyon at laluna sa mga mapagkaibigang unyon at pederasyon.

Ang mas malaking bilang ng mga unyong kinikilusan ay binubuo ng mga nakaanib sa mga pederasyong kaalyado, mga unyong naugnayan nang suportahan sa welga, at ilang unyong nasa loob ng mga pederasyong sagad na antikomunista. Kumilos ang mga kasama sa mga unyon ng NAFLU, MFL, CLP, ULGWP at ADLO at nagpaunlad ng relasyon sa mga kaalyadong lider manggagawa. Ang pagkilos sa ilang lokal ng mga reaksyunaryong pederasyon ay karaniwang tumutungo sa pagbubuo ng panibagong unyon na inilalaban sa certification election. Sa paglawig ng karanasan sa pagkilos sa loob ng mga dilawang pederasyon, napalawak pa ang mga taktika sa pagkilos sa mga unyon tungo sa transpormasyon ng mga unyong dating kontrolado ng mga dilawan (paglaban sa mga eleksyon ng lokal sa halip na sa pamamagitan lamang ng certification election). Bago nito may maling palagay na tanging sa pagbubuo lamang ng bagong unyon at paglaban sa CE maitatayo ang rebolusyonaryong pamumuno sa mga manggagawa, bagay na nagbunga sa ilang pagkakataon ng di kinakailangang pagkagasgas ng mga pwersang nabubuo at agad na naisasabak sa mga welgang wala sa panahon.

Naitayo din ang mga teritoryal na alyansa ng mga manggagawa mula sa iba't ibang pabrika, unyon at pederasyon na nasa saklaw ng mga distrito ng Maynila-Rizal. Ang mga ito ay nagsilbing porum para sa edukasyong pang-unyon at pampulitika, daluyan ng pagtutulungan at koordinasyon sa mga welga at iba pang pakikibakang manggagawa, at makinarya sa pagpapalawak sa mga pabrika at komunidad at pagpapalakas sa mga progresibong pederasyon. Ang pagpapalakas ng ugnayan at pagtutulungan ng mga unyon at manggagawa sa mga distrito ng Maynila-Rizal ay nagpalakas ng mga batayan ng pagyabong sa kalaunan ng mas matibay na mga alyansa at mga koordinadong welga sa mga purok o konsentrasyong industriyal.

Malaking bilang din ng mga kabataang manggagawa ang tuwirang narekrut sa mga paaralan at komunidad ng KM at iba pang organisasyong pambansa-demokratiko ng mga kabataan. Masigasig silang lumahok sa iba't ibang pampulitikang pagkilos at sa pagpapalawak ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa kanilang mga komunidad.

Masigla ang mga kurso ng pag-aaral sa pambansang demokrasya kaalinsabay ng ahitasyon sa mga isyu sa pabrika. Noong rebolusyonaryong daluyong na sinindihan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 malawakang ipinaaabot sa mga manggagawa ang mga isyu sa paggawa at iba pang mga isyung panlipunan. Ipinalaganap na aralin ang iba't ibang artikulong nasa *Makibaka Para sa Pambansang Demokrasya*, ang *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* at mga isyu ng *Ang Bayan*. Ipinalaganap din ang *Limang Gintong Silahis at iba pang* akda ni Tagapangulong Mao ukol sa demokratikong rebolusyong bayan, digmang bayan, nagkakaisang prente, kultura, pilosopiya at panlipunang pagsisiyasat. Itinatag ang paaralan para sa pagsasanay ng mga lider manggagawa, na nagbigay ng mga lektura at pag-aaral sa pulitika at sa organisasyon sa mga lider manggagawa.

Pinangasiwaan ng Partido ang gawain sa hanay ng manggagawa sa pamamagitan ng Pambansang Kawanihan sa Unyon (NTUB) at mga katumbas na organo sa mga rehiyon at sa mga distrito ng Maynila-Rizal.

Binalak ng Partido ang sistematikong pagpapalakas sa hanay ng manggagawa. Bukod sa saligang oryentasyon at mga patakaran sa pagkilos sa hanay ng mga manggagawa, itinakda ang mga estratehikong industriya at empresang binigyan ng prayoridad sa pag-oorganisa.

Ikinategoryang estratehiko ang mga pabrika at empresa sa transportasyon at komunikasyon, kagamitang publiko(kuryente at tubig), minahan, trosohan, pagkain, gamot, kemikal dahil sa kanilang halaga sa ekonomya. Itinuring ding estratehiko ang mga empresang may malaking bilang ng manggagawa (halimbawa, tela at kasuotan, sigarilyo at tabako). Binigyang-diin ang mga empresang kontrolado ng malaking burgesyang dayuhan at lokal.

Inilatag sa *Gabay sa Pag-uulat at Pag-oorganisa* na binalangkas ng KPKS noong 1971 at 1972 ang mga saligang prinsipyo at gabay sa pag-oorganisa sa mga manggagawa sa kanilang pagawaan. Kabilang dito ang sumusunod:

- Paglilinaw na ang unyon ang saligang organisasyong masa ng mga manggagawa at ang halaga ng pagbubuo nito sa mga lugar na pinagtatrabahuhan ng mga manggagawa.
- Pagtataguyod sa rebolusyonaryong proletaryong pamumuno sa mga manggagawa sa pagtatayo ng kanilang unyon, pagtransporma sa mga dilawan o pagkilos sa loob ng mga mapagkaibigan;
- Bilang saligang rekisito sa pag-abot at pag-oorganisa sa masang manggagawa, pagbubuo ng rebolusyonaryong bag-as mula sa mga elementong pinakamaaasahan, may liderato, may kakayahang makipag-isa sa mayorya at handang lumahok sa rebolusyonaryong pag-aaral at pagkilos. Pagpapaunlad sa kanilang rebolusyonaryong kamulatan upang magampanan ang sumusunod na mga tungkulin:
    - Imulat ang mga manggagawa sa pangangailangan ng pagkakaisa at ng tunay na unyonismo at, kung wala pang unyon, simulan nang mangalap ng mga kasapi sa tunay na unyon.
    - Ipabatid sa mga manggagawa ang kanilang pamumuno sa pambansang demokratikong rebolusyon ng bayan.
    - Ihanda ang mga manggagawa sa sariling pagtatanggol at sa pakikipagkaisa sa mga demokratikong uri, lalung-lalo na sa uring magsasaka.

   - ➢ Magmanman sa kilos ng kaaway at magbigay ng maagap na impormasyon sa mga kasama at masa.

- Pagsusulong ng kilusang welga, pag-aangat ng pakikibakang pang-ekonomya sa antas ng pakikibakang pampulitika, pagpapalawak ng pagkilos ng mga manggagawa sa mga komunidad at iba pang saklaw ng gawain, at pagpapaunlad ng mga pinunong pampulitika at pulang mandirigma para sa BHB at iba pang gawain sa kanayunan.

Habang masigasig na ipinapatupad ang mga tungkulin at patakaran kaugnay ng pagkilos sa hanay ng masang manggagawa lumitaw ang ilang "kaliwang" oportunistang tunguhin at sektarismo na maagap na tinunggali at naiwasto bago nakapagdulot ng malaking pinsala. Tampok dito ang tendensyang sektarista na nagturing sa KASAMA bilang tanging pederasyong dapat inugan ng lahat ng pagkilos ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kilusang paggawa. Itinaguyod ng sektaristang pananaw na ito ang pagsasara ng pagkilos sa iba pang pederasyon, maling pagkakategorya ng mga mapagkaibigang pederasyon bilang dilawan, at pagtuturing na kakumpitensya at pampahina sa KASAMA ang mga alyansa ng mga manggagawa sa mga distrito. Itinulak din ng tendensyang sektarista ang pagmaliit sa ibang progresibong pwersang petiburges at ang hindi kinakailangang pagpapaigting ng pakikitunggali sa mga kaalyadong organisasyon sa loob ng Movement for a Democratic Philippines (MDP) sa maling akalang gayon ang pagpapangibabaw ng pamumuno ng uring manggagawa.

Bilang kursong masa ng mga manggagawa, ipinalaganap ang tatlong lektura para sa mga manggagawa: ang *Wastong Pamamaraan ng Pagsusuri*, *Paano Pinagsasamantalahan ang mga Manggagawa?*, at *Tunay na Unyonismo*. Malaki ang itinulong ng mga ito sa pagmumulat sa mga manggagawa. May natukoy na ilang "kaliwang" kahinaan at hibo ng linyang purong anti-kapitalista sa mga lektura. Pero hindi maagap na nagawan ng konstruktibong hakbang para maayos ang natukoy na mga kahinaan at kakulangan ng mga lektura. Nahinto ang mga pag-aaral sa tatlong lektura nang walang malinaw na kapalit sa matagal-tagal na panahon.

Sa lekturang *Paano Pinagsasamantalahan ang mga Manggagawa?*, wastong nailinaw ang mapagsamantalang relasyon ng kapital sa paggawa. Subalit hindi naituloy ang paglilinaw hanggang sa dominasyon ng imperyalismo at pananatili ng pyudalismo sa lipunang malakolonyal at malapyudal. Hindi

kongkretong nailinaw ang saligang kuneksyon ng imperyalismo at pyudalismo sa labis na matinding pagsasamantala at pang-aaping dinaranas ng mga manggagawang Pilipino. Hindi rin nailinaw kung bakit 2-yugto ang rebolusyong Pilipino at kung bakit hindi pa mahaharap sa pamamagitan ng sosyalistang rebolusyon ang kontradiksyon sa pagitan ng kapital at paggawa. Gayunman, hindi nagbunga ng kongkretong pinsala ang natukoy na kahinaan dahil patuloy na naipalaganap ang *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, *Struggle for National Democracy*, at iba pang lathalain ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyon na malinaw na nagtatalakay sa linya ng demoratikong rebolusyong bayan.

Bunga ng bagong militansyang itinaguyod ng pambansa-demokratikong kilusan at ng mga bagong pederasyon at unyong nasa pamumuno o impluwensya ng Partido, sumigabo at lumaganap ang kilusang welga. Nagpamalas ng bagong antas ng militansya at paglaban ang masang manggagawang napukaw ng pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura. Ang bawat karahasan sa piketlayn ay tinugon ng ibayong paglaban, umakit ng kagyat na suporta ng mga katabing pabrika at komunidad, umani ng simpatya ng malawak na mamamayan sa kalunsuran, at matalas na naglantad sa makauring interes at katangian ng reaksyunaryong papet na rehimeng Marcos.

## Pagpapataw ng paghaharing militar

Ang paglawak at pag-igting ng pakikibakang pambansa-demokratiko sa buong bansa ay malaking banta sa sistemang malakolonyal at malapyudal na nakalubog sa matinding krisis sa ekonomya at pulitika. Sa desperadong hakbang na hadlangan ang mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at iahon sa malalim na pagkabalaho ang nabubulok na sistema, ipinataw ang pasistang paghaharing militar. Itinanghal ni Marcos ang sarili bilang presidenteng walang taning ang panunungkulan at kinamkam niya para sa kanyang paksyon ang lahat ng kapangyarihan sa reaksyunaryong gubyerno kasabay ng marahas na pagtugis sa kanyang mga kalaban sa pulitika.

Maraming welga sa Maynila-Rizal at iba pang rehiyon ang inabutan ng deklarasyon ng batas militar. Tahasang sinupil ang mga ito at ipinagbawal ang karapatang magwelga. Ang mga ligal na organisasyong manggagawa na nakahanay sa Movement for a Democratic Philippines (MDP) tulad ng KASAMA, PAKMAP, SMORP at PSMT ay idineklarang ilegal. Marahas na sinupil ang mga piketlayn, sinalakay ang mga upisina at himpilan ng mga organisasyong manggagawa, dinakip o tinugis ang mga mga lider manggagawa at mga organisador.

Subalit ang mga lihim na grupong nabuo sa pamumuno ng Partido at ang mga yunit mismo ng Partido sa kilusang manggagawa ay nagpursige sa lihim na pagkilos. Ipinagpatuloy nila ang pagpapalawak ng lihim na ugnay sa mga manggagawa sa mga pabrika at ang pagkilos sa mga unyong nasa loob ng mga pederasyong kaalyado at reaksyunaryo. Pumaloob sa kilusang lihim o di kaya'y nagtungo sa kanayunan ang ilang lider manggagawa at organisador na tinutugis ng pasistang diktadura. Ang mga unyong nakaanib sa mga pederasyong idineklarang ilegal ay inilipat sa mga kaalyadong pederasyon upang maggiit ng ligalidad at magpunyagi sa pagkilos sa loob ng mga pederasyong ito. Nabuksan din ang gawain sa loob ng PAFLU, isa sa malalaking pederasyon noon, sa pagkakatayo ng isang grupo ng Partido dito.

Ang marahas na kampanya ng pasistang diktadurang US-Marcos na sarhan ang lahat at anumang daluyan ng demokratikong pagtutol ay lalong naglinaw sa kawastuan at pangangailangan ng armadong rebolusyon, Bagong Hukbong Bayan at pakikibaka sa kanayunan. Sa pamumuno ng Partido, nabuo ang mga tuwirang daluyan ng pagsuporta ng rebolusyonaryong kilusang unyon sa sandatahang pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa iba't ibang panig ng kanayunan ng bansa.

Ang Partido ay maagap na naglinaw ng mga tungkulin sa bagong sitwasyon at nanawagan para sa pagbabagsak sa diktadurang US-Marcos. Idiniin ng Partido ang tungkuling lalong pag-ibayuhin ang pagsusulong ng digmang bayan, at ang kahalagahan ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Kaalinsabay naglinaw din ito sa paggigiit sa ligal at depensibong katangian ng pakikibaka sa kalunsuran, sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kilusang lihim habang naghihintay ng tamang panahon hanggang maging hinog na ang kalagayan para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Nanawagan din ang Partido ng dagdag na pagsisikap para ipalaganap ang ideolohiyang MLKMZ sa masang manggagawa. Nagrekomenda ito ng mga piling babasahing MLKMZ para sa masang manggagawa.

Lumitaw ang mga maling kaisipan na maagap na nilinaw at iwinasto ng Partido. Kabilang dito ang pananaw na balewala na ang mga unyon at mga ligal na pagkilos sa bagong sitwasyon at ang paghahangad ng mga ispektakular na aksyon ng mga yunit ng BHB sa kalunsuran. Sa Cebu lumitaw ang pananaw na hindi na uubra ang ligal na kilusang masa sa sitwasyon ng batas militar. Bunga ng sobrang pagtaya sa kakayahan ng ispontanyong galit ng masa at pagmamadaling basagin ang sindak na inihasik ng pasistang lagim, nabuo ang

putsistang plano ng KTMR para sa misa-rali sa Binondo laban sa plebisito para sa konstitusyong Marcos noong Enero 1973. Bukod sa tinipon ang lahat ng pwersa, itinalaga ang mga pwersang partisano para sa armadong pagtatanggol kapag sinalakay ng pasistang militar ang hayag na aksyong masa. Pinuna ng KTKS ang nasabing plano at idiniin ang saligang paglabag niyon sa ligal at depensibong katangian ng kilusang masa sa kalunsuran.

Nang lusawin ng KRMR ang mga komiteng distrito noong mga unang buwan ng paghaharing militar, napinsala ang kilusang lihim sa hanay ng manggagawa nang lalong humirap ang muling pagtitipon at nawalan ng epektibong sentro ang mga yunit sa batayang antas matapos ang sunud-sunod na dislokasyon sa panrehiyong kawanihan bunga ng mga pagkaaresto ng mga kadre. Dagdag pa, ang paglusaw sa mga distrito at pagtitipon ng pwersa sa ilalim ng mga kawanihang panrehiyon ay nag-engganyo ng burukratismo sa anyo ng pagpaparami ng mga kahon sa itaas habang makitid o mas kumikitid pa ang aktwal na gawaing masa sa mga batayang antas. Makaisang-panig at wala sa panahong pinalaki ang lugar ng pagpaplano at koordinasyon alinsunod sa mga linyang industriyal gayong ang pinakamahigpit na pangangailangan ay ang pagpapalawak at pagpapalalim ng solidong lakas sa mga batayang antas. Ang teritoryal na istruktura ng Partido na saligang istruktura sa organisasyon upang mapanghawakan ang mga gawain sa batayang antas at maipatupad ang desentralisadong operasyon sa ilalim ng sentralisadong pamumuno ay ipinursigeng agad na muling maitayo.

## Pagbasag sa sindak ng pasistang teror

Pansamantalang napigilan ng pasistang dahas ang mga hayag na pakikibakang manggagawa. Mahigpit na ipinagbawal ang welga, idineklarang ilegal ang mga progresibong pederasyon, maramihang inaresto ang mga lider at aktibistang manggagawa, at tinugis ang maraming iba pa.

Subalit ilang buwan lamang makalipas ideklara ang batas militar, nagparamdam na ang mga manggagawa ng pagsalungat sa panunupil ng pasistang diktadura. Ang ibayong pang-aapi at pagpapahirap sa mga manggagawa na agad naranasan ng mga manggagawa sa pagkapataw ng batas militar ay pumukaw sa militansya ng uri. Taglay ang mataas na diwa ng paglaban sa mga paninikil at pagsasamantala, hinamon ng mga manggagawa ang mga pasistang patakarang kontra-manggagawa sa mga pakikibakang ispontanyo at hiwa-hiwalay sa simula pero lumawak, tumatag at tumaas ang antas habang lumalaon. Noong maagang bahagi ng 1973 naglunsad ng sitdown strike ang isang pabrika ng damit sa

Canlubang, Laguna at ng wildcat strike ang Gentex sa Libis, Quezon City. Hindi nagtagal 900 manggagawa sa Pampanga Sugar Mills ang sama-samang nagboykot sa trabaho bilang protesta sa labis na pagkaantala ng kanilang sahod. Ang mga lihim na grupo sa mga unyon at mga pabrika ay tuluy-tuloy na naglunsad ng propaganda at namahagi ng mga rebolusyonaryong babasahin.

Noong Abril 1974 nagtirik naman ng piket ang mga manggagawa sa Lirag Textile Mills sa Malabon upang ipaglaban ang dagdag sa sahod at emergency allowance. Nagmartsa ang mga manggagawa sa Gelmart sa Bicutan para igiit ang pagkilala sa kanilang unyon. Unti-unting dumami ang mga manggagawa at unyon na naglunsad ng mga slow down, mass leave at sadyang pagpapahaba ng oras ng pagpapahinga.

Noong ikalawang hati ng dekadang sitenta higit pang lumakas ang paghamon ng masang manggagawa sa strike ban at pasismo. Naging litaw ang mga signos ng namumuong unos ng mga pakikibakang masa. Ibayong uminam ang kalagayan para sa mas mabilis na lahatang-panig na pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Inilatag sa mensahe ng Komite Sentral sa paggunita ng Mayo Uno noong 1975 ang dalawang mayor na responsibilidad ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran: ang pagpupursige at pagpapalakas sa pangunahi'y ligal na kilusan sa kalunsuran, at ang papalakas na pagsuporta sa sandatahang pakikibaka at kilusang masa sa kanayunan. Inilinaw ang saligang oryentasyong pag-ibayuhin ang pakikibaka sa diktadurang US-Marcos sa kalunsuran at wastong idispusisyon ang mga tagumpay na nakakamit doon para sa ibayong pagsusulong ng armadong pakikibaka at agraryong rebolusyon sa kanayunan.

Naging inspirasyon ng matapang na paghamon sa pagbabawal ng pasistang diktadura sa welga ang welga ng mga manggagawa sa La Tondena Inc. (LTI) sa Tondo, Maynila noong Oktubre 1975. Nilusob ng pasistang militar ang piketlayn at tinangkang pasukuin ang mga manggagawa sa pamamagitan ng kamay na bakal. Sa tulong ng iba pang unyon, ng masa sa komunidad at mga progresibong pari at madre, militanteng nanindigan ang mga manggagawa sa kanilang karapatang magwelga at magpiket. Hindi napigilan ng mga sensor sa midya ang pag-alingawngaw ng balita sa magiting na pakikibaka ng mga manggagawa sa LTI. Di nagtagal naglunsad ng serye ng maigting na pakikibaka ang Samahan ng Nagkakaisang Batilyo (SNB) sa Navotas. Lumaganap ang kilusang welga. Noong 1975-76 umabot sa mahigit 73,000 manggagawa ang lumahok sa mahigit 200 welga, mga welgang umabot sa mga pabrika, plantasyon

at minahan ng Hilaga at Timog Luzon, Kabisayaan at Mindanao. Hindi nagtagal, naitayo ang Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) bilang hayag na sentro ng militanteng kilusang manggagawa.

## Pagsulpot ng oportunismong petiburges

Sa gitna ng pag-inam ng sitwasyong pampulitika at pag-igting ng pakikibaka ng mga manggagawa noong ikalawang hati ng dekadang sitenta, sumungaw muli ang pangit na mukha ng kanang oportunismo na itinaguyod ng pangkating Lagman sa KRMR at binalutan ng putsismong petiburges. Sa kilusang manggagawa, itinaguyod ng pangkating Lagman sa KTMR ang ekonomista at mekanikal na konsepto ng mga yugto na nagkakahon sa mga manggagawa sa mumunti at menor na isyu at umiiwas sa mga pangunahing usapin at anyo ng pagsasamantala at pang-aapi. Sa pakikibakang antidiktadura, itinulak nila ang kanang oportunistang panukalang isapaw sa lahat ng islogan ang taktikal na islogan para sa "malinis, matapat at antipasistang eleksyon." Kaalinsabay, ipinalaganap nila ang mga "kaliweteng" pananaw tungkol sa mga anyo ng pakikibaka para madaliin ang paghila sa mga manggagawa sa mga aksyon sa lansangan at pabilisin ang pagsiklab ng mga "bugso" at "unos." Minaliit nila ang mga pang-araw-araw na gawain sa hanay ng masa sa loob ng pabrika at ipinalagay na ang mga aksyon sa lansangan lamang ang mga aksyong tunay na rebolusyonaryo.

Sa pamamagitan ng mga kanang islogan at taktika, tinangka nilang lansihin ang kaaway, gayundin ang masa, para artipisyal na paputukin at patindihin ang mga sagupaan sa lansangan at ilusot ang mga putsistang tangkang lumikha ng sitwasyon para sa "pag-aalsang antipasista" sa pamamagitan ng mga taktikang ahenteng probokador. Ang bago pa lamang sumisiglang kilusang manggagawa ay agad binanat at ginasgas para sa mga aksyong "kiskisan," "bugso" at "unos" sa ilalim ng bandilang islogang humihingi ng eleksyon.

Para sa mga pakanang "unos" at "bugso," nagtakda ng mga "balwarteng" pagawaan na noo'y nasa panimulang antas pa lamang ng konsolidasyon upang manguna sa mga welgang nakabatay sa mga artipisyal na mga isyu at naghahabol ng matitinding kumprontasyon sa kaaway. Sektaryong iginiit maging sa mga kaalyadong pederasyon ang mga panawagan at balak. Ginatungan ni Lagman ang sektarismo sa loob ng BMP na nagbunga ng pagmaliit sa pakikipag-ugnayan at pagkilos sa loob ng mga kaalyadong pederasyon.

Sa kaibuturan, ang "kaliwa" at kanang oportunismo ng pangkating Lagman ay bunga ng rebisyunistang pagkwestyon sa pagsusuring malapyudal ang sistema ng lipunan sa Pilipinas at pagdududa sa kawastuan ng pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Ang pagpuna ng *Mahigpit Nating Mga Tungkulin* sa kanan at "kaliwang" anyo ng bagong-sibol na tunguhing oportunista ay ipinagkait ni Lagman sa organisasyon ng Partido sa MR. Lumala ang tunguhing oportunista hanggang sa tunggaliang boykot-partisipasyon sa eleksyong IBP ng 1978 at paksyunalismo ni Lagman noong 1978-79. Noong 1979 pansamantalang nanyutralisa ang oportunistang tunguhin at paksyunalismo ni Lagman, bagay na tumiyak sa nagkakaisang pagkilos ng mga rebolusyonaryong pwersa at pagmamartsa nila sa unahan ng antipasistang daluyong nang sumunod na mga taon. Subalit hindi tunay na nalutas ang mga usapin dahil sa mga sumusunod:

- Ang kritika ng KTKS at wastong paninindigan nito tungkol sa pangkalahatang linya ay pinahina ng mga pagkakamali sa pagsusuri sa eleksyon at paghusga sa malawak na antipasistang protestang masa sa panahon ng eleksyon.
- Hindi tuluy-tuloy na naasikaso ang konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.
- Pumasok ang malaking bilang ng rekrut na hindi dumaan sa karampatang edukasyong M-L at nanatiling impluwensyado o di kaya'y bulnerable sa sari-saring impluwensyang populista, koalisyunista at insureksyunista
- Higit pa, mula 1981, ang sentral na pamunuan mismo ay nagkaroon ng mga pag-aatubili at paglihis sa linya ng matagalang digmang bayan, estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan, at wastong linya sa uri sa nagkakaisang prente.

Ang di naresolbang mga usapin sa linya, ang sariling mga kahinaan at pagkakamali sa pagsusuri, ang kasunod na paglitaw ng mga paglihis sa wastong linya ay naging matabang lupa para sa muling paglitaw, paglaganap at pamiminsala ng oportunismong petiburges sa kilusang manggagawa sa mga susunod na taon.

Gayunman, sa sariling antas ang ginawang muling pagsasaayos ng pamumuno at gawain sa maraming lokal na unyon, at ng ugnayan sa mga kaalyadong lider manggagawa ay naglatag ng mga batayan sa panibagong pagsulong sa harap ng ibayong pag-inam ng kabuuang sitwasyong pampulitika.

## 1980 – Pebrero 1986:
## Pagsulong ng Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa, Pagkapit at Pamiminsala ng Oportunismong Petiburges

**ANG PAKIKIBAKA SA** diktadurang US-Marcos ay mabilis na sumulong noong 1980-86 at umabot sa kasukdulan noong 1983-86. Lumapad ang antipasistang hanay batay sa pagsulong ng kilusang magsasaka at kilusang manggagawa sa pamumuno ng Partido, at pagtindi ng mga kontradiksyon ng mga paksyon ng mga naghaharing uri. Sumulong ang digmang bayan sa mas maunlad na subyugto ng estratehikong depensiba.

Subalit lumitaw at lumaganap din ang paglihis sa wastong linya sa anyo pangunahin ng insureksyunimong lunsod na may halong ekonomismo. Bunga ng malulubhang panloob na kahinaan at pagkukulang, ang malalaking tagumpay ay hindi lubos na napakinabangan para sa matagalang pagsulong ng rebolusyon. Ang mga ito ay hindi mahigpit na napanghawakan ni nakonsolida. Mas masahol pa, ang malalaking pagsulong ay mabilis na bumaling sa wala pang katulad na mga pinsala at pag-atras.

Noong mga unang taon ng dekadang 1980 lumaganap at lumakas ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa malalaking lunsod, mga sentro ng rehiyon at prubinsya, at sa mga minahan at pabrika sa kanayunan. Sa patnubay, sa pangkalahatan, ng wastong linya at mga patakaran na nailatag noong mga taong 1968-79, lumaganap at umigting ang kilusang welga at kilusang protesta ng mga manggagawa. (Tingnan ang mga talaan sa ibaba.)

Kilusang Welga

| **Taon** | **Blg. ng welga** | **Blg. ng mggwa.** | **Man-days lost (000)** |
|---|---|---|---|
| 1980 | 62 | 20,902 | 105 |
| 1981 | 260 | 98,585 | 796 |
| 1982 | 158 | 53,824 | 1,670 |

*Nota: Maraming lokal na welgang inilunsad na hindi kwentado sa istadistika ng reaksyunaryong gubyerno tulad ng 2 ulit na sympathy strike ng mga manggagawa sa BEPZ, sunud-sunod na mga lokal na welga sa Mindanao, iba pang koordinadong welga tulad ng sa FTI at sa Valenzuela, Bulacan.*

Mobilisasyong Mayo Uno (MR)

| | |
|---|---|
| 1980 | 5,000 |
| 1981 | 10,000 |
| 1982 | 15,000 |

*Naitala din ang papalaking mobilisasyong Mayo Uno sa Gitnang Luzon, Bacolod, Mindanao.*

Mga tampok na isyu sa mga welga at pakikibakang manggagawa ang mas mataas na sahod at ang panunupil sa karapatang magwelga at iba pang karapatang pang-unyon. Matapang na nilabanan ng mga manggagawa ang patakaran ng diktadurang US-Marcos sa mura at sikil na paggawa, na lalong naging kamuhi-muhi at hindi na matiis sa ibayong pagtindi ng sosyo-ekonomikong krisis at paglaganap ng iba't ibang anyo ng pagtutol at paglaban ng masa mula ikalawang hati ng dekadang 1970.

## Pagkakawing ng mga lokal na pang-unyong pakikibaka sa mga isyung pambansa

Ang pangunahing sangkap ng mga pakikibakang manggagawa ay ang papalawak na paggigiit sa antas-pabrika ng kahilingan sa mas mataas na sahod at karapatang magwelga at magpiket. Ang mga ito ay suportado ng mga sektoral at multisektoral na kampanya ng propaganda at protesta. Habang dumarami ang bilang ng mga welga, at tumitindi ang tunggalian sa mga piketlayn, lalong pinapalawak ng mga manggagawa ang pagkuha ng suporta sa mga demokratikong pwersa at saray kasabay ng papalaki nang papalaking mobilisasyon din ng mga manggagawa sa mga antipasistang pagkilos.

Mulat na ikinawing ang kampanya sa pagtataas ng sahod at kilusan para sa pagbabalik ng karapatang magwelga sa paglaban sa mapanlinlang na programang "normalisasyon" ng pasistang diktadurang US-Marcos. Ikinawing ang mga lokal na pang-unyong pakikibaka sa mga kampanyang masa sa isyu ng pagtataas ng presyo ng langis, pagbubuo ng mga bagong reaksyunaryong batas sa paggawa, huwad na pag-aalis ng batas militar at huwad na plebisito't eleksyong presidensyal.

Ang mahigpit na pag-uugnay ng mga isyu at pakikibakang lokal sa mga isyu at pakikibakang pambansa ng mga manggagawa at ng buong bayan

ay nagbunsod ng kaibang sigla at pwersa, militanteng diwa at pagtaas ng pampulitikang kamulatan ng masang manggagawa. Naipaunawa sa papalawak na bilang ng mga manggagawa ang pangangailangan ng pagkakaisa ng buong uring manggagawa at ng buong sambayanan laban sa pasistang diktadura.

Ang mga sektoral na kampanya para sa mga karapatang manggagawa ay mahusay na pinagsilbi sa pagpapalakas ng paglaban sa pagtataas ng sahod, paggigiit ng karapatang magwelga laban sa strike ban at paghahanda ng masa laban sa sumunod na mga pasistang restriksyon sa mga karapatang manggagawa. Binigyang-diin ang militanteng pagtataguyod sa mga karapatang demokratiko, ang pagmaksimisa sa suporta ng malawak na antipasistang hanay, at pagtatakwil sa pagkakatali sa legalismo at parlamentarismo.

Itinatag noong 1980 ang Kilusang Mayo Uno (KMU) at pagkatapos ang dalawa pang malapad na alyansa ng mga unyon at pederasyon, ang Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino (PMP) (Abril 1981) at National Coalition for the Protection of Workers' Rights (NCPWR) (1982). Tinipon ng KMU ang mga militante at progresibong unyon habang pinanatili ang pinakamalawak na posibleng pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa iba pang unyon para sa pakikipaglaban sa mas mataas na sahod at pagtatanggol laban sa pasistang panunupil. Nagsilbi itong sentrong pang-unyon hindi lamang para sa mga pakikibakang pang-ekonomya kundi maging sa pakikibakang pampulitika ng mga manggagawa.

Sa mas mahigpit na pagkakaisa ng mga militante at progresibong unyon at sa aktwal na pangunguna nila sa mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika laban sa pasistang diktadurang US-Marcos, lalong nahiwalay ang mga dilawang unyong sunud-sunuran sa pasistang diktadura, lalong naging imposible ang pagpapataw ng pasistang patakarang "one union, one industry" para ipailalim sa mga dilawan ang buong kilusang unyon. Kaalinsabay, ang paghigpit ng koordinasyon at pakikipagtulungan sa ibang unyon at iba pang demokratikong saray at pwersa ay ibayong nagpaluwag ng maniobra ng mga unyon at pakikibaka sa antas ng pabrika.

KMU*

| | | |
|---|---|---|
| 1980 | 50,000 | 8 pederasyon/mga indipendyente |
| 1981 | 100,000 | Mga balangay sa MR, GL, Mindanao |

** Binubuo ng NAFLU, ADLO, ULGWP, MFL na naging NFL, CLP na naging FUR at naging ANGLO, GATCORD mula PAFLU, NUHWRAIN mula SMORP at NFSW.*

PMP

| | |
|---|---|
| KMU | 100,000 |
| TUPAS | 50,000 |
| NATOW | 2,000 |
| NHEA | 2,000 |
| NUBE | 21,000 |

Ilan pang malaking independyenteng unyon tulad ng Meralco at PNR

Hanggang mga unang taon ng dekadang 1980, patuloy na nabigyan ng pansin ang ekspansyon sa malalaking konsentrasyong manggagawa at sa mga estratehikong empresa habang pinasisigla ang mga pakikibakang manggagawa. Sa kalakhan ng panahong ito, nagampanan din ang solidong pag-oorganisa sa masa at ang pagsuporta ng mga manggagawa sa sandatahang pakikibaka at kilusang magsasaka sa kanayunan.

Noong 1981, nasa bag-as ng mga unyon at iba pang organisasyong manggagawa sa MR (sa saklaw ng PKT-MR at NTUB), ang 550 kasapi ng Partido na may katuwang na 700 rebolusyonaryong aktibista sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masang manggagawa at malaproletaryado sa mga pabrika at komunidad. Tuwirang pinamumunuan ang mahigit 30,000 manggagawang organisado sa mahigit 40 unyon. Mayroong malakas na impluwensya sa mahigit 40,000 iba pa na nakapaloob sa may 40 unyon din. Makabuluhan na rin ang bilang ng mga unyong napamumunuan, impluwensyado at nauugnayan sa Mindanao, Negros, Gitnang Luzon, Timog Katagalugan at Cebu.

Sa paglawak at paglalim ng karanasan sa kilusan at pakikibakang unyon, napaunlad ang pagkilos sa loob ng nakatayong mga unyon at ang iba't ibang paraan ng transpormasyon ng mga unyon. Ang konsepto ng pagpapalawak sa mga pabrikang may unyong nakatayo na ay wastong ibinaling mula sa dating nakagawiang pagbubuo ng bago at pagkakasa ng laban sa certification, tungo sa pagkatig hangga't maaari sa pagpasok sa umiiral na unyon, hakbang-hakbang na transpormasyon mula sa loob at pagpapalit ng dilawang pamunuan sa pamamagitan ng eleksyong lokal. Ang pagbubuo ng iba't ibang antas, saklaw at tipo ng mga alyansa ng mga manggagawa ay nagpaluwag ng maniobra ng mga unyong napamumunuan at naiimpluwensyahan kahit patuloy na nakapaloob sila

sa mga unyong dilawan. Sa pamamagitan ng pagpapahusay sa transpormasyon at gawaing alyansa, nalalaktawan ang mga limitasyon at kahirapang dulot ng matinding sektarismo sa pagitan ng mga pederasyon at naiiwasan ang mga labanang intra-union na pwedeng iwasan, hindi kinakailangan o hindi pa napapanahon, upang ibuhos ang pansin sa pagbubuo ng pinakamalawak na solidong lakas sa mga pabrika at isulong ang pagpukaw at pagpapakilos ng papalaking bilang ng mga manggagawa sa mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika.

## Hihip ng hanging burges at petiburges

Subalit ang momentum ng pagsulong ng kilusang masa sa kalunsuran kabilang na ang kilusang manggagawa ay nagbigay-daan hindi lamang sa paglawak at pag-igting ng mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika. Lumakas ang hihip ng sari-saring hanging burges at petiburges dulot ng paglawak ng paglahok ng mga grupong burges at petiburges sa pakikibakang antipasista. Bunga ng malubhang pagkukulang sa pagbubuo at konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, muling lumakas din sa loob ng Partido ang mga pananaw na nagtutulak ng petiburges na kapusukan at pagmamadali, insureksyunismong lunsod, at pagdadalawang-isip o pagkwestyon sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan.

May mga insureksyunista sa loob ng Partido na nahaling sa insureksyong Sandinista (Nicaragua) at maging sa pag-aalsa sa Kwangju (South Korea) at Thammasat University (Thailand). Noong Agosto 1980 nagpakana sila ng Aklasang Bayan (AKBA) bilang tugon sa pagtaas ng presyo ng langis. Sa disenyo ng aklasang bayan, itinakda ang mga lugar na tatayuan ng mga barikada (malapit sa mga komunidad, pabrika at eskwelahan na may gawain ang kilusang lihim) at binalak ang pagpapaputok ng mga “street battles” na inaasahang magiging mitsa ng pagsambulat ng galit at ispontanyong pagkilos at suporta ng mamamayan sa AKBA. Pinuna at pinigil ng KTKS ang plano na kung natuloy ay tiyak na babanat at gagasgas sa pwersa at sasabotahe sa pagbwelo ng hayag na kilusang masa. Pinatunayan din ng manipis pang mobilisasyon ng masa na lampas sa aktwal na kakayahan ang iniisip na antas ng pagkilos. Subalit hindi naging puspusan ang pagpuna sa putsistang planong AKBA at hindi nabunot ang mga ugat nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Mas masahol pa, sa mga pagsusuri at mga dokumento ng sentral na pamunuan ng Partido mismo ay lumitaw ang mga impluwensya ng pagkwestyon sa pagsusuring malapyudal ang lipunang Pilipino, pagdadalawang-isip sa linya ng matagalang digmang bayan at mga konseptong may hibo ng insureksyunismo.

Sa harap ng matinding pasistang atake, papalubhang pagkakahiwalay ng pasistang diktadura at malalim na krisis pangkabuhayan at panlipunan, wasto at kinakailangan ang intensipikasyon ng mga pakikibakang masa sa kalunsuran noong 1981 at 1982. Pinatunayan ito ng lawak at init ng pagtugon ng mga manggagawa sa panawagan ng intensipikasyon. Pero konsiderableng bilang ng mga welgang inilunsad ay wala sa panahon o kulang sa paghahanda kaya nauwi sa pagkatalong lokal o mas masahol pa. Ang pangkalahatang panawagan sa pagpapaigting ay paulit-ulit na ipinagkamali at binaluktot na permiso para sagasaan ang aktwal na kalagayan sa mga lokalidad, sumuong sa mga labanang lampas-lampas sa aktwal na kakayahan, lumabag sa pangunahi'y ligal at depensibong katangian ng pakikibakang lunsod, at sapawan ng mga taktikang militarista, putsista at ahenteng probokador ang kilusan at pakikibakang masa.

Bilang tugon sa panawagan sa pagpapaigting ng kilusang welga, inilunsad sa Negros ang malawakang gasgasang welga sa mga asyenda na nilangkapan ng panununog ng mga asyenda at mga kumpiskasyon. Mabangis na sinupil ng pasistang kaaway ang mga welga at ipinatupad ang matinding militarisasyon na nagbunga ng malaking pinsala sa kilusang manggagawa sa isla.

Pagdating ng Hunyo 1983, bago pa man ang pagsambulat ng malawakang antipasistang galit ng mamamayan bunga ng asasinasyon kay Benigno Aquino Jr, nabuo na ang tahasang insureksyunistang linya sa Mindanao sa anyo ng programa sa nagkakaisang prente na nanawagan sa paghahanda para sa paglulunsad ng mga armadong pag-aalsa sa puting purok na nakamodelo sa rebolusyong Sandinista sa Nicaragua. Itinigil ang pagdaloy ng suporta at pwersa patungong kanayunan. Ipinatupad ang pamamaraang “pol-mil” sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan sa kalunsuran ng Mindanao at dinistrungka, sa pamamagitan ng “tatlong makinarya”, ang wastong relasyon ng mga organisasyon at pakikibakang armado at di-armado, ligal at iligal, hayag at lihim, sektoral at teritoryal, sa kalunsuran. Sa kilusang manggagawa, lumakas ang tendensyang ang unyon at pakikibakang unyon ay sagasaan ng mga istruktura, pakikibaka at pamamaraang militar at iligal.

## Ang sistemang KU-GU vs solidong paraan ng pag-oorganisa

Noong Hunyo 1982 ang sistemang KU-GU (Komiteng Unyon-Grupong Unyon) ay ipinalit sa GPM-KPM na itinakda sa *Ang Mahigpit Nating Mga Tungkulin.* Hangad ng pagbabago na pabilisin ang pagbubuo ng mga grupong makapamumuno sa mga unyon at ang aktwal na pagkuha ng pamumuno sa mga

unyon, at sa gayon, mas pabilisin pa ang pagpapaputok ng mga welga at iba pang pakikibaka sa pabrika. Ipinalagay na "pinaunlad" ng KU-GU ang pamamaraang GPM-KPM at "nilutas" ang mga problemang tulad ng kulang na diin sa unyon at labis na mataas na pamantayang pampulitika sa KPM. Subalit dinistrungka niyon ang solidong pag-oorganisa sa hanay ng manggagawa at lalong binawasan ang pansin sa edukasyon at konsolidasyong pampulitika na sa katunaya'y dati nang kapos na kapos.

Lumawak ang mga unyon at sumigla ang mga pakikibakang pang-unyon. Pero mabilis na pumalo ang pagiging kampante sa harap ng panimulang pagsulong at lumitaw ang sobrang pagtaya sa lakas ng pusisyong panimula at mabuway pa lamang. Sa halip na mapunuan ang mga patlang sa latag ng pwersa at matalinong magamit ang mga panimulang tagumpay para sa ibayo pang pagpapalakas, lumala nang lumala ang kapabayaan sa konsolidasyon laluna ang pagbubuo ng Partido. Sumahol ang kabulagsakan at pagpapadaskul-daskol sa pag-oorganisa. Nang isabak ang malawak pero buhaghag na kilusang masa sa paghahabol ng papataas na antas at tindi ng kumprontasyon sa kaaway, ang panimulang kasiglahan at paglawak ay nauwi sa mga pag-atras, malalaking pinsala at papalubhang internal na gusot.

Ang KU-GU ay makaisang-panig na tugon sa sitwasyong nangangailangan hindi lamang ng mapangahas na pagpapalawak ng mga unyon at pakikibakang unyon kundi higit pa ng mas malawak at mas masigasig na rebolusyonaryong edukasyon at propaganda at pagbubuo ng Partido sa hanay ng masang manggagawa. Ang pagpapakitid ng pokus ng gawain sa mga manggagawa sa unyon at pakikibakang unyon ay karugtong ng pagkitid ng kabuuang oryentasyon sa kilusan at pakikibakang lunsod na may "sariling dinamismo" at nakatuon sa insureksyunismong lunsod. Karugtong din ito ng pagmamadaling saklawin ng impluwensya ang mas malaking bahagi ng masang manggagawa, ng makaisang-panig na pagbibigay-diin sa mga aksyon sa lansangan, pag-engganyo sa insureksyunistang hangin, pagmamadaling mapalawak ang antas ng paralisasyon at mapataas ang antas ng kumprontasyon. Taglay ng sistemang KU-GU ang mikrobyo ng ekonomismo na lumala sa susunod na mga taon at magiging makapit na kalawang na magpapahina sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Pangunahing mga pagkakamali ng pamamaraang KU-GU ang:

- pagbabago sa konsepto ng lihim na bag-as ng pamumuno sa hanay ng masang manggagawa, mula sa dating rebolusyonaryong bag-as

na sumasaklaw sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain sa hanay ng mga manggagawa at nakikitungo sa gawaing unyon mula sa rebolusyonaryong punto de bista o sa balangkas ng gawaing rebolusyonaryo, tungo sa bag-as ng pamumuno na sa saligan at pangunahin ay unyonista.

- pagpapababa sa mga pamantayang pampulitika para sa mga kagawad ng KU at pamunuan ng unyon. Sapat na ang kamalayang unyon para mapabilang sa KU samantalang sa KPM, kailangan ang panimulang pag-unawa sa rebolusyonaryong linya at programa.
- kasabay ng pagpapababa ng pamantayang pampulitika para sa bag-as ng pamumuno ang lalong paglubha ng kapabayaan sa rebolusyonaryong edukasyong pampulitika at pang-ideolohiya. Ang pag-aaral ng masang kasapian ay halos hindi na umabante mula sa antas ng GTU na nalimita din sa mga lider ng unyon at ilang aktibistang masa lamang ang pormal na pag-aaral.
- pagkitid ng batayan sa pagpapalawak ng Partido sa pagkitid ng gawain sa organisasyon, edukasyon at mobilisasyon. Kaalinsabay ang paglakas ng mga pananaw at gawing ekonomista.
- sa kabuuan, pagluwag ng hawak sa saligang tungkulin sa pagbubuo ng mga rebolusyonaryong unyong nasa pamumuno ng Partido, na iskwelahan sa pagpapaunlad ng kamalayang makauri at sandata sa pagbubuo ng nagsasariling lakas ng uri sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Pinakitid at kumitid ang gawain sa mga unyon na nabansot sa antas na kung nakaaangat ma'y bahagya lamang sa mga unyong ekonomista. Mas masahol pa, dahil hindi naasikaso ang mga saligang tungkulin sa konsolidasyon at higit pang pagsulong, ang tendensya habang lumalaon ay lumuwag ang hawak kahit sa mga panimulang tagumpay at lumitaw at lumakas ang mga manipestasyon ng pag-aatubili at oportunismo sa harap ng papatinding kumbinasyon ng pananakot at panunuhol ng burgesya at reaksyunaryong estado.
- pagkapilay ng kumprehensibong pamumuno at paglitaw ng burukratismo sa mga batayang yunit ng Partido sa mga pabrika bunga ng pag-iral ng KU-GU bilang isang suson ng pamumuno sa gawaing unyon na may sariling dinamismo nang hiwalay pa sa pamumuno ng mga batayang yunit ng Partido. Lalong bumagal ang proseso ng

pagpapaunlad ng mga aktibistang masa at mga elemento ng Partido mula sa mga manggagawa, at napinsala ang esensyal na relasyon ng konsolidasyon at ekspansyon, ng pagsusulong ng pang-ekonomyang pakikibaka at ng pampulitikang pakikibaka, at ng lihim at hayag na pagkilos.

- sa pagpapakitid ng gawaing pang-organisasyon na kasabay ang makaisang-panig na paghahabol sa mga aksyon sa lansangan, pinalawak ang batayan sa pag-iral at paglala ng kumandismo at burukratismo sa kilusang manggagawa.
- ang pampulitikang gawain ay kumitid nang kumitid sa maliit na abanteng sirkulo. At kapag pinakikitid ang pampulitikang gawain sa maliit na abanteng sirkulo sa anumang dahilan, ang nagiging resulta ay ekonomismo sa gawaing unyon. Sa sadya o di-sadyang pagsalig sa ahitasyon sa pang-ekonomyang pakikibaka sa masang manggagawa at kanilang unyon kaakibat ng paglimita ng mga pampulitikang tungkulin sa rebolusyonaryong kilusang lihim, obhetibong nakakairal ang pagmamaliit at pagbansot sa pampulitikang potensyal ng masang manggagawa. Ito ay pumuputol sa wasto at kinakailangang dialektikong proseso ng papalawak na pagsaklaw ng edukasyon at propagandang pampulitika upang mailunsad at masustini nila ang pampulitikang pagkilos kaalinsabay ng nagpapatuloy at pinalalakas na pang-ekonomyang pakikibaka.

## Rebolusyonaryong daluyong

Ang panahon mula huling bahagi ng 1983-maagang bahagi ng 1986 ay panahon ng rebolusyonaryong daluyong. Lumawak pa ang saklaw sa MR. Mabilis na lumawak din sa mga rehiyon. Ang bunga ng tuwirang gawaing masa ay pinag-ibayo pa ng pakikipag-alyansa sa mga tunay at progresibong unyonista sa batayang antas at sa itaas.

Batay sa pwersang ito, pinakawalan ang isang malaganap na kilusang welga upang tutulan at labanan ang mas matindi pang pagpiga at pagsasamantala ng kapital sa harap ng lalong paglala ng sosyo-ekonomikong krisis. Ang kilusang welgang ito ang pinakamalakas at pinakamalaganap mula ng kasukdulan noong 1930's. Binaklas ng makapangyarihang pagsulong ng kilusang manggagawa ang mga pasistang pagbabawal sa welga at binigo ang pasistang opensiba laban sa kilusang paggawa noong 1982. Lubos nitong inilantad ang kainutilan at

kataksilan ng mga dilawang unyon at ipinuwesto sa unahan ng buong kilusang unyon ang progresibo at militanteng unyonismo. Sa gayon nabasag ang ilang dekadang dominasyon ng mga dilawan sa kilusang unyon.

Kilusang Welga

| Taon | Blg. ng welga | Blg. ng mggwa. | Man days lost (000) |
|---|---|---|---|
| 1983 | 155 | 33,638 | 394 |
| 1984 | 282 | 65,306 | 1,908 |
| 1985 | 371 | 111,265 | 2,458 |
| 1986 | 581 | 169,479 | 3,638 |

Mula sa mga pakikibaka sa mga pabrika, ang mga manggagawa ay humugos sa mga protestang antipasista sa lansangan. Ang mga militanteng manggagawa ang bumuo sa pinakamalaking bulto ng masang lumahok sa mga protestang antipasista sa kalunsuran. Ang pangunguna ng mga manggagawa sa mga aksyong pampulitika ay sumasalamin sa lalim ng krisis na yumayanig sa pasistang diktadura. Sa mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika, ibayong lumawak at humigpit ang ugnay at pakikipagtulungan ng mga manggagawa sa iba pang demokratikong uri at saray ng lipunan, laluna sa masang magsasaka.

Ang mga tagumpay na ito ay maipapantay sa mga pinakamaningning sa kasaysayan ng pakikibaka ng manggagawang Pilipino. Inilagay nito ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa pusisyon para lalo pang magpalakas at magpatatag, sumulong sa mas malalaki pang tagumpay at mag-ambag ng mas malaki pa sa pagsusulong ng buong rebolusyon.  Subalit ang mga tagumpay na ito bagamat pambihira ay panimula pa lang kung susukatin sa punto de bista ng mga tungkulin ng manggagawa sa rebolusyong 2-yugto.

## Mabilis na paglawak ng nasasaklaw ngunit mabagal na paglaki ng kilusang lihim

Sa katunayan, sa kabila ng mabilis na paglawak ng saklaw ng nakikilusan, nakakaugnayan at naiimpluwensyahan, lubha namang naging mabagal ang paglaki ng pwersa ng kilusang lihim. Sa loob ng tatlong taon, mula 1981-1984 ang kasapian ng Partido sa kilusang manggagawa sa MR ay lumaki lamang sa mahigit 700 kasapi mula sa 550 noong 1981. Ang bilang ng mga aktibistang

manggagawa ay naging mahigit 1,000 mula sa dating 700. Sa Mindanao, naitala ang kabuuang 200 kasapi ng Partido (maliit na bilang lamang nito ang mula sa uring manggagawa) na nakatalaga sa kilusang manggagawa liban sa mga nasa sangay at may 8,000 rebolusyonaryong manggagawa sa mga balangay ng Manggagawang Sosyalista (MASO), ang rebolusyonaryong organisasyong manggagawa sa Mindanao na nakabase sa mga komunidad.

Ang malubhang kapabayaan sa lahatang-panig na gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon sa hanay ng mga manggagawa ang saligang kahinaang hindi napangibabawan at sa halip ay mas lumala pa sa paglaganap at paglala ng mga konsepto at impluwensyang insureksyunista. Sadya o di-sadyang pinanatili ang masang manggagawa, pati ang mga kadre at aktibistang manggagawa, sa limitado at mababang antas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon: sa antas ng ispontanyong kamalayang unyon at antipasista o di kaya'y bahagya lang na nakakaangat dito. Ang kapabayaang ito ay bahagi ng pangkalahatang kapabayaan ng Partido sa edukasyon at pagsasanay sa ideolohiya mula bandang katapusan ng mga taong 1970. Sa kilusang manggagawa, ang kapabayaang ito ay nakatuntong sa:

- pangkalahatang maluwag o limitadong pagsapol sa saklaw, nilalaman at mga pamamaraan ng gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon; at
- makaisang-panig na pag-uukol ng pansin sa pagpapatindi ng mga pakikibakang masa at pangangasiwang pang-unyon.

## Pamiminsala ng tahasang linyang insureksyunista

Sa kasagsagan ng daluyong napamayani sa Mindanao sa pamamagitan ng pag-ikot sa demokratikong sentralismo ng Partido ang tahasang linyang insureksyunista na higit pang sinistematisa sa linyang RAWA at estratehiyang "pulitiko-militar" noong 1984. Ipinatupad ang intensipikasyon ng mga welgang kaugnay o kakabit ng mga welgang bayan at tuwirang nilalangkapan ng aksyong militar na gumasgas sa panimulang lakas na naipundar at umipit sa kilusang manggagawa at kilusang lunsod sa mga militarisadong labanan. Ipinalaganap ang obsesyon sa welgang bayan, higit pa, ang mabilisang pagpapasiklab at pagpapatindi ng mga ito, bilang diumano'y paghahanda sa mamamayan para sa pag-aalsa at pagpapabilis ng paglikha ng sitwasyong insureksyunaryo.

Ang malakas na tunog ng unang arangkada ng mga welgang bayan at pakikibakang "pol-mil" ay sinamantala ng mga insureksyunista para ipalaganap sa buong bansa ang pagkahaling sa mga koordinadong kampanya at paralisasyon,

pagsasantabi sa lahatang-panig na pagpapaunlad ng solidong lakas, pagsesentro sa lunsod, at pagsasantabi ng linya ng matagalang digmang bayan para sa linya ng insureksyong lunsod na nakasalalay sa ispontayong kamalayan ng mamamayan.

Sa Mindanao mas maagang dumanas ng malalaking pinsala ang kilusang manggagawa at kilusang lunsod bunga ng tahasang insureksyunistang linya. Sa ibang sentrong lunsod ng bansa, lumala ang kabuhaghagan at kabuwayan ng kilusang lihim at organisasyon ng Partido, laluna sa mga batayang antas. Sinagad ang mga pwersa at rekursong mas mabungang naiukol sana sa pagbubuo ng ibayo pang solidong lakas. Sa mas nakatataas na mga antas, lumala ang mga impluwensyang burges at petiburges, ang burukratismo, komandismo at kaluwagan sa disiplina.

Dramatikong bumagsak ang rebolusyonaryong lakas sa kilusang manggagawa sa Mindanao noong ikalawang hati ng 1985 nang malalos ang mga kadre at yunit ng Partido doon bunga ng matinding militarisasyon at pananalasa ng Kampanyang Ahos. Bago nito, noong 1983 at 1984 ay may naitala nang pagliit ng bilang ng mga welga sa ilang mayor na sentrong lunsod at maging ng partisipasyon ng mga manggagawa sa mga mobilisasyong multisektoral. Sa tindi ng mga pinsala ng kilusang manggagawa sa isla, nadisorganisa ang mga yunit at gawain ng Partido sa batayang antas sa matagal na panahon, mula 1985-1993, at nanatiling maliit ang saklaw na mga empresa at unyon na pinangangasiwaan na lamang sa ligal.

Kahit nailunsad pa ang koordinadong welga sa Mindanao noong Pebrero 1985 na nilahukan ng libu-libong manggagawa sa 117 empresa, sinusundan na ito ng anino ng pagkagasgas, panghihina, at pinsala sa pwersa. Malaking kabalintunaang bunga ng linyang insureksyunista na kung kailan nasa kasagsagan ang daluyong at saka pa umatras ang kilusang manggagawa sa Mindanao. Isang mapait na patunay ito kung gaano kamapagpasya ang wastong linya at solidong pagpapalakas alinsunod dito. Gaanuman kainam ang sitwasyon, gaano man kalakas ang momentum ng ispontanyong pagkilos ng masa, maaaring mawala sa unahan nito ang rebolusyonaryong pwersa, makahulagpos ang maiinam na mga oportunidad at dumanas pa ng pinsala kapag mali ang linya.

Malakas na nakaimpluwensya sa Kabisayaan ang insureksyunistang linyang RAWA at estratehiyang “pol-mil” simula 1984. Tinalakay at sinang-ayunan sa isang kumperensya ng mga kadre sa puting purok sa saklaw ng Kabisayaan ang mga saligang sangkap nito kundiman ang kabuuan. Nabasbasan

pa ito ng programa para sa SCO ng ika-9 na plenum ng KS noong 1985. Ipinatupad ang todo-largang pakikidigmang partisano at taktikang “pol-mil” sa mga pagkilos na mabilis na nagsabotahe at nagmilitarisa sa mga komunidad, sa mga unyon at mga hayag na aksyong masa. Hindi nagtagal napinsala at humina ang pakikibakang lunsod sa mga rehiyon ng Kabisayaan kabilang na ang kilusang manggagawa, una sa Negros at sumunod sa Cebu.

Ang burador ng oryentasyon sa kilusang manggagawa na binalangkas ng NTU-NUC noong 1985 ay nagtaguyod ng insureksyunismong lunsod sa pamamagitan ng sumusunod:

- armadong pag-aalsa bilang direksyon ng pagsulong ng kilusang manggagawa
- tambalang manggagawa at magsasaka bilang pangunahing pwersa ng rebolusyon sa pagsusulong ng sandatahang pakikibaka, ang una sa pakikidigmang partisano at armadong pag-aalsa sa kalunsuran, at ang huli, sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan
- presentasyong may dalawang paralel na armadong pakikibakang inilulunsad sa buong bansa, ang pakikidigmang partisano at armadong pag-aalsa sa kalunsuran at ang armadong pakikibakang inilulunsad sa kanayunan.
- pagtutuon ng kilusang manggagawa sa tungkulin ng pagsusulong ng pakikidigmang partisano at armadong pag-aalsa sa kalunsuran.

Sa kabilang banda, ang dalawang dokumentong *Ang Kalagayan ng Uring Manggagawa* at *Kasaysayan ng Kilusang Manggagawa* na naging bahagi ng kurikulum sa pagsasanay na pangkadre noong 1985 ay mga depinitibong dokumento ng Partido na naglinaw sa kalagayan at kasaysayan ng manggagawang Pilipino sa lipunang malakolonyal at malapyudal, nagpabulaan sa alamat ng industriyalisasyon ng diktadurang Marcos, at nagtaguyod sa kawastuan ng linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Sa gitna ng papalakas pang hatak ng insureksyunismo ay may nagawa din ang mga pag-aaral sa nasabing dalawang dokumento para papurulin ang talab ng mga paglihis sa kilusang manggagawa.

Ang programang SCO ng 1985, na pinasahol ng pagpasok ng mga saligang sangkap ng insureksyunistang linyang RAWA, kasabay ng paglala ng disoryentasyon, pagpasok ng mga impluwensyang burges at petiburges, malubhang kapabayaan sa gawaing pang-ideolohiya, kawalan ng paglalagom sa lumitaw ng mga pinsala sa Mindanao at Kabisayaan ay ibayong

nagpalakas sa loob ng mga insurekyunista para itulak pa ang ang mga ekspedisyong insureksyunistang nakapadron sa RAWA at estratehiyang “pol-mil” sa susunod na yugto.

## Paglakas ng ekonomismo at burukratismo

Nagsimula na ring lumakas ang ekonomismo at burukratismo sa mga taong 1984-86. Ang bago pa lamang napapanday na kasanayan sa pagsusulong ng pakikibakang unyon ay pinilay ng insureksyunismo at burukratismo. Numipis nang numipis ang bilang ng mga lider unyon na dumaan sa pagsasanay sa tunay na unyonismo bunga ng pagkahatak at pagmamadali sa mga koordinadong kampanya, paralisasyon at pakikibakang “pol-mil”. Habang mas bumubuhaghag ang mga organisasyon at gawain sa batayang antas, bumubuway din ang pagkapit sa saligang prinsipyo ng linyang masa at pagtataguyod sa sariling kakayahan ng mga manggagawa sa pamumuno at pagsusulong ng kanilang pakikibakang pang-unyon. Lumakas ng pagsalig sa mga abugado, lumakas ang boses ng mga pederasyon at unti-unting humina ang demokrasyang unyon. Sa halip na pinakamataas na pagpapahalaga sa sama-samang pagkilos ng mga manggagawa, labis na lumaki ang papel ng negosasyon sa mesa.

Sa pagsulong ng kilusang manggagawa ay lumaki rin ang pondong napapalitaw mula sa mga unyon at pondong mula sa mga internasyunal na NGO. Malaking pondo ang inilaan para sa mga kampanyang masa. Kasabay ng mga ito—higit pa, ng kaluwagan at kapabayaan sa internal na pagbubuo sa ideolohiya at organisasyon—naengganyo ang maluwag na paggasta, maluhong pamumuhay at korupsyon sa ilang bahagi ng organisasyon ng Partido at kilusang manggagawa. Mas sasahol pa ito sa susunod na mga taon, sa paglitaw ng mga anomalya at korupsyon sa pamumuno sa mga unyon at pakikibakang unyon.

## Kahalagahan ng panrehiyong organisasyon ng Partido sa NCR

Ang lahatang-panig na pagpapaunlad ng solidong lakas sa hanay ng mga manggagawa sa batayang antas ay nasagkaan nang malaki ng matagal na pagkakasantabi ng regular na panrehiyong organisasyon ng Partido sa NCR. Ang panrehiyong organisasyon ay ginulo ng paksyunalismo ng pangkating Lagman noong 1979, pagkatapos ng ilang ulit na matinding tama ng pananalakay ng kaaway at tuluyang nilusaw noong 1982. Agad na

napabayaan sa pagkawala ng panrehiyong organisasyon ang gawain sa hanay ng mga manggagawa at malamanggagawa sa mga komunidad. Sa tuwirang pagpapailalim ng mga yunit at gawain sa mga pambansang organong abala sa masaklaw na pagbabalak at koordinasyon ng mga kampanya at pakikibakang masa, lalong humina ang mga yunit ng Partido na gumagabay at sumusubaybay sa araw-araw na mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa hanay ng mga manggagawa sa mga batayang antas. Nang muling buuin ang panrehiyong organisasyon sa NCR noong 1987, agad namang sinakmal iyon ng mga pang-iintriga at maniobra ni Lagman para sa kanyang mga ambisyong paksyunal at linyang insureksyunista.

## *1986 – 1992: MGA HULING SIPA NG INSUREKSYUNISMO AT PAGLAKAS NG KANANG OPORTUNISMO. SIMULA NG IKALAWANG DAKILANG KILUSANG PAGWAWASTO.*

**NAGPATULOY PA ANG** paglawak ng saklaw ng pamumuno at impluwensya sa kilusang manggagawa sa pambansang saklaw mula 1986 hanggang 1987. Tampok ang paglawak sa MR, CL at ST at ang pagkapanalo sa isang malaki at estratehikong empresa sa Cebu matapos ang mahigit isang dekadang pagpupursiging maitakwil ang kontrol ng dilawan sa unyon. Nagpatuloy din ang malakas na bwelo ng kilusang welga. Pruweba ito ng patuloy na malubhang sosyo-ekonomikong krisis at ligalig sa hanay ng masang manggagawa sa kabila ng pagkabagsak ng pasistang diktadura.

Kilusang Welga

| Taon | Blg. ng welga | Blg. ng mggwa. | Man-Days Lost |
|---|---|---|---|
| 1986 | 581 | 169,479 | 3,638 |
| 1987 | 436 | 89,574 | 1,908 |

Kasabay ng makapangyarihang kilusang welga, bumugso ang paglawak ng mga militante at progresibong unyon. Sa panahong ito naani ang matagal na

panahong pagkilos sa loob ng malalaki at estratehikong unyon. Mayroon ding konsiderableng bilang ng mga independyenteng unyon at mga bagong tayong unyon na kusang lumapit para umanib sa sentrong unyon. Sa harap ng malakas na bugso ng paglawak lumitaw sa ilang pederasyon ang tendensyang magsara sa pag-anib ng maliliit na unyon. Maging ang sentrong unyon ay may katulad na kaso ng pagtanggi sa pag-anib ng isang maliit na pederasyon.

Ang mga militante at progresibong pederasyon ay naging malalaki at pangunahing pederasyong pambansa. Pinalakas ang mga pambansang istap at binuo ang mga panrehiyong istap ng mga ito. Nag-angat ng mga lider at organisador mula sa batayang antas upang tugunan ang hatak ng gawain paitaas. Sa kabilang banda, lalong numipis ang pwersang tuwirang nakatutok sa batayang antas na ibayong kumapal ang saklaw at gawain. Gayunman, muling naitayo ang panrehiyong organisasyon ng Partido sa MR noong 1987 mula sa mga distritong TU na sinimulang buuin noon pang 1984.

Pero kaalinsabay ng paglawak ang lalong paglakas ng oportunistang tunguhin, mga paglihis sa mga saligang prinsipyo at agresibong paglaganap ng mga konsepto at impluwensyang burges at petiburges. Ang pagkakamali sa pagboykot sa snap elections at ang pagtatagumpay ng pag-aalsang Edsa sa pamumuno ng mga reaksyunaryong anti-Marcos ay sinamantala ng mga nagdududa sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at digmang bayan para agresibong kwestyunin ang linya ng Partido at itulak ang insureksyunismong lunsod at ang populismo at oportunismo sa pulitika.

Nalagay sa mas estratehiko pang pusisyon ang mga insureksyunista sa pagbabalik ni Lagman sa panrehiyong organisasyon ng MR, at pagkakatalaga ni Reyes, ang prinsipal na arkitekto ng linyang RAWA at estratehiyang “pol-mil” sa Mindanao, sa KTKS at “political officer” na sumusubaybay sa kilusang lunsod. Inudyukan nila ang insureksyunistang interpretasyon sa pag-aalsang Edsa at ang kritika sa pagkakamaling boykot mula sa kanan at populistang pananaw.

Malaking bahagi ng organisasyon ng Partido ang naging bulnerable sa hanging insureksyunista at populista kabilang na ang pambansang organo sa kilusang lunsod (NUCC) at kilusang manggagawa (NTUD) dala ng matagal na kapabayaan sa konsolidasyong pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, patuloy na pag-iral ng lihis na linyang SCO at programang SCO, paglaganap ng impluwensya ng linyang RAWA at “pol-mil”, na nilangkapan pa ng mga pagkalito at maling pananaw tungkol sa

pagkakamaling boykot, pag-aalsang EDSA, katangian ng rehimeng US-Aquino, prosesong pangkapayapaan at alitan ng mga reaksyunaryo. Sa likod ng adbenturistang linyang insureksyunista, ikinalat ang mga malulubhang anyo ng makauring kolaborasyon, populismo at pangangayupapa sa burgesya.

## Paghilig sa kanang oportunistang tunguhin

Pagkabagsak ng diktadurang Marcos at pagpalit sa poder ng rehimeng Aquino ipinamalas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang militansya ng uri sa pamamagitan ng agad na muling pagtataas ng panawagan na pawalambisa ang lahat ng pasistang dekreto at batas na kontra-welga at kontra-manggagawa at puspusin ang pagwasak sa pasistang makinarya at impraistruktura ng bumagsak na diktadurang Marcos. Militanteng isinulong ang kilusang welga. Sa gayon maagang inumpisahan ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang proseso ng paglalantad sa tunay na katangian ng rehimeng Aquino.

Subalit pinapusyaw ng kalituhan sa tunay na katangian ng rehimen ang ipinamalas na militansya. Sa pangambang maakusahan ng pagdeestabilisa sa rehimeng inaakalang kaalyado ng mamamayan, nanawagan ng "maximum restraint" sa mga welga (na minsang inianunsyo sa masmidya at mabuti na lamang at hindi aktwal na naipatupad). Pumostura din ang mga militante at progresibong unyon sa panig ng rehimen laban sa tangkang kudeta noong 1986 at 1987. Mas masahol pa, ang kahilingan ng mga manggagawa sa pagtataas ng sahod ay dinepensahan hanggang 1988 bilang paborable sa "economic recovery program" ng rehimeng Aquino. Ipinagkamali ding isang pambansang burges ang malaking burges-komprador na si Jose Concepcion at sinuportahan ang kanyang pagtutol sa *import liberalization*.

## Usapin ng paghawak sa rebolusyonaryong linya sa uri

Ang mga nasabing kanang oportunistang pagdadalawang-isip ay kadugtong ng pagluwag ng tangan sa rebolusyonaryong linya sa uri sa pagsusuri sa alitan ng mga reaksyunaryo at patakaran sa nagkakaisang prente at taktikal na alyansa laban sa pasistang diktadurang US-Marcos. Pinasahol pa ang mga ito ng mga maling kaisipang ipinalaganap ng insureksyunista at kanang oportunistang pagsusuri sa taktikang boykot at pag-aalsang Edsa, gaya ng

pagsamba sa ispontanyong masa, labis na pagpapalaki sa kabuluhan ng mga repormistang petiburges, labis na pagpapalaki sa kabuluhan ng alitan sa hanay ng mga reaksyunaryo, at pangangarap ng agad na panibagong polarisasyon at panibagong pag-aalsa na tinaguriang "second round", "historically determined confrontation" o di kaya'y "October after February".

Lumaganap ang makaisang-panig na paghahabol sa "broad coalition" sa takot na mapulaang makitid, lulong sa sarili at di nakakaakit ng ibang pwersa—kahit pa ang hinahabol na mga "pampalapad" ay mga repormistang grupong petiburges na lubhang mumunti, di makabuluhan, di tunay na kumakatawan sa panggitnang pwersa at, mas masahol pa, mga aktibong tagapagpataguyod ng bagong papet na rehimen. Ang koalisyunismo ang madyik na pinalitaw na mabilis na magluluwal ng panibagong polarisasyon at naging pampulitikang nilalaman ng insureksyunismo. Sa ngalan ng insureksyong lunsod, itinaguyod ang pagkokompromiso sa obhetibong interes ng mamamayan at ang kolaborasyon sa uri.

Sa kilusang manggagawa, isang partikular na anyo ng koalisyunismo ang labis na timbang na ibinibigay at makaisang-panig na paghahabol sa "all-labor unity" na sumaklaw maging sa matagal nang pusakal na dilawan tulad ng TUCP at rebisyunistang pangkat na maka-Lava. Ang koalisyunismong ito ay itinulak ng paghahangad na makapagpaputok ng mga pangkalahatang paralisasyon at papatinding kumprontasyon na lampas sa kakayahan at antas ng pag-unlad, para mapadali ang pagsambulat ng sitwasyong insureksyunaryo. Isa pang anyo ang matagal na panahong pag-aatubili at pagkaligta sa pagtatayo ng sariling solidong rebolusyonaryong lakas sa loob ng mga alyadong pederasyon para hindi matinag ang alyansa. Ang huli ay sobrang pagkabig din mula sa dating sektaristang pakikitungo sa ibang pederasyon.

## Paglitaw ng awtonomismo at ultrademokrasya

Ang mga naturang disoryentasyon sa NUCC at mga pambansang organong saklaw nito, kabilang ang NTUD, ay pinalala ng awtonomismo at ultrademokrasya. May ilang panahong tinunggali ng NUCC ang KTKS at itinaguyod ang mga kanang pananaw na salungat sa saligang dokumento ng paglilinaw sa sitwasyong post-Edsa na inilabas ng KTKS noong Hunyo 1986. Naging daluyan ng pagsalungat ang mga sirkular ng *Gatdula* (KT-NUC) at *Praktika* (internal na dyornal na naglaman ng mga artikulong bumabatikos sa mga patakaran, pagsusuri at linya ng Partido) na lumaganap hindi lamang sa saklaw ng NUCC kundi maging sa iba pang mga organo sa puting purok sa mga rehiyong labas ng NCR.

Subalit sa kalaunan lubos ding tumalima ang NUCC sa demokratikong sentralismo matapos ang kritika ng KTKS sa mga papel ng *Gatdula* noong Setyembre 1986, pagresolba ng KPKS noong maagang bahagi ng 1987 sa ilang pangunahing usapin sa pagsusuri sa sitwasyon, at sariling pagkilala ng mga kasama sa NUCC sa pagkakamali at pagwawasto– laluna pagkatapos ilantad ng rehimeng Aquino ang kanyang reaksyunaryong katangian sa pamamagitan ng mga patakarang lansakang antimamamamayan at antidemokratiko. Ang ganitong paninindigan ng NUCC ay napatibay din ng pagharap sa tuwirang paghamon ng tahasan at mas masahol na linyang popdemista na lumitaw sa saklaw nito. Gayunman ang kritika ng KTKS ay hindi naipalaganap. Mas mahalaga pa, hindi naging puspusan ang pagpuna at pagwawaksi sa mga paglihis at pagkakamali.

Ang pagwawasto ng pagtanaw sa rehimeng Aquino ay agad na naipakita sa mahigpit na pagkondena dito at paglalantad sa pananagutan nito sa brutal na pagpaslang kay Ka Lando Olalia at Ka Leonor Alay-ay. Nanawagan ng pambansang protesta ang mga militante at progresibong unyon sa pamamagitan ng pangkalahatang welga at higanteng martsa sa araw ng libing. Sa buong bansa, 217 empresa ang naparalisa at daan-daang libong manggagawa at mamamayan ang nagmartsa upang irehistro ang kanilang dalamhati at galit sa pasistang krimen. Sa NCR, ST at CL, isinagawa ang mass walk-out ng mga manggagawa upang dumalo sa higanteng martsa ng pakikidalamhati at paglilibing kay Ka Lando. Ang iba pang rehiyon ay naglunsad din ng mga mass walk-out at rali-demonstrasyon na koordinado sa higanteng martsa ng libing.

## Patuloy na paglakas ng kanang mga tunguhin

Bagamat naiwasto ang partikular na usapin sa pagsusuri sa rehimeng Aquino hindi agad mapagpasyang naipihit ang iba pang kaakibat na kanang oportunistang pagkakamali. Partikular dito ang pananaw na ang mga tinaguriang liberal demokrata sa gubyernong Aquino ay kinatawan ng mamamayan sa loob ng bagong papet na gobyerno, at ang gubyernong Aquino ay isang bukas na arena ng labanan ng mamamayan at reaksyon.

Kaya labis-labis ang timbang na ibinigay sa ugnay at pagkilos sa Department of Labor and Employment (DOLE) na may kalihim na ikinategoryang liberal-demokrata noong 1986. Nagkaroon ng tunguhing labis na umasa sa "alyansa" upang makakuha ng mga paborableng desisyon kaugnay ng mga labanang intra-union, mga usapin sa welga at iba pang mga usapin sa paggawa. Lumaki ang

papel ng ilang kasama at ugnay sa kagawaran sa iba't ibang negosasyon sa CBA at iba pang usaping unyon upang "tumulong" sa mabilis na resolusyon. Dahil impluwensyado ng mga maling pananaw na nagpapababa sa rebolusyonaryo at makauring pagmamatyag, ang gayong interbensyon ay umuk-ok sa militansya ng pakikibakang unyon. Lumabo at lumabnaw ang paninindigan laban sa reaksyunaryong estado bilang marahas at mapanlinlang na kasangkapan ng mga naghaharing uri.

Mas masahol pa, ginamit iyon ng malalaking kapitalistang interes at mga bayarang "broker" sa DOLE upang bumutas sa panunuhol at pagbulok sa mabubuway na kadre at lider manggagawa. Ang ugnay sa DOLE ay nagbukas ng pintuan sa paglitaw ng "brokering" sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Ginamit ng malalaking kapitalista ang ugnay sa DOLE upang magkaroon ng tuwirang ugnay sa mga kilalang kadre, lider manggagawa at abogado para mag-broker sa mga isyu at labanang pang-unyon. Sa umpisa ang "tulong" ay sinuklian ng mga regalo at *goodwill money.* Bandang huli lilitaw ang tipo ng brokering sa anyo ng pagpasoj sa tipo ng *top level negotiations* na sumasagasa o di kaya'y umiikot sa pakikibaka ng mga manggagawa at ginagawa't nagkakasarahan nang lingid sa kanilang kaalaman, kaakibat ang kolaborasyon at pagbebentang nakakamuplahe sa "point-shaving" o mas garapal pa.

Nang patalsikin ang kalihim ng DOLE sa utos ng malaking kapital at udyok ng mga militarista, naglunsad ng mga rali ang mga unyon upang suportahan ang kalihim. Dapat ngang kondenahin ang pakana ng malaking burgesya at mga militarista na mas pahigpitin pa ang kontrol nila sa palakad ng DOLE. Pero kalabisang ipagtanggol ang dating kalihim na animo'y kapanalig ng mga manggagawa gayong kumilos siya sa saligan sa ilalim ng malaking kumprador-asenderong patakaran ni Aquino.

Sa balangkas ng konseptong bukas na arena na ng labanan ang gubyernong Aquino at kaugnay na taktika ng pagsamantala sa "demokratikong espasyo", inengganyo ang labis na pag-asa sa "constitutional assembly" at kongresong Aquino. Nagsumite ng mga panukalang reporma sa "constitutional assembly" na ginawang legislative agenda pagkatapos. Matagal-tagal ding naghabol na makuha ang pagkilala ng ILO at makabilang sa delegasyon sa ILO. Ang paglahok sa reaksyunaryong parlamento at sa mga reaksyunaryong kapulungan, lokal man o internasyunal, ay may lugar sa mga aktibidad at taktika ng hayag ng kilusang manggagawa. Ang mali ay magpalaganap ng mga oportunistang pananaw at mga parlamentaristang ilusyon sa paggawa ng mga ito.

## Pagluluwag sa paghawak sa linyang antirebisyunista

Ang pagluluwag ng Partido sa paghawak sa linyang antirebisyunista na sinimulan noong maagang bahagi ng dekadang otsenta sa anyo ng pagtigil sa publikong pagbabansag sa Unyong sobyet bilang sosyal-imperyalista ay tumagos din sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Bahagi niyon ang paglaganap ng pananaw na sosyalista pa rin ang ekonomya ng Unyong Sobyet bagama't di ito naipirmi noong 1983 at 1985 ng KPKS at Komite Sentral. Naengganyo nito ang pakikipag-ugnayan ng sentrong unyon sa mga institusyon at pormasyon sa kilusang manggagawa na nasa pamumuno o kontrol ng rebisyunistang rehimen sa Unyong Sobyet. Naging isang ruta rin ang ugnay ng sentrong unyon sa mga pormasyong manggagawa na kontrolado ng rebisyunistang naghaharing partido s a Unyong Sobyet para sa mga pagtatangkang mag-ayos ng mga upisyal na pakikipag-usap para sa pagtatayo ng "mapagkapatid" na relasyon sa rebisyunistang naghaharing partido sa Unyong Sobyet.

Sinamantala naman ng mga nakatagong Trotskyista at rebisyunista ang pagluwag at paglihis sa linyang antirebisyunista ng Partido para maghasik ng anti-Stalinismo at magpalaganap ng Gorbachovismo. Pinangunahan ito ng pangkating Filemon Lagman sa MR, ng pangkating Edwin Lopez-Arturo Tabara sa Negros, at ni Ricardo Reyes sa pakikipagsabwatan nina Luisito de la Cruz at Caridad Pascual sa CL.

## Panibagong hihip ng "kaliwang" hangin

Ang paghilig sa kanang tunguhin noong 1986 ay sinundan ng paglakas ng "kaliwang" hangin noong 1987 at sumunod na mga taon. Noong 1987 idineklara ang "pamamayani" ng mga militanteng unyon sa buong kilusang unyon at pagkatapos ang pagpasok ng kilusang manggagawa sa "yugto ng pangkalahatang paralisasyon." Sadya man o hindi, natakpan ang malulubhang pagkukulang sa gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, gayundin ang malubha nang mga internal na suliraning pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, kasabay ng higit pang pag-engganyo ng pagsuong sa mga labanan at kumprontasyong lampas sa kaya at aktwal na antas ng pag-unlad. Ang kumbinasyon ng insureksyunismo at ekonomismo sa kilusang manggagawa ay higit na sumahol at nagdulot ng ibayo pang pinsala.

Sa pambansang kumperensya sa killusang manggagawa na tinawag ng NTUD noong maagang bahagi ng 1987 idineklarang nakamit na ang dominasyon ng militanteng unyonismo laban sa dilawang unyonismo sa kilusang manggagawa. Ang ganitong pagtatasa ay pangunahing ibinatay sa kabuuang bilang ng mga manggagawang saklaw ng mga CBA na nakapailalim sa tuwirang rebolusyonaryong pag-oorganisa, mga kaalyadong progresibong pederasyon, at iba pang nakakaugnayang dilawan na humahanay sa unang dalawa laban sa TUCP. Kung tutuusin, ang ikatlo ay hindi maaaring ibilang sa tunay na nagtataguyod ng militanteng unyonismo at ang ikalawa ay nasa panimulang antas pa lamang ng pagtahak sa landas ng militanteng unyonismo. Bukod pa, sa pagkwenta ng sariling pwersa, pinaghalo ang bilang ng tuwirang napamumunuan at bilang ng naiimpluwensyahan. Higit sa lahat, kumbinyeteng natabunan ang malalaking kakulangan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon para sa matatag na pagsusulong ng militanteng unyonismo.

Ang labis na pagtaya sa sarili ay nag-engganyo ng pagkakampante at arogansya, lalong pagpapabaya sa gawaing konsolidasyon at pagkakasya sa militanteng unyonismo at pakikibakang pang-unyon. Higit pa, nagbunga iyon ng lalong pagtutulak ng mga aksyong lampas sa aktwal na lakas at kakayahan.

Huling bahagi ng 1987 ang deklarasyon na ang kilusang manggagawa ay nasa “yugto na ng pangkalahatang paralisasyon”. Ang pagpasok sa “yugto ng pangkalahatang paralisasyon” ay inihudyat diumano ng matagumpay na welgang bayan noong Agosto 1987 laban sa pagtataas ng presyo ng langis at ng kasunod na “pangkalahatang welga” noong Oktubre 1987 para sa P10.00 dagdag sa sahod ng mga manggagawa sa buong bansa. Ang nasabing mga aksyong protesta ay patunay ng nagpapatuloy na krisis at ligalig sa hanay ng masa. Subalit ang mga partikular na sirkunstansya ng mga nasabing aksyong protesta ay hindi wastong natasa at madaling nasilaw sa resulta.

Ang una, ay naganap nang hindi inaasahan, hindi bunga ng aktwal na lakas sa linya ng mga transportasyon, kundi resulta ng malaganap na suporta sa isyu ng mga samahan sa transportasyon, malaganap na ispontanyong simpatya sa isyu ng mamamayan at kawalan ng kahandaan at pagkakasorpresa ng rehimeng Aquino. Nang sumunod na mga pagtataas ng presyo ng langis, naghanda ang rehimeng Aquino, nagpatupad ng taktika ng panghahati na nagpakita ng kabuwayan ng sariling lakas natin sa linya ng transportasyon.

Ang itinuring na pangkalahatang welga ng 1987 sa katunayan ay koordinadong welga lamang na ang paglahok ng karamihan ay di pagpasok sa

trabaho at pananatili sa kani-kanilang bahay. Maliliit ang naitayong mga piketlayn at maliit ang bilang ng natipon sa isang rali-demonstrasyon. Higit pa, kahit ang sariling saklaw ay hindi buong namobilisa. Ilang porsyento lamang mula sa mga kaalyadong pederasyon at ilang maliliit na empresa ang tumugon. Pagkaraan ng isang araw na welga umimpis nang malaki ang bilang ng nagpatuloy at obligado at wastong isinara na ang “pangkalahatang welga”.

Ang karatulang “yugto ng pangkalahatang paralisasyon” ay humatak patungo sa mga kumprontasyong wala sa panahon at hinog sa pilit, na itinutulak ng insureksyonismong lunsod. Pinatunayan ng mga karanasan na uubra at wasto ang pangkalahatang paralisasyon sa mga piling panahon ng kaigtingan ng krisis at kasiglahan ng pakikibaka ng mga manggagawa. Gayunman, kailangang suriing mabuti, piliing mabuti at paghandaang mabuti ang paggamit ng antas na ito ng pakikibaka, upang hindi magbuslo ng kilusang manggagawa sa mga mapaminsala at gasgsang malakihang kumprontasyong hindi napapanahon at hindi kailangan.

Sa deklarasyon ng yugto ng “pangkalahatang paralisasyon” ipinipirmi ang balangkas ng pag-iisip at pagbabalak na lumilipad sa alapaap. Bunga ng obsesyon sa pangkalahatang paralisasyon, gagamitin sa susunod na mga taon ang mga taktikang ahenteng probokador, artipisyal na paralisasyon, mga taktikang “pol-mil” at koalisyunismo na pawang sumabotahe at nagdisorganisa sa malawakang paglahok ng masang manggagawa sa mga pakikibaka, nagbunga ng pagkakahiwalay sa malawak na masa ng ilang tampok na pakikibaka ng mga manggagawa at lumikha ng malawak na pagkalito at panlalamig ng mga manggagawa. Ibayong pinalala nito ang mga kapabayaan sa gawaing konsolidasyon at pang-ideolohiya.

## Taktikang “pol-mil”

Ang pagsasanib ng mga aksyong militar sa pakikibakang unyon alinsunod sa taktikang “pol-mil” ay higit pang lumaganap sa Cebu at NCR (MR at NTUD) noong 1987. Itinayo ang mga yunit partisano para sa kilusang manggagawa sa mga nasabing lugar. Nagkaroon ng pananaw na ang mga aksyong militar ay magsisilbing pamigil sa mga pag-abuso at pasismo sa mga manggagawa. Mayroong ilang wastong kaso ng pagpaparusa sa mga pusakal na kaaway, subalit mas marami ang kaso ng aksyong militar na di wasto at di kinakailangan. Tinutukoy sa una ang mga kaso ng pagpaparusa sa mga kapitalistang pusakal na strike breaker at may utang na dugo. Tinutukoy sa ikalawa ang mga kaso ng pagpaparusa batay sa mga kasong uubra at dapat

resolbahin sa pakikibakang unyon, sa pampulitikang paglalantad at pagpapakilos sa masa.

Tampok na halimbawa ng mapangwasak na epekto ng taktikang "pol-mil" sa pakikibakang unyon ang kaso sa Atlas noong 1987-88 kung saan 13 ang namatay sa mga manggagawa, 6 na superbisor ng empresa, at isang partisano, maliban pa sa mga sugatan at arestado. Ipinatupad ang mga aksyong militar upang diumano ay ipagtanggol ang unyon at tiyakin ang panalo nito sa nakatakdang CE. Sinentruhan ng mga pagpaparusa ang mga superbisor ng kumpanya na ang aktwal na mga kaso ay hindi nararapat na parusahan ng kamatayan. Nagkaroon ng mabilis na ikot ng gantihan sa pagitan ng mga partisano at ng mga bayarang armado ng kumpanya. Bago nito, ang erya ng Atlas ay sentro din ng mga operasyon ng partisano at nagmilitarisa na sa mga komunidad sa paligid. Sa halip na matipon ang lakas ng manggagawa para sa paghahanda sa CE, lumiit nang lumiit ang napapadalo sa mga pulong hanggang kahit ang upisina ng unyon ay napwersang ilipat ng Cebu City mula sa Toledo City na malayo na para puntahan ng mga manggagawa. Nang itigil ang mga aksyong militar at napagtuunan ang gawaing konsolidasyon sa unyon saka lamang muling napasigla ang pagkilos ng kasapian ng unyon.

## Mga aral sa taktikang "pol-mil"

Kailanman nangingibabaw ang aksyong militar bilang taktika sa pagsusulong ng pakikibaka ng manggagawa, sinasabotahe nito, sa halip na isulong ang pakikibaka ng mga manggagawa. Ang taktikang "pol-mil" (militar lamang sa katunayan) at mga katulad na taktika o aksyon ay agad na sumasagka sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong inisyatiba at aktibidad ng masang manggagawa. Sa halip na umasa sa kanilang lakas at pagkilos, ang mga manggagawa, ay tumutungo sa pag-asa sa ilang "magigiting na partisano" para lutasin sa militar na paraan ang mga problema nila sa pabrika.

Mabilis na natatransporma ang pakikibaka ng masang manggagawa sa mga kapitalista sa labanang militar na dapat sana ay labanan sa pulitika, bagay na pabor sa kapitalista at sa reaksyunaryong estado. Nalalagay sa peligro ang ligal at depensibong katangian ng pakikibaka ng masang manggagawa at nabibigyan ng magagamit na katwiran ang kapitalista at reaksyunaryong estado sa paggamit ng militar laban sa masang manggagawa at lehitimong pakikibaka nila. Ang sitwasyong militar ay naglalagay sa masang manggagawa sa pasibong pusisyon sa halip na aktibong pusisyon sa paglaban sa mga kapitalista at reaksyunaryong estado.

Sa kahuli-hulihan, binabansot ng taktikang “pol-mil” ang pag-unlad ng kamalayan ng uring manggagawa sa kanilang namumunong papel sa rebolusyon, sinasagkaan ang pagbubuo ng rebolusyonaryong lakas ng uri at pumipinsala pati na sa talibang partido ng uring manggagawa, ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang pagsusulong ng todo-largang pakikidigmang partisano at paglakas ng pananaw na nakasentro sa lunsod, paghahabol ng mga mapagpasyang kumprontasyon at direksyon ng armadong pag-aalsa ay tuluyang pumigil sa dati nang matamlay na pagtungo ng mga rebolusyonaryong manggagawa sa kanayunan. Sadyang ikinampanya laluna sa saklaw ng dating KRMR sa pamumuno ni Lagman na manatili na lamang sa kalunsuran at lumahok sa armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pakikidigmang partisano. Marami-raming manggagawa ang napaloob sa istruktura ng kumand ng partisano na hinatak sa mga aktibidad na gangster at pangingikil ng pangkating Lagman.

## Ang hibang na insureksyunistang linya ni Lagman

Noong 1987, nang pormal na mabuo ang KRMR, nasamantala ni Lagman ang umiiral na malubhang disoryentasyon sa Partido at ang lihis na linyang SCO para pag-ibayuhin ang paksyunalistang maniobra at ihasik ang sariling linyang insureksyunista na kalauna’y malalantad na Trotskyista. Sinamantala ni Lagman ang bawat oportunidad upang itanghal ang sarili, siraan ang mga itinuturing na kakumpitensya sa pamumuno sa sentrong lunsod partikular ang NUCC at mga organo sa ilalim nito kabilang na ang NTUD, at bandang huli ay ang KTKS.

Pinahirapan ng pang-uupat ni Lagman ng tunggalian sa bawat hakbang ang mga koordinadong aksyon sa NCR. Itinaguyod niya noong Oktubre 1987 ang putsistang konsepto ng tuluy-tuloy na “pangkalahatang welga” hanggang hindi nakukuha ang mga hinihingi at pagkatapos ay ang biglang pagpihit naman sa *hunger strike* ng mga lider manggagawa sa Mendiola nang malinaw na hindi na pwedeng patagalin ang welga dahil sa pag-impis ng kalahok. Sinangkalan ni Lagman ang mali ring konsepto ng NUC/NTUD na paalun-along paraan ng paglulunsad ng pangkalahatang welga (una-una at baha-bahaging pag-uumpisa at pagpapalaganap ng pangkalahatang welga) upang ipagtanggol ang sariling putsistang konsepto. Ang resolusyon ng KPKS 1988 sa pangkalahatang welga ng 1987 ay inilingid ni Lagman sa organisasyon ng Partido sa MR para linlangin ang kasapian sa paniniwalang wasto at superyor ang kanilang taktika.

Kasunod nito ang paglalako at pagtataguyod ni Lagman ng sosyalistang oryentasyon ng kilusang manggagawa. Nasa likod ng panukala ang pailalim na pagtataguyod ng paniniwalang hindi na malapyudal at malakolonyal ang lipunang Pilipino kundi kapitalista na, at ang kinakailangan na ay sosyalistang rebolusyon sa pamamagitan ng armadong pag-aalsa sa kalunsuran sa halip na demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Bandang huli malalantad na ang konsepto ng "sosyalismo" ni Lagman ay walang taning na NEP na tulad ng linya nina Bukharin, at ang kanyang estratehiya ay hindi ang armadong insureksyon ni Lenin kundi ang walang taning na parlamentaryong pakikibaka na tulad ng sa mga Lava. Mapagpasyang naglinaw sa usapin ang KPKS noong 1988 at muli ang KPKS noong 1989 at KTKS noong 1989. Subalit hindi pa natukoy noon ang ugat sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng nasabing panukala. Binawi nina Lagman ang kanilang panukalang papel subalit hindi gumawa ng kaukulang paglilinaw sa kasapian ng Partido sa MR.

## Paglala ng insureksyunismo kum ekonomismo

Sa kabila ng mga engrandeng deklarasyon ng pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa, nagsimula nang maramdaman noong 1988 ang pagtigil ng paglawak, pag-atras sa Cebu, at paglitaw ng mga kwestyon mula sa mga lokal ng ilang pederasyon kaugnay ng paghawak sa mga usaping pang-unyon, gayundin sa estilo ng pamumuhay ng mga kadre at lider manggagawa. Naging matumal ang pagpapaunlad ng mga aktibistang manggagawa at pagrerekluta ng kasapi ng Partido sa hanay nila. Ang ipinangangalandakan ng KRMR na paglaki ng kanilang kasapian sa hanay ng manggagawa ay paglaking ibinatay sa binagong pamantayan sa pagrerekluta, sariling lihis na linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at hindi tunay na paglaki ng kasapian ng Partido.

Nagpatuloy pa rin ang pagkahaling sa mga pangkalahatang paralisasyon. Hindi seryosong napagtuunan ng pansin ang mga indikasyon ng papalalang mga problema. Muling naglunsad ng pangkalahatang welga para ipaglaban ang P30.00 across the board na dagdag sa sahod sa buong bansa. Nagpakana si Lagman para patunayang uubra ang kanyang putsistang konsepto ng tuluy-tuloy na welga at muling sinita ang NTU at pinalaki ang lubhang menor na usapin sa hindi pagsabay ng ibang rehiyon at binansagang pag-uulit ng taktikang paalun-alon. Subalit ang pinagtatakpan at pinalalabo ni Lagman ay ang di-awtorisadong pag-aanunsyo nila sa publiko ng pag-aatras ng hinihinging P30

accross the board sa buong bansa at pagsang-ayon sa panukalang P20-P10. Trinaydor niya ang laban ng kabuuan at ginawang katawa-tawa ang sariling pusisyon nang maipagwagi ng mga manggagawa ang P25 dagdag sa sahod na mas mataas kaysa sa sinang-ayunan niyang P20. Pinagtatakpan din ni Lagman ang paggamit ng mga mapanlinlang na taktika sa diumano'y welga sa ilang empresa na mga "*negotiated strikes*" pala (ibig sabihin, patuloy na pumapasok ang mga manggagawa habang nakasabit sa labas ang karatulang WELGA.)

Lalong lumala ang suliranin sa korupsyon sa ilang bahagi ng kilusang manggagawa. Nawalan ng superbisyon ang Partido sa bayad sa serbisyo ng mga abugadong ang karamihan ay mga elemento ng Partido kundiman mga pambansa-demokrata sa mga saklaw na unyon ng mga pinamumunuang pederasyon na sa karaniwang kalakaran ay 10% mula sa retroactive pay ng pinansyal na naipagwagi sa CBA at maging sa iba pang mga kaso ng pinansyal na laban tulad ng separation pay, back wages, productivity bonus, atbp. Lumaki nang lumaki ang indibidwal na kita ng mga naturang abugado at pinanggagalingan ng mga balato o "for the boys" para sa mga kadre at lider manggagawa. Kaalinsabay ay napabayaan ang gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon sa kanilang hanay. Bandang huli ay kumitid sa relasyong propesyunal na lamang ang relasyon sa ilang mga abugado.

Anomalya para sa isang proletaryong organisasyon ang pag-engganyo o pagpapahintulot sa paghahangad, pagpapatupad o pagpapaubaya sa burgis na prinsipyo ng pamilihan sa mataas na mga sweldo o bayad sa serbisyo. Ang kilusang unyon at kilusang manggagawa ay hindi dapat maging tuntungan sa pagkakamit o pag-angat ng burges na pamumuhay ng mga pinuno at kagawad nito. Bagamat "makatwiran" sa mga burges na prinsipyo ng pamilihan at maaari pa ngang "kinakailangan" sa mga tuntunin ng burgis na "propesyunalisasyon," ang napakataas na sweldo at nakakaangat na pamumuhay batay sa kabayaran sa serbisyo sa kilusang manggagawa ay hindi proletaryo kundi burges na prinsipyo. Wala itong eenganyuhin kundi burukratismo at burges na pananaw at gawi. Hindi maiiwasang mauk-ok at mapabuway nito ang tunay na rebolusyonaryo at militanteng diwa ng kilusang manggagawa.

Ang mga abugado ay gumagampan ng mahalagang papel sa naibibigay nilang ligal na serbisyo sa mga unyon. Dahil dito, dapat silang bigyan ng karampatang pagkilala at karampatang kabayaran sa kanilang serbisyo. Gayunman ang katangian ng kanilang serbisyo ay suplementaryo sa lakas ng unyon at pakikibakang masa ng mga manggagawa na siyang saligang tuntungan at mapagpasya sa labang inilulunsad ng mga manggagawa.

May programa ng pagsasanay sa mga lider manggagawa at unyon para sa mga taktika at kaparaanan ng pagsusulong ng mga pakikibakang unyon, kabilang na ang pagpapakabihasa sa pasikut-sikot ng mga ligal na batas ng reaksyunaryong gubyerno. Ang iba't ibang aspeto ng pagsasanay na ito ay umaalinsunod sa mga prinsipyo ng linyang masa, sa pagdidiin sa pag-asa sa lakas at militansya ng masang manggagawa.

Subalit, kalaunan, kabilang ang tungkuling ito sa nasagasaan ng insureksyunismo at ekonomismo. Numipis ang bilang ng mga manggagawang may kakayahan sa negosasyon, nadala ang sistema ng labis na pag-asa sa istruktura ng organisasyon o burukratismo sa paghawak sa mga pakikibakang unyon, nauk-ok ang militansya sa pang-ekonomyang pakikibaka at lumaki ang papel ng ilang abugado at ilang pambansang lider manggagawa kaysa nararapat.

Sa MR, ipinatupad nina Lagman ang "point-shaving" na ang tumatayong nasa "pagitan" ng manggagawa at kapitalista ay ang ABB. Sa iskemang minimum-maksimum sa negosasyon sa CBA, nakikipag-areglo ang ABB sa kapitalista sa "katanggap-tanggap" sa huling halaga kapalit ng hinihinging "kontribusyon" ng ABB.

Sa NTU, pinuna noong 1989 ang pagtanggap ng ilang kasama ng regalong cash o goodwill money dahil sa "tulong" nila sa pagresolba ng mga di mapagkasunduan sa negosasyon sa CBA at paggasta dito sa mga inuman o "for the boys". Upang iwasto ito ay itinakdang dapat isentralisa sa halip na ibulsa ng indibidwal ang mga nakukuhang pera o regalo. Subalit hindi pa nakita ang mga peligrong dulot ng konseptong "tagapamagitan" o broker sa pamamagitan ng *top level negotiations* ng mga kadre, lider manggagawa at abugado.

Ang pag-ugnay o pagtulay ng kapitalista sa mga kilalang kadre, lider manggagawa at abugado para maghabol ng settlement sa mga labang inilulunsad ng mga manggagawa ay likas sa labanang kapitalista-manggagawa. Sinisikap ng kapitalista na gamitin ang ugnay na ito para tangkaing manuhol o mambulok para makakuha ng kolaboreytor at pagpabor sa kanyang panig o kung di uubra ang una ay maglatag ng panukalang kompromiso para tapusin na ng mga manggagawa ang kanilang laban. Ginagamit naman ng mga manggagawa ang naturang mga pag-ugnay para tayain ang intensyon ng kapitalista at itatakbo pa ng laban. Ang peligro ng pagtalab ng panunuhol at pambubulok ng kapitalista na di sapat na nabantayan ay nagmumula sa umiiral na kapabayaan sa gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at organisasyon, ng pagkabuhaghag ng gawain sa mga unyon, ng paghina ng demokrasyang unyon, at pagnipis ng bilang ng mga

kadre at manggagawang may kakayahan sa mga pasikut-sikot at taktika ng mga pakikibakang unyon. Lumitaw ang ilang praktis ng pakikipagkasundo sa kapitalista ng inuugnayan ng walang pagkonsulta sa unyon o masang manggagawa at ng lihim na pakikipagsundo sa kapitalista. Nasamantala ang mga ito ng ilang tuluyang nabulok na mga lider manggagawa para sa sariling kapakinabangan.

Ang kumbinasyon ng insureksyunismo at populismo't ekonomismo ay mas lalala pa bagay na sinakyan nang husto ng mga desidido at agresibo nang mga insureksyunista at populista (na lalakipan pa ng Gorbachovismo pagkatapos ng 1989) sa pangunguna nina Reyes, Lagman, Tabara at Kintanar.

Noong maagang bahagi ng 1990 itinaguyod ni Lagman ang insureksyunistang linya alinsunod sa estratehiyang pol-mil, konsepto ng pag-aalsang lampas sa tipong Edsa, at insureksyunaryong direksyon ng pakikibakang lunsod na tinangka pa niyang ikubli sa panawagan daw ng KS para sa pagtatagumpay ng rebolusyon bago matapos ang dekadang nubenta. Dinistrungka ang kabuuang latag ng pwersa at gawain sa saklaw ng KRMR sa pamamagitan ng pagtatayo ng apat na makinarya, pagbubuo ng *insurrectionary force* (IFs) sa mga pabrika, at pagtatayo ng PDC bilang hayag na sentrong organisasyong pampulitika para sa mga tuwirang rebolusyonaryong aksyon sa pinangarap na *siege of Malacanang* sa kanyang "Bugso" 1992.

Ang mga yunit ng *insurrectionary force* sa mga pabrika ay inatasang "mulat na magsulong ng mga aksyong masa tungo sa insureksyunaryong direksyon", "mulat na sumagad sa limitasyong itinatakda ng estado para sa pagbabago ng mga batas (rules) na magpapaluwag at magpapataas ng kamalayang mapanlaban ng masa."

Sa konsepto ng apat na makinarya (makinarya sa konsolidasyon, ekspansyon, pol-mil, at kampanyang masa), ginawang inutil ang mga batayang yunit ng Partido sa mga pabrika nang inilimita ang tungkulin nila sa konsolidasyon na lagi namang sinasagasaan ng mga plano ng makapangyarihang makinarya sa"pol-mil"at makinarya sa kampanyang masa.

Ipinalaganap ang ekonomistang konsepto na ang unyon ay para lamang sa pang-ekonomyang pakikibaka at dapat itayo ang balangay ng PDC sa mga pabrika para sa mga pampulitikang pagpapakilos at pagsusulong ng pakikibaka tungo sa insureksyon.

## Planong “pol-mil” noong 1990

Nagtagpo ang insureksyunismo ni Lagman at ni Reyes sa konsepto at planong “pol-mil” sa GSWB ng 1990 na bahagi ng engrande at hibang na paghahabol sa pangkalahatang insureksyon sa pamamagitan ng “pagkalburo.” Integral na bahagi ng plano ang paglusot at paglapastangan sa mga tuntunin at istruktura ng Partido.

Naghabol sa ganap na paralisasyong pinahinog nang pilit sa pamamagitan ng “sangkap na pol-mil” na kinabibilangan ng pagpapalaganap ng liham pagbababala ng ABB sa mga kumpanya ng bus, pagpaparusa sa tantyang mag-eeskirol, panununog ng mga bus ng mga operatiba ng ABB kasama ang mga IFs, pagsanib ng mga operatiba ng ABB sa mga sentro ng barikada, “pakikipag-alyansa” sa RAM para sa pambobomba. Ang bunga: pagkitid ng suporta ng GSWB, dagdag na ngipin sa pasistang paninikil at mga taktikang panghahati ng rehimeng US-Aquino at pansamantala’t parsyal na pagkawala ng momentum ng kilusan at pakikibakang masa.

Ang pokus sa pagsusulong ng kilusang masa sa kalunsuran na pagpapalaki sa bilang ng mamamayang napapalahok sa mga protesta at pakikibakang masa ay pinalitan ng obsesyon sa paralisasyon. Ang “sangkap na pol-mil” na susi at mapagpasya sa GSWB ay nagpanguna sa aksyong militar sa aksyong masa at nagbandera ng pwersang partisano sa hayag na pakikibakang masa. Bunga niyon, natabunan at nasira ang pakikibakang masa at kumitid ang galaw at maniobra ng pwersang masa.

Ang hayag na kilusang masa ay dapat isulong at palakasin nang sumisimpatiya at sumusuporta pero hiwalay sa armadong pakikibaka. Sa pagtatanggol sa sarili at paglaban sa reaksyunaryong kaaway pangunahing umaasa ito sa organisasyon, pakikibakang masa at pagkabig ng pinakamalawak na suporta. Dapat nitong igiit ang demokratikong karapatan ng mamamayan nang hindi sumusugod nang wala sa panahon sa sitwasyon at sagupaang militar.

Ang mga armadong operasyong partisano ay dapat istrikto at mahusay na pinipili para maging tunay na kapakipakinabang. Dapat at maaaring maksimisahin ang epektong pulitikal, militar at ekonomiko ng mga ito nang hindi sinasagasaan ang kilusang masa at hinihila ang huli sa sitwasyon at sagupaang militar.

Noong 1990, sa hatak ng kanang konsepto ng NDF bilang isang pederasyon ng mga organisasyong may “sariling dinamismo” binago ang

konsepto ng Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) at muling dinistrungka ang istruktura ng kilusang lihim sa mga pabrika sa saklaw ng NTU. Sa dating konsepto, ang RCTU ay umiiral sa pambansang antas na ang mga kagawad ay kinatawan ng mga rebolusyonaryong unyon. Walang ibang balangkas ng rebolusyonaryong pamumuno sa mga lokal na bukod sa sangay ng Partido. Sa binagong konsepto, nagtayo ng mga RCTU sa antas ng pabrika na ang mga kagawad ay kasapi ng sangay at piniling masigasig at aktibong lider ng unyon. Nilusaw ang mga GU na tuwirang nakapailalim sa mga grupo ng sangay sa mga pabrika at ipinailalim sa nakatayong RCTU. Kumikilos ang RCTU alinsunod sa linya ng ugnayan sa pambansang RCTU. Ang RCTU ang inaasahang bag-as para sa mga mobilisasyong tulad ng lightning rally para sa NDF o RCTU, para sa OP-OD ng NDF-RCTU sa loob at labas ng kanilang mga pabrika. Sa putsistang GS-WB 1990, ang RCTU ang dinaluyan ng atas kaugnay ng panununog ng mga bus.

Ang mas hangal pang insureksyunistang "bugso" ni Lagman noong 1992 ay huling singhap na lang ng insureksyunistang hangin at tahasasan nang pananagasa sa istruktura ng organisasyon at demokratikong sentralismo ng Partido bago tuluyang lumantad ang ayaw magsising mga insureksyunista at populista sa kanilang pagtalikod at pag-atake sa rebolusyon at sa Partido.

## Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto

Ang pamamayagpag ng insureksyunismo, populismo at ekonomismo ay lumikha ng wala pang kapantay na pinsala sa kilusang manggagawa. Bukod sa malalaking pinsala sa organisasyon, naririyan ang palalim na disoryentasyon at pagsira sa rebolusyonaryong integridad na inengganyo ng insureksyunismo at populismo. Pinakamasahol ang inabot nito sa mga kadre at kasaping tuluyang natangay ng mga oportunistang taksil sa lantad na makauring kolaborasyunismo at antikomunismo. Pero malaganap din ang masamang epekto ng mga ito sa mga kadre at kasapi ng Partido, gayundin sa mga lider at aktibistang manggagawa na matuwid na nanindigan para sa rebolusyon. Ang kilusang pagwawasto ay nagturo at naghahawan ng daan para sa puspusang pangingibabaw, pagwawasto at pagtatakwil sa mga "kaliwa" at kanang oportunistang paglihis sa nakaraan patungo sa wasto at matatag na landas ng pagsulong.

Ang mga pangunahing paglihis at pagkakamali sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa, sa kalakhan at sa pangkalahatan ay manipestasyon ng mga paglihis sa linya na umiral sa Partido sa pambansang antas at sa

iba't ibang mayor na bahagi nito simula dekadang otsenta hanggang maagang bahagi ng dekadang nubenta. Kailangang sapulin at unawain ang mga natukoy na pagkakamali sa pambansang paglalagom at maging sa antas ng mga rehiyon at teritoryo na pangunahing tinuntungan at pinagsimulan ng mga paglihis at pagkakamaling lumitaw sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Pero may sariling disoryentasyon, mga pagkatangay at impluwensya ng maling linya na nagbunga ng partikular pang mga kahinaan, paglihis at pagkakamali sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Ang partikular na pagpapalalim ng kilusang pagwawasto sa loob ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay naglilingkod sa higit pang konsolidasyon ng lakas nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Mahalagang banggitin na ang nakararaming kadre at kasapi ng Partido at rebolusyonaryong masang manggagawa sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay agad, maluwag at matapat na pumaloob sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Ang tunggalian ng dalawang linya sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa, bago rumurok sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at pakikibaka sa todong kampanyang anti-Partido ng mga oportunistang taksil, ay nagkamit na ng baha-bahaging tagumpay.

Naging makabuluhang mga hakbang ang mga naunang tunggalian at pagwawasto bagamat inisyal pa lamang upang maiguhit ang linya ng pagkakaiba sa pagitan ng mga oportunistang taksil na masugid na pasimuno ng mga paglihis, ng mga kanan at "kaliwang" oportunistang pagkakamali na tumangging magwasto at ng matatapat na kadre at kasapi ng Partido na matamang nagsuri sa sariling praktika at nagwasto. Nakatulong ang naunang mga tunggalian upang mas madaling makita ng mga matatapat na mga kadre at kasapi ng Partido sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang katangian ng mga oportunistang taksil at ang pangangailangan at kawastuan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Ang nasimulan ng pagtunggali at pagwawasto sa iba't ibang partikular na anyo ng kanan at "kaliwang" oportunismo na lumitaw sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa laluna sa ikalawang hati ng dekadang otsenta ay kinatatampukan ng sumusunod:

- Kanang oportunistang pananaw sa rehimeng Aquino bilang liberal-demokratiko at kaakibat na mga kanang oportunistang pananaw sa kilusang manggagawa.
- Pagpapalaki sa pagkakamaling boykot bilang estratehikong pagkakamali at kaakibat na pagtataguyod sa insurekyunistang pananaw sa pag-aalsang Edsa na nagtagumpay sana ang rebolusyon kundiman nakabahagi sa poder kung hindi nagkamali sa patakarang boykot.
- Panukala at pagtataguyod ng pangkating Lagman na sosyalistang oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa noong 1988 at 1989.
- Panukala at pagtataguyod ng pangkating Lagman na taktikang"pol-mil"sa NCR noong 1990.
- Sa ahente-probokador na taktikang panununog ng mga bus para kamtin ang paralisasyon ng transportasyon sa welgang bayan laban sa pagtaas ng presyo ng langis at gasolina noong 1990.
- Sa todo-largang pakikidigmang partisano sa kalunsuran.
- Sa kanan at "kaliwang" mga taktika sa inilunsad na mga "pangkalahatang welga".
- Sa konsepto ng "pangkalahatang welga bilang antas ng kilusang manggagawa".
- Sa insureksyunistang ekspedisyong "Bugso 92".

Sa saklaw ng NTU, ang agad at mainit na pagtanggap ng mga pwersa sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay ibinunga rin ng naunang pagtitibay sa pagtataguyod sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at estratehikong linya ng matagalang digmang bayan mula sa pag-aaral sa estratehiya at taktika na inilunsad ng NOC. Bagama't nagsimula sa layuning repasuhin ang estratehiya at taktika ng Partido para makapagpanukala ng bago sa susunod na kongreso ng Partido ay naging positibo sa halip na negatibo ang resulta nito. Nakatulong na ito para wastong makapanindigan sa masaklaw na mga usapin sa linya at estratehiya nang ihapag noong 1992 sa buong Partido ang maigting na tunggalian ng dalawang linya. Gayunman, hindi nakasapat ang naturang pag-aaral upang agad at malinaw na makilala at matalikuran ang mga umiiral pang mga disoryentasyon, mga paglihis at pagkakamali sa

rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Sa maraming kasunod na patakaran at laban ay nagpatuloy ang impluwensya ng mga konsepto at tendensyang insureksyunista, ekonomista at koalisyunista. Kaya nagpatuloy din ang malalaking paglampas sa aktwal na kakayahan at mga pagkakamali sa praktika, bukod pa sa patuloy na kapabayaan sa lahatang panig na gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Kakailanganin ang matamang pagsusuri sa sariling praktika upang mapalalim at malubos ang kilusang pagwawasto sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

## Tungo sa landas ng matatag na pagsulong

**DAPAT HAWAKAN NANG** mahigpit ang mga pangunahing leksyon sa nakaraang mga paglihis at pagkakamali sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Kaalinsabay, mulat na gamitin ang mga ito para lalong pagyamanin at pagtibayin ang saligang oryentasyon at pangkalahatang mga tungkulin sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Higit kailanman ay ibayong napakainam ng obhetibong kalagayan para ubos-kayang isulong sa bago at mas mataas na antas ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Itatag ang pamumuno ng Partido sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa pamamatnubay ng MLM, matatag na pagtataguyod sa wastong linya sa pulitika at malawak at malalim na pag-ugat sa masang manggagawa. Ito ang pinakatampok na leksyon sa nakamit na mga tagumpay at sa dinanas na mga pinsala at pag-atras sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa panahong sinaklaw ng paglalagom. Tungo dito dapat:

1. Itaguyod ang MLM bilang teoretikong gabay sa pagtatayo at pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Sa loob ng Partido matama at sistematikong pag-aralan ang MLM at ang kongkretong paglalapat nito sa rebolusyong Pilipino. Sa hanay ng masang manggagawa, ipatupad ang tuluy-tuloy at sistematikong pagpapalaganap sa MLM at sa kongkretong paglalapat nito sa rebolusyong Pilipino. Bakahin ang suhetibismo at mga anyo nitong dogmatismo at empirisismo, at ang rebisyunismo.

   Ang pagpapabaling-baling sa dogmatismo at empirisismo, at paglitaw ng rebisyunismo sa proseso ng pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa nakaraang mahigit isang dekada ay manipestasyon ng mababang antas ng pagsapol sa teoryang MLM. Ang matagal na kapabayaan sa gawaing pang-ideolohiya ay naging matabang

lupa sa pagyabong ng suhetibismo at paglitaw ng mga paglihis, ng kanan at "kaliwang" oportunistang pagkakamali at nagbunga ng kabiguang maagap na makilala at maitakwil ang sari-saring tunguhing burges at petiburges na lumitaw sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Ang matagal na pag-iral, mula huling bahagi ng dekadang sitenta hanggang maagang bahagi ng dekadang nubenta, ng pagmaliit sa unibersal na kahalagahan ng Maoismo ay umuk-ok sa wastong ebalwasyon sa sariling matagumpay na praktika sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan. Bunga nito umiral ang suhetibismo, pangunahin sa anyo ng dogmatistang pagpulot ng iba't ibang modelo ng insureksyong urban mula sa mga karanasang dayuhan at pagsasaklob niyon sa mayamang sariling praktika sa rebolusyon at salungat sa kongkretong kasaysayan at kalagayan ng bansa. Nakapaminsala ito sa buong Partido, sa rebolusyonaryong kilusan at maging sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Ang kapabayaan sa sistematikong edukasyon sa MLM sa pamamagitan ng 3-antas na kurso ng Partido ay nagbigay-daan upang makapanindak ang mga pinakamasasahol na "kaliwang" oportunista sa mga baluktot na pagsipi kay Lenin para bigyang katwiran ang insureksyunismo at ilako ang diumano'y sosyalistang oryentasyon ng kilusang manggagawa para maliitin at isantabi ang yugto ng bagong demokratikong rebolusyong bayan; sa pilipit na paghalaw mula sa karanasan ng Vietnam para palitawing mapanlikhang paglalapat sa rebolusyong Pilipino ang putsista, adbenturistang militar at insurekyunistang konseptong "pol-mil" at sa konsepto ng welgang bayan bilang anyo ng paghahanda sa insureksyon (isa pang anyo ng pagsasantabi sa digmang bayan), sa pagsamba sa pamumuno ng radikal na petiburgesya sa rebolusyong Sandinista at pagpapahalaga dito nang higit sa matagumpay na mga rebolusyong nasa pamumuno ng proletaryado. Bago lumitaw ang mga tahasan at masahol na paglihis ay umiral ang maling linyang SCO (na inakalang mapanlikhang pagsusulong ng digmang bayan sa Pilipinas) na siyang nagbukas ng pintuan para sa sari-saring hanging insureksyunista, nagamit na pamayong at kanlungan ng mga insureksyunista bago tuluyang lumantad. Kalaunan, ang "kaliwang" oportunismo ay

madaling nakumbinasyunan ng burges-liberalismo at rebisyunismo at sa bandang dulo ay lubos na nalantad at sumanib sa kanang oportunismo.

Ang “kaliwa” at kanang oportunismo sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay kapwa pinaypayan ng teorya ng ispontanyong masa na hinango sa lumang baul ng petiburges na ideolohiya. Ipinalit sa masikhay na gawaing masa at solidong pagbubuo ng rebolusyonaryong lakas ang pagsamba sa ispontanyong pagkilos ng masa at paghahangad ng mga pagsambulat ng sitwasyon na pangunahing nakasalalay sa ispontanyong pagkilos ng masa at buhaghag na lakas at organisasyon. Lalong naiwan ang dati nang nahuhuling gawaing konsolidasyon at gawaing pang-ideolohiya. Kaakibat nito lumitaw ang mga artipisyal na paraan para kalburuhin diumano ang sitwasyon sa layuning makamit ang polarisasyon o pagsambulat ng sitwasyon. At sa kakatwang kumbinasyon ay lumitaw sa kilusang manggagawa ang oportunismo sa anyo ng insureksyunismo kum ekonomismo.

Sa matagal na panahon nakairal sa kilusang manggagawa ang teorya ng ispontanyong masa sa anyo ng ekonomismo—ang pagpapakalulong sa unyon at pakikibakang unyon na ikinukumbina sa linyang antipasista pero sa antas ng pakikibaka na sumasalig sa kalakhan sa ispontanyong kamalayang unyon. Ang resulta, ang mga tagumpay na nakamit sa paglawak at pakikibaka ay unti-unting kumitid at umatras.

Itinuturo ng mga dakilang gurong komunista, na habang lumalakas ang ispontanyong pagkilos ng masa, lalong humihigpit at lalong bumibigat ang tungkulin sa wasto at mulat na pamumuno ng Partido, sa pagtataas sa kanilang kamalayan sa wastong linyang pampulitika ng rebolusyon at pagpapalaganap sa ideolohiya ng proletaryado. Sa ganito, naaani ang solidong bunga sa napakainam na sitwasyon sa anyo ng organisadong lakas at pagkilos at naisusulong ang rebolusyonaryong kilusan nang hakbang-hakbang tungo sa mas mataas na antas.

Ang malalang kapabayaan sa pang-ideolohiyang pagbubuo sa Partido ay nagbunga rin ng pagkabigong sistematiko at tuluy-tuloy na maipalaganap ang pag-aaral sa teorya ng MLM sa hanay ng

manggagawa. Ang anumang mga nagawa kaugnay nito ay halos limitado lamang sa abanteng seksyon ng manggagawa at kahit doon ay naging pabugsu-bugso at hindi na lumampas pa sa antas ng batayang kurso ng Partido. Isang natural na resulta nito ang kabiguang mapalaki ang kasapian ng Partido na galing sa uring manggagawa.

Ang malalang kapabayaan sa pang-ideolohiyang pagbubuo sa hanay ng manggagawa ay hindi lamang nasamantala ng mga di nakapagpanibagong hubog na mga petiburges at burges na elementong nakapuslit sa loob ng Partido, kundi nagpanatili sa masang manggagawa na maging bulnerable sa iba't ibang klase ng di-armadong mga panlilinlang ng naturang mga di nakapagpanibagong hubog na elementong petiburges at burges.

Ang pagbubuong pang-ideolohiya sa pamamagitan ng puspusang pakikipagtunggali sa iba't ibang anyo ng oportunismo ay pumurol. Ang militansya sa ideolohiya, ang aktibong proseso ng pakikipagtunggali hindi lamang sa kaaway sa labas, kundi maging sa paglitaw ng suhetibismo at oportunismo sa loob ng sariling hanay, na naging tatak na ng muling itinatag na Partido ay lubhang naging kapos.

Sa puspusang pagtataguyod sa MLM bilang teoretikong gabay sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa mga pangunahing gawain ang sistematikong edukasyong pang-ideolohiya sa MLM sa pamamagitan ng tatlong-antas na kurso ng Partido, pagpapalaganap ng MLM sa hanay ng masang manggagawa at walang kompromisong pakikipagtunggali sa Trotskyismo, rebisyunismo at oportunismo ng sari-saring kontrarebolusyonaryong pangkatin sa hanay ng mga manggagawa at dilawang unyonismo ng mga aristokrata sa paggawa. Dapat tupdin ang mga tungkulin sa puspusang pagtataguyod sa MLM sa kaparaanang mulat na isinasanib sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino.

2. Isulong ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa ilalim ng bandila ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Itayo ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa bilang isang namumukod na kilusang antiimperyalista at antipasista na sumisimpatya at sumusuporta sa namumukod na

kilusang antipyudal sa kanayunan. Itakwil ang insureksyunismong lunsod, ang Trotskyistang linya ng diumano'y sosyalistang rebolusyon (sa katunayan ay walang taning na parlamentarismo at legalismo) at mapanlinlang na paglalako ng paglampas sa yugto ng demokratikong rebolusyong bayan, ang oportunistang linya ng pagkukubli (sa katunayan ay pagsasantabi) ng sosyalistang perspektiba upang itanghal ang konsolidasyon ng pambansa-demokratikong lipunan patungo sa panibagong paghahari ng burgesya. Itaguyod ang linya ng dalawang-yugtong rebolusyon sa pagsusulong sa kilusang manggagawa.

Ang kaliwa at kanang oportunistang pagkakamali na umiral sa kilusang manggagawa sa nakaraang mahigit isang dekada ay mga anyo ng paglihis sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Ang "kaliwang" oportunismo sa anyo ng insureksyunismong lunsod na tipong SCO, tipong RAWA, tipong "pol-mil" ang nagdulot ng pinakamalaking pinsala sa kilusang manggagawa sa nakaraang mahigit isang dekada. Dinistrungka ang masasaklaw na usapin sa estratehiya na wastong inilatag na ng ating Partido mula ng itatag ito noong 1968. Mga saligan dito ang mahigpit na paghawak sa pagsusuri sa katangiang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino, ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan at paalun-along pagsulong, ang linya ng dalawang-yugtong rebolusyon, ang linya sa uri ng pambansang nagkakaisang prente at ang pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas .

Kaalinsabay, partikular sa kilusang manggagawa, ay dinistrungka din ang sumusunod:

a. Ang pagbubuo ng matatag na alyansa sa pagitan ng uring manggagawa at iba pang demokratikong sektor ay pinalitan ng koalisyunismo sa kilusang manggagawa sa pagmamadali at pag-aakalang mabilis na makapagtitipon ng malaking pwersa para sa mga aksyong pamparalisa at pagpapasambulat ng sitwasyon. Hinabol na makasama sa malapad na koalisyon maging ang mga pusakal na dilawan tulad ng TUCP at ang rebisyunistang pangkating Lava.

b. Ang solidong pag-oorganisa ay napalitan ng buhaghag na pag-oorganisa sa anyo ng kapabayaan sa pagbubuo ng Partido at malawak na lihim na bag-as sa mga unyon, paglilimita sa balangkas ng pamumunong unyon ng pamumuno ng Partido.

k. Ang pagdidispusisyon ng malaking bahagi ng mga tagumpay na nakamit sa kilusang manggagawa patungo sa kanayunan ay pinalitan ng konsepto ng pagdidispusisyon ng mga tagumpay sa kalunsuran sa anyo ng pagbubuo ng mga yunit partisano, insureksyunaryong pwersa, at mga aksyong "pol-mil".

d. Ang pagsusulong ng kilusang welga na pangunahing nakabatay sa mga rekisitos sa sariling lakas at masinsin at masikhay na propaganda at ahitasyon sa masang manggagawa ay pinalitan ng paghahangad na makapagpaputok ng welga sa pamamagitan ng mga pamamaraang ahente-probokador, konspiratoryal, at aksyong militar.

e. Ang tungkulin sa pagbubuo ng Partido sa uring manggagawa ay napabayaan kapalit ng pagpapakasapat sa pamunuang unyon.

Ang resulta ng nabanggit na mga pagdistrungka ay insureksyunismo kum ekonomismo—nang ituntong ang insureksyunistang mga pangarap sa antas ng kamalayang unyon at buhaghag na pag-oorganisa.

Ang pag-iral sa kilusang manggagawa ng pagkahaling sa gasgasang labanan, ng adbenturismong militar, taktikang "pol-mil" kaalinsabay ng ekonomismo at buhaghag na pag-oorganisa ay naglayo sa halip na maglapit sa kilusang manggagawa sa kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan, nagpaluwag din sa kinakailangang mahigpit na alyansa sa iba pang demokratikong uri at pwersa sa lipunan at bandang huli ay tumungo sa pagkahulog sa koalisyunismo, populismo, kolaborasyunismo at pagpasok ng mga bulok na gawi na ibayo pang nagpalala sa pinsalang idinulot ng insureksyunismong lunsod.

Upang maiwasto ang oportunismong kanan at "kaliwa", ang mga paglihis sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at sa linya ng dalawang-yugtong rebolusyon dapat mahigpit na panghawakan ang wastong pagsusuri sa lipunang malakolonyal at malapyudal, ang pagsusuri sa imperyalismo at ugnayan nito sa lipunang malakolonyal at malapyudal, ang proletaryong pamumuno sa bagong demokratikong rebolusyon at sa kasunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon, ang linya sa uri sa pagbubuo sa pambansang

nagkakaisang prente, at masigasig na pagsusulong ng pakikibakang pang-ekonomya ng mga manggagawa habang mahigpit na ikinakawing ito sa mga pakikibakang pampulitika at itinataas ang mga pang-ekonomyang pakikibaka sa pakikibakang pampulitika. Dito nakasalalay ang mga saligang tungkulin sa pagsusulong ng kilusang manggagawa.

Muli nating pagtibayin ang mga pangunahing tungkulin sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa:

a. Pagkaisahin ang manggagawang Pilipino sa bandila ng pambansa-demokratikong rebolusyong bagong tipo.

b. Buuin ang solidong organisadong lakas ng mga manggagawa sa pamamagitan, ng pagtatayo ng mga rebolusyonaryong unyon sa mga empresa at mas masaklaw pang mga antas (pederasyon, sentrong unyon, mga linya ng industriya, konsentrasyon ng manggagawa, mga conglomerates) at mga rebolusyonaryong samahan sa mga komunidad.

k. Buuin ang malalim at malawak na ugat ng Partido sa hanay ng mga manggagawa. Patuloy na patatagin at palakasin ang pamumuno ng uri sa demokratikong rebolusyong bayan at tupdin ang mga proletaryong tungkulin sa pagsusulong ng 2-yugtong rebolusyon. (Nakaligtaan sa matagal na panahon. Susi ang lahatang-panig na gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, )

d. Isulong ang batayang kahilingan ng mga manggagawa sa sahod, kabuhayan at demokratikong karapatan. Itaas ang pang-ekonomyang pakikibaka ng mga manggagawa sa antas ng pampulitikang pakikibaka.

e. Isulong ang pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasista ng manggagawa't mamamayan.

g. Itaguyod at suportahan ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Patibayin ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka.

h. Sumanib at lumahok sa pagtatayo ng pambansang nagkakaisang prente.

i. Itaguyod ang proletaryong internasyunalismo.

3. Ipatupad ang demokratikong sentralismo. Bakahin ang burukratismong naglalayo sa mga kadre sa gawain sa batayang antas at malalim na

pagsapol sa kalagayan ng masang manggagawa. Bakahin ang ultrademokrasya, liberalismo at kaluwagan sa disiplina, komandismo at sektarismo. Itakwil ang paksyunalismo at panghahati.

Ang pag-iral ng mga paglihis sa ideolohiya at pulitika sa may katagalang panahon ay nagkaroon ng katugong paglihis sa linya sa organisasyon. Hindi naging malusog ang daloy ng demokratikong sentralismo at lumitaw ang malulubhang paglabag dito. Habang nalululong sa insureksyunismo at ekonomismo, nagiging burukratiko ang organisasyon ng Partido sa kilusang manggagawa. Nakonsentra ang mga kadre sa makinarya at gawaing kaugnay ng mga kampanya at iba't ibang antas ng makinarya para sa koordinasyon sa itaas, naipasa sa mga institusyong nakabase sa mga upisina ang ilang saligang gawaing dapat tuwirang binabalikat ng mga organisasyong masa, naging distansyado sa gawain sa batayang antas, naging mga opereytor sa halip na lahatang-panig na mga pinuno sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Kaalinsabay ay ang komandismo sa pwersa at masa at paglitaw naman ng liberalismo sa disiplina. Ang mga promotor sa pinakamasasahol na paglihis sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay siya ring mga naging promotor sa ultra-demokrasya, pagtatayo ng nagsasariling kaharian at pagtutulak ng pagkakanya-kanya ng bakuran upang malayang maipatupad ang kanilang mga ilegal na pakana.

Bandang huli, nang umigting ang tunggalian sa pagitan ng wastong linya at lihis na linya, ang mga ayaw magwastong "kaliwa" at kanang mga oportunista ay nagpakana ng paksyunalismo at panghahati. Salamat sa katapatan at kahandaang ipagpatuloy pa ang rebolusyon ng higit na nakararaming kadre at kasapi ng Partido, nabigo ang kampanyang anti-Partido at nagapi sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang mga nagpakana ng paksyunalismo at panghahati.

Ang mga nakaraang paglihis at pagkakamali ay naging matabang lupa upang makapasok ang burges na mga gawi at kabulukan. Hindi mapapasubalian ang demoralisasyong ibinubunga nito sa sariling hanay at maging sa hanay ng masang manggagawang pinamumunuan. Dapat mahigpit na pangalagaan ang integridad at disiplina ng mga kasapi, kadre at lider sa hanay ng manggagawa.

Ang pagpapairal ng demokratikong sentralismo ay nakatuntong at mahigpit na nakasalalay sa wastong linya sa ideolohiya at pulitika, sa diwa ng walang hanggang paglilingkod sa masa, at kahandaan sa kahirapan at pagsasakripisyong kaakibat ng pagrerebolusyon. Sa gayon, higit na mauunawaan at maipapatupad ang mga tuntunin sa organisasyon at mabubuo ang solidong pagkakaisa ng Partido.

4. Magrekluta ng malaking bilang ng kasapi ng Partido mula sa uring manggagawa. Buuin ang mga sangay ng Partido at mas masaklaw pang organisasyon ng Partido sa loob ng mga unyon at mga empresa, at iba pang lugar ng konsentrasyon ng mga manggagawa.

   Sa panahon ng rurok ng lakas na inabot sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa, hindi nagawang mapangahas na mapalaki ang kasapi ng Partido mula sa uring manggagawa. May ilan lamang piling unyon na relatibong masigla ang pagrekluta at pagtatayo ng saligang organisasyon ng Partido sa mga manggagawa, ngunit kahit ang mga ito ay kapos pa rin kung ihahambing sa lapad ng baseng masang organisado at napakikilos.

   Dapat bakahin ang konserbatismo sa pagrerekluta. Panghawakan na ang saligang lihim na organisasyon sa hanay ng mga manggagawa ay ang organisasyon ng Partido sa kanilang hanay. Iwasto ang estilo ng buhaghag na pag-oorganisa at pasiglahin ang lahatang-panig na gawain sa edukasyon, propaganda at pagsusulong ng mga pakikibakang masa.

# PAGLALAGOM NG MGA KARANASAN SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG KABATAAN-ESTUDYANTE (1980-1992)

*ng Pambansang Kawanihan sa Kilusan ng Kabataan-Estudyante*

*(Muling isinulat batay sa kumperensya ng PK-PKO ng 1994)*

# PAGLALAGOM NG MGA KARANASAN SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG KABATAAN-ESTUDYANTE 1980-1992

*ng Pambansang Kawanihan sa Kilusan ng Kabataan-Estudyante*

*(Muling isinulat batay sa Kumperensya ng PK-PKO 1994)*

## I. Maikling Balik-Aral sa Kasaysayan ng Rebolusyonaryong Kilusan ng Kabataan-Estudyante (RKKE) 1980-1992

### *Introduksyon*

Ang rebolusyonaryong pagkilos sa hanay ng kabataan-estudyante ng mga proletaryong rebolusyonaryo ay naging panimulaan ng muling pagbangon ng anti-imperyalista at demokratikong kilusang masa sa kalunsuran noong dekadang ’60. Kinatangian ito ng masikhay na pagmumulat at pag-oorganisa sa hanay ng kabataan-estudyante batay sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon, at ng mapangahas at militanteng mga aksyong masa na umakit sa paglahok ng malaking bilang ng mamamayan. Ito ang bumasag sa pamamayani ng isteryang anti-komunista at nakapagpaahon ng rebolusyonaryong kilusan mula sa malalim na paghibas noong dekadang singkwenta. Sinundan ito ng Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto at muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan. Magmula noon hanggang dekadang ’70, sa pangkalahatan ay tuluy-tuloy na nakapagpalakas at umani ng maraming tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante.

Subalit pagdating ng dekadang ’80 hanggang maagang bahagi ng dekadang nubenta, bunga ng pag-iral ng mga malubhang paglihis, ng Kanan at “Kaliwang” oportunismo sa loob ng Partido, ang rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante ay dumanas ng mga kabiguan, mga pagkakakamali, paghina at pag-atras. Sa maagang mga taon ng dekadang ’80, nagkamit pa ito ng malalaki at matutunog na tagumpay. Subalit ang mga tagumpay na ito, sa kalakhang bahagi ay buhaghag, hindi nakonsolida at hindi naging pangmatagalang pakinabang ng rebolusyon.

Umiral ang haluan ng linyang tama at mali. Gayunman, hindi lubos na nakapangibabaw ang maling linya at hindi nawasak ang rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante. Umiral ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya. Nagkaroon ng mga pagsisikap sa pagwawasto sa mga partikular na usapin, mula sa bahabahagi sa umpisa hanggang maging puspusan at lahatang-panig sa gabay ng Ikalawang Dakilang Pagwawasto na inilunsad ng Partido noong 1992.

Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang puspusang pumuna at nagtakwil sa maling linya, sa mga “Kaliwa” at Kanang oportunistang pagkakamali; naglantad at nagtakwil sa ayaw magwastong mga promotor at masahol na mga tagapagtaguyod ng maling linya, at ganap na bumigo sa lahat ng imbing pagtatangka ng mga kontrarebolusyonaryong taksil na pangibabawin ang maling linya at likidahin ang Partido at rebolusyon.

Ginawa ang paglalagom na ito sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante sa diwa ng kilusang pagwawasto. Hangad nito na kritikal- at mapagpuna-sa-sariling pag-aralan ang mga nakaraang karanasan, matalas na tukuyin ang sariling mga paglihis at pagkakamali, at puspusang iwaksi at iwasto ang mga ito. Kaya sa pagbaybay sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante pinagtuunan ng diin ang dekadang ’80 hanggang maagang bahagi ng dekadang nubenta. Layunin nitong maipakita kung paano lumitaw, lumaganap at nakapaminsala sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante ang maling linya, ang umiral na “kaliwa” at kanang oportunistang mga pagkakamali at paanong nakapangibabaw ang wastong linya at nakapamayani ang pagtataguyod sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Ang kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante ay mahahati sa sumusunod na mga yugto:

A. *Maikling Balik-tanaw sa dekadang ’70* - ang yugto ng paglakas at pagkakamit ng malalaking tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante pagkatapos ng masikhay na

pagpupundar sa dekadang ’60.Pagpupunyagi at pagpanibagong lakas sa panahon ng batas militar.

B. *Ang mga taong 1980-ikatlong kwarto ng 1984* - ang yugto ng panibagong mabilis na pagsulong at pagsisimula ng mga paglihis at disoryentasyon sa sektor

K. *Ang mga taong huling kwarto ng 1984-1988* - yugto ng pangkalahatang paghina at pag-atras.

D. *Ang mga taong 1989-1992* - yugto ng papalalang pamiminsala ng maling linya at ng mga kaliwa at kanang oportunistang pagkakamali; simula ng baha-bahaging pakikitunggali sa maling linya, ganap na pagkalantad ng maling linya at puspusang pagwawasto sa pamamagitan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

## A. Maikling Balik-tanaw sa Dekadang ’70

Nahinog ang rebolusyonaryong daluyong ng 1970-72 sa gitna ng malalang krisis sa ekonomya at bunga ng masikhay na pagpupundar mula papatapos ang dekadang singkwenta hanggang kabuuan ng dekadang ’60. Inihudyat ito ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 kung saan militanteng paulit-ulit na nagbangon ang libu-libong demonstrador na kalakhang bilang ay kabataan-estudyante na nagpoprotesta laban sa reaksyunaryong papet na rehimeng Marcos, laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa kabila ng marahas na panunupil, hindi natakot ni napaatras ang kilusang masa. Bawat pasistang karahasan at panunupil ay tinugon ng higit pang militante at malaking mga pagkilos at ng mas malawak na pagbibigkis at pagtitipon ng iba’t ibang pwersang namulat sa anti-imperyalismo, sa pagtatanggol sa mga demokratikong karapatan at sa komprehensibong programa ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa panahon ng rebolusyonaryong daluyong ng 1970-72, umigpaw ang rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante. Mabilis itong lumawak at lumaganap mula sa Maynila-Rizal hanggang sa halos lahat ng mayor na mga sentrong lunsod at bayan sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas. Naging taliba ito ng ikalawang kilusang propaganda na mabisang nagtambol at naghanda sa upinyong publiko para sa pangangailangan at kawastuan ng demokratikong rebolusyong bayan. Nanguna ito sa paglulunsad ng mga militanteng aksyong

masa kaugnay ng mga isyung pampaaralan, panlipunan at pandaigdig.

Nabuo ang mas maraming pambansa-demokratikong organisasyon ng mga kabataan-estudyante na nakamodelo sa Kabataang Makabayan, ang unang malawak na pambansa-demokratikong organisasyon ng kabataan-estudyante na itinatag noong Nobyembre 30, 1964. Kabilang dito ang Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK), Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka), Kaisahan ng mga Kabataang Demokratiko (KKD) at iba pa. Namulaklak rin ang iba pang tipo ng organisasyon ng kabataan-estudyante na nakabatay sa mga partikular na linya ng gawain at interes. Kabilang dito ang Kamanyang, Gintong Silahis, Panday Sining, Nagkakaisang Progresibong Artista (NPA), Pambansang Samahan sa Inhenyeriya at Agham (PSIA), Pambansang Kilusang Medikal (PKM), Makabayang Samahang Medikal (MASMED), Samahan ng mga Progresibong Propagandista (SPP) at maraming iba pa. Para ilarawan ang bilis ng naging paglawak at paglakas ng mga organisasyong masa sa hanay ng mga kabataan-estudyante, maaaring gamiting sukatan ang pagdoble ng kasapian ng KM sa buong bansa - na mula sa mahigit 10,000 noong 1969 ay naging mahigit 20,000 noong panahon ng daluyong.

Mas malaki pa ang sumunod na mga militanteng aksyong masa na nailunsad, hindi lamang sa Maynila-Rizal kundi sa iba pang mga sentrong lunsod at sentrong bayan na pinangunahan ng mga kabataan-estudyante.

Maagap na nilinaw at binaka ang impluwensya ng konseptong “student power” na ikinalat at inilako ng burges na mass media at ilang sirkulo ng “Bagong Kaliwa”. Ayon sa naturang makitid na pananaw na nakasentro-sa-sarili, matatamo ang kapangyarihan ng mga estudyante, nang hiwalay sa iba pang pwersang panlipunan, at uubrang baguhin ang lipunan batay sa sariling lakas lamang ng mga estudyante. Ang totoo, gusto nitong gawing inutil ang kilusang estudyante at ilayo sa rebolusyonaryong landas ang nagbabangong kabataan-estudyante.

Pero dahil namulat at nabigkis sa ilalim ng bandila ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang mga kabataang-estudyanteng unang namulat sa mga unibersidad ay agad ding tumungo sa masang manggagawa at magsasaka; nagbuo ng mga pangkat para sa panlipunang pagsisiyasat sa mga baryo, pabrika at maralitang komunidad; mapagkumbabang nakipag-aralan sa praktikang panlipunan ng batayang masa; at nagpanibagong-hubog sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa rebolusyonaryong pakikibaka at paglilingkod sa sambayanan. Taglay ang

saligang oryentasyon ng mahigpit na pakikipagkaisa sa kilusan at pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka, ang kilusang kabataan-estudyante ay lalong nalipos ng militansya at determinasyon sa pagtataguyod ng demokratikong rebolusyong bayan.

Ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 ay hindi produkto ng mga aksyong ahenteng probokador, hindi iniluwal ng konspiratoryal na pagpaplano ng maliit na pangkat, hindi isang pagsiklab na nakaasa sa ispontanyong reaksyon ng buhaghag na pwersa at hindi solong aksyon ng mga estudyante lamang tulad ng inakala at ipinalaganap ng mga insureksyunista. Naghangad ang mga insureksyunistang ulitin at lampasan pa ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 batay sa konspiratoryal na pagpapakana, manipulasyon ng masa, pang-uupat ng pasistang pag-atake sa mga demonstrador, at mekanikal na tangkang pag-ulit ng sunud-sunod na malakihang martsa-rali.

Itinatatwa ng mga insureksyunista na ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 ay bunga ng masikhay na pagpupundar ng rebolusyonaryong lakas sa mga eskwelahan, sa mga komunidad, sa mga pabrika. Matiyagang binuo sa umpisa ang mga sirkulo ng pag-aaral, una muna sa hanay ng mga sulong na elemento sa mga estudyante sa unibersidad, kasunod sa hanay ng mga manggagawa at maralita ng lunsod. Pinag-aralan ang mga piling akdang Marxista-Leninista, ang kasaysayan at kalagayan ng lipunang Pilipino. Pinag-aralan ang mga kongkretong sulating rebolusyonaryo alinsunod sa kalagayan ng Pilipinas tulad ng *Struggle for National Democracy (SND)*. Binuo ang pag-unawa at pagkakaisa sa kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa pagpuna at pagwawasto sa mga pagkakamali, sa linya at programa ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang mga sirkulo sa pag-aaral na ito ang naging bag-as ng mga proletaryong rebolusyonaryo, ng mga itinayong pambansa-demokratikong organisasyong masa at ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran.

Walang tigil na ipinalaganap ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang mga isyung pampaaralan at panlipunan ay ipinaliwanag sa malawak na masa ng kabataan-estudyante at mamamayan alinsunod sa obhetibong pambansa-demokratikong mithiin ng mamamayan.

Militanteng itinaguyod at ipinaglaban ang kapakanan at saligang karapatan ng mga estudyante. Naglunsad ng mga aksyong masa upang ilantad at labanan ang reaksyunaryong estado, ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, upang itaguyod ang rebolusyonaryong programa at mithiin ng mamamayan. Ang mga aksyong masang ito ay lalong nakaakit sa mga progresibong intelektwal.

Idinispusisyon ang mga supling ng daluyong para sa pagpaparami ng mga balangay ng mga pambansang organisasyon at mga lokal na organisasyon sa iba't ibang eskwelahan at ikinalat ito sa mga katabing komunidad at sa iba pang mga lugar. Binuo ang mga komite sa manggagawa para sa mga integrasyon sa piket at pagkatapos ay isinunod ang integrasyon sa masang magsasaka sa kanayunan. Mulat at sistematikong nagpadala sa kanayunan ng mga Pulang mandirigma ng hukbong bayan.

Sa kasagsagan ng daluyong ng 1970-72 , sa panahong may peligro na matangay ng petiburges na kapusukan ang mga kabataan-estudyante, maagap na inilinaw ang rebolusyonaryong pananaw sa karahasan, ang ligal at depensibong katangian ng pakikibaka sa kalunsuran. Ang militansya ay hindi katumbas ng mga aksyong ahenteng probokador tulad ng panununog ng mga sasakyan, o pagtataguyod sa putsistang direksyon ng paglaban tulad ng ipinanukala ng ilan noong ang pagtatanggol laban sa pasistang pananalakay ay humantong sa Diliman Commune.

Sa kabilang banda, sa panahon ng papatinding pasistang panunupil, suspensyon ng writ noong 1971 at banta ng batas militar maagap at wastong inilinaw ng Partido ang patakaran sa pagpupunyagi sa pagsusulong ng ligal na demokratikong kilusang masa sa kalunsuran, ang pagpapalawak at pagpapatatag ng kilusang lihim at ang tuluy-tuloy na pagdidispusisyon sa kanayunan ng malaking bahagi ng mga tagumpay ng kilusan sa kalunsuran.

Pinakinabangan ng rebolusyon sa malalim at matagalang paraan ang mga bunga ng pagsulong sa kilusang kabataan-estudyante. Maraming sulong na aktibista ang narekluta sa Partido, naging mga panimulang bag-as sa pambansang pagpapalawak ng mga organisasyong masa at ng organisasyon ng Partido. Marami ang naitalaga sa mga gawain sa mga pabrika, komunidad, mga teritoryo at sa mga SYP ng Bagong Hukbong Bayan sa kanayunan. Naipakita ang bisa ng isang rebolusyong pangkultura upang palayain ang kaisipan ng mamamayan sa gapos ng imperyalismo at reaksyon. Sa pamamagitan ng mga militanteng pagkilos, naakit sa paglaban sa pagsasamantala at pang-aapi ang maraming nag-uurong-sulong na petiburges. Naging inspirasyon ng marami ang mga kabataan-estudyanteng naging puspusang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng pagsanib sa pakikibaka ng manggagawa at magsasaka.

Ang mulat na pagbubuo ng malalim at matibay na kilusang lihim, ang oryentasyon ng pagtungo sa kanayunan at paglahok sa pangunahing anyo ng pakikibaka, ang pagpupunyagi sa pag-abot sa malawak na masa ng estudyante

at mamamayan sa kalunsuran sa pamamagitan ng lahatang-panig na pagsusulong ng kilusang masa ang naghanda sa pag-iisip ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante sa pasistang paghaharing militar noong 1972. Nang ideklarang iligal ang mga organisasyon at pormasyong masa, sistematikong nakaatras ang malaking bahagi ng pwersa, na kung hindi sumanib sa kilusang lihim sa kalunsuran ay tumungo sa kanayunan. Ang mga itinalaga sa kalunsuran ay matatag na nagpunyagi sa pagsusulong ng ligal na kilusang masa.

Pagpasok ng ikalawang hati ng dekadang ’70, binasag ng mga pagkilos ng mga estudyante sa Maynila at Quezon City ang sindak sa pasistang paghahari sa pamamagitan ng mga pakikibaka para sa kanilang mga demokratikong karapatan tulad ng karapatan sa pag-oorganisa sa loob ng eskwelahan, sariling konseho ng mga estudyante at sariling dyaryo ng mga estudyante. Iginiit ang mga ito sa militanteng paraan at sama-samang pagkilos tulad ng paglulunsad ng mga noise barrage, mga rali sa loob ng eskwelahan, sama-samang paghaharap ng mga kahilingan sa administrasyon ng mga eskwelahan, atbp.

Mula 1975 hanggang 1977 ay muling nailatag ang rebolusyonaryong bag-as sa marami-rami at malalaking eskwelahan sa iba’t ibang sentrong syudad sa bansa. Sumigla ang pakikibaka para sa demokratikong reporma at noong 1977 ay pumutok ang koordinadong protesta laban sa pagtaas ng matrikula. Sa NCR, nagsimulang muling sumigla ang propaganda at mobilisasyon sa mga pampulitikang isyu at pagsuporta sa mga laban ng manggagawa at maralitang tagalunsod.

Nagkaroon ng ilang kahirapan ang proseso ng konsolidasyon sa panibagong paglawak ng ugnay at pagsigla ng pagkilos laluna sa NCR. Limitado ang mga babasahin. Higit pa, naging sagka sa wastong konsolidasyon ang lumitaw na kanang oportunistang pagkakamali ng rehiyong MR sa ilalim ng pamumuno ni Lagman. Ang kanang oportunistang bandilang islogan ng pananawagan sa pambansang halalan ay ipinalit sa islogan ng pagtataguyod sa demokratiko at pambansang mithiin ng mamamayan. Sa pagtangging tanggapin ang kanilang pagkakamali at itago ang pagpuna ng Partido, ang istorikong dokumentong “Ang Mahihigpit Nating Mga Tungkulin” ay ilang panahong ipinagkait ng KTKR sa pamumuno ni Lagman sa kasapian ng Partido sa rehiyon.

Ang kanang oportunistang islogan para sa eleksyon ay nilagyan ng kaliwang oportunistang balot sa anyo ng paglikha ng isang unos. Itinakdang pangunahing pwersa sa paglikha ng unos batay sa bandilang islogan ang kilusang kabataan-estudyante. Ipinalaganap ang insureksyunistang konsepto ng

intensipikasyon at pagpapalawak, ang pagkakahilig sa mga aksyong ahenteng probokador upang paigtingin diumano ang mga pakikibakang masa at sa gayo'y pag-alabin ang galit ng masa sa sandaling matikman nila ang pasismo.

Lumitaw na rin ang oryentasyong nakasentro-sa-syudad. Ang patakaran ng Partido sa kalunsuran sa artikulong "Dalawang Mayor na Responsibilidad" na inilabas noong Mayo 1, 1977 sa *Ang Bayan* ay binaluktot upang umayon dito. Maitataguyod diumano ang ikalawang tungkulin sa pagsuporta sa kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan bastat hindi ito makakasagasa o makapipinsala sa unang tungkulin sa pagsusulong ng kilusang masa sa kalunsuran.

Noong 1978, muling sumungaw ang kanang oportunistang pagkakamali sa NCR, sa taktikang lahok sa eleksyon para sa IBP ng KR-MR sa pamumuno ni Lagman. Mas malaki pang pagkakamali ang pagpapaloob ng taktikang lahok sa isang pangkalahatang plano ng pagbabagsak sa diktadurang Marcos na nakasentro sa antipasistang insureksyon sa syudad. Pinalubha pa ito ng mga tahasang paglabag sa demokratikong sentralismo at mga maniobrang paksyunalista para igiit ang patakaran at taktikang salungat sa patakaran at taktika ng Partido.

Sa kasagsagan ng kanilang kampanya para sa IBP nagkaroon ng ilusyong maaaring maipagwagi ang mga pinatakbong kandidato. Dinistrungka ang latag at gawain ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kilusang kabataan-estudyante. Itrinansporma sila bilang makinarya para sa kampanya ng mga kandidato. Ang pagkabigo ng taktikang lahok at ang mga paksyunalistang maniobra ay nagdulot ng kalituhan at demoralisasyon sa mga rebolusyonaryong pwersa sa NCR. Ang sektor ng kabataan-estudyante na bago pa lamang nakakapagpanibagong-lakas ay muling lumiit.

Sa kabilang banda, nagkaroon ng sariling pagkakamali ang sa saliga'y wastong pagpuna ng KTKS sa kanang oportunistang pagkakamali ng KT-MR. Minaliit ng pagpuna ng KTKS ang lakas at kabuluhang taktikal ng ispontanyong antipasistang pagkilos ng mamamayan, bagay na nakasagabal sa mahigpit na resolusyon ng mga usapin sa taktika at prinsipyo at sa matatag na konsolidasyon ng mga kadre at kasapian ng Partido sa NCR. Ang ganitong pagkakamali sa kritika ng KTKS ay sasamantalahin ni Lagman at iba pang mga insureksyunista sa loob ng Partido pagdating ng kontrobersya tungkol sa boykot sa snap elections at pagsusuri sa pag-aalsang EDSA.

Pinuna at iwinaksi ang kanang oportunistang taktika at islogan ng pamunuang Lagman sa NCR pero hindi naisagawa ang komprehensibong paglalagom. May sapat na kadre at pwersa ang naiwan para muling isaayos at isulong ang mga gawain. Isinagawa ang kilusang pagwawasto sa kilusang kabataan-estudyante sa NCR noong 1979 hanggang 1980. Puspusang ipinalaganap ang dokumento ng Partidong “Ang Mahihigpit Nating Mga Tungkulin”. Pinagulong ang kampanya sa pag-aaral sa BKP at muling naibaling ang pokus at atensyon ng pwersa sa sektor para harapin ang mga gawain.Ngunit hindi nalagom ang karanasan ng nakaraang pagkilos. Sa pagkakaayos sa disposisyon ng mga puwersa, lumawak ang pagkilos sa sektor at sumulong ang demokratikong kilusan para sa reporma. Naitakda rin ang kahalagahan ng muling pagbubuo ng lihim na organisasyong masa ng KM bilang bahagi ng kilusang lihim sa sektor. Naitayo ang isang hayag na sentrong organisasyon ng mga kabataan-estudyante na may oryentasyong pambansa-demokratiko na gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagtitipon at pangunguna sa lumalawak at lumalakas na mga kampanya at pakikibaka ng sektor.

Ang ikalawang hati ng dekada ’70 ay naging paghahanda para sa muling pagbuwelo at di hamak na mas malaking pagsulong sa mga susunod na taon.

## B. Ang mga Taong 1980 Hanggang Ikatlong Kwarto ng 1984 – Mga taon ng mabilis na pagsulong at pagsisimula ng paglihis at mga disoryentasyon

Mabilis na lumawak at lumakas ang kilusan ng kabataan-estudyante mula 1980 hanggang ikatlong kwarto ng 1984. Kasabay ito ng panibagong paglalim ng krisis sa ekonomya at pulitika ng nabubulok na naghaharing sistema. Napakilos ang libu-libong estudyante sa buong bansa sa mga isyung pampaaralan, panlipunan at pandaigdig. Nailatag ang mga yunit ng Partido at Kabataang Makabayan sa mga konsentrasyon ng mga estudyante sa maraming probinsya’t siyudad. Naitayo ang mga sangay ng Partido sa maraming paaralan kabilang ang mga itinuturing na estratehiko at pinakamalaki. Nasaklaw ng pagkilos ang lahat ng mayor na sentro ng mga estudyante sa buong bansa. Ang kilusang lihim sa sektor ay direktang sumaklaw sa may kulang kulang na 100 paaralan at mahigit sa 90 komunidad sa buong kapuluan.

Produkto ito ng determinadong mga pagsisikap sa dekadang ’70 na pangibabawan ang pasistang lagim,  ng mapangahas na paglulunsad ng militanteng mga aksyong nagtataguyod sa kagalingan at karapatan ng mga

kabataan-estudyante, ng walang taros na paglalantad at paglaban sa pasistang diktadura, ng pagtataguyod sa pambansa at demokratikong mithiin ng mamamayan, at ng pagpupunyagi sa pambansang pagpapalawak sa sektor.

Ang mga taong 1980 hanggang unang hati ng 1982 ay mga taon ng koordinadong pagkilos ng sektor sa buong bansa para sa mga demokratikong reporma sa mga eskwelahan at masiglang mobilisasyon sa mga pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista. Ang mga pakikibakang masa ng mga kabataan-estudyante na nagtaguyod sa kagalingan at karapatan ng mga estudyante at nanawagan ng paglalansag sa diktadura at ang malupit na pasistang panunupil sa mga ito ay dagdag na umantig sa damdamin at nag-ahita pa sa mamamayan sa kabuuan, at sa mga panggitnang puwersa sa partikular upang lumaban at lumahok sa mga protesta laban sa diktadurang US-Marcos. Ibinadya nito, kasabay ng pagsigla ng kilusan ng mga manggagawa at maralitang lunsod, ng pagkilos ng mga panggitnang pwersa at mga taong simbahan sa kalunsuran, ng pagsulong ng kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan, at ibayong pagtindi ng tunggalian sa hanay ng mga reaksyunaryo, ang pagkahinog ng panibagong rebolusyonaryong daluyong noong 1983 hanggang maagang bahagi ng 1986.

Noong 1980 nagsimulang mapalawak ang impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan sa paparaming bilang ng mga fraternities, sororities at mga samahang pang-akademiko. Marami sa mga organisasyong ito ay naging progresibo at napamunuan ng rebolusyonaryong pwersa. Tinipon ang mga organisasyong ito sa mga alyansa. Nabuo ang mga alyansa sa maraming mga paaralan. Dumami ang bilang ng mga konseho sa estudyante na tuwirang pinamunuan ng mga rebolusyonaryong pwersa. Ang mga pag-unlad sa mga gawaing ito sa iba't ibang organisasyon sa mga paaralan ay nagbunga ng paglawak ng impluwensya sa hanay ng masang estudyante. Naging balon ito para sa pagrerekluta sa kanila sa KM. Nasaklaw din ng pagkilos ang mga paaralan sa sekundaryong antas noong 1981-1982.

Noong 1980-1981 sumiklab ang kilusang boykot, isang malakas na protesta ng kabataan-estudyante sa buong bansa laban sa pagtaas ng matrikula at sa pasistang karahasan. Nag-umpisa ito sa NCR, kung saan pumutok ang boykot sa may 31 paaralan, na may kabuuang populasyong humigit-kumulang 100,000 estudyante. Tampok dito ang protesta sa malalaking unibersidad at kolehiyo sa University Belt ng NCR.

Umabot sa rurok at sumaklaw sa pambansang antas ang kilusang boykot pagpasok ng ikalawang hati ng taong 1981 na umabot hanggang unang hati ng 1982.

Lumaganap ang kilusang boykot sa Angeles, Laoag, Batangas, Lucena, Dagupan, Iloilo, Cabanatuan, Cebu, Bacolod, Davao, Cagayan de Oro at iba pang syudad at kabisera. Ang kilusang boykot ay sinuportahan ng mahigit 200,000 estudyante sa 62 paaralan sa buong bansa. May kabuuang 40,000 estudyante naman ang lumabas ng kani-kanilang paaralan at nagmartsa sa lansangan sa iba't-ibang pagkakataon.

Militanteng naigiit ang muling paglulunsad ng mga aksyong masa sa lansangan sa pamamagitan ng isang demonstrasyon sa Liwasang Bonifacio na nilahukan ng may 5,000 estudyante noong Hulyo 29, 1981. Ang malakas na protesta laban sa Education Act of 1980 ay pinangunahan naman ng may ilang libong guro at estudyante sa UP. Tampok na mga rali at martsa sa lansangan ang apat na sunod-sunod at malalaking rali sa NCR, ang rali ng mahigit 10,000 sa Baguio noong Setyembre 11, at gayon din sa CLSU at Cabanatuan.

Ang lahat ng mga protesta at paglaban ng mga estudyante at mga guro ay marahas na sinupil ng pasistang tropa ng diktadura. Pinagpapapalo ang mga lumalahok at binubuwag ang mga aksyong masa, sinususpindi ng administrasyon ng mga eskwelahan ang mga lumalahok na mga mag-aaral at maramihang hinuhuli at ikinukulong ang mga lider estudyante. Subalit hindi natakot at napaatras ang malawak at malakas na kilos-protesta.

Bagkus ang pasistang diktadura ang napwersang umatras. Napilitan itong magbigay ng mga pormal na konsesyon. Pormal na kinilala at ibinalik nito ang ilang karapatang pang-estudyante na matagal nang sinisikil sa ilalim ng pasistang rehimen. Mayor na mga konsesyong naipagwagi ang pag-aalis ng mga destakamentong militar sa mga kampus, pagbabawal sa pakikialam ng militar at paggamit ng dahas sa mga aksyong protesta sa mga paaralan, ang pagkilala sa karapatang magprotesta sa mga lugar publiko, pag-aalis ng sensura sa mga pahayagang pangkampus, pagbabalik ng konseho ayon sa mga kartang umiral bago ideklara ang batas militar at pagkilala sa karapatang magbuo ng mga samahang pang-estudyante. Mahalagang bahagi ng demokratikong tagumpay ang de facto na pagkilala ng estado sa mga progresibong pambansang samahan ng estudyante.

Bagamat hindi sa malawakang saklaw, nakuhang mapigilan ang pagtaas ng matrikula o napababa ito sa ilang mga paaralan, samantalang sa iba naman ay nakakuha ng mga konsesyon sa pagpapabuti ng mga pasilidad.

Naging masigla din ang mga mobilisasyong antipasista at anti-imperyalista. Libu-libong kabataan-estudyante ang napalahok noong 1980-1981 sa mga raling inilunsad kaugnay ng isyu ng 'normalisasyon' at huwad na pag-

aalis ng batas militar, pamamahayag laban sa pasistang diktadura noong pagbisita ng Papa at kilusang boykot laban sa huwad na eleksyong presidensyal ng 1981.

Muling inorganisa ang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon ng Kabataang Makabayan. Pinamunuan ito ng Partido. Sa KM kinokonsolida ang mga aktibista na nagpapatupad ng mga gawain para sa lihim at hayag at para sa tuwirang pagtataguyod sa demokratikong rebolusyong bayan. Naging sanayan din ito para sa pagrerekluta ng mga bagong kasapi ng Partido.

Masiglang ipinatupad ang gabay sa hakbang-hakbang na pag-oorganisa sa estudyante. Ipinalaganap ang LRP bilang batayang kurso ng KM. Nailathala ang *Kalayaan* bilang tagapamansag ng KM. Gayunman walang katumbas na sistematikong pambansa-demokratikong edukasyong ipinalalaganap sa hayag sa masang estudyante.

Simula 1980 hanggang unang hati ng 1982, lumaganap at patuloy na sumigla ang kampanya sa pag-aaral ng Batayang Kurso ng Partido. Mahigit 80 % ng kasapian ng Partido sa sektor sa NCR ang nakapagtapos nito. Subalit, katulad ng karaniwang naging kalakaran sa iba pang bahagi ng organisasyon ng Partido, makaisang-panig na umasa sa teksto lamang ng BKP. Hindi na lumaganap ang mga saligang babasahin at pangunahing mga sangguniang kaugnay nito. At pagdating ng ikalawang hati ng 1981, kasama na sa pag-aaral sa BKP ang ilang maling pagsusuri, pananaw at patakarang nabuo sa pulong ng KPKS noong 1981.

Ipinalaganap din ang BKKP. Isinasabay sa mga pag-aaral ang mga Kurso sa pagsasanay pangkadre at ang Gabay sa Hakbang-Hakbang na Pag-oorganisa para sa kanilang pampulitikang gawain. Ipinalaganap din ang Kurso ng Pagsasanay Pangkadre(CTI). Malaganap din ang pag-aaral sa mga isyu ng *Ang Bayan*, *Taliba ng Bayan*, *Proletaryo* at *Liberation*. Mahigit sa 93 % ng kasapian ng Partido sa sektor ang aktibo at halos kalahati ng kabuuang bilang ay kumikilos ng buong panahon.

Naging masigla din ang pagtataguyod at pagsuporta ng kilusan ng kabataan-estudyante sa kilusan ng masang anakpawis at armadong pakikibaka noong 1980 hanggang unang hati ng 1982. Tampok na halimbawa dito ang sumususunod:

- Pagtataguyod at pagpapalaganap sa sektor ng hayag at lihim na propaganda sa mga isyu tulad ng sahod, karapatang magwelga, demolisyon, militarisasyon sa kanayunan.

- Aktibong paglahok sa mga rali at piket ng mga manggagawa. Inspirado ng militansya at kasiglahan ng kilusang welga at kilusang manggagawa, ang masang estudyante ay aktibong lumahok sa kauna-unahang pinakamalaking rali ng mga manggagawa sa panahon ng batas militar, noong Mayo 1, 1980. Higit pang sumigla ang partisipasyon ng sektor sa sumunod na Mayo 1, 1981. Daan-daang estudyante ang tuwirang nakiisa sa mga piketlayn ng mga nagwewelgang manggagawa. Masigasig silang nakipag-aralan sa mga manggagawa sa piketlayn.

- Sumigla rin ang integrasyon at pag-oorganisa sa mga maralita ng lunsod sa mga komunidad. Gayundin sa mga magsasaka sa kanayunan. Pinakamalaking bilang ng mga kadre't elemento ng Partido na tumungo sa kanayunan mula ikalawang hati ng dekadang '70 ang naitala sa mga taong ito. Sadyang pinaagos ang malaking bahagi ng mga tumungo sa kanayunan sa Mindanao at Central Luzon. Noong mga panahong ito, masiglang tinatalakay ang perspektiba sa pagtungo sa kanayunan bago at sa panahon ng pagrerekluta sa Partido. Naglunsad din ng mga kampanyang masa sa sektor para sa pagsuporta sa armadong pakikibaka sa kanayunan gaya ng pangangalap ng suportang materyal, ng suportang pinansyal sa anyo ng "alkansyang bayan", ng medisina, bala at iba pa.

Subalit kasabay ng pagsigla ng kilusang kabataan-estudyante pagpasok ng dekadang '80, sumungaw naman ang panimulang anyo ng insureksyunismo. Inilako ng ilang namumunong kadre ang pag-idolo sa modelo ng pag-aalsa ng mga estudyante sa Kwangju, South Korea, at sa Thammasat University sa Thailand. At noong Agosto 1980, tinangkang lumikha ng katulad na sitwasyong gaya ng mga nabanggit na pag-aalsa sa pamamagitan ng isang aklasang bayan laban sa pagtataas ng presyo ng langis. Binalak ang mga tinaguriang "street battles" na inaasahang magiging mitsa ng isang pagsiklab ng sitwasyon.

Subalit maagap itong pinigil at pinuna dahil wala sa panahon at maling taktika. Pero hindi nakumpronta ang hibo ng insureksyunismo na nasa likod ng plano at ang mga estratehikong implikasyon nito. Mas masahol pa, naengganyo muli ito at nasuhayan pa ng mga sumunod na taon bunga ng maling mga patakaran at pagsusuri ng Partido at ng kawalan ng depinitibong wastong paglilinaw kaugnay ng mga panukalang unos, bugso at ispontanyong pagkilos ng masa noong 1978 na hinarap ng tunggalian sa pagitan ng KTKS at KTKR-MR.

Ang pagsigla ng kilusang protesta sa kalunsuran ay naging isang mayor na batayan sa pagsusuri at pagdedeklara ng KPKS na nakapasok na sa abanteng subyugto ang digmang bayan noong 1981. Itinakdang pangunahing tungkulin ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya at pakikibakang masa. Itinakda ring mapagpasya sa yugtong ito ang tungkulin sa pagkabig sa mga panggitnang pwersa upang alisan ng impluwensya ang mga "repormistang burges" at itulak ang polarisasyon sa pulitika sa pagitan ng rebolusyon at pasistang kontrarebolusyon.

Kaalinsabay, binalangkas ang konsepto at direksyon ng pag-unlad ng buong rebolusyonaryong pakikibaka patungo sa estratehikong kontra-opensiba (SCO). Ipinalaganap sa Partido, at masigasig na itinaguyod ng mga nakatagong insureksyunista sa organisasyon ng Partido sa NCR ang mga kaugnay na pagsusuri tulad ng diumano'y paglaki ng populasyong urban, ng proletaryado at malaproletaryado relatibo sa magsasaka, ng pangangailangang bigyan ng higit na diin ang kalunsuran kaysa dati. Inilusot din nina Reyes ang pagkiling sa pagsusuri ng mga dependista na hindi na malapyudal ang ekonomya ng Pilipinas, kundi dependyenteng kapitalista na. Pinaalagwa ang pangangarap sa mapagpasyang tagumpay at mga senaryo ng pag-aalsa bunga ng patakarang ibukas sa abanteng subyugto ang mga pag-aalsa sa malalaking plantasyon at minahan at mga munisipalidad na 3$^{rd}$ at 4$^{th}$ class. Kaugnay nito, tinalakay din ang nilalaman ng mga burador ng dokumentong bakit di uubra ang estratehiya ng pag-aalsang tipong Rusya, at kaalinsabay, bakit di uubra ang estratehiya ng pagpapalibot sa kalunsuran mula sa kanayunan na tulad ng sa Tsina.

Nagkaroon ng salalayan sa labas ng Partido ang mga nasabing pananaw, laluna sa sirkulong akademiko sa UP (na naging kahalubilo rin ng mga rebolusyonaryong pwersa doon) na nagtataguyod sa dependismo at sa batayan nito ay nangutya sa anila'y lipas nang rebolusyong pambansa-demokratiko.

Noong huling kwarto ng 1982 inilunsad ang pangkalahatang boykot sa mga eskwelahan sa ilalim ng panawagang *Lansagin ang Diktadurang US-Marcos!* Nailunsad ang malalaking mobilisasyong masa sa NCR, Davao, Iloilo at Bicol.Naging masigla ang mga anti-imperyalistang kilos protesta ng mga estudyante sa US Embassy. Tinutulan at binatikos ang lumalaking interbensyon ng US, ang pamamalagi ng mga base militar ng US sa bansa, ang paghihimpil ng mga sandatang nuklear ng US sa Pilipinas, ang mga diktasyon ng IMF-WB sa ekonomya ng bansa at iba pang kaugnay na isyu.

Sumigabo pa ang kilusang kabataan-estudyante nang sumambulat ang antipasistang galit ng mamamayan pagkatapos paslangin si Aquino ng

diktadurang Marcos. Humugos ang ispontanyong pagtugon ng masang estudyante sa mga panawagan sa militanteng protesta laban sa pasistang diktadura hanggang ikatlong kwarto ng 1984. Naging masinsin ang malakihang mobilisasyong nilahukan ng 10,000-50,000 estudyante. Tampok dito ang kilos-protesta sa libing ni Aquino, anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar, kampanya para sa pagpapalaya ng mga detenidong pulitikal, paglaban sa (ASSO) PDA-PCO noong 1983, paglaban sa pasistang "National Service Law". Lumahok ang mga estudyante sa mga kilos-protesta kaugnay ng isyu ng pagpigil sa paggawa ng dam sa Chico river at pagpaslang kay Macli-ing Dulag ng pasistang militar. Naglunsad din ng protesta kaugnay ng masaker sa Escalante at pagpapawalang sala kay Ver sa akusasyong pagpatay kay Ninoy. Pinangunahan ng kabataan-estudyante ang paggigiit sa pagdaraos ng demonstrasyon sa Mendiola.

Bukod sa mga malalaking demonstrasyon, naging malaganap ang mga boykot sa mga eskwelahan. Sa NCR, sa loob lamang ng apat na buwan nang ikalawang semestre ng 1983-84, nakapaglunsad ng may 100 boykot. Noon namang ikalawang hati ng taong 1984 may 53 paaralan ang nakapagsagawa ng may 220 boykot. Malaking bilang dito ay may dalang islogan ng paglalansag sa rehimeng US-Marcos at panawagan para sa mobilisasyon at pakikiisa sa mga pampulitikang demonstrasyon sa labas ng eskwelahan.

Mula ikalawang hati ng 1982, nabalangkas ang pagsusuri na ang kilusang kabataan-estudyante ay nasa yugto nang pulitikal at patungo na sa pag-aalsa. Ayon sa pagsusuring ito nalampasan na nito ang yugto ng demokratikong reporma at kasunod na yugto ng kumbinasyon ng demokratikong reporma at pampulitikang pakikibaka. Malaking distorsyon ang ibinunga nito sa pagsusuri sa praktika at kasaysayan ng pagsulong ng kilusang kabataan-estudyante. Kaakibat ng maling mga pagsusuri at patakaran ng Partido noong 1981, dinistrungka sa malalim na paaran ang wastong oryentasyon at direksyon ng kilusang kabataan-estudyante.

Ang wastong pagkilala sa pakikibaka para sa demokratikong reporma sa mga eskwelahan na naging pangkalahatang antas ng pagkilos sa hanay ng kabataan-estudyante sa proseso ng muling pagpapalakas sa panahon ng batas militar ay binaluktot sa pagtuturing ditong isang yugto ng pagsulong ng sektor.

Ang tungkulin para sa pagtataguyod sa mga demokratikong reporma, sa kagalingan at karapatan ng mga estudyante ay isang pamalagiang tungkulin hanggang hindi natatapos ang demokratikong rebolusyong bayan. Itinataguyod

din ito sa paraang naglalantad sa kabulukan ng umiiral na naghaharing sistema, sa pangangailangan ng radikal na pagbabago at mahigpit na kakawing ng pagsusulong ng pambansa at demokratikong mithiin ng mamamayan. At sa proseso ay itinataguyod ang pagbibigkis sa malawak na masa ng kabataan-estudyante sa linya at programa ng demokratikong rebolusyong bayan, at mulat itong isinasanib sa kilusan ng masang anakpawis, ng manggagawa at magsasaka na siyang esensyal na nilalaman ng pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante.

Sa pagsusuring ang yugto ng demokratikong reporma ang naging unang yugto ng muling pagsulong sa panahon ng batas militar ng kilusang kabataan-estudyante ang yugto ng demokratikong reporma, lumitaw ang tendensyang pabuntotin sa karaniwang kamalayan ng karaniwang masang estudyante, sa kamalayan ng relatibong nahuhuli, ang abanteng seksyon ng sektor.

Sa pagsusuring naging ikalawang yugto ng pag-unlad ng kilusang kabataan-estudyante ang kumbinasyon ng demokratikong reporma at pampulitikang pakikibaka, may tendensya namang alisan ng pampulitikang nilalaman ang pakikibaka para sa demokratikong reporma, kasabay ng pag-engganyo sa insureksyunistang pakahulugan sa pampulitikang pakikibaka.

At nang ideklarang nasa yugtong pulitikal na ang kilusang kabataan-estudyante, nagkaroon ng ilusyong handa na ang masang estudyante para sa maiigting at malakihang aksyong masa papatungo sa pag-aalsa, binanat tungo dito ang bago pa lamang nabubuong lakas sa sektor, napabayaan at humina ang pagharap sa mga pakikibaka sa loob ng eskwelahan, sa pag-ugnay at pagtatransporma sa mga tradisyunal na organisasyon, at nabuhos ang kadre at rekurso, at mga pagbabalak sa sentrong ligal na organisasyong pampulitika na siyang itinakdang tagapamandila ng "pampulitikang kilusan" sa sektor. Pinalitan ang hakbang-hakbang na pag-oorganisa ng diumano'y mas mabilis na paraan ng pag-oorganisa, ang mga panimulang grupong dapat maging bag-as ng solidong pag-oorganisa at lahatang-panig na pagpapaunlad sa sektor ay naging buhaghag na kwerpo ng mga kampanyador na ang espesyalidad ay pagtugon sa mga kota sa mobilisasyon. Unti-unting nahiwalay ang abanteng seksyon ng sektor sa panggitna at nahuhuling seksyon ng masang estudyante.

Wasto ang pagpapaigting ng mga pakikibakang masa sa panahon ng matinding krisis pang-ekonomya at pampulitika. Subalit kapag makaisang-panig na napokus sa mga mobilisasyon at kampanyang masa at nakaligtaan ang lahatang-panig na pagpapalakas, kapag isinalalay ang pagpapaigting sa buhaghag na lakas, sa abanteng seksyong mahina ang ugnay sa malawak na masang nais pukawin, organisahin at mobilisahin, nagiging konspiratoryal ang pamamaraan, nagiging

pahapyaw ang propaganda at edukasyon at anumang inam ng sitwasyon para sa pagpapaigting, anumang ispontanyong sigla ng masa ay madaling nawawaldas at nasasabotahe ang pagpapaigting ng mga pakikibakang masa. Pinatunayan ito ng paghina ng kilusang kabataan-estudyante mula huling kwarto ng 1984 hanggang unang bahagi ng 1986, mga panahong saklaw ng umiral na rebolusyonaryong daluyong sa buong bansa, sa kabila ng mahigpit na suhetibong pagnanais ng mga rebolusyonaryong pwersa sa sektor.

Ang obsesyon sa konsepto ng “pampulitikang kilusan” ay nag-engganyo sa mga pananaw na nakasentro-sa-syudad. Lumitaw at lumaganap sa sektor ang pananaw na hindi na kailangang tumungo sa kanayunan. Lumaganap ang palagay na makakayanan na nang pwersa sa kanayunan ang tuluy-tuloy na pagsulong. At ang tungkulin ng sektor ay isulong ang sariling pakikibaka sa kalunsuran. Kaya mula ikalawang hati ng 1982 naging matumal at naging eksepsyunal na kaso na lamang ang pagtungo sa kanayunan ng mga aktibista, kadre at kasapi ng Partido mula sa sektor. Naging kanya-kanyang inisyatiba na lamang ito sa halip na sistematikong programa ng sektor. Lumitaw na rin ang konsepto ng “exposure” sa halip na integrasyon at pakikipag-aralan sa masa. Ang dating maling pananaw tungkol sa pagtataguyod ng dalawang mayor na responsibilidad ng kilusang masa sa kalunsuran na pinuna nong huling bahagi ng dekadang ’70 ay muling lumitaw sa bagong anyo.

Sa Mindanao, at pagkatapos sa Kabisayaan, noong 1984, nabalangkas ang estratehiya ng kumbinasyon ng pampulitika at pangmilitar na pakikibaka (estratehiyang pol-mil). Inilagay nito sa loob ng isang tahasang insureksyunistang linya ang sariling mga disoryentasyon, maling pagsusuri, patakaran at paraan ng pagkilos na nabalangkas sa sektor. Sa mga lugar na ito, naging dramatiko ang pagbagsak ng pwersa sa hanay ng sektor mula ikalawang hati ng 1984. At muli pang lilitaw ang anyong pol-mil sa Luzon, partikular sa NCR, nang sumunod na mga taon.

Nalulong sa sarili ang kilusang kabataan-estudyante, nabitiwan ang saligang oryentasyon ng pagsanib sa kilusan at pakikibaka ng manggagawa at magsasaka, naging nakasentro-sa-syudad ang pag-iisip, kinaligtaan ang saligang tungkuling suportahan at tuwirang palakasin ang armadong pakikibaka sa kanayunan.

Tumampok ang makaisang-panig na pagpapalaki sa papel ng sektor sa rebolusyon at nasaisantabi ang pagpapanibagong hubog. Lumitaw ang arogansya, ang elitismo, ang barkadismo. Sa isang anyo nito, nang itinakdang maging mitsa ng panibagong pagsambulat ng pakikibakang masa ang mga estudyante sa

panahon ng pansamantalang pagkalma ng malalaking aksyong masa noong ikalawang hati ng 1984 (pagkatapos ng kampanyang boykot sa eleksyong BP), naging operasyunal na konsepto ang diumano'y tambalan ng bisig at bibig, kung saan ang bibig ay ang estudyante, at ang bisig ay manggagawa. Nagsimulang lumaganap ang mga insureksyunistang alamat tungkol sa Unang Sigwa ng 1970. Ang dating maling konsepto at pananaw na "student power" ay muling nabuhay sa bagong bihis at anyo.

Subalit, kabalintunaan ng pagpapakalulong sa sarili, nakaligtaan naman ang malawak na masang estudyanteng kailangang itaas ang antas patungo sa demokratikong rebolusyong bayan. Ang malawak na ugnay sa masang estudyante bunga ng matagumpay na pamumuno at transpormasyon ng mga tradisyunal na organisasyon sa eskwelahan at pagbibigkis sa mga ito sa ilalim ng mga pormasyong alyansa ay malawak na balon para sa masiglang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng kabataan-estudyante.

Subalit nang ideklara na nasa yugtong pulitikal na ang kilusang kabataan-estudyante, makaisang-panig na pinagtuunan ang pagtatayo ng sentrong ligal na organisasyong pampulitika mula sa dating nakatayong malapad na alyansa ng mga tradisyunal na organisasyon at pormasyon sa eskwelahan. Nalaglag ang mga di makatugon sa rekisitong pampulitika. Naimbudo ang mga kadre sa sentrong ligal na organisasyong pampulitika ang mga kadre.

Sa umpisa, naitayo mula sa dating malapad na alyansa ang 18 balangay at grupo na may 3,995 kasapian ng sentrong ligal na organisasyong pampulitika na sumasaklaw sa may 53 paaralan sa NCR. Mahigit sangkatlo ito ng naitalang bilang ng kasapian sa buong bansa na 8,349. Subalit bunga ng paghina ng ugnay sa malawak na masa ng estudyante sa pamamagitan ng iba pang tradisyunal na organisasyon hindi nasustini ang pagpapalaki ng kasapian ng sentrong ligal na organisasyong pampulitika at kaakibat ng iba pang kahinaan ay nagpaliit pa nga dito simula noong ikalawang hati ng 1984. Kabalintunaan ng dapat mangyari sa panahon ng kasagsagan ng rebolusyonaryong daluyong na umiral noong panahong iyon.

Noong huling kwarto ng 1984 sa layuning "pataasin" ang anyo ng pagkilos at paigtingin ang pakikibaka ng kabataan-estudyante, nagsimula at lumaganap ang sapilitang paraan ng mobilisasyon, mga paraang konspiratoryal at aksyong ahenteng probokador. Batay sa buhaghag na makinarya ng mga PPO na nakatuon ang gawain sa mga mobilisasyon, nagtakda ng labis na masinsin at malalaking planong sumagasa sa konsolidasyon at iba pang rebolusyonaryong gawain sa sektor.

Sa halip na umasa sa masinsing propaganda-edukasyon bilang salalayan ng pagpapakilos sa malawak na masa ng estudyante, lumaganap ang pagbabarikada sa mga eskwelahan bilang "madaling" paraan ng paglulunsad ng boykot na "mabisang" nagreresulta ng paralisasyon ng eskwelahan, ang pagkakandado sa mga gate ng eskwelahan upang hindi makapasok ang mga estudyante, ang pagkukulong sa harang na lubid at paghila sa mga estudyante para sumama sa rali sa labas ng eskwelahan.

Sa mga huling buwan ng 1984 lalo na noong 1985, sa NCR, malaki na ang inihina ng protesta. Nagpatuloy ito sa anyo ng mga boykot na lamang sa mga paaralan laban sa pagtaas ng matrikula at protesta laban sa National Service Law. Lumiit ang bilang ng mga estudyanteng napapalahok sa mga boykot, at naging madalas ang mga boykot na tinatawag na "aborted" o "partial". Ang mga itinakdang target ng malakihang mobilisasyon sa labas ng paaralan ay hindi na nakamit.

Ang daluyong ng mga antipasistang pakikibaka mula 1983 ay wastong nasamantala para sa pamumulaklak ng iba pang mga organisasyon ng kabataan-estudyante sa sining at kultura, kababaihan, edukasyon, agham at teknolohiya, komunidad. Subalit naimpluwensyahan din ang pagsulong ng mga ito ng mga disoryentasyon at pagkakamali. Hindi nagtagal ay nagbagsakan din ang mga ito. Pinakamasahol ang sa komunidad na pininsala ng adbenturismong militar at insureksyunismo. Naging buhaghag ang mga naitayong organisasyon.

Ang labis na pagkaiwan ng sistematikong edukasyong pampulitika nang malulong sa pagpapaigting at pagpapaputok ng mga kampanya at pakikibakang masa ay tinangkang tugunan sa pagtatayo ng ligal na organisasyong pampulitika para dito. Subalit, kabaligtaran ng inaasahan, lalo pang humina ang gawaing edukasyon. Naging upisyal ang pagpapakitid sa gawain ng mga yunit at organisasyon at ang "paglilibre" sa kanila sa responsibilidad sa gawaing edukasyon.

Hindi nagtagal, ang itinalagang ligal na organisasyong pampulitika para sa gawaing edukasyon ay naging isang upisina. Nagdiin ito sa paglalabas ng mga pagsusuri't gabay sa mga malalaking isyu o isyu ng kampanyang dinadala ng sektoral na kilusan. Hindi ito nakapagbalangkas ng isang sistematiko at malinaw na hayag na edukasyong masa na komprehensibong naglilinaw sa kasaysayan ng Pilipinas, tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino, sa linya't programa ng pambansang demokratikong rebolusyon.

Ang ligal na upisinang nakahiwalay sa mga saligang organisasyong estudyante at nakatoka sa gawaing edukasyon ay naging lubhang bulnerable sa malalang disoryentasyon. Sa susunod na mga taon, gaganap ito ng malaking papel sa pagtataguyod ng popdemismo at rebisyunismo sa sektor.

Noong ikalawang hati ng taong 1984 idinaos ang ika-apat na pambansang kongreso ng KM. Sa panahong ito ang KM ay mayroong *2,000* na kasapi sa mga balangay, na pangunahin ay nakakonsentra sa mga paaralan. Relatibong maliit ito kung ihahambing sa lawak ng impluwensya. Nilayon ng kongreso na konsolidahin ang KM at ihanda ito para sa ibayong pagpapalawak at pagpapalakas sa pambansang antas.

Subalit nang idaos ang ika-apat na Kongreso, dala-dala na nito ang disoryentasyon sa pagtataguyod sa "pampulitikang kilusan". Noon pang ikalawang hati ng 1982, binago na ang gawain nito mula sa pagiging lihim na gulugod ng iba't ibang organisasyon at gawain sa sektor, tungo sa pagiging eksklusibong lihim na bag-as ng sentrong ligal na organisasyon. Bunga nito, ang KM ay naging kalipunan ng mga PPO na lulong sa mga kampanya at mobilisasyon at sa pagbubuo ng iba pang PPO o pagrerekluta ng mga indibidwal para sa KM. Umabot sa kalahati ng kabuuang kasapian ang mga indibidwal na kasaping walang kinabibilangang kolektiba. Napabayaan ang sistematikong edukasyong pampulitika. Maliit na porsyento na lamang ang nakatapos ng saligang kursong masa. Wala nang iba pang mga babasahin at aralin ang naipalaganap.

Sa halip na makapagkonsolida, ang pagdaraos ng ika-apat na kongreso ay naging okasyon para sa paglitaw ng panibagong disoryentasyon. Binalangkas ang tungkulin ng KM na naglalagay dito sa landas na tuwirang pabangga sa Partido. Itinakda ng NYSD na ang KM ang tatayong gulugod at tagapagdirehe ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante. Ipinaubaya sa KM ang "pampulitikang pamumuno" sa sektor, habang magkokonsentra diumano ang Partido sa pamumuno sa ideolohiya at organisasyon. Sa susunod na mga taon mahihinog pa ang disoryentasyong ito sa tahasang paggigiit ng "sariling dinamismo" ng KM, ng tahasang pagtalikod sa pamumuno ng Patido at sasalubong sa iba pang mga kanang oportunistang pagkakamali na mas magiging kapansin-pansin naman sa susunod na yugto.

Sa katunayan, ang tinutukoy na "pampulitikang pamumuno" na ibinibigay sa KM ay nakatuon sa pagpapasiklab ng malalaking aksyon at pakikibakang masa para itaguyod ang yugto ng "pampulitikang kilusan" ng sektor na labas sa pamumuno ng Partido.

Ang istruktura ng kilusang lihim sa sektor ay nag-engganyo din sa burukratismo. Nagkaroon ng mga andana ng pamunuan sa loob ng Partido at kilusang lihim at "hatian" ng gawain na pawang salungat sa komprehensibo at lahatang-panig na pagsusulong sa rebolusyonaryong kilusan sa sektor at pagtataguyod sa demokratikong rebolusyong bayan.

Patuloy na nabuo ang NYSD at sumaklaw ang pinangangasiwaan nito sa rebokusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante, sa NCR at sa mahahalagang sentrong estudyante sa bansa. Sa NYSD, dumami ang mga istap, ang Kawanihan sa organisasyong masa, Kawanihan sa Alyansa, Pambansang Grupo ng Partido para sa mga sektoral na organisasyon, Kawanihan sa Pinansya at Kawanihan sa Propaganda, istap sa edukasyon at istap sa produksyon, komunikasyon at teknikal.

Sa huling bahagi ng taong 1984 ay itinayo na ang RYSB sa MR na nagsilbing transisyon para sa mas permanenteng Kawanihang binuo noong unang mga buwan ng 1985, sa ilalim na ng pamumuno ng panrehiyong komite ng Partido sa MR. Subalit sa halip na makapagpalakas pa sa teritoryal na saklaw, sinamantala ito ng mga nakatagong insureksyunista at kontrarebolusyonaryong taksil sa organisasyon ng KRMR sa pangunguna ni Lagman, upang palalain pa ang disoryentasyon at pagkakamali at tuluyang ihulog sa tahasang insureksyunistang linya, sa panghahati at paksyunalismo ang mga rebolusyonaryong pwersa sa sektor sa rehiyon.

## K. Huling Kwarto ng 1984-1988 – Mga taon ng pangkalahatang paghina at pag-atras

Mula huling kwarto ng 1984 hanggang 1988, naging malawak at pangkalahatan ang paghina at pag-atras ng kilusang masa ng kabataan-estudyante. Ang maiigsing panahon na kinakitaan ng mga indikasyon ng panibagong pagsigla ay agad nasusubhan ng mas mahabang panahon ng mga problema at kaakibat na paghina. Palatandaan ito, sa isang banda, ng mainam ang obhetibong kalagayan para sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa sektor. At sa kabilang banda, ng kabiguang wastong masamantala ang mainam na sitwasyonn bunga ng nagpapatuloy at lumalalang mga disoryentasyon at pagkakamali.

Ang sakit ng insureksyunismo ay nanatiling litaw na anyo ng disoryentasyon mula huling kwarto ng 1984 hanggang 1985. Mas masahol pa, nakumbinasyunan ito ng kanang oportunistang tunguhin at pagkakamali.

Pagdating ng 1986 hanggang 1987, naging litaw ang kanang oportunistang pagkakamali, na sa ilang pagkakataon ay nabalutan ng “kaliwang” damit, at sa ilang pagkakataon ay umiral nang kaagapay ng mga “kaliwang” pagkakamali. Sa taong 1988, pumalo ang isteryang anti-impiltrador sa pambansang antas at sa NCR, bukod sa muling sumungaw ang ulo ng insureksyunismo.

Noong huling kwarto ng 1984 hanggang 1985, lalong bumilis ang pagliit ng pwersa at paghina ng kilusang kabataan-estudyante. Bumagsak ng halos 80% ang kasapian ng sentrong ligal na organisasyong pampulitika, at ng halos 75% ang kasapian ng KM. Lumiit din kundiman naging pasibo ang iba pang organisasyon. Habang itinutuloy ang mga panawagan para sa pagpapaigting ng “kilusang pampulitika” sa sektor lalong natutulak ang mga rebolusyonaryong pwersa sa mga gawing konspiratoryal at aksyong ahenteng probokador. Lalo pang nakaligtaan ang gawaing edukasyon at konsolidasyon. Ang resulta ay patuloy na pagkalaglag ng mga kasaping nadedemoralisa dala ng mga pagkabigo at kalituhan at pagkakahiwalay sa masang estudyante. Sa Mindanao, lumaki pa ang pinsala sa kilusang kabataan-estudyante bunga ng Kampanyang KAHOS na bumiktima ng konsiderableng bilang ng rebolusyonaryong pwersa sa sektor.

Nagrehistro ng natatanging paglaki ang ligal na organisasyong pampulitika ng mga kabataan sa komunidad noong 1985. Pero ito ay nagdulot ng pagkakampante at ilusyon na patuloy na sumusulong ang kilusang kabataan-estudyante sa kabila ng malaking paghina at pag-atras sa mga eskwelahan.

Subalit mas buhaghag pa ang mga organisasyon ng kabataan sa mga komunidad kaysa sa sentrong ligal na organisasyong pampulitika sa mga eskwelahan. Pagdating ng 1986 malakihang nawaldas ang naipundar na panimulang lakas sa mga komunidad, laluna sa Mindanao at Kabisayaan, bunga ng insureksyunistang estratehiyang “pol-mil”. Naging militar ang balangkas ng labanan sa mga komunidad bunga ng todo-largang pakikidigmang partisano at pagtatayo ng mga “baseng partisano” na walang pakundangang sumagasa sa ligal na katayuan ng mga hayag na organisasyon. Ipinatupad ng pasistang militar ang matinding militarisasyon sa mga komunidad. Marami ang dinakip at pinaslang laluna sa kabataan.

Noong Enero 1985 ipinatupad ang reorganisasyon sa NCR-YS, bilang bahagi ng preparasyon sa muling pagbubuo ng panrehiyong organisasyon ng Partido sa MR. (Nakapailalim pa sa NUC ang MR-OD na naging binhi ng muling itatayong pamunuan ng Partido sa rehiyon.) Malaking bilang ng mga kadre at kasapi ng Partido ang ipinasa sa MR at naging mga susing pinuno sa ibat ibang antas at linya ng gawain sa panrehiyong organisasyon ng Partido.

Ipinasa ang bulto ng mga kinikilusang eskwelahan ng NYSD sa MR-OD. Ang malaking mayorya ng YS ay napunta sa distrito ng Manila, sumunod ay sa distrito ng Quezon City at sa Caloocan. Sa taong 1985 ay nangasiwa lamang ng ilang piling malaking pamantasan ang RYSB ng MR. Ang ikinakategoryang mga "pambansang eskwelahan" ang pinangasiwaan ng NYSD. Noong 1984, nauna nang ipinasa sa mga distrito't teritoryo ang gawaing masa ng sektor sa mga komunidad.

Sa ginawang reorganisasyon, maagang nahati ang maliit na bilang ng mga paaralan sa iba't ibang distrito at organo sa rehiyon. Lumitaw ang ilang kaguluhan at mga suliranin sa ugnayan ng iba't ibang organo na pare-pareho at limitado ang inaasahang pwersa. Upang maresolba ang lumitaw na problema, ang mga eskwelahang ipinasa sa mga distrito ay ipinailalim sa sentralismo ng RYSB-MR noong maagang bahagi ng 1986.

Ang mga organisasyon naman ng kabataan-estudyante sa komunidad na ipinasa sa mga distritong bagong buo ay di rin nakayanang mabisang magabayan. May ilang panahong napabayaan ang mga ito hanggang sa mapaloob sa balangkas ng pagbubuo ng mga "baseng partisano" sa mga komunidad, bagay na tuluyang nagwasak sa mga ito.

Kapansin-pansin sa ginawang redispusisyon ng mga kadre at pwersang mula sa kilusang kabataan-estudyante sa NCR noong 1985 ang kawalan ng pwersang inilaan patungo sa kanayunan.

Pagkatapos ng Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986, lumakas at namayagpag ang popdemismo sa sentro mismo ng NYSD. Sa sitwasyong lumakas ang mga repormistang ilusyon sa hanay ng petiburgesyang lunsod, ang di nakapagpanibagong-hubog na mga elementong petiburges sa sentro ng NYSD ay madaling natangay ng repormistang hangin. Lubhang naging bulnerable ang mga kadre ng Partido sa sektor sa mga impluwensyang burges at petiburges dahil sa malubhang kapabayaan sa gawain sa ideolohiya, kaluwagan sa pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya, at matagal na pag-iral ng mga disoryentasyon at paglihis na hindi napupuna at naiwawaksi.

Noong 1985, ang hayag na upisina para sa edukasyong pampulitika ay unti-unting nakonsolida sa popdemismo at rebisyunismo. At dahil ang mga susing kadreng niyon ay sila ring susing kadre ng NYSD, natangay pati ang mayorya ng KT-NYSD. Ang mga pangunahing promotor ng popdemismo at rebisyunismo ay mahigpit na nakipag-ugnayan sa mga ideolohistang petiburges sa akademya at sa malapad na kilusang antipasista.

Ang usapin sa mapagpasyang tagumpay ng rebolusyon laban sa pasistang diktadurang US-Marcos ay tinugon ng hayag na upisina ng paghahanda ng diumano'y alternatibang kurikulum sa edukasyon. Kaugnay nito, binuo ang isang "pluralistang" aklatan at kurikulum na naglalaman ng sari-saring putahe ng ideolohiyang petiburges at rebisyunismo. Ihinalo sa mga ito ang ilang babasahing Marxista-Leninista at sadyang ipinuwera ang mga sulatin ni Mao Zedong. Tampok sa aklatan ang mga babasahing mula sa Line of March, mga Trotskyista at mga Gramscista.

Ang mga naturang susing kadre ng NYSD ang mahigpit ding tumutol sa patakarang boykot ng Partido noong snap presidential election ng 1985. Subalit nakasalalay ang kanilang pagtutol, hindi sa proletaryong rebolusyonaryong linya kundi sa kanang oportunistang linya. Ang nangungunang kunsiderasyon nila ay ang pagtataguyod sa isang alternatibang pwedeng manalo kay Marcos sa halip na ang pagsusulong ng rebolusyonaryong pamumuno at linya sa hanay ng malawak na masang ispontanyong lumalaban sa diktadura. Lalong malalantad ang kanilang kanang oportunismo pagdating ng 1986.

Noong unang kwarto ng 1986, wastong pinuna ng KPKS ang boykot sa snap presidential election bilang isang mayor na pagkakamaling taktikal. Maling itinuring ng patakarang boykot na eleksyon ang sentral na usapin sa halip na ang pakikiisa at pamumuno sa malawak na masang tuwirang lumalahok na sa mga paglaban sa pasistang diktadura. Wasto lamang na manindigan ng hindi paglahok ang Partido at iba pang lihim na rebolusyonaryong pwersa na tahasang nagtataguyod ng armadong pakikibaka. Wasto ring magbabala sa mamamayan sa dapat asahang malawakang pandaraya ng pasistang rehimen, at ilinaw sa kanila na hindi eleksyon ang mapagpasyang solusyon at magwawakas sa pasistang paghahari.

Subalit maling maghabol ang Partido ng paghahanayan at paghahati-hati ng malawak na prenteng antipasista, laluna ng mga hayag na alyansa at organisasyon, batay sa gayong paninindigan at batay sa usapin ng anyo ng pakikibaka sa pasistang diktadura. Ang resulta: nahiwalay ang abante at rebolusyonaryong seksyon sa di hamak na mas malawak na panggitna at relatibong nahuhuling seksyon ng masa, na noon pa naman ay maramihan at ispontanyong lumalahok sa mga antipasistang pakikibaka. Ang pinakamahalagang tungkulin ng Partido sa gayong sitwasyon ay ang iugnay ang abanteng seksyon sa malawak na masa at hakbang-hakbang na palakasin ang kanilang pamumuno sa huli patungo sa militante at rebolusyonaryong direksyon.

Sa pangunguna ng mga susing kadre ng NYSD ipinalaganap sa sektor ang maling pananaw na labis na nagpapalaki sa pagkakamali ng boykot sa snap

presidential election. Sinangkalan ang pagkakamali sa boykot para itago ang mas malulubhang pagkakamali at mas agresibong itaguyod ang linyang kanang oportunista. Isinisi sa patakarang boykot ang diumano ay pagkawala ng momentum ng kilusang kabataan-estudyante, gayong wala na ang momentum huling kwarto pa lamang ng 1984.

Noong 1985 lumala pa ang kanang oportunistang pagpapaubaya sa KM ng pampulitikang pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante at pagtatalaga dito bilang gulugod ng kilusan sa sektor. Tumungo ito sa likidasyon ng pamumuno ng Partido sa KM at sa rebolusyonaryong kilusan sa sektor. Karamihan ng mga elementong nagtaguyod nito ay sila ring nahumaling sa popdemismo at nagtaguyod ng ultra-demokrasya, tahasang pagsalungat sa mga patakaran ng Partido, at mga paksyunal na aktibidad.

Para matupad diumano ang gawain ng KM bilang “gulugod” at “pinunong pampulitika” ng kilusan sa sektor, itinalaga ang pinakamalaking bulto ng kasapian at organisasyon ng Partido sa loob ng balangkas ng organisasyon ng KM. Idinaan at iniasa sa KM ang pampulitikang gawain at pamumuno ng Partido, laluna ang pamumuno sa mga gawain sa mga eskwelahan.

Ilang kadre ng Partido na nakatalaga sa pambansang sentro ng KM ang humingi ng awtonomya mula sa Partido. Ipaubaya na raw sa kanila (sa KM diumano), ang pampulitikang pamumuno at asikasuhin na lamang ng NYSD ang gawaing pang-ideolohiya at pang-organisasyon. Kanilang kinaligtaan na, una sa lahat, mga kasapi at kadre sila ng Partido, at tahasang ipinambangga nila sa Partido ang KM.

Sa maraming pagkakataon ang mga plano at desisyon ng Partido o ng mga sangay ng Partido sa mga eskwelahan ay idinadaan muna sa pagpapasya ng namumunong yunit ng KM o ng Lupong Tagapagpaganap ng Balangay (LTB) ng KM at mga yunit nito. Sa gayon, napailalim sa LTB ng KM ang mga yunit ng Partido sa eskwelahan at maging ang grupo ng Partido sa KM.

Naparalisa ang mga sangay at grupo ng Partido. Nalamon sila o di kaya’y nawalan ng boses at awtoridad at naging higit na makapangyarihan ang kanilang “katapat” na mga balangay ng KM at LTB nito at mga Grupong Bag-as o namumunong komite ng KM sa mga hayag na makinarya. Lalong nagkabuhol-buhol ang gawaing masa sa mga eskwelahan. Ang mga sangay at mga yunit ng Partido ay lumutang at nahiwalay sa direktang pag-oorganisa at pagpupukaw sa masang estudyante. Ang mga pangunahing kadre at malaking bilang ng kasapi ng Partido ay naging mga administrador na ligal pa ang kalakhan ng gawain.

Ang ganitong kaayusang burukratiko at nakapagpapahina-sa-sarili ay umiral hanggang sa sumunod na yugto. Ang likidasyunista at rebisyunistang linya sa nagkakaisang prente na pinag-ugatan at lalong pinalala nito ay gagamitin din nina Reyes sa kanilang pakanang agawin ang NDF at gawin itong sangkalan sa pananabotahe at panghahati sa Partido at rebolusyon noong 1990, gayundin sa mga maniobrang anti-Partido at paksyunalista ng mga kontrarebolusyonaryong taksil sa ilang eskwelahan noong 1991-1993.

Sa kabila ng pagkakamaling boykot noong 1985, hindi nagtagal ay militanteng nanguna ang mga rebolusyonaryong pwersa sa ibayong malawakang protestang sumambulat nang malantad ang pandaraya ng rehimen. Gayunman, totoong hindi na naging malakihan ang mobilisasyon ng sektor dito bunga ng mga nauna ng pinsala ng insureksyunismo, kapabayaan sa gawaing edukasyon at kabuhaghagan sa organisasyon.

Pursigido at determinadong nagmobilisa ang RKKE sa panahon ng Pag-aalsang EDSA. Sa ikalawang araw ng Pag-aalsang EDSA, nagmartsa mula Sta. Mesa ang may 3,000 kabataan-estudyante. Sa ikatlong araw, sa kabila ng pasistang pananakot ng rehimen, nagmartsa mula Morayta patungong EDSA ang may 10,000 kabataan-estudyante. At sa huling araw ng diktadurang Marcos, Pebrero 25, militanteng nagmartsa mula Espanya patungong Malakanyang ang humigit kumulang na 15,000 kabataan-estudyante.

Dagdag pa, pumutok ang mga kilusang protesta sa marami-raming eskwelahan pagkabagsak ng diktadura. Kabilang dito ang mga pagkilos para mapatalsik ang mga mapanupil na opisyal ng eskwelahan tulad ng nangyari sa PUP. Sa pagbubukas ng unang semestre noong 1986, ang mga partidong elektoral na pinamumunuan ng mga rebolusyonaryong pwersa ay nanalo sa mayorya ng mga eleksyon sa mga konseho ng mga estudyante na nilahukan nila.

Subalit, itinatwa ang mga ito ng mga popdemista sa NYSD. Masugid at lantaran nilang ipinalaganap ang paninisi sa pagkakamaling boykot na sanhi diumano ng pagkakahiwalay ng sektor at buong rebolusyonaryong kilusan sa antipasistang alyansa, at sa pagkawa na raw ng mga rebolusyonaryong pwersa ng katwirang mamuno.

Sumusunod ang mga pananaw na popdemista at kanang oportunista na lumaganap sa sektor noong 1986 hanggang maagang bahagi ng 1987:

- mga pahayag, 'Against Boycott' ng NY at artikulo ni Carol Victoria sa **Praktika**, 1986

- pagsuporta sa CONCOM sa ilusyong makakaasa mula doon ng mga makabuluhang reporma, Hunyo-Setyembre 1986
- pagturing sa rehimeng Aquino na isang liberal-demokrata, kaalyado ng mamamayan at siyang may hawak ng inisyatibang pampulitika para sa inaakalang katuparan ng pagbabago sa lipunan. Palagay na "mas dinamiko" ang impluwensya ng mga "liberal demokrata na paksyon" sa gobyerno. Pagtataguyod ng posisyong "kritikal na pagsuporta" sa "liberal" na pamunuan ni Aquino.
- pananawagan na bigyan ng pagkakataon ang rehimeng Aquino, sa pamamagitan ng isang tigil-putukan, at itaguyod ang kagustuhan ng mayorya (ng petiburgesya at burgesya sa katunayan) para sa "kapayapaan".
- pagtatakip sa mga krimen ng "liberal-demokratikong" rehimeng Aquino laban sa mamamayan at pagbubunton ng sisi sa "tunay lamang" na kaaway: ang mga pwersang ultrang kanan. Kabilang dito ang awtomatikong pag-abswelto sa rehimeng Aquino sa anumang pananagutan sa pagpaslang kay Lando Olalia at Leonor Alay-ay, pagpaslang kay Lean Alejandro, masaker sa Mendiola, pagwasak sa mga piketlayn ng mga nakawelgang manggagawa, mga pasistang karahasan sa kanayunan, at iba pa.
- pagtataguyod sa Konstitusyong Aquino bilang diumano'y "progresibong konstitusyon" na kapaki-pakinabang sa mamamayan, at pangangampanya para sa "critical yes" (yes na yes sa katunayan) salungat sa pagsusuri at patakaran ng Partido. Puspusang nangampanya ang pambansang pamunuan ng LPO sa komunidad at LPO-kristiyano sa pamamagitan ng People's CRY (critical yes) at ang mga pwersa sa UP. Paggamit sa KM ng isang pambansang opisyal nito para sa pagpapalaganap ng kanyang posisyong sumusuporta sa konstitusyong Aquino.
- Pagpapalaganap ng mga ilusyong elektoral at parlamentarista noong Eleksyong Kongresyonal ng Mayo 1987 at pagtutulak ng taktikang nakatuon sa iisang layunin: magpanalo ng mga kandidato.
- Sa PUP, noong SY 1986-987, lumitaw ang ilusyong maitatransporma ang PUP sa isang progresibong pamantasan. Itinuring ang presidente ng pamantasan na pambansang demokrata

at makaisang-panig na iniasa sa mga negosasyon sa administrasyon ang mga kahilingan, karaingan at pakikibaka ng mga estudyante.

- Naging taga-brodkas ng maling linya't paninindigan ang ligal na institusyon sa edukasyon. Itinaguyod nito ang palagay na hindi na malakolonyal at malapyudal, kundi kapitalista na ang naghaharing sistema sa Pilipinas. Naging himpilan ito ng Popdem sa sektoral na kilusan noong 1986-1989. Naging sentro ito ng mga babasahing laban sa Marxismo-Leninismo at nagtataguyod ng mga pananaw na petiburges at popdem. Simula 1986, naging sentro ito ng "Youth Volunteers for Popular Democracy".

- Nagbalangkas ng panukalang "demokrasya laban sa pasismo" bilang sentral na nilalaman ng "ikatlong kilusang propaganda"ng NY noong 1986 bilang atas ng NUC at pagpapalawig sa tungkuling inilahad ng isa sa serye ng mga dokumentong inilabas ng GATDULA. Sa panukalang ito, ang target ng paglalantad at pakikibaka ay ang dulong-kanan, ang pasistang paksyong Enrile-Ramos at ang pangunahing kilusang masa ay ang kilusang anti-pasista laban sa kanila.

- Labis na pagpapalaki ng pansing ibinigay sa pagpasok at pagkilos sa Komisyon Para Sa Kabataan na binuo ng Malakanyang at sa tangkang pagkikipag-alyansa sa kalihim ng Kawanihan sa Edukasyon.

- Ang nagpaksyong KT ng sangay ng seksyon sa UP ay nagtaguyod, labag sa patakaran ng NYSD, ng Kampanyang Pangkapayapaan bilang kampanyang papayong at magpapadulas daw sa iba pang mga kampanya. Itinakda nilang ito ang angkla ng mga taktika para "mailantad ang rehimen at maitaguyod ang interes ng mamamayan". At para dito, kailangan daw rendahan ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka na itinuring na halos kahanay ng armadong kontra-rebolusyon ng AFP.

Noong kalakhang bahagi ng 1986, ang mga popdemistang pagsusuring galing sa NYSD ay nakasundo ng mga pagkakamali sa pagsusuri ng NUCC na may sariling disoryentasyon, gayundin ng ilang kahinaan at pagkakamali sa pagsusuri ng pulong ng KPKS ng 1986. Subalit noong huling kwarto ng 1986

pumihit ang NUCC tungo sa wastong pagsusuri sa sitwasyon bunga ng mga klaripikasyon sa pagsusuri sa sitwasyon na inilabas ng KTKS, tunggalian sa pagitan ng KTKS at NUCC, at pagkakalantad ng reaksyunaryong katangian ng rehimen mula ikalawang hati ng 1986. Sa aktibong pakikitunggali ng NUCC sa mga popdemista sa KT-NYSD, nalantad na hindi lamang pagkalito o menor na disoryentasyon ang dala-dala ng mayorya ng KT-NYSD. Lubos na nilang niyakap ang popdemismo at tinalikuran ang proletaryong rebolusyonaryong ideolohiya, ang Partido at ang rebolusyon.

Maliban sa popdemismo, binomba at binaha ang sektor ng sari-saring papel at babasahing salungat sa digmang bayan, insureksyunista, anti-Partido, pasipistang burges, koalisyunista, at iba pa. Ang mga pangunahing nagsulat sa mga ito ay itinuturing na mga kadre at kasapi ng Partido na bandang huli ay nalantad na mga kontrarebolusyonaryong taksil at pasimuno ng todong kampanyang anti-Partido noong 1992.

Habang naging litaw ang kanang oportunistang pagkakamali sa pagsusuri at pakikitungo sa rehimeng Aquino noong 1986, hindi rin naglubay ang paglaganap ng mga insureksyunistang pananaw. Nauso at sumikat sa sektor ang Nicaragua at El Salvador na sinamba bilang modelo ng estratehiyang pag-aalsa at inilako na kapalit ng estratehiya ng matagalang digmang bayan. Gayundin ang modelo ng Pag-aalsang Agosto 1945 sa Vietnam.

Hindi nakapagtatakang nagkaroon ng insureksyunistang balot ang mga kanang oportunistang pananaw na lumaganap noong 1986. Halimbawa nito ay ang paghahangad ng “second round” ng Pag-aalsang EDSA batay sa inaasam na panibagong polarisasyon sa pagitan ng mga pwersang ultrang kanan at ng rehimeng Aquino at mamamayan. Tinaguriang “historically determined” din ang gayong polarisasyon at banggaan. Isa pang halimbawa ang pagtataguyod sa tigil-putukan upang bigyan daw ng pagkakataon ang rehimeng Aquino at ang kagustuhan ng mga panggitnang pwersa sa “kapayapaan”. At sa gayong pagkakasundo daw ay sasalungat at tiyak na magpapakana ang mga pwersang pasista, bagay na magbubunsod ng panibagong polarisasyon na hahantong sa panibagong pagsambulat ng antipasistang galit ng sambayanan.

Sinamantala ng iba pang pwersang anti-komunista ang sitwasyon noong 1986, upang magpalaganap ng anti-komunismo, magposturang tunay na progresibo, ihain ang sarili sa masang kabataan-estudyante bilang alternatiba sa mga pambansa-demokratikong pwersa at magpalakas ng organisasyon at impluwensya sa sektor. Kabilang dito ang Filipino Ideology ni Nilo Tayag at ng

RAM, na nagtaguyod sa linya ng "positibong aktibismo" at "lokal na aktibismo" at ang repormismo at antikomunismo ng Soc-Dem.

Sa kabila ng mga disoryentasyon at ilang-panahong pangingibabaw ng popdemismo sa KT-NYSD, hindi nito lubos na nakubabawan ang RKKE. May sapat na bilang ng mga tapat na kadre ng Partido na nagpursige sa paglalantad sa rehimeng Aquino at paglulunsad ng mga mobilisasyon kaugnay sa mahahalagang isyung pampulitika.Gayunman, dahil sa mga internal na problema, naging maliitan lamang ang mobilisasyon at ang pangunahing naging katangian ng mga pagkilos ay kampanyang propaganda.

Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang sumusunod:

- CONCOM: Paglalantad sa reaksyunaryong makauring komposisyon ng Concom at kawalan nito ng kapasidad na gumawa ng konstitusyong pakikinabangan ng mamamayan.
- State Visit ni Aquino sa US (at Japan) 1986: paglalantad sa pagkatuta ni Aquino sa US at sa pagkontrol ng imperyalismo sa Pilipinas; paglalantad sa pamamalimos ni Aquino ng suportang pinansyal kapalit ng ibayong pagkakanulo sa mamamayang Pilipino.
- Negosasyon at Tigil-Putukan, 1986: Naglunsad ng mga kilos propaganda ang mga rebolusyonaryong puwersa sa sektor. Binuo ang Charlie del Rosario Brigade na nagsagawa ng mga OP, OD at nagpadala ng mga tagapagsalita sa ibat ibang porum laluna sa mga komunidad para talakayin ang linya at programa ng NDF at ang mga kahilingang pambansa at demokratiko ng mga mamamayan.
- Sa plebisito para sa Konstitusyon: pagtatakwil dito ng rebolusyonaryong kilusan dahil nagsisilbi sa interes ng mga panginoong-maylupa, burgesyang komprador at imperyalista; nanawagan sa mamamayan ng "Reject" (botong NO).
- Paglalantad sa Comprehensive Agrarian Reform Law bilang maka-panginoong maylupa, huwad at panlilinlang lamang sa masang magsasaka.

Noong 1987 puspusang nalantad ang popdemismo sa sektor. Sistematikong tinunggali ito sa gabay ng mga pagsusuri na inilabas ng KTKS

noong 1986 na higit pang pinatalas ng isang taong pagtatasa na ginawa ng KPKS 1987 na mahigpit na pumuna sa umiral na maling pagsusuri sa katangian ng rehimeng Aquino at sitwasyong pagkatapos ng Pag-aalsang EDSA. Naglunsad sa sektor ng serye ng mga pag-aaral at nagdaos ng kumperensya ng mga kalihim para mabuo ang pagkakaisa sa pagsusuri sa umiiral na sitwasyon. Kabilang sa pinag-aralan ang kurso sa pampulitikang pamumuno.

Matapos malantad ang popdemismo, nadisorganisa ang mga popdemista sa loob ng sektor. Nireorganisa ang NYSD noong kalagitnaan ng 1987. Ang pinakamasasahol na popdemista ay nagbitiw sa Partido. Ginawaran ng karampatang aksyong pandisiplina ang mayroong mga kaso ng paksyunalismo. Mayroong ilan, bagamat patuloy pang nagtataguyod sa popdemismo, na binigyan ng pagkakataong magwasto at inilipat lamang ng gawain.

Gayunman, hindi pa puspusang nabaka ang ugat ng popdemismo at muli itong lumitaw sa bagong anyo sa sumunod na yugto. Maraming usaping hindi naresolba ang mayroong kaugnayan sa popdemismo. Kabilang dito ang tamang pagtingin sa kasunduan sa 60-araw na tigil-putukan na pinasukan ng NDF noong 1986, usapin ng second round ng EDSA, lugar ng mga pag-aalsa sa estratehiya ng digmang bayan, pagtingin sa mga karanasan ng Nicaragua at El Salvador, at iba pa.

Hindi rin tuwiran at puspusang napuna ang mga disoryentasyong itinaguyod ng mga papel ng Gatdula/Lakandula na lumaganap sa sektor. Hindi naipalaganap ng NUC ang kritika ng KTKS sa maling pagsusuri ng Gatdula sa pag-aalsang EDSA at rehimeng Aquino.

Higit pa, hindi pa natutukoy ang mas malalaking sakit ng insureksyunismo at ang mga kanang pagkakamali sa gawaing masa sa sektor. Patuloy na umiral ang balangkas ng SCO, ang mga sangkap ng etratehiyang "pol-mil", ang koalisyunismo, ang konsepto ng dinamismo ng mga organisasyong masa na hiwalay sa Partido, ang pananaw na nakasentro-sa-urban at iba pa. Madadagdan pa ang mga ito ng mga bagong disoryentasyon kaugnay ng pagguho ng modernong rebisyunismo sa Silangang Europa.

Bunga ng matagumpay na pagbubuo ng pagkakaisa sa wastong pagsusuri sa rehimen at sa sitwasyong umiral pagkatapos ng Pag-aalsang EDSA, muling matalas na naitutok sa rehimeng US-Aquino at mga saligang suliranin ng mamamayan ang mga kampanyang propaganda at ilang maliitang mobilisasyon. Pinapanagot ang rehimen sa mga krimeng masaker sa Mendiola noong Enero

1987, pagpaslang kay Ka Lando at Alay-ay, pagpaslang kay Ka Lean, tangkang asasinasyon kay Prudente, pagreyd ng militar sa PUP, masaker sa Lupao.Nakapaglunsad ng kilos-protesta ang sektor na nilahukan ng mahigit 2,000 sa pagbubukas ng reaksyunaryong Kongreso noong Hulyo 24, gayundin sa anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 24, 1988.

Sa hangad ng nireorganisang NYSD na maiwasan ang panibagong paglihis na tulad ng umiral na popdemismo sa sektor, minabuti nitong buuin ang pagkakaisa ng sektor sa oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante. Nagbalangkas ito ng oryentasyon* ng kabataan noong ikalawang hati ng 1987 at pinagkaisa ang sektor dito.

---

*Nasa likod na ng isinulat na nasabing oryentasyon, ang intensyon na iwasto ang ilang laganap na maling pananaw sa oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusang estudyante tulad ng sentrismong urban, popdemismo, eklektisismo, at pagtatakda sa NDPM bilang sentral na tungkulin. Ito ang dahilan kung bakit ang ikalawang bahagi ng oryentasyon ay nagsimula sa: 1) ang RKKI ay bahagi ng pambansa-demokratikong rebolusyon (hindi popdem); 2) NDPM at 3) pagsanib sa batayang masa. Subalit natangay pa rin ng partikularista at insureksyunistang interpretasyon at presentasyon ang mga saligang usapin na gusto sanang ituwid. Sa kabilang banda, ilang mahalagang bahagi ng burador na oryentasyon ay natuntungan para sa pagwawasto tulad ng pananawagan sa pagsanib sa kilusang masa ng mga batayang uri.

Subalit bunga ng kabiguan ng Partido na matukoy ang iba pang malalalang paglihis at pagkakamali na tumagos sa sektor, at sa kawalan ng wastong paglalagom na tumutukoy sa mga disoryentasyon at pagkakamali sa sektor, ang binuong oryentasyon ay nahulog din sa balangkas ng dati nang umiiral na mga paglihis at pagkakamali.

Sa biglang tingin ay sinaklaw ng oryentasyon ang mga saligang usapin at tungkulin sa sektor, subalit nabigo itong wastong maipresenta ang saligang oryentasyon at tungkulin ng kilusang kabataan-estudyante. Anumang pagpaksa sa mga saligang usapin ay pinahihina kundiman sinasalungat ng presentasyong malakas ang hibong partikularista, insureksyunista at elitista.

Naging partikularista ang binalangkas na oryentasyon ng NYSD. Nalulong iyon sa mga positibong partikularidad ng sektor sa layuning hanapin

ang partikular na gawain at kilusan ng sektor na siyang magtatakda dito bilang isang namumukod na kilusan, at sa paghahanay ng mga tungkulin ayon sa mga ito. Bahagi ito ng lumaganap na tendensyang maghanap ng kanya-kanyang "dinamismo" at makaisang-panig na magbalangkas ng mga partikular na katangian at estratehiya ang iba't ibang saklaw, sektor at linya ng gawain, nang umaalagwa palayo sa pangkalahatang linya at estratehikong linya ng pagsulong ng buong rebolusyon batay sa makauring pagsusuri ng buong lipunan. Ang oryentasyon ng sektor ay sinuma sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda na siya ring paraang itinakda upang mapukaw, maorganisa at mapakilos para sa rebolusyon ang sektor.

Sa halip na mapatimo ang kumprehensibong pananaw para sa masa at rebolusyon, ang diwa ng buung-buong paglilingkod sa sambayanan, ang pagiging tunay na rebolusyonaryo sa pamamagitan ng paglahok sa kilusan at mga pakikibaka ng uring manggagawa at magsasaka, ang tumimo ay ang sariling halaga at papel sa rebolusyon. Sa halip na mabigyan ng sentral na halaga ang mapagpakumbabang pagsisiyasat, pag-aaral, paglilingkod at pakikipagkaisa sa saligang masa, ang pinagtuunan ay kilusang propaganda bilang namumukod na gawain ng sektor na inaakalang kumakatawan ng "bibig" sa "bisig" na kinakatawan naman ng mga manggagawa.

Para suhayan ito, makaisang panig na pinalaki ang positibong katangian ng sektor ( may likas na "aktibistang katangian", "dahil nakapag-aral ay nakakapagsalita with confidence sa mga usaping pambayan at nakapaghuhubog ng upinyong publiko", "may kakayahang buong talas na ilantad ang imperyalistang propaganda, may kakayahang matalas na ipaunawa sa mamayan ang mga pagsasamamantala at pang-aapi, may kakayahang ilantad at labanan ang kontrarebolusyonaryong pulitika", "tumatayong konsyensya, kritiko at katalista ng bayan" at iba pang pagpuri sa sarili). Kinaligtaan ang kinakailangang paglilinaw sa likas na mga kahinaan ng petiburgesya dahil sa kanilang katayuan sa lipunan tulad ng suhetibismo, indibidwalismo, kapusukan, pagkamatatakutin, pangangayupapa sa maykapangyarihan, at pag-uurong-sulong.

Hindi nasapol na ang petiburgesya ay maaaring maging malaking tulong sa rebolusyon at maaari din namang maging kapariwaraan nito. Nagiging malaking tulong ang paglahok ng petiburgesya sa rebolusyon kapag nakasanib sa kilusan ng manggagawa at magsasaka at nakakapagpanibagong-hubog sa matagal na proseso ng paglahok sa mga pakikibaka. Nagiging kapariwaraan ito ng rebolusyon kapag pinababayaang makapanaig ang mga kahinaan nito bunga

ng pagkakahiwalay sa saligang masa, kapag lumuwag ang hawak sa proletaryong ideolohiya at makapangibabaw ang impluwensya nito sa Partido at rebolusyon.

Sa depinisyon ng tungkulin sa kilusang propaganda, may pag-aakalang ang sektor ang pinakamabisang makagagampan sa nasabing tungkulin, nakakaalam ng teorya, nakakasapol sa mga isyu, tagapagmulat ng masa, tagabigay ng pag-aaral.

Nagmistulang sa sektor lamang ang kilusang propaganda. Kinakaligtaang ang kapangyarihan ng rebolusyonaryong kilusang propaganda ay mabisa nang isinusulong ng makapangyarihang pagsulong ng kilusan at pakikibaka ng masang anakpawis at ng armadong pakikibaka sa kanayunan. At ang tunay na bisa at halaga ng propagandang itinataguyod ng sektor ay bilang katuwang at suporta sa kabuuang kilusang propagandang kaakibat ng pagsulong ng kilusang masa at armadong pakikibaka.

Naipagkamaling ang naging istorikal na papel ng kabataan-estudyante noong dekadang ’60 at maagang bahagi ng dekadang ’70 bilang taliba sa kilusang propaganda ay isang pamalagiang sitwasyon. Noong dekadang ’60, naging panimulaan ang kilusang kabataan-estudyante upang basagin ang pangingibabaw ng matinding reaksyon sa lipunan noong dekadang ’50. Mahina pa ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa, hindi pa muling naitatayo ang Partido at hindi pa muling naisusulong ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Natural na maging tampok ang kilusang propaganda sa kalunsuran na pinangungunahan noon ng kabataan-estudyante.

Gayunman, dapat ilinaw na maging noong panahong iyon, bagamat propagandang pambansa-demokratiko ang tampok na tungkulin ng kilusang kabataan-estudyante, hindi kailanman itinakdang iyon ang oryentasyon ni sentral na tungkulin ng kilusan ng sektor. Malinaw na iginuhit ang oryentasyon sa pagbibigkis sa kabataan-estudyante sa bandila ng demokratikong rebolusyong bayan at mahigpit na pagkakawing dito sa kilusan at pakikibaka ng masang anakpawis—habang ang naging hugis ng pagsulong ay isang malawakang pambansa-demokratikong kilusang propaganda.

Wastong inilinaw na ang saligang usapin para sa Partido ay paano kakabigin sa rebolusyon ang masa ng kabataan-estudyante at mapauunlad ang kanilang rebolusyonaryong potensyal, kasabay ng pagmamatyag sa kanilang mga kahinaan. Ang tunay na usapin sa oryentasyon ng kilusang kabataan-estudyante ay paano sila magiging rebolusyonaryo.

Kaya't sa pagsusulong ng kilusan ng kabataan-estudyante inilinaw ang mga saligang tungkulin sa pagbibigkis sa kabataan-estudyante sa linya at programa ng demokratikong rebolusyong bayan; edukasyon sa proletaryong ideolohiya; pag-ugnay sa malawak na masang estudyante sa pamamagitan ng pagsusulong ng kanilang kapakanan at kagalingan sa paraang dinadala patungo sa direksyon ng pambansang demokrasya; pagbubuo ng mga organisasyon sa kanilang hanay na may pambansa-demokratikong oryentasyon; pagsusulong ng mga kampanya at pagkilos para itaguyod ang pambansa at demokratikong mga mithiin ng mamamayan; ng paglilipos sa kanila ng diwa ng paglilingkod sa sambayanan, ng pagpapanibagong-hubog at walang alinlangang pagsanib at pakikipag-aralan sa masa sa praktikang panlipunan at rebolusyon, ng paglahok sa kanilang kilusan at pakikibaka; ng pagiging makapangyarihang reserba ng Bagong Hukbong Bayan; ng matagalang pagpapanday upang makapagpalitaw ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa kanilang hanay.

Sa isa pang anyo ng makaisang-panig na pagbibigay ng halaga sa kilusang propagandang isinusulong ng kabataan-estudyante, itinakdang sa balangkas nito kakabigin ang iba pang seksyon ng intelihensya at ito rin ang ipanghahatak sa iba pang panggitnang pwersa sa panig ng rebolusyon.

Ang itinakdang partikular na kilusang pambansa-demokratikong propaganda ng kilusang kabataan-estudyante ay nahulog din sa balangkas ng insureksyunismo. Itinakdang ang tambalang bisig at bibig sa kalunsuran ang "susi sa pagkabig sa panggitnang pwersa sa kalunsuran, sa pagkabig sa upinyong publiko at paghiwalay sa naghaharing sistema, sa pagsusulong sa pakikibaka sa kalunsuran sa mas mataas na antas. Niyayanig nito ang naghaharing sistema tungo sa insureksyon." Mapapansing sa mga tungkuling itinakda, wala ang pangkalahatang balangkas at ugnayan ng mga ito sa pagsulong ng matagalang digmang bayan at rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan.

Habang tumatalab ang kapit ng insureksyunismo lalo pang kikitid ang konsepto ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda sa anyo ng isang "crack force" sa sektor (na ginagampanan ng sentrong ligal na organisasyong pampulitika) na tagapagpatupad ng mga kampanya at mobilisasyon sa lansangan para sa sari-saring isyung pampulitika, ng pana-panahong paglalabas ng mga pahayag sa burges na mass media, at labis na timbang na ibinibigay sa pag-uulat at ispasyong nakukuha sa burges na mass media.

Ang partikularista at insureksyunistang balangkas ng oryentasyon na umiral kasabay ng mga kanang patakaran at estilo ng gawaing masa ay lalo lamang magpapahina sa sektor. Lumitaw ang mga manipestasyon ng kabuwayan

sa komitment sa rebolusyon ng mga aktibista sa sektor. Kaya mayroong mga tinatawag na “scheduled activist”, konsepto ng pagkilos ng buong panahon pero sa ligal na upisina na may sweldo, pagpunta sa kanayunan hindi para magpanibagong-hubog at magpatatag ng komitment kundi para mag-“exposure” at tumikim ng buhay doon.

Ang mga saligang pagpuna sa oryentasyon ng sektor ay ipinaabot ng KTKS noong unang kwarto ng 1990 at malugod na tinanggap ng NYSD. Subalit hindi na muling naisaayos at nasapawan na ng pagtindi ng tunggalian ng dalawang linya sa sektor.

Ang pagkitid ng oryentasyon ng kilusang kabataan-estudyante sa anyo ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda, ay naging sentral na usapin sa dalawang mayor na pagtatalong lumitaw kaugnay nito. Ang isa ay tutol sa NDPM (MR) at isa pa ay pabor (CL). Sa dalawang posisyon, tumungo sa lalong pagkitid ang oryentasyon ngunit sa magkaibang direksyon.

Para sa MR, hindi na pambansa-demokratikong kilusang propaganda ang dapat na oryentasyon ng kilusan sa sektor (tinatanggap ding ganito nga ang itinaguyod na oryentasyon sa nakaraan), kundi ang pagpapalitaw ng mga kadre ng Partido. Sa isang banda, bahaging-totoo na magkaibang antas ang ginampanang papel ng kilusang kabataan-estudyante sa kilusang propaganda noong dekadang ’60 at ’70 at noong sumunod na dekada nang higit nang malawak ang kilusan at pakikibaka ng masang anakpawis. Tamang hindi dapat hanapin sa pambansa-demokratikong kilusang propaganda na katulad noong 1960 at 1970 ang oryentasyon ng kilusan ng kabataan-estudyante.

Subalit maling pakitirin ang tungkulin nito sa pagpapalitaw lamang ng mga kadre ng Partido. Inaalisan nito ng pang-ideolohiya at pampulitikang salalayan ang mismong pagpapalitaw ng mga kadre. Nasa likod ng ganitong pananaw ang pagpapalabo sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan upang iligaw ang sektor patungo sa tahasang insureksyunistang linya. Inaalisan nito ng kapangyarihan ang kilusan ng kabataan-estudyante sa paglaban sa naghaharing sistema sa tamang direksyon.

Para naman sa CL, saklaw na ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda ang lahat ng mga tungkulin ng kilusan sa sektor. Sa ganitong presentasyon at pormulasyon, ang lahat ng iba pang tungkulin ng sektor ay

para sa NDPM, bagay na lalong maglululong ng sektor sa sarili, at makakasagabal sa wastong pagsapol sa pagsanib sa kilusang manggagawa at magsasaka, sa pagpapanibagong-hubog sa proseso ng rebolusyon at integrasyon sa masang anakpawis.

Noong 1987, unti-unting nabalikan ang pagkilos sa mga eskwelahang naiwanan sa Mindanao bunga ng Kampanyang KAHOS. Nagkaroon din ng maliit na paglawak ng mga LPO at KM, at mantinido ang laki ng kasapian.

Subalit ang maliliit na indikasyon ng pagsulong ay muling binarahan ng pagpapatupad ng todo-largang pakikidigmang partisano sa NCR mula maagang bahagi ng 1987. Noong ikatlong kwarto ng naturang taon binuo ang sariling yunit partisano sa sektor. Binuo ang hiwalay na mga yunit at kumand sa mga sektor bilang bahagi ng paghahanda sa paghiwalay ng organisasyon ng Partido sa MR mula sa pangangasiwa ng NOC.

Mabilis na winaldas ng todo-largang pakikidigmang partisano ang naipundar na lakas sa mga komunidad sa NCR. Ganap na nawasak ang organisasyon ng kabataan sa komunidad sa NCR noong maagang bahagi ng 1988 nang ipatupad ng pasistang militar ang militarisasyon sa mga komunidad. Ito ang naging huling bigwas sa pambansang organisasyon ng kabataan sa komunidad pagkaraang mauna nang mawasak ang mga balangay sa iba't ibang sentrong urban sa bansa bunga ng adbenturismong militar at insureksyunistang estratehiyang "pol-mil".

Sa pag-iral ng yunit ng partisano sa sektor, naengganyo pa ang insureksyunismo ng magkaroon ng "pampunong militar" sa mga saligang kakulangan sa pulitika upang artipisyal na pabilisin ang pag-igting ng pakikibakang masa at resolbahin sa paraang militar ang ilang usapin sa eskwelahan na dapat harapin sa pamamagitan ng mga aksyong masa. Namilitarisa ang ilang pakikibaka sa ilang eskwelahan dahil sa sobrang pagpasok ng mga aksyong militar. Sa susunod na yugto mas matatalakay ang mga naging manipestasyon nito.

Sa mga programa ng NYSD noong 1987-1988, laging nilalaman ang pagbibigay ng malaking pansin sa pagpapalawak ng mga organisasyong masa, ang pagpaparami ng mga aktibistang masa at mga tradisyonal na organisasyon, ang pagbibigay-diin sa pampulitikang edukasyon at propaganda sa masang estudyante, at ang konsolidasyon ng masang pinamumunuan at organisado na sa mga paaralan.Ngunit imposibleng magkabunga ang mga panawagang ito nang

walang puspusan at malalim na pag-ungkat, pagpuna at pagwawaksi sa mga disoryentasyon, paglihis at pagkakamali.

Sa mga programang binalangkas inilalatag rin ang pangangailangan sa pagsasaayos ng mga gawain sa Ideolohiya at Organisasyon. Sa Plano sa Pagbubuo ng Partido (Agosto 1987- Mayo 1988) tinukoy ang paglulunsad at pagtatapos ng paglalagom, pagharap sa suliranin ng kakulangan sa gawaing edukasyon at kababaan ng teoretikal na antas ng mga kadre at kasapian, pagpapasulpot at pagsasanay ng mga kadre; at pagpapalakas ng mga sangay at grupo ng Partido. Subalit tulad din ng programang pampulitika, walang ibinunga ang mga panawagang ito sa harap ng malalaking sagka sa konsolidasyon ng Partido na hindi pa natutukoy at nahahawan.

Hindi natupad ang balak na pagbubuwelo ng Kurso sa Pambansang Demokrasya (KPD) kahit man lang sa mga LPO. Naging tigil na ang bilang ng kasapian ng KM na nakapag-aral sa SKM at minimal ang bilang ng nag-aral sa iba pang aralin.

Walang sigla ang kilusang masa sa mga paaralan. Nanatiling mahina ang gawain sa pag-ugnay at pagkilos sa loob ng mga tradisyonal na organisasyon. Ang mga alyansa at partidong alyansa ay buhaghag at hindi napapalahok sa mga kampanya. Noong 1987 ay natalo tayo sa 12 sa kabuuang 21 na nilahukang eleksyon sa konseho, kabilang ang mga mayor na eskwelahan.

Ang mga binalak na kampanya at mobilisasyong masa ay nauwi lamang sa kampanyang propaganda at maliliit o tinatawag na organisadong mobilisasyon.

Sa kabilang banda, iwinasto ng NYSD ang konsepto ng KM bilang pampulitikang sentro ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante at muling inilinaw ang pamumuno ng partido sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante

Mula ikalawang hati ng 1988, at lalo na sa mga sumunod na taon, muli na namang pumutok ang pakikibaka laban sa pagtaas ng matrikula, sumulong ang kampanyang anti-imperyalista at anti-base militar ng US at nagsimulang sumigla ang gawain sa pagpapalawak at pag-oorganisa.

Nakapaglunsad ng kampanyang propaganda at mga protestang anti-imperyalista at anti-base militar noong isalang sa review ang kasunduan sa baseng militar. Inilantad din ang pagkatuta ng rehimeng Aquino sa imperyalistang US.

Pero sa bahagyang pagsigla ng kilusang masa, mabilis na umaarangkadang muli ang mga insureksyunistang pangangarap. Taon-taon, simula 1988, ang protesta laban sa pagtaas ng matrikula ay laging hinahatak sa mga pakikibakang komprontasyunal at pamparalisa. Sa kabila ng litaw pang kahinaan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa sektor, itinakdang bahagi ng pagpapasigla ng pambansa-demokratikong kilusang propaganda ang pagpapatindi sa mga kampanya at pakikibakang masa.

Noong ikalawang hati ng 1988, umiral ang isteryang anti-impiltrador sa mga organong nakabase sa NCR. Ilang kagawad ng NYSD ang naidawit, naaresto at nakaranas ng pahirap.

Ang isterya ay tumuntong sa pagsusuring mayroong malaganap na impiltrasyon ng kaaway sa NCR. Naging dagdag ding suhay sa ganitong suspetsa ang isang kaso ng mga estudyanteng pinagsuspetsahang Dpa, na hindi pa narerepaso at hindi pa naipipirmi kung totoo o hindi. Mabilis na sumaklaw ang paghihinala sa maraming iba pa batay sa koneksyon sa mga naunang napagsuspetsahan, mga mantsa sa rekord at iba pang dahilan.

Naparalisa ang sentro ng NYSD bunga ng isteryang anti-impiltrador. Binuo ang probisyunal na KT-NY na naging abala naman sa ebalwasyong panseguridad ng pwersang pinamumunuan at pag-aayos ng ugnay sa mga elementong pinagkakatiwalaan. Bunga ng isterya nadistrungka ang buong operasyon at pinalitan ang mga sistema ng organisasyon. Mula kalagitnaan ng 1988 hanggang unang mga buwan ng 1989 umiral ang “pansamantalang” istruktura, naging limitado ang pagpapatupad sa mga gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Inabot ng hanggang huling kwarto ng 1989 ng muling pagsasaayos ng departamento.

Ipinatigil ang kampanya at nirepaso ang mga kaso mula papatapos ang 1988. Mula sa repaso ay nabuo ang saligang pagkakaisa sa malulubhang depekto sa pagsisiyasat at paghuhusga ng mga paratang, ang pag-iral ng isterya at labis na pagsususpetsa, at ang pangangailangan ng kagyat na pagwawasto. Mahigpit ding pinuna ang sistema ng ebalwasyong panseguridad na sumagasa sa katayuan sa Partido ng mga kasapi ng Partido. Sa kabuuan ay nagkaisa ang mga organong sangkot maliban sa KTMR na nagmatigas sa kanilang mga suspetsa.

Opisyal na isinara sa antas ng NYSD ang “kampanyang anti-impilitrasyon” sa pamamagitan ng pagtalakay sa dokumento ng KT-KS tungkol sa naganap na kahibangan at mga mapait na leksyon mula doon. Pero hindi na

naharap ng kinauukulang organo ang mas malalim na pagtatasa at paglalagom sa antas ng NYSD upang maayos na isara ang0 pangyayari at mahigpit na pagkaisahin ang mga kasama sa pagtingin doon.

Samantala, sinimulan na nina Lagman at Reyes ang pagpapatindi ng kanilang mga pailalim na maniobra at pagbubuo ng mga lihim at iligal na grupo sa loob ng Partido noong 1988. Lihim na nagsabwatan si Reyes at Rocamora para sa pagtatayo ng diumano'y reform bloc.

Sa mga pag-aaral sa RYSB, ipinalaganap ni Lagman ang pananaw na ang mga Lava ay sinaksak ng punyal na may mikrobyo ng "Leftism", na ang pag-aalsang EDSA ay nagpapatunay na tama ang KTMR sa tunggalian nito at ng KTKS noong 1978, at nabiktima si Lagman ng malaking inhustisya nang patawan siya ng aksyong pandisiplina sa kanyang mga paksyunal na aktibidad. Pinag-ibayo ni Lagman ang maniobra para konsolidahin sa kanyang paligid at linya ang mga kadre ng MR at siraan ang kalihim ng KRMR at laluna ang mga kadre ng Partido sa NOC.

### D. 1989-1992 – Mga Taon ng Pagsahol ng mga Disoryentasyon at Paglihis. Pag-igting ng Tunggalian ng Dalawang Linya. Pagsisimula ng Puspusang Pagwawasto.

Ang mga taong 1989-1992 ay mga taon ng pagsahol ng mga paglihis at disoryentasyon sa kilusang kabataan-estudyante sa NCR bunga pangunahin ng pagtutulak at mga iligal na maniobra ng rebisyunista at mga nakatagong kontrarebolusyonaryong sina Lagman at Reyes. Sinamantala nila ang umiiral na mga disoryentasyon, paglihis at pagkakamali sa loob ng Partido para sa kanilang mga pakanang anti-Partido at kontrarebolusyonaryo. Itinodo nila ang pananabotahe noong mga taong ito.

Sa pamamagitan ng pangangamkam ng awtoridad at paglinlang, pinairal ni Reyes ang kanyang "estratehiyang pol-mil" sa insureksyunistang plano para sa kampanyang masa ng 1990. Nagpakalat siya ng mga intriga at paninira sa sentral na pamunuan ng Partido kasabay ng mga maniobra para agawin ang pamumuno sa NDF at ipambangga ito sa Partido. Ipinatupad niya nang walang karampatang pag-apruba ng kinauukulang organo ng Partido ang plano sa pagbubuo ng "Anti-Imperialist and Democratic Front" na nagdadala ng "Medium-term Program". Iligal na ginamit niya ang mga pahina ng *Ang Bayan para* ipalaganap ang Gorbachovismo at rebisyunismo.

Tumagos sa kilusang kabataan-estudyante ang mga ilegal na proyekto ni Reyes noong 1990. Nahulog sa balangkas ng mga ito ang mga insureksyunistang konsepto at tunguhin, gayundin ang mga kanang oportunistang tunguhin at pagkakamali na dati nang umiiral sa sektor.

Kinonsolida ni Lagman sa insureksyunistang linya ang MRYS sa pamamagitan ng sektarismo, pag-atake sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at digmang bayan, pang-iintriga at paninira sa ibang organo ng Partido, at kumbinasyon ng pambibilog ng ulo at paninindak. Ipinwesto sa pamunuan ng MRYS ang mga pinakasunud-sunuran sa mga pakana ni Lagman.

Bunga ng mga iligal na hakbang na ito na tahasang salungat sa rebolusyonaryong linya at lubhang malayo sa aktwal na kalagayan at kakayahan, muling sinabotahe ang panibagong pagsigla ng mga militanteng pagkilos ng sektor. Maraming mainam na oportunidad sa pagsulong ang lumitaw, pero winaldas ang mga ito, pati ang malaking bahagi ng mga rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng kabataan-estudyante.

Gayunman, kasunod ng todong pamamayagpag ng insureksyunismo, oportunismo at rebisyunismo ang mabilis na pagkabigo at pagkakalantad ng mga iyon. Umigting ang tunggalian ng dalawang linya at nahawan ang landas para sa malaliman, malawakan at lahatang-panig na pagwawasto na sumaklaw sa buong organisasyon ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa sa kilusang kabataan-estudyante.

Nag-umpisa ang panahong ito sa mabilis na pagsahol ng sosyo-ekonomikong krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal at pagtindi ng alitan ng mga paksyon ng mga reaksyunaryo. Ibayong nalantad ang reaksyunaryong katangian ng papet na rehimeng Aquino. Naging higit na mainam ang kundisyon para sa pagsulong ng mga kilusang masa at ng armadong pakikibaka sa buong bansa.

Niligalig ang kabataan-estudyante ng sari-saring reaksyunaryong pakana na pawang nagpapataas sa gastos sa edukasyon, tulad ng deregulasyon sa pagtataas ng matrikula sa mga pribadong unibersidad, "ladderized tuition fee increase" at "socialized tuition fee".

Noong unang semestre ng 1989, pumutok ang panibagong malawakang protesta ng kabataan-estudyante laban sa pagtaas ng matrikula.Lumahok ang may 60 eskwelahan sa buong bansa. Kalahati nito ang nagboykot; 17, sa NCR. Nakapaglunsad ng serye ng mga aksyong masa sa iba't ibang sentrong urban.

Ang malalaking mobilisasyong masa ay naisagawa sa NCR-3000, Davao City-3,500, Baguio-8,000 at 10,000, Cebu-mahigit 1,500 at Bacolod City-5,000. Masigla din ang protesta sa Bicol at sa ST at CL.

Nakapaglunsad din ng mga kilos-protesta laban sa panunupil sa mga demokratikong karapatan ng mga estudyante sa mga eskwelahan. Tampok dito ang serye ng mga kilos-protesta laban sa mapanupil na adminisrador ng PUP.

Subalit sa pagsigla ng mga aksyong masa, hindi nagtagal ay muling lumakas ang ihip ng masamang hanging insureksyunista. Ang pag-inam ng sitwasyon at mainit na pagtugon ng masang estudyante sa mga panawagan sa protesta ay itinuring na isa na namang pagkakataon para pasambulatin ang sitwasyon at paputukin ang sigwang tulad ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Minadaling paigtingin ang mga pakikibakang masa. Ipinatupad ang mga artipisyal na anyo ng pagpapainit ng protesta, na ibayong pinasahol pa nina Lagman.

Sinakyan at ginamit ng pangkating Lagman ang kampanyang protesta para ipuwesto ang sarili nilang insureksyunistang pakana at mag-ahita para dito. Itinaguyod nila ang matitinding anyo ng aksyong pamparalisa. Inilunsad nila ang mga matagalang barikadang pamparalisa; inengganyo nila ang pagsusunog ng gulong sa lansangan at ipinalaganap ang konsepto ng “opensibang pagtatanggol” ng mga barikada. Labintatlong eskwelahan ang binarikadahan sa loob ng 144 na araw.

Ang pangkating Lagman sa MRYS ay tahasang kumilos nang hiwalay at salungat sa halos lahat ng mayor na plano at panawagan ng Partido at sentrong hayag. Sadyang nakipagkumpitensya sila sa NYSD bilang isang sentro sa sektor at aroganteng umastang mas marunong at mas nakakaalam. Bahagi ito ng paksyunalistang pakana ni Lagman na itanghal ang sarili, konsolidahin sa paligid niya ang kanyang mga tagasamba at magkabig pa ng ibang pwersa para sa kanyang insureksyunistang linya.

Noong 1989, nabuo na sa NYSD ang isang malakas na istap sa militar (na tumayo ring yunit ng Partido) mula sa pwersang naiwan pagkatapos ipasa ng NOC sa KR-MR ang ABB noong 1987. Nakapailalim ito sa direktang komand ng istap militar ng NOC at may yunit ng mga operatiba at mga yunit sa paniniktik, pinansya at lohistika, at pagbubuo ng lambat ng mga tagasuporta. Itinakdang pangunahing diin nito ang paglulunsad ng mga ‘espesyal na operasyon’.

Sa borador ng “Ilang Punto Hinggil Sa Gawaing Militar Ng Rebolusyonaryong Kilusan Ng Kabataan-Estudyante” inilahad ang sumusunod na oryentasyon:

"Ito ay ang armadong bahagi ng kilusang masa ng kabataan. Bahagi ito ng pangkalahatang pakikidigmang partisanong inilulunsad sa sentrong urban."

"Ang direksyon ng gawing militar sa sektor ay tumulong sa at/ o maging bahagi ng malawakang paghahanda ng Rebolusyonaryong Kilusan ng Kabataan-Estudyante para sa armadong insureksyon sa hinaharap....., unti-unti'y babaguhin nito ang depensibo, hayag at ligal na katangian ng rebolusyonaryonng kilusang masa tungo sa pagiging opensibo at armado."

Mula sa nasabing insureksyunistang balangkas at "estratehiyang pol-mil", itinakda ang partikular na gawaing militar sa sektor. Sinaklaw na target ng "espesyal na operasyon" ang mga security guards ng eskwelahan at mga opisyales ng administrasyon. Mabuti na lamang at ang implementasyon nito ay nahadlangan ng sariling mga limitasyon sa kakayahan ng mga operatiba at ng sentralisasyon ng pagdedesisyon.

Ang ilang operasyong militar na nailunsad sa sektor, salungat sa inaasahan, ay nakasama sa kilusang masa sa halip na makapagpaalab doon. Lumakas ang militaristang pagtanaw at pakikitungo sa labanan ng mga estudyante at administrasyon sa mga eskwelahan. Lalong napabayaan ang gawaing propaganda at panghihikayat sa sama-samang pagkilos. Dahil may tendensyang mahatak ang mga labanan sa paraang militar, nalagay sa peligro ang ligalidad ng mga hayag na organisasyon at lider-estudyante.

Sa kabila ng pagbale-wala at pagsabotahe ng pangkating Lagman sa dating KRMR at RYSB, ang mga plano sa pagsusulong ng kampanyang anti-imperyalista at anti-base sa hanay ng kabataan-estudyante noong 1989 ay naging matagumpay. Tampok dito ang mga kilos-protesta sa pagbisita ni Bise-Presidente Quayle ng US noong Setyembre 1989, pagsisimula ng renegosasyon noong 1990 para sa ekstensyon ng pananatili ng mga base-militar, pagbisita ni Kalihim ng Depensa ng US Richard Cheney noong Pebrero 1990, Lakbayan ng UP papuntang Subic, kampanyang propaganda ng komunidad ng UP laban sa mga base militar ng US, at serye ng rali sa US Embassy.

Sa kabilang banda, sa impluwensya at pagtutulak ni Reyes, pinairal ang konsepto ng "matutunog" na aksyong masa sa US Embassy upang makatawag

ng pansin ng mass media, sa kalagayang maliit ang bilang ng napalalahok. Sadyang nag-imbita ng marahas na pagsalakay ng mga pulis sa pamamagitan ng mga taktikang ahenteng probokador. Pero ang mga maliit na mobilisasyon ay lalo pang lumiit bunga ng nasabing baluktot na taktika.

Ang malakas na sentimyentong anti-imperyalista sa hanay ng kabataan-estudyante ay sinalungat ng rebisyunistang hangin sa anyo ng Gorbachovismo noong 1989-1991. Ang ligal na upisina sa edukasyon na dating pinagbasehan ng popdemismo ay nahaling naman sa Gorbachovismo. Ang ilang natirang popdemista sa loob nito ay nanguna sa pag-idolo kay Gorbachov bilang tunay daw na komunista at kinatawan ng diumano'y "socialist renewal". Naging tagasuporta sila ng rebisyunistang linya ni Reyes.

Ginatungan at inengganyo pa ni Reyes ang insureksyunismo noong 1990, matapos ang kudeta ng Disyembre 1989. Inilabas niya sa pangalan ng KTKS ang sariling pagsusuri tungkol sa paglitaw ng 'pambihirang pagkakataon' at pangangailangan ng 'pagsunggab sa oportunidad'. Ang mga konseptong ito ay higit pa niyang pinalawig sa insureksyunistang planong pinagkaisahan ng di-lehitimong "pambansang kumperensya sa kampanyang masa" noong Abril 1990.

Sa programang binalangkas ng KT-NYSD noong Enero 1990, "Ang Ating Mga Tungkulin Sa Susunod Na Anim Na Buwan," isinaad na dulot ng rebelyong militar biglang bumilis ang krisis ng naghaharing sistema at umiral ang taktikal na yugto ng transisyon patungo sa pasistang paghahari. Sa gayon, ipinalagay na bumukas ang isang pambihirang pagkakataon para sa rebolusyon. At para maibuwelo ang kilusan ng kabataan-estudyante, idiniin ang pangangailangang patindihin ang mga pakikibakang masa. Binalak ang mga pakikibakang masa na lampas-lampas sa aktwal na kakayahan ng kilusan ng kabataan-estudyante. Sa programa ng Schoolyear 1990-1991 na binalangkas ng NYSD, ang sentral na diin ng pagkilos ay- "Lahatang panig at malawak na palakasin ang rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante para sa namumuong rebolusyonaryong unos at aktibong paputukin ang mga labanan na iluluwal ng napakatinding krisis ng naghaharing sistema".

Kaakibat ng gayong balangkas at plano, at sa pagtayang ipapataw na ang batas militar, ipinatupad ang "contingency plan" na binuo ng NOC kaugnay ng kudeta. Binago ang istruktura ng NYSD tungo sa pormasyong "politiko-militar" at pinaghandaan ang pag-atras sa kanayunan kung kinakailangan. Umiral ang pormasyong ito mula Disyembre 1989 hanggang Marso 1990.

Ang "contingency plan" sa katunayan ay naging bahagi ng plano para sa pagputok ng pag-aalsa kapag nagkaroon ng kudeta. Nagtakda ng tatlong klase ng alerto. Sa ikalawang antas ng alerto (*blue alert na* itinakdang paiiralin kapag nagtagal ang kudeta), dapat magbuo ng hiwalay na prente ng paglaban ang kilusang masa sa kalunsuran ***kabilang ang armadong paglaban,*** pagbubuo ng "pol-mil command" para sa insureksyunistang pagsugod at para ipagtanggol ang inaasahang tatayong demokratikong gubyerno.

Nang malinaw na hindi kagyat na maaasahan ang panibagong kudeta at malayo ang posibilidad ng batas militar, iniangat ang "contingency alert" noon ding Marso 1990. Subalit ikinasa naman ang pwersa sa ilegal na insureksyunistang plano ni Reyes sa kampanyang masa ng 1990. Ang insureksyunistang plano ni Reyes ay nanawagan ng ibayong pagpapaigting ng kampanyang masa tungo sa pag-aalsang lampas sa tipong EDSA na hahantong sa isang gubyernong koalisyon ng mga pwersang mula sa Kanan at Kaliwa. Ito ang tinawag na "Medium-term Program".

Kaya habang pinapaypayan ang "kaliwang" oportunistang paghahabol sa pag-aalsang lampas sa tipong EDSA, hangal na isinasalalay naman ito sa kanang oportunistang mga konsepto at proyekto. Dito muling nabigyang-sigla ang popdemismo sa sektor sa anyo ng koalisyunismo. Dahil ang inaasam na insureksyon ay nakasalig sa ispontanyong kamalayan at pagkilos ng masa, ibinuhos ang pansin sa paghahanap ng senaryo at paraan para mapagtagpo at mapagsama-sama ang iba't ibang pwersang pampulitika sa pamamagitan ng mga programang koalisyon. Alang-alang dito walang pag-aatubiling ikinokompromiso ang mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo at mga saligang mithiin ng mamamayan.

Alinsunod sa koalisyunismo, umiral ang tendensya ng mga lider masa na itago ang kanilang paninindigang pambansa-demokratiko at iwasan ang lenggwaheng pambansa-demokrata para maging katanggap-tanggap sa mga organisasyon at pwersang hinahabol na ipaloob sa koalisyon.

Sa pag-aakalang sasambulat na ang panibagong pag-aalsa, madaliang inilusot nina Reyes ang ilegal na kongreso ng NDF upang gawin itong sentro at pinuno ng pinapangarap na pag-aalsa at isantabi ang pamumuno ng Partido. Higit pang sinistematisa at pinahigpit ang pagtanggal sa programa ng NDF ng pagkilala sa pamumuno ng Partido at sosyalistang perpektiba sa pamamagitan ng pagpapasok ng mga konsepto ng "haluang ekonomya", pluralismong pulitikal, "sariling dinamismo", pamumuno ng NDF sa mga organo ng kapangyarihang

pampulitika at iba pa. Sa kalaunan, ang mga konseptong ito ay gagamitin ng mga elementong anti-Partido sa ilang eskwelahan para sa paksyunalismo, panghahati at pag-atake sa Partido.

Lubos na nalantad ang kahungkagan ng “kaliwang” insureksyunistang proyekto ni Reyes pagkaraang ang mga taktikang konspiratoryal at ahenteng probokador sa GS-WB noong Oktubre 1990 ay dumanas ng matinding kabiguan at nagbunga ng pagkakahiwalay ng mga promotor ng mga iyon. Isinali ang mga kabataan-estudyante sa mga “aksyong pol-mil” at nadawit sa ibinungang mga problema sa pulitika ang kilusang kabataan-estudyante.

Noon ding 1990, pinag-ibayo ng pangkating Lagman ang sarili nilang mga insureksyunistang pakana. Tinangka nilang todong paigtingin ang mga pakikibakang pamparalisa. Itinaguyod nila ang mga insureksyunistang programang ipinalaganap sa pamamagitan ng mga dokumentong “Programa Para sa Dalawang Taon”, 1989, “Hinggil Sa Pakikibakang Pol-Mil’, Abril 1990 at “Konsolidasyon Para Sa Rebolusyon, Para Sa Insureksyon”. Alinsunod sa insureksyunistang “estratehiyang pol-mil”, dinistrungka ang buong latag at direksyon ng gawain sa sektor sa rehiyon.

Tahasang inihiwalay sa kilusang masa at armadong pakikibaka sa kanayunan ang pagsusulong ng kilusang masa sa NCR at ang pagsusulong ng kilusang masa ng kabataan-estudyante sa rehiyon. Pinalaganap ang pananaw na ang “pakikibakang pol-mil” sa kalunsuran ang “pangunahing pampulitikang sangkap ng buong rebolusyonaryong kilusan”, ang “tuwirang preparasyon para sa direksyong insureksyunal”, ang “pupuno sa mga limitasyon ng pakikibakang pampulitika” at “sa tuwina ay sasagad sa mga pakikibakang pampulitika upang mabago ang mga batas ng pagsusulong ng mga pampulitikang pakikibaka sa kalunsuran.”

Itinakda ang pagbubuo ng mga “ifs” o “insurrectionary force” bilang mga “solidong destakamento na mulat na magsusulong ng mga aksyong masa sa insureksyunaryong direksyon”. Sa bandang huli, ang mga ito ang magiging “makinaryang pol-mil” sa saklaw nilang mga pabrika, eskwelahan at komunidad.

Itrinansporma ang malaking bahagi ng lihim na organisasyon (Partido at KM) sa ligal na makinarya para sa “kampanyang masang” nakadireksyon sa insureksyon. Pangunahing kinatawan ito ng PDC-Youth na ipinampalit sa sentrong ligal na organisasyong pampulitika sa sektor. Sa pamamagitan ng PDC-Youth, mas maluwag nilang napairal at naipatupad ang kanilang mga

insureksyunistang kagustuhan at naputol ang anumang natitirang linya ng koordinasyon sa NYSD. Ang isang bahagi ng natirang lihim na pwersa ay ginawang "makinaryang pol-mil" na ipinailalim sa ABB at naging tagapagpatupad ng mga taktikang konspiratoryal at ahenteng probokador sa mga aksyon sa lansangan at naging lambat ng suporta para sa mga operasyong gang-ster. Ang iba pang bahagi ay naging pakitang-tao lamang para sa gawaing ekspansyon at konsolidasyon, na hindi tunay na gumana at hindi maaaring makagana bunga ng patung-patong na mga plano para sa mas nasa prayoridad na mga "kampanyang masa" at mga "pakikibakang pol-mil".

Ipinatupad ang mga operasyong militar sa kilusang kabataan-estudyante sa rehiyon sa layunin diumanong "paluwagin" ang sitwasyon sa mga militarisadong eskwelahan, ipatanggap sa masang estudyante ang armadong pakikibaka sa kalunsuran, sagarin at lampasan ang ipinapahintulot ng reaksyunaryong batas at magpalitaw ng malaking pwersa at reserba para sa pakikidigmang partisano. Lahat ng mga nabanggit na layunin ay para diumano maglingkod sa pagsusulong ng direksyong insureksyunal.

Subalit kabaligtaran ng mga itinakdang layunin ang nangyari. Walang naisulong na insureksyon. Sa halip na lumuwag ang mga militarisadong eskwelahan, lalo pang nakapagmilitarisa ang mga administrasyon dahil nagamit na katwiran ang mga operasyong militar ng ABB at lalong humirap ang pagpapalakas sa mga organisasyong masa ng mga estudyante. Sa ilang pagkakataon tinangkang gamitin ang mga hayag na pakikibakang masa bilang pain sa mga target ng operasyong militar. Kinatakutan ng mga estudyante ang mga operasyong militar at bumagsak ang kasapian ng mga organisasyong masa at lumiit ang mga mobilisasyon.

Pinalitan ng populistang edukasyon ang saligang kursong masa sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Pinalitan ng kursong "Leninista" ang BKP upang ilako ang insureksyunaryong estratehiya at tanggalin ang pagtalakay sa demokratikong rebolusyong bayan at estratehiya ng matagalang digmang bayan.

Kanang oportunista ang pampulitikang nilalaman ng mga "kaliwang" proyektong "pol-mil" nina Lagman. Ipinalaganap nila ang ekonomista, lokalista at mekanikal na yugtu-yugtong pananaw sa pagsusulong ng kilusan ng kabataan-estudyante.

Upang bigyang katwiran ang mga ahenteng probokador na aksyon para sa pagparalisa ng mga eskwelahan, itinulad ang pagbabarikada laban sa pagtataas

ng matrikula sa welga ng mga manggagawa para sa mas mataas na sahod. Sa ganito, binigyang-matwid ang mga aksyong pamigil sa mga "eskirol" upang ipagtanggol ang barikada. Sa ganito, binigyang-matwid ang matagalan at gasgasang labanang lokal para makamit ang mga kahilingan. Kaalinsabay, pinakitid ang pakikibaka sa pagtaas ng matrikula sa pakikibaka sa lokal na antas lamang laban sa partikular na mga may-ari at administrasyon ng mga eskwelahan, pinapurol ang propaganda laban sa komersyalisasyon ng edukasyon, gayundin ang pagtataguyod sa karapatan ng kabataan at mamamayan sa libreng edukasyon, at ang pagtuligsa sa kainutilan ng reaksyunaryong gubyerno na tugunan ang mga ito.

Labis na pinalaki ang kahalagahan ng mga konseho ng estudyante relatibo sa mga organisasyong masa. Itinulad ang mga konseho ng estudyante sa mga unyon ng manggagawa. Nasa likod ng ganitong konsepto ang pananaw na sapat na ang isang sentral na institusyon na may buhaghag na suportang masa para itaguyod ang kanilang mga insureksyunistang pakana. Dahil itinuring na sentral na makinarya ang mga konseho ng estudyante sa mga eskwelahan, itinakda ang linya ng pagpapanalo ng mga kandidato sa "anumang paraan". Alinsunod dito, pinalabnaw ang mga pampulitikang batayan ng pagpili at pagpapanalo ng mga kandidato. Tumingkad ang pagpili ng mga kandidato batay sa personalidad at popularidad at ang paglulunsad ng kampanya sa eleksyon na kopya sa maruming tradisyunal na pulitikang burges.

Itinaguyod din ng pangkating Lagman ang konsepto ng mekanikal na yugtu-yugtong pagsusulong ng kilusan ng kabataan-estudyante —.pakikibaka muna sa loob ng paaralan, pagkatapos ay sa DECS at saka lamang susunod ang mga protesta sa Malakanyang. Inilulong sa sariling pakikibaka sa kanya-kanyang eskwelahan ang mga estudyante. Inalisan ng pampulitikang katangian ang mga pakikibaka sa mga eskwelahan, pinalibre sa pananagutan ang reaksyunaryong gubyerno, inilayo sa pambansa-demokratikong pagsusuri ang mga pagsusuri sa mga lokal na isyu sa mga eskwelahan, at inilayo sa rebolusyonaryong direksyon ang pagsulong ng kilusan ng kabataan-estudyante.

Ang nasa likod ng ganitong konsepto ay ang paghahabol ng intensipikasyon ng mga pakikibaka sa mga eskwelahan para sa kanilang insureksyunistang mga pakana. Alinsunod dito, inudyukan ang mga estudyante na gawin ang "lahat" ng makakaya upang papayagin ang administrasyon ng kani-kanilang eskwelahan sa mga kahilingan.Pero sa kalaunan, inengganyo naman ang pagkokompromiso ng laban sa pagtaas ng matrikula kapalit ng

pahintulot ng mga adminsitrasyon sa paglahok ng mga estudyante sa mga “mobilisasyon”.

Hindi nakapagtataka, na sa pagsadsad ng mga insureksyunistang proyekto nina Lagman, tuluyang matatalupan ang “kaliwang” oportunistang balot upang lantad na maiwan ang tahasang kanang oportunistang laman.

Sa kabila ng salimbayan ng mga disoryentasyon at mga “kaliwa” at kanang pakana nina Lagman at Reyes, nagpatuloy ang kampanyang anti-imperyalista at anti-base. Lumundo ang mga ito sa malalaking kilos-protesta noong 1991 para sa pagbabasura sa panukalang tratado sa mga base militar. Isang pambansang protesta ang ipinanawagan sa kabataan-estudyanye noong Setyembre 1991, sa panahon ng deliberasyon ng Senado. Sa pangunguna ng ligal na sentrong pampulitika at ligal na organisasyon ng mga kabataang kristiyano, naorganisa ang isang malapad na taktikal na alyansa ng mga organisasyon ng kabataan-estudyante sa NCR na kinabibilangan ng mahigit sa 140 na organisasyon batay sa paninindigang pagbabasura sa panukalang tratado at pagpapatalsik ng mga base militar sa bansa.

Bukod sa ilandaang pahayag na nailabas, nailunsad ang mga mobilisasyong masa ng Setyembre 10 sa Senado-7,000; Setyembre 11 sa US Embassy-500; Setyembre 12 sa US Embassy-400; at Setyembre 16, araw ng pagdedesisyon ng Senado-12,000. Nag-ambag ang mga ito sa paglalantad sa mamamayan sa kontrol at panghihimasok ng US sa bansa at sa pagkatuta at reaksyunaryong katangian ng rehimeng Aquino.

Ipinakita nito ang malakas na sentimyentong anti-imperyalista ng kabataan-estudyante. Napakapaborable ng sitwasyon para itaas ang kanilang kamalayang antiimperyalista patungo sa rebolusyonaryong direksyon. Subalit bunga ng mga umiiral na paglihis, disoryentasyon at mga pagkakamali, ang malawak na ispontanyong anti-imperyalistang pagtugon ng kabataan-estudyante ay muling nabigong makonsolida.

Ang salungat na ihip ng hanging anti-sosyalismo at anti-komunismo ay nag-ibayo pa bunga ng opensiba sa ideolohiya ng mga imperyalista at papet na rehimen pagkatapos gumuho ang mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa at dating Unyong Sobyet. Nabuhayan ng dugo ang mga antikomunistang sirkulong petiburges sa akademya. Ibinintang ang mga krimen ng rebisyunismo at kapitalismo sa sosyalismo at komunismo. Itinanghal ang kapitalismo bilang “dulo ng kasaysayan ng sangkatauhan”.

Subalit matatag na sinalungat na ito ng wastong pagsusuring inilabas ng tagapangulong AL ng Partido at ng KPKS sa nangyari sa Silangang Europa at dating Unyong Sobyet. Matatag nitong itinaguyod ang linyang anti-rebisyunista at nanawagan sa buong Partido na itakwil ang Gorbachovismo at modernong rebisyunismo.

Nagkumahog sa paglalako sa kanilang rebisyunistang linya ang mga pasimunong taksil na nakapuslit sa loob ng Partido. Pinag-ibayo nila ang paglalako sa Gorbachovismo, anti-Stalinismo, “sosyalismong nakabatay sa pamilihan”, “unibersalismong makatao”, “lipunang sibil” at iba pang kahanay nito para gawing tuntungan sa todong kampanyang anti-Partido na inilunsad nila noong 1992..

Matapos ang kampanyang anti-base at anti-imperyalista, biglang inilabas nina Lagman ang kanilang pakanang “Pampulitikang Bugso”** tungo sa “pagkubkob sa Malakanyang” na itinakdang kamtin mula Enero hanggang Marso 1992.

Sa pakanang “Bugso”, hibang na pinangarap nina Lagman na unahan ng pagputok ng pag-aalsa ang eleksyong presidensyal na nakatakda sa Mayo 1992 . Itinakdang sentral na islogan ng “Bugso” ang “Rebolusyon, Hindi Eleksyon” at “hayag na rebolusyonaryong mga aksyon” ang pangunahing katangian ng mga pagkilos. Binalak rin nilang “sorpresahin” ang rebolusyonaryong kilusan sa tagumpay ng kanilang insureksyunistang ekspedisyon.

Subalit ito na rin ang magiging huling ekspedisyon ng pangkating Lagman sa insureksyunismo bago tuluyang maglantad sa tunay nilang linya ng tahasang makauring kolaborasyon, kontrarebolusyon at Trotskyismo.

Tipikal sa mga pakana ni Lagman, ang “Bugso” ay pangunahing iniasa sa mga pamamaraang konspiratoryal at ahenteng probokador kasabay ng patse-patseng pulitika ng akomodasyon para maparami at mapalawak ang kusa at walang-malay na mapapasali sa pakikipagsapalarang Lagman. Kaya habang nang-uupat ng karahasan sa mga mobilisasyon at nananalangin ng senaryo ng masaker para mapasambulat ang pinapangarap na pag-aalsa, nakikipagkasundo naman sa mga reaksyunaryong pulitiko at mga antikomunistang pormasyon na inaakalang malalansi sa pagdadala ng kanilang “pwersa” para sa “Bugso”.

Iniatas sa MRYS ang mga mobilisasyong pampa-“Bugso”. Inasam na aagos ang kilusang kabataan-estudyante na hihigit pa sa Sigwa ng Unang Kwarto

ng 1970 dahil magkakaanyo diumano sa "labanan sa kalsada" at magiging armado. Ipinalaganap ang sari-saring insureksyunistang alamat tungkol sa Sigwa ng Unang Kwarto upang sulsulan ang mga konspiratoryal na pakana. Nilaro ang suhetibong kapusukan ng mga pwersa sa sektor sa pamamagitan ng pag-engganyo sa kanilang pangangarap ng tagumpay ng pag-aalsa. Kaalinsabay, ipinalaganap ang pananaw na nasa "Bugso" ang pag-asa ng rebolusyon na inuyam na wala nang suportang masa sa kanayunan dahil pagod na raw sa labanan ang masa at barado na ang pagsulong ng armadong pakikibaka.

Subalit unang arangkada pa lamang ay sumadsad na agad ang mga mobilisasyong pampa-"Bugso". Hindi napalitaw ang inaasahang laki ng pwersa. At ang mga kasunod na mobilisasyong idinisenyong "ikiskis" ay lalong walang tunog. Kaya ang "Bugso" na inaasahang puputok noong Pebrero 22 ay lumipas nang walang gaanong nakapansin.

Matapos ang Pebrero 22, itinulak muli ni Lagman ang panibagong tangka na makapagpa-"Bugso" ang MRYS. Ipinalaganap ang pagtatasa na ang kabiguan sa mga naunang ikinasang mobilisasyon ay bunga ng problema sa pinansya, management at kawalan ng suporta mula sa ibang organo. Itinakda ang panibagong serye ng mga aksyong pampa-"Bugso" ng MRYS sa anyo ng "Ten Days of March" na sa mga nagsapakatan ay mas kilala sa bansag na "Ten Days of War". Itinakda ang 10,000 mobilisasyon bawat araw at "ikikiskis" para magpasambulat ng galit ng malawak na mamamayan na pahahantungin sa "pagkubkob ng Malakanyang".

Nag-apuhap ang MRYS ng mga isyung pang-mobilisa bawat araw. May mga araw na hindi natuloy ang mobilisasyon dahil sa kawalan ng isyu at tao. At para pilit na makumpleto ang mobilisasyon hanggang ika-10 araw ng Marso, tinangkang magpasiklab ng gulo sa demonstrasyon ng walang kaalam-alam na mga kababaihan noong Marso 8. Iyon ang iniisip na magluluwal ng bwelo para sa Marso 9 at 10. Subalit hindi nagtagumpay ang kanilang taksil na pakana.

Lagpak na naman ang salamangkang Lagman. Maliliit lamang ang mobilisasyon. Tumangging "kumiskis" sa ilang pagkakataon ang mga estudyanteng namobilisa. At nang nabigo ang tangkang probokasyon noong Marso 8, tuluyang nilipad ng hangin ang pangarap na "Bugso".

Lumaganap ang kalituhan at demoralisasyon sa hanay ng mga kadre at elemento ng Partido pagkaraang sumambulat ang mga insureksyunistang kahangalan. Bumagsak ang buhaghag na kasapian ng PDC-Youth. Ang lumaganap na disgusto at demoralisasyon sa hanay ng sektor ay ginamit ni

Lagman, hindi upang magwasto, kundi para salain ang pinakamatatapat sa kanya at tanggalin ang iba pa.

Pagkatapos magsisigaw ng "Rebolusyon, Hindi Eleksyon", ang makinaryang ikinasa sa pag-aalsa ay todong ipinihit bilang makinarya sa pangangampanya ng mga kandidato noong eleksyong presidensyal at kongresyonal ng Mayo 1992.

Ang pagbaling ng pangkating Lagman sa parlamentarismo ay dinagdagan pa sa sektor ng mga pananaw na labis na umaasa sa inisyatiba ng DECS at ng reaksyunaryong kongreso upang ipatupad ang mga kahilingan ng mga estudyante. Tampok na halimbawa dito ang pagtransproma ng natirang pwersa ng kabataan-estudyante sa rehiyon bilang grupong taga-lobby para sa "Magna Carta for Students (HB No.45)" ni Edcel Lagman. Ang nasabing panukalang batas diumano'y para sa estudyante ay naglalaman ng mga probisyong nagbibigay ng kontrol sa administrasyon sa pagtatayo at pag-iral ng mga organisasyong estudyante sa mga eskwelahan.

Sa kabila ng patuloy na pag-iral ng mga disoryentasyon, ng paglihis at mga pagkakamali, nagsimulang mahawan ang landas para sa puspusang pagwawasto. Ang pagkabahala ng NYSD sa malaking paghina ng pwersa sa sektor ay nagbigay-daan sa pagbibigay ng pansin sa pag-oorganisa at gawaing konsolidasyon. Ang paglitaw ng tahasang maling linya, ang pagsadsad ng mga putsistang proyekto at paulit-ulit na pagkawaldas ng pwersa sa sektor ay nakaantig sa aktibong pakikitunggali sa insureksyunismo at pagtatanggol sa wastong rebolusyonaryong linya at prinsipyo. Nakaengganyo din sa pagwa0wasto ang inilabas na sariling pagtatasa at pagpuna ng Partido sa ilang malaking pagkakamali simula sa pahayag sa anibersaryo nito noong Disyembre 1988. Gayundin ang mga dokumento ng pagtunggali at pagpuna sa tampok na mga bunga ng mga "kaliwa" at kanang oportunistang pakana ng mga rebisyunista at kontrarebolusyonaryong taksil na nakapuslit sa Partido.

Noong 1989 at maagang bahagi ng 1991 tinasa ng NYSD ang mga gawain ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante mula 1988-1991. Doon ay natukoy na ang suliranin sa pagkitid ng masang naoorganisa at saklaw na kinikilusan, liit ng rebolusyonaryong puwersa at malaking kapabayaan sa edukasyong pampulitika at teoretikal.

Bagamat malaki pa ang limitasyon ng nabanggit na pagtatasa, nakatulong ito upang tawagin ang pansin ng mga yunit at kadre ng Partido sa mga nasabing suliranin. Naging mayor na konsiderasyon din ito sa desisyon ng NYSD na

buwagin ang yunit militar at iwaksi ang taktikang gamitin ang anti-imperyalistang pakikibaka para maghanda sa bugso.

Mula 1989 hanggang 1992 lumawak ang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga pangunahing ligal na makinarya, lalo na sa limang paaralang tuwirang saklaw ng NYSD. Nakapagpreserba ng pwersa ang NYSD sa gitna ng panlilito at panggugulo ng mga maling linya at pakana ng pangkating Lagman.

Isang indikasyon ng mga tangkang pag-aayos sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante at tanda ng kahandaang magwasto ang muling pagsisimula ng integrasyon sa batayang masa at kanayunan noong 1989. Ang kabuuang bilang ng rebolusyonaryong estudyanteng tumungo sa kanayunan mula ng kilusang pagwawasto ay di hamak na mas malaki kaysa sa nakaraang sampung taon. Mabilis na dumami ang tuluyang nagpatalaga sa kanayunan.

Bagamat makitid ang saklaw ng gawain sa edukasyong teoretikal, pinasigla ang pag-aaral sa BKP at pagsasanay ng mga instruktor. Naglunsad din ng mga pag-aaral sa mga sangguniang aklat ng BKP, sa mga piling akda ni Lenin: "*State and Revolution*", "*Imperialism...*", "*Two Tactics...*", at "*Left Wing...*", at pag-aaral sa kasaysayan ng rebolusyong Ruso.

Pero natigil sa bandang huli ang pag-aaral sa mga babasahing kabilang sa pinag-aaralan sa "kurso sa pampulitikang pamumuno". Pamilyarisasyon sa teorya ang nagawa at malaki ang pagkukulang sa wastong paglalapat ng pinag-aaralan sa kalagayan ng Pilipinas at mga suliranin sa sektor. Nag-iwan pa ito ng dagdag na mga katanungan sa estratehiya at taktika laluna't laganap na ang pag-atake ni Reyes at Lagman sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Nakatulong din ang mga pag-aaral sa estratehiya at taktika na pinamunuan ng NOC. Ang pagrepaso ay nag-umpisa sa balangkas ng pagrepaso sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at estratehiya ng digmang bayan, at pagbubukas sa bagong estratehiyang nakakiling sa insureksyon. Pero sa bandang huli ang pagrepaso ay nagresulta sa muling pagpapatibay sa kawastuan ng linya ng demokratikong rebolusyong bayan at estratehiya ng matagalang digmang bayan.

Sinimulan ang proseso ng paglalagom mula huling bahagi ng 1989 at natapos ang unang burador ng pangkalahatang balangkas ng paglalagom noong maagang bahagi ng 1990. Nasimulan batay dito ang talastasan sa KTKS na kagyat na nagpaabot ng mga komentaryo, mungkahi at panimulang paghahanay ng mga saligang usapin na dapat pagtuunan ng pansin. Sa panimulang balangkas

ng paglalagom hindi pa natukoy ang mga tunay na dahilan ng umiiral na mga suliranin. Hindi pa rin sapat ang iniharap na mga tungkulin at hakbang sa pag-aayos.

Nang maagang bahagi ng 1991, pinag-aralan at lumaganap sa NYSD ang dokumentong "*Lead the masses, Launch The Offensives*" (LMLO), pahayag sa ika-22 anibersaryo ng Partido mula sa KT-KS. Sa kabuuan ang dokumentong ito ang naging pangkalahatang gabay ng NYSD hanggang sa sumunod na mga taon. Ang kalinawang bunga ng LMLO ay naka-nyutralisa sa mga pagtayang lampas sa kongkretong sitwasyon at naglatag din ng wastong balangkas at mga rekisito sa pagsusulong ng mga mobilisasyon at pakikibakang masa.

Sa kabilang banda, nananatili pa ang balangkas ng 'pambihirang pagkakataon' at 'pagsunggab sa oportunidad'. Upisyal na pinalitan na ang mga iyon ng pahayag sa ika-21 anibersaryo ng Partido noon pang 1990 alinsunod sa desisyon ng KPKS, pero hindi ipinaabot ni Reyes sa NOC at sa saklaw nito. Ang konsepto ng rebolusyonaryong agos sa LMLO ay binaluktot ng mga insureksyunista na nananawagan diumano ng pag-aalsa at mapagpasyang insureksyunistang pagsugod laban sa rehimeng Aquino. Muling natangay ang mga namumunong yunit at kadre Partido sa kabataan-estudyante sa insureksyunistang kumpas at kondukta ng kilusang masa.

Noong 1991 ibinaba at tinalakay ng NOC, ang mga taktika at tungkulin ng kilusang sektoral sa pagsusulong ng 'mass upsurge'. Sa borador na "*Current Questions Of Tactics For The Youth And Student Movement*", inilatag ang balangkas ng mga taktika at tungkulin para sa bawat yugto. Sa unang yugto, "building towards a mass upsurge" at sa ikalawa, "mass upsurge". Kalahating taon itong pinag-aralan at tinangkang mas mapalawig, ngunit dahil sa kabiguang ilapat sa aktwal na kapasidad at dinamismo ng pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante, napilitang isantabi ito noong Nobyembre 1991.

Noong ikalawang hati ng 1991, pinagpasyahang buwagin ang istap militar. Matapos makita ang malalaking negatibong epekto, pinagpasyahang mali ang insureksyunista at militaristang balangkas at konsepto ng gawaing militar sa sektor, gayundin ang "estratehiyang pol-mil". Nag-iwan na lamang ng maliit na grupong ang pangunahing gawain ay pagtulong sa pag-oorganisa at pangangasiwa sa mga SDU at suportang makinarya para sa pagsisinop ng mga pamamaraan sa lihim na pagkilos. Subalit kahit ang mga nasabing gawain ay

hindi na nagampanan ng grupong natira. Nahatak sila sa ispesyal na operasyon ng GC at ang ilang elemento ay nauna nang natangay sa gangsterismo. Tuluyang humiwalay sa Partido at hukbo at nagpakalulong sa gangsterismo ang mga nasabing elemento.

Nanindigan ang NYSD laban sa konsepto ng "Pampulitikang Bugso" ng pangkating Lagman. Tinunggali nito ang maling pagpapalaki sa isyu ng halalan para ilusot ang panawagan sa "Bugso" na pinapangarap na sasagasa sa eleksyon. At para hindi malito ang puwersa at madiskaril ang mga gawain, nagtakda ang NYSD ng tiyak na diin ng mga gawain sa unang kwarto ng 1992, ng mga mobilisasyon at linyang itataguyod ng mga iyon.

Pagpasok ng 1992 nahinog din ang partikular na tunggalian sa pagitan ng Partido at ilang problemado o di-aktibong elemento na nagpaksyon sa PUP at UP. Nagpakalat ang mga ito ng mga intriga, pinalaki ang mga kahinaan at suliranin sa pamunuan ng Partido sa saklaw, tuluy-tuloy na nagtulak ng paksyunalismo, iligal na gumamit sa pangalan ng KM at nagmaniobra para sa panghahati.

Sa kabila ng mga pagkakamali at disoryentasyon, ang mayorya ng mga kadre at pwersa ng Partido sa sektor ay napatunayan sa bandang huli na may sapat na pagsapol sa mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido. Wastong naunawaan nila ang sumiklab na todong tunggalian sa linya, gayundin ang mahigpit na pangangailangan sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na inilunsad noong 1992.

Nang matanggap ang kopya ng dokumentong "*Muling Pagtibayin ang Ating mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali*" noong unang hati ng 1992, agad sinimulan ang pag-aaral dito pati na ang mga dokumentong inilathala ng Partido mula 1988. Inilunsad ang serye ng mga pulong at kumperensya sa pag-aaral ng mga kadre at kasapi ng Partido sa lahat ng mga dokumentong inilathala ng KS at KT-KS, at ni Tagapangulong Armando Liwanag. Natipon ang mga tunay na rebolusyonaryong pwersa sa hanay ng kabataan-estudyante para mahigpit na itaguyod at isulong ang kilusang pagwawasto.

Binigo ng kilusang pagwawasto ng Partido, ng mga proletaryong rebolusyonaryong kadre't kasapi ng Partido ang mga anti-Partido at kontra-rebolusyonaryong pangwawasak sa rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante. Nanindigan at masigasig na kumilos para sa pagsusulong ng kilusang

pagwawasto ang malaking mayorya ng mga organo at yunit ng Partido, sampu ng mga aktibistang masa ng KM sa lahat ng organisasyong sektoral. Humigit-kumulang isang daang kasapi ng Partido na dating saklaw ng MRYS ang humiwalay sa pangkating Lagman at pumanig sa kilusang pagwawasto. Noong huling kuwarto ng 1993 masasabing nabigo na ang kampanyang pangwawasak sa rebolusyonaryong kilusang sektoral. Katunayan, sa taong ito nagsimula na ring sumigla ang rebolusyonaryong propaganda at mobilisasyon sa mahahalagang isyung pambayan at kilos protesta.

Noong huling bahagi ng 1993 naisagawa ang paglalagom ng mga karanasan ng RKKE mula 1980-1992 na higit pang pinalalim sa kumperensya ng mga kadre sa saklaw ng GS-NOD noong 1994. Nilinaw nito ang mga partikular na hugis at anyo ng mga disoryentasyon, pagkakamali at kahinaan na naminsala nang malaki sa RKKE. Humango ng mga negatibo at positibong aral mula sa mayamang karanasan. Pinuna at iwinaksi ang malulubhang paglihis at pagkakamali.

Kailangang patuloy na pag-aralan ang mga aral ng nalinaw ng paglalagom. Dapat puspusang isulong ang kilusang pagwawasto, puspusang iwaksi ang mga paglihis at pagkakamali, at konsolidahin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng kabataan-estudyante sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa gayong paraan matitiyak ang muling pagsigla at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante sa wastong landas.

## II. MGA PANGUNAHING KONGKLUSYON AT ARAL

Namumukod na tagumpay ng RKKE sa nakaraan ang ibayong paglawak nito sa hanay ng masang estudyante. Noong 1981-1982, sumaklaw ang RKKE sa buong bansa. Pinakamalakas ito sa NCR at nakalatag sa lahat ng mga sentrong urban, at pinakamalakas sa NCR. . Ilang doble ang laki at lakas nito kumpara noong ikalawang hati ng dekada 70 matapos na mapinsala ang RKKE dulot ng batas militar noong 1972. Nagtagumpay ang RKKE dahil sa patuloy na nagpursige ito sa rebolusyonaryong landas at pagtataguyod ng prinsipyo't linyang pambansa demokratikong rebolusyon.

Naitayo sa isang antas ang organisasyon ng Partido, mga kadre't organo nito na tumayong gulugod ng RKKE. Nailatag sa halos lahat ng pinakamalaki o pinakamahalagang paaralan ang kilusang lihim, at dito rin pinakamasigla ang kilusang masa. Nanatiling pinamumunuan ng Partido ang KM at may mga aktibistang masa na nakatulong ng Partido sa pagpupukaw, pagpapakilos at

pag-oorganisa sa masang kabataan-estudyante. Naitayo at nananatiling may pambansang istruktura ang mga sektoral na organisasyong masa at alyansa na pinamumunuan ng Partido, at gayundin ang ilang daan na mga organisasyon at samahan ng estudyante na kinikilusan ng mga rebolusyonaryong puwersa sa mga paaralan.

Mahalagang bahagi ang RKKE pagbubuwelo, pagsusulong at pagpapalakas ng kilusang masa sa kalunsuran, sa NCR at sa buong bansa.

Malaki ang kontribusyon ng nito sa paglalantad, paglaban at paghihiwalay sa diktadurang rehimeng US-Marcos. Inantig at malakas na nanawagan ang RKKE sa hanay ng panggitnang puwersa na lumahok sa kilusan ng mamamayan laban sa pasistang diktadurang US-Marcos.

Sa sektor ng kabataan-estudyante, pinakamalaki at pinakamasigla ang rebolusyonaryong kilusang masa na pinamumunuan ng Partido Ipinakikita ng sumusulong na kilusang pagwawasto ang taglay na rebolusyonaryong kasiglahan ng RKKE sa pagsusulong ng interes ng kabataan-estudyante at masang anakpawis. At sa pagkalubos ng kilusang pagwawasto at pagkokonsolida sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, higit na sisigla at lalakas ang RKKE.

Tungo rito, kinakailangang puspusang iwasto ang mga pagkakamali, paglihis at disoryentasyon ng RKKE nang mahigit isang dekada. Bagaman may paglawak na tinamo ang RKKE sa isang panahon, binatbat din ito ng mga kahinaan na dumiskaril sa takbo nito, puminsala sa RKKE, at nagwaldas sa mga tagumpay na inabot nito. Mahalagang ugatin ang mga pangyayaring ito at humalaw ng mga aral para sa pagpapanibagong sigla at lakas ng RKKE.

Tinatalakay sa ibaba ang mga kongklusyon at aral sa mahigit isang dekadang karanasan ng RKKE.

### *“Kilusang Pampulitika” at Insureksyunismong Lunsod*

Tumampok ang mga kaliwang opotunistang pagkakamali na “kilusang pampulitika” at insureksyonismong lunsod . Putsismo ang katangian ng “pampulitikang kilusan”, ang intensipikasyon ng kilusang masa at gasgasang mga apakikibakang masa. Noong mga huling taon ng 1980s, lalo na pagsapit ng 1990, tahasang sinukuban naman ang RKKE ng insureksyonismong lunsod. Ang mga ito ay naging sagabal sa ibayong pagsulong, sa proseso ay nagwaldas ng mga tagumpay sa bawat panahong

may inabot, at sa kalaunan ay malakihang naminsala sa RKKE. Ang mga ito ay malinaw na sumasalamin sa disoryentasyon at pagluwag ng kapit sa linya't prinsipyo ng pambansa demokratikong rebolusyon.

a. Noong huling bahagi ng 1982-1983, bunga ng mabilis na pagsulong ng kilusang masa, maling idineklarang nasa antas pulitikal o "kilusang pampulitika" na ang RKKE. Maiiugnay din ito sa itinakda ng Partido na pampulitikang paghahanda ng mamamayan para sa tuwirang paglahok sa armadong pakikibaka at lampas na pagdidiin sa kilusang masa sa urban. Pinatindi at pinasinsin ng "pampulitikang kilusan" ang mga pakikibakang masa na hindi nakabatay sa aktuwal na kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan at sumasandig sa ispontanyong kilos ng masa.

b. Pinakitid ng "pampulitikang kilusan" ang lahatang pagsusulong ng rebolusyonaryong mga tungkulin ng RKKE. Sa halipm nagdiin ito sa pagpapakilos sa hayag ng islogang 'lansagin ang diktadurang EU-Marcos' at paglulunsad ng masinsin at gasgasang mga pakikibakang masa. Sinagasaan nito ang solidong pag-oorganisa at pagpapalalim ng pag-ugat ng Partido sa sektor. Pinabayaan nito ang konsolidasyon sa IPO at itinutok ang diin sa mabilisang pagpapakilos sa masang KE na isinabak sa matataas at matitinding labanan. Sinagasaan nito ang kahit anumang limitadong - gawain para sa konsolidasyon at pagpapaunlad ng iba't ibang rebolusyonaryong tungkulin ng RKKE. Nagsimulang maramdaman ang paghina noong huling kuwarto ng 1984. Nawala ang momentum ng masiglang kilusang masa at sa mga sumunod na taon mabilis na itong humina.

k. Kagyat na epekto ng "pampulitikang kilusan" ang pagkitid ng saklaw at ugnay sa masang KE na naipupundar na. Natutok na ang pansin sa LPO bilang magtataas sa KKE. Nabitawan ang mga alyansa at mga tradisyonal na organisasyon at samahan ng mga estudyante. Kinaligtaan ang pagbubuo at pagpapalakas ng Partido bilang bag-as at ang konsolidasyon ng kilusang lihim. Ang kumitid na baseng masa at kilusang masa, na wala pang sapat na kilusang lihim, ay isinabak sa pagpapatindi ng mga pakikibakang masa. Ginawa itong "mitsa" sa pagpapatindi ng

kilusang masa sa kalunsuran at itinutok sa sa pagpapabagsak ng diktadura. Tumindi ang pagsamba sa intensipikasyon ng kilusang masa, na kahit sa panahong kumakarag-karag at humihina na itonoong ikalawang hati ng dekada 1980, ay patuloy pa ring nakapokus sa pagpapatindi, pagpapalawak at pagtataas ng antas ng pakikibakang masa. Kaalinsabay nito'y hindi sapat na nabibigyan ng pansin ang mga gawain sa konsolidasyon ng rebolusyonaryong kilusan.

d. Ang pagbuwelo mismo ng RKKE mula 1988 ay agad ding nawaldas ng pagpapatindi ng kilusang masa, gasgasang mga pakikibakang masa at ng insureksyonismong lunsod. Partikular sa MRYS mula 1989 hanggang 1992, komprehensibong diniskaril at binaklas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang rebolusyonaryong kilusan para ipihit sa insureksyunista at pol-mil na pakikibaka. Noong 1992 halos nadurog ang rebolusyonaryong kilusan sa MRYS ng lumagapak sa lupa at mabigo ang insureksyunistang bugso ng dating KRMR.

### *"Partikularismo" ng Sektor*

Kakambal ng mga pagkakamaling putsismo at insureksyonismong lunsod ang hindi matatag na pagbubuo at pagpapalakas sa RKKE. Katunayan bago pa pumasok sa malakas na anti-pasistang pakikibaka noong 1983, may paglabnaw na sa lahatang panig na pagpapalakas at pagkokonsolida sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Habang sa isang banda ay nagmamadali at may aktuwal na pagtatangkang itaas ang antas ng RKKE at paputukin ang direktang kumprontasyon sa diktadura, sa kabilang banda naman ay hindi maunlad ang konsepto at praktika ng konsolidasyon. Ang mga pagpinsala nito sa sarili (self inflicted wounds) na resulta ng kaliwa't kanang oportunistang mga pagkakamali at disoryentasyon ay pinakamalaki sa buong kasaysayan ng RKKE.

Hindi napaunlad ang iba't ibang rebolusyonaryong tungkulin ng RKKE. Sa simula pa lamang ay nakapokus na ito sa pagpapaputok ng demokratikong kilusang protesta para sa mga partikular na kahilingan at suliranin ng estudyante. Magkagayunman, hindi lubos na nakonsolida at nagamit ang mga pagsulong at tagumpay para sa paghahabol o pagpapaunlad ng iba pang mga rebolusyonaryong kungkulin ng RKKE. Hindi nakatuntong ang pagsigla at pagsulong ng kilusang masa sa lahatang panig na lakas sa ideolohiya, pulitika

at organisasyon . Bagamat patuloy na nailunsad ang mobilisasyon ng KE sa mga aksyong masa, kalakhan ay mga pagkilos ito sa isyung pang-estudyante at sa pormang boykot. Sa katunayan kahit maliit na grupo o mula lamang sa ilang paaralan ang mobilisasyon ay puwedeng ideklarang tagumpay. Sa mga anti-pasistang mobilisasyon nang 1983-1984 ay malakas na salik ang ispontayong kilos ng masa sa sektor at hindi nakasandig at batay sa lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Katunayan, kahit ang ating mga panawagan ay hindi naayon sa panlipunang balangkas at may hatak ang pulitika't panawagan ng burgesya.

Bagaman sumigla at lumakas ang anti-pasistang kampanya at pakikibakang masa ng RKKE, hindi naman ito mula sa punto de bista ng makauring proletaryadong paninindigan kundi ng liberal na burgis. Isang masiglang anti-pasistang pakikibaka na hindi naitataas sa anti-imperyalistang pakikibaka at naiuugnay sa anti-pyudal at armadong pakikibaka sa kanayunan. Palasak pang naipakahulugan ang islogang 'lansagin ang USMD' kumakatawan na sa komprehensibong kilusang masa sa sektor. Kaya din naman nang mawala sa poder ang diktadurang Marcos ay may pag-aakalang nabago na o naging malaking usapin ang porma ng paghahari sa bansa . Kasabay nito ang pag-asa o pagpapalaki ng deklarasyon sa pagbabalik ng mga demokratikong karapatan.

May paglabnaw, kundi man ay may pagluwag sa pagtataguyod sa interes ng masang anakpawis at pamumuno ng uring proletaryado. Naging tampok ang populismo na ruta ng pagsusulong ng RKKE. Sa paghahabol ng maiksing daan para pakilusin ang masang KE nagkakasya na lamang sa isang "masaklaw" na pagkakaisa o posisyon at hindi batay sa interes ng mga uri. Ilan dito ang sumusunod: pagkatali sa anti-pasistang pagkakaisa sa mga alyansa, pagkitid ng gawaing alyansa sa mga pampulitikang puwersa na mga anti-komunista at kumakatawan sa uring burgis, ang oportunistang pagdadala ng anti-TF na kampanya, o pagkakaisa sa isyu at kahilingan ng walang pambansa demokratikong balangkas.

Noong 1986-1987 lumala sa NYSD ang mga sariling pagluwag at maling pagsusuri sa kalagayan ng hindi nakabatay sa linya sa uri. Malaki ang impluwensya ng *Line of March* sa pagpasok sa RKKE ng mga ideya at linyang umaatake sa MZD, sa istratehiya ng digmang bayan at sa pagkilala sa USSR bilang sosyalistang bansa.

Sa karanasan ang pagkukulang sa gawaing konsolidasyon ay tumagos mula simula hanggang huli ng mga panahong saklaw ng

paglalagom. Relatibong sumulong at lumawak ang RKKE sa bawat panahon, ngunit mula dito ay di nakonsolida, di nasustini at di naging matatag na tuntungan paglawak at paglakas. Kapag may inabot ng lawak ang konsolidasyon ay nauuwi ito sa pagpapatindi ng kilusang masa o pagsuong sa intensipikasyon at gasgasang aksyong masa. Ang resulta ay pagwaldas ng anumang inilawak at isinulong. Ganito ang padron gaya sa mga panahong 1980-1984 at 1988-1992. Ganito din bago pa ito sa mga taong 1975-1978.

Sukatan ng isang malusog at pagiging rebolusyonaryo ng kilusan ng KE ang pag-ugnay at pagtataguyod nito sa interes at pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka. Sa lahat ng pagkakataon dapat manindigan sa punto de bista ng masang anakpawis. Nangangahulugan itong ang gawaing propaganda-edukasyon at pag-oorganisa ng KE para sa pambansa demokratikong rebolusyon ay naisasabuhay sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masang anakpawis sa rebolusyon. Ang mga rebolusyonaryong puwersa na KE ay dapat tumungo at aktuwal na lumahok sa buhay at pakikibaka ng masa at sa armadong pakikibaka ng mamamayan sa kanayunan.

Salungat dito ang ‘partikularismo’ ng RKKE, na naninindigan lamang mula sa panloob na interes at pananaw ng sektor. Isinusulong ang mga gawain at pumupusisyon sa mga isyung pampulitika at pambayan batay sa panloob na paninindigan ng sektor. Tuloy naipapalaganap ang mga pagsusuri’t panawagan nang hindi malalim na nauunawaan ang kalagayan ng masa at hindi rin naman lumalahok sa gawaing masa sa hanay nila. Ang mga kadre’t aktibista, ang mga kampanya at mobilisasyon, ang gawaing propaganda at edukasyon ay naburo at makitid na isinulong para sa pangangailangan ng sektoral na kilusan.

Ang partikularismong sektoral na ito ay naging sagka sa mahigpit na pagtalima sa linya sa uri ng Partido. Sa pagpapaunlad ng RKKE, hindi nasapol na esensyal ang paninindigan at aktuwal na pagtatagyod ng mga tungkulin sa pag-oorganisa sa masang manggagawa at magsasaka. Ang pagtataguyod ng pambansa demokratikong linya ay hindi abstraktong gawain, kundi sa aktuwal ay nagtataguyod ng batayang interes at kahilingan ng masang anakpawis. Ang partikularismong sektoral ay nagpalakas pa ng paninindigang petiburgis ng masang KE , na noong gitna ng dekada otsenta ay madaling nahatak ng linya at panawagan ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa. Ang linyang popdem na nakatuntong

sa pagtatanghal sa mga pormal na demokratikong proseso at pagpapailalim sa rehimeng Aquino na itinuring na “kaalyado” ng mamamayan ay tahasang pagbuntot na sa burgesya.

### *Maling Pag-unawa sa PDKP*

Sa isang antas ay matagumpay na isinulong ng RKKE ang pambansa demokratikong kilusang propaganda (PDKP). Ang masang estudyante ay inorganisa at napakilos para sa pagpapalaganap ng linya ng pambansang demokrasya at ng mga pagsusuri at panawagan sa ibat ibang mga pampulitika at pambayang isyu at usapin.

Sa isang antas naging katulong ng Partido ang RKKE sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong propaganda sa buong bansa.

Gayunman, malaki ang kakapusan at pagkakamali sa naging pag-unawa at praktikang PDKP sa sektor. Abtraksto ang propagandang pambansa demokratiko o maging ang propaganda laban sa diktadurang EU-Marcos at mga isyung pambayan at pampulitika. Hindi malinaw na naipapakita ang rebolusyonaryong makauring paninindigan, na ito ay interes at laban pangunahin ng anakpawis. Bukod pa, sadyang makitid ang inabot sa paglilinaw at pagpapalaganap ng linyang pambansa demokratiko at MLKMZ. Malala pa, ng pumasok ang mga disoryentasyon at paglihis, nagsilbi at ginamit ang PDKP sa pagsusulong ng mga putsistang pakikibakang masa, mitsa ng matinding kilusang masa sa urban ,at balangkas ng insureksyonismong lunsod. Mayroon ding pagkakamaling wala ng PDKP at natapo0s na ito noong FQS-1970 o kaya’y hindi na ito mahalagang gawain ng KE. Ang mga ito ay nagpapalakas pa ng petiburgesyang tendensya ng mga estudyante.

Noong 1970-1972 ay nasa unahan at taliba ng kilusang propaganda ang estudyante. Ngayon ay maunlad na ang rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng manggagawa at magsasaka. Kayat hindi na solo ng KE ang PDKP. Ito ay mahigpit na nakaugnay sa pakikibaka ng batayang masa- sa kalagayan, suliranin at pakikibaka ng manggagawa at magsasaka. Ang PDKP ay buhay at direktang pumupukaw, nagpapakilos at nag-oorganisa ng masang anakpawis para sa rebolusyon. Ang PDKP ay magpapatuloy hanggang matapos ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang paglitaw ng sektoral na kilusang nakaibabaw sa mga uri ay bunga ng makaisang panig na pagpapalaki sa mga positibong katangian ng sektor ng estudyante at ng uring petiburges, samantalang hindi sapat at wastong kinikilala ang mga kahinaan at negatibong katangian nito. Ang ganito ay nagbunga din ng arogansya sa sektoral na kilusan.

Wala talagang mabubuong rebolusyonaryong kilusan sa sektor kung pababayaan at lalayo sa kilusan at pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka. Hindi lamang sa salita at pahayag, kailangan ang aktuwal na integrasyon at pakikipamuhay sa hanay nila. Noong 1982, natigil na ang pagpunta't pagsuporta sa mga welga't piket ng manggagawa at pagpapadala ng mga puwersa sa kanayunan. Maliban sa kakitiran ng rebolusyonaryong propaganda ng sektor, itoy hango sa abstraktong kaalaman at mga istadistika at hindi sa kaalaman o napatunayan mula sa direktang karanasan sa integrasyon sa batayang masa.

Bunga ng "kilusang pampulitika", insureksyonistang urban na linya at mga kanang oportunistang pagkakamali, ang sumulong ang RKKE ay naburo para sa pangangailangan ng sariling kilusan. Sa balangkas ng pambansa demokratikong kilusang propaganda, ang rebolusyonaryong edukasyon at ang pagpapasulpot ng maraming mga kadre't aktibistang kabataan ay kailangang direktang nagsisilbi sa pagpupukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa sa masang manggagawa at magsasaka. Pagkakamali din ang naging kagawian na ang integrasyon at ang tungkuling pagbuo ng mahigpit n augnayan sa batayang masa ay para lamang sa mga rebolusyonaryong puwersa. Sa mga batayang yunit ng Partido at mga organisasyong masa ay walang malinaw na panawagan at sistema sa pagpapatungo sa mga pabrika, komunidad at kanayunan ng mga estudyante para sa iba't ibang gawain batay sa kahandaan at kakayahan.

### *Buhaghag na Pag-oorganisa*

Wastong nagamit at mabilis na lumawak ang RKKE sa pagputok ng mga kampanya at protesta noong unang mga taon ng dekada otsenta. Higit na nakapaglatag at nakapuwesto ang rebolusyonaryong kilusan sa KE. Inabot ang maraming mga organisasyon at nakapagbuo ng mga alyansa sa maraming bilang ng paaralan. Nagsimulang lumawak ang mga aktibista at organisasyong masa ng KM at nabuo ang hayag na organisasyong masa. Sumigla ang pag-rerekluta ng mga bagong kasapi ng Partido at nagsimulang mabuo ang mga batayang yunit nito.

Ngunit sa pagpihit at arangkada ng "pampulitikang kilusan" natambad ang kabuhaghagan ng inorganisang kilusang masa, at mabilis ding nalagas. Noong mga unang taon ng dekada otsenta lumitaw ang PPO (pangkat pampropaganda at pang-organisa) bilang pamamaraan ng pag-oorganisa sa sektor. Hangad ng PPO na mabilis na makapag-organisa makapagpagpalawak sa hanay ng abanteng masa ngunit walang kaakibat na pagpapaunlad sa ideolohiya, politika at organisasyon. Sa unang bersyon nito ay pag-aayos sa

mas hindi pirming mga pamamaran bago ito, ngunit sa kabilang banda, sumalungat ang PPO sa pamamaraan at prinsipyo ng solidong pag-oorganisang GPE-KPE, lalo na sa bersyon ng PPO simula 1982. Sa halip, ang naging pagpupundar ng lakas ay sa pamamagitan ng masaklaw ngunit pawalis na pag-ugnay sa mga ligal na organisasyon, pagtatayo ng maliit na rebolusyonaryong kuwerpo at malabnaw na organisasyong masa.

Ang PPO ay mas pangkat na lamang para sa pawalis na propaganda at ahitasyon para sa mga kampanyang masa. Kasabay nito, sa kadahilanan ngang walang pagpapalakas, dumami ang mga PPO na hindi nabubuo, kundi man ilan na lamang sa kasapian nito ang aktibo. Wala itong mahigpit na nabuong ugnay sa masang estudyante, maliban lamang sa target nitong reklutahin sa KM. Kaya't malakas ang mentalidad ng 'barkadahan' at sa pagitan ng mga kampanyang masa ay nakaipon sa kanilang tambayan. Naging dagdag na pormasyon ang grupong bag-as o GB, na tinawag na espesyal na PPO. Mula sa dating saklaw ng PPO, binuo ang GB sa loob at pamunuan ng mga ligal na organisasyon. Sa unang tingin ay mas sumasaklaw at nasisistimatisa ang pag-oorganisa sa mga organisasyon, ngunit ito ay nangahulugan ng higit na paglutang sa masang estudyante. Sa GB sinaklaw lamang nito ang pamunuan at wala itong gawaing pag-oorganisa sa masang kasapian.

Malaking pihit at distorsyon pa sa prinsipyo ng solidong pag-oorganisa nang ang PPO ay maging isang pamamaraan ng pagbubuo ng organisasyon at maging batayang sangkap na yunit na lamang ng balangay ng KM. Ang nangyari'y kumitid na lamang sa KM, isang lihim na organisasyon, ang pagkokonsolida ng malawak na abanteng masang estudyante.

Lumitaw sa KM ang likidasyonismo ng Partido. Ipinihit sa pagbubuo ng balangay ng KM ang diin kaysa sa pagbubuo ng batayang yunit ng Partido. Kaakibat ng pambansang Kongreso ng KM noong 1984 ay ang likidasyonistang oryentasyon na KM ang gulugod at pinuno ng RKKE na hiwalay sa Partido at ang pormulang saklaw lamang ng pamumuno ng Partido ang ideolohiya at organisasyon at pabayaan na sa KM ang pamumunong pulitika. Ang KM ay pinamumunuan ng Partido at bahagi ng kilusang lihim. Direktang katulong ng Partido ang KM sa mga rebolusyonaryong gawain nito at may IPO pagpapaunlad ng pamumuno nito sa KM.

Nawala sa solidong pag-oorganisa ang pang-ideolohiya at pampulitikang edukasyon sa masang estudyante. Kapwa hindi nagpalaganap ng pag-aaral para sa pambansa-demokratikong linya at sa mga prinsipyo ng

MLKMZ ang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga hayag na pambansa demokratikong organisasyon ng masa. Sa pagkokonsolida ng mga abanteng masa hindi nalubos ang pagkakatayo ng SLPO (sektoral na legal na pampulitikang organisasyon). Hindi ito naging maunlad na pambansa demokratikong organisasyong masa. Wasto ang pagbubuo ng mga organisasyong masa. Ngunit may panahong maling pumaling sa makaisang panig na pagbibigay ng pansin sa SLPO simula noong 1983 at sumunod sa pagbubuo ng mga LPO noong kumpas ng “pampulitikang kilusan”. Napabayaan at nabitawan ang may kasaklawan na ding inabot ng pag-oorganisa sa mga tradisyonal na organisasyon at mga alyansa.

Hindi naunawaan na mahalaga ang mga organisasyong masa para sa solidong pag-oorganisa at pagpapalakas ng RKKE. May sariling halaga at dapat hindi mapabayaan ang ang mga tradisyonal na organisasyon. Sa paglakas ng organisasyong masa kailangan ang malawak na kasapian. . Para maabot ang maraming bilang ng mga organisasyon, kailangan din ang katumbas na pag-unlad ng rebolusyonaryong kuwerpo sa loob nito. Kung wala nito, hindi rin lalawak ang mga organisasyong ito.

Sa pagbubuo ng RKKE kailangan na makabig ang masang estudyante sa paraang nabubuo ang kanilang solidong lakas para sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ang rebolusyonaryong kilusan sa nakaraan ay makaisang panig na tumutok sa paglulunsad ng mga kampanya at mobilisasyong masa, sa mga pawalis na propaganda sa mga isyu at bahagya na lamang makapag-organisa. Hindi napalakas at napaunlad ng Partido ang pang- ideolohiya, pampulitika at pang-organisayon nitong pamumuno sa kilusang masa. Walang ginawang rebolusyonaryong propaganda at edukasyon, naging pawalis at buhaghag ang pag-ooranisa ng mga organisasyong masa, hindi nabuo ang mahigpit na ugnayan sa batayang masa, at hindi nabuo ang mga sangay na may malawak na kasapian at konsolidado sa IPO.

Kahit sa simula pa lamang ng pagsusulong ng kilusang masa mahalaga na ito ay nakabalangkas sa lahatang panig na pagsusulong ng mga rebolusyonaryong tungkulin. Bagamat batay sa aktuwal na kalagayan, tulad noong 1980-1981, wastong naisulong ang protesta para sa demokratikong reporma at nangailangan ng malaking pansin mula sa mga rebolusyonaryong puwersa. Ngunit nang sumulong at makapuwesto na, hindi nakapaglaan ng panahon para makapagkonsolida ang rebolusyonaryong puwersa. Ang mga tagumpay ay hindi ginamit o idinirekta para sa

pagsusulong ng iba pang tungkulin ng sektoral na kilusan. Hindi naihulma at naisulong sa balangkas ng pagpapaunlad ng pambansa demokratikong kilusang propaganda.

### *Di malusog na Partido*

Naitayo sa rebolusyonaryong sektoral na kilusan ang organisasyon ng Partido na mas malawak at maunlad kaysa sa inabot noong ikalawang hati ng nakaraang dekada pitumpo. Sa mga sektoral na organisasyon nabuo ang mga pambansang grupo ng Partido at mga sangay, sa halos lahat ng malalaking kolehiyo't unibersidad sa NCR nasa antas seksyon. . Sa sentro ng organisasyon ng Partido sa sektoral na kilusan ay ang NYSD, na nakapagpatuloy at nakaagapay sa apat na mayor na palitan ng mga kagawad nito.

Ang antas na inabot at lawak nito ang tumayong bag-as ng kilusang masa sa sektor. Ang organisasyon ng Partido ang dahilan ng sa bawat paghina ng RKKE bunga ng mga pinsala at pagkakawaldas ay nakapagtitiis, nakapag-aayos at muling nakapagpapalakas. Ang Partido at ang pinamumunuan nitong mga rebolusyonaryong aktibistang masa ang tumayong kilusang lihim at nagsilbing gulugod ng hayag na mga organisasyon at kilusang masa.

Hindi ligtas sa mga kamalian at pag-iral ng hindi malusog na gawi ang mga kadre at kasapi ng Partido sa nakaraan. Kailangang punahin at iwasto ang mga ito. Madalas umiral ang sakit na burukratismo. Tampok ang pagbababa na lamang mula sa nakatataas na organo ng plano at kota't target ng hindi malalimang napag-aaralan ang kalagayan sa mga batayang yunit. Sa mas malala pang kaso kaugnay ng kampanyang masa maraming pagkakataon na may pagtutol na ang mga kadre ay binabale wala parin ng isa lamang yunit-istap sa kampanya. Malaganap ang istilong sistemang 'PO'. Sa marami ding kaso maging ang mga kalihim ng batayang yunit ng Partido ay may istilo ng 'pamumuno' na parang 'PO'. Sa mahabang panahon din, sa antas NYSD ay naging kalakaran ang pagbubuo ng mga istap na nagkonsentra ng malaking bilang ng mga kasapi ng Partido na hiwalay sa gawaing masa at may dagdag na andana ng pangangasiwa.

May mga kaso din ng ultrademokrasya, liberalismo at paksyonalismo. Sa NYSD ng mga taong 1985-1987, bumaha ang mga pahayag na salungat sa mga patakaran at desisyon ng Partido, mga debate

at ‘pulong’ labas sa mga regular na yunit o organo, mga kaso ng pag-ikot sa patakaran at pananamlay sa pagpapatupad ng mga tungkulin dito. Marami ring kaso ng indibiduwal o ilang kadre sa mga sangay na naglulubid ng mga puna sa kanilang pamunuan at kadalasan ay sumasalungat sa mga plano, kahit natalakay at napag-aralan na ang mga ito. Sa kaso pa ng UP at PUP ay ginamit na panalag ang organisasyyon ng KM para higit na maikutan at madebate ang mga desisyon ng pammunuan dito at sa huli din ay tumungo sa paksyonalismo. Sa RYSB ay lumakas ang ‘awtonomismo’, walang katapusang debate’t pagtutol at paglikha ng sariling sektoral na dinamismo hanggang tuluyang nauwi sa pagpapaksyon. Malalim ang sakit ng liberalismo sa pagdalo sa pulong. Pangkaraniwan sa marami-raming elemento ang pagkahuli ng isa o dalawang oras sa pulong, kahit ilang beses nang napuna.

Hindi naging masigla ang pakikisalamuha at pag-aaral ng mga kadre at kasapian ng Partido mula sa batayang masa. Ito at ang kawalan ng gawain sa ideolohiya at teoretikal na pag-aaral ay nagsuhay sa paglakas ng mga petiburgis na mga pagkakamali at kahinaan. Dagdag pa, higit na naging matalim ang impluwensya ng mga mali at burgis na ideya at linya sa organisasyon. Imbes na paliwanagan at kumbinsihin, pagpapabaya na lamang ang umiral na kalakaran sa mga elemento ng Partido na masigasig na nag-aaral sa burgis na paaralan at ang layunin ay makakuha ng diploma, huwag ng banggitin pang pagkumbinsi upang kumilos ng buong panahon. Kung hindi kayang makapagpatuloy ng pagkilos o may mga suliranin dito, lumaganap naman ang kamulatan na kumilos sa mga burgis na institusyon. May panahong umiral na wala na talagang gustong kumilos sa hanay ng manggagawa at magsasaka at tumungo sa kanayunan.

Hindi naisasabuhay ang lahatang panig na buhay pampartido sa batayang yunit. Nangabuo ang mga batayang yunit na hindi konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa balangkas ng pagbubuo makaisang panig na malawig ang mga tungkulin sa pulitika, partikular pa ang aspetong hayag na kilusang masa. Sa ideolohiya ay nangahulugan na lamang ng pag-aaral sa BKP. Sa organisasyon naman ay ang pagrerekluta ng bagong kasapi tuwing bago magtapos ang semestre. Isang tampok na resulta nito ay mga sangay na maliliit ang kasapian. Pagnaitayo na ito halos ang kasunod na paglawak ay pagmimintina lamang ng inabot na laki at pamalit sa mga hindi na naging aktibo. Dulot na rin ito ng suliranin sa solidong pag-oorganisa ng mga batayang yunit, partikular sa maliliit na organisasyong masa, at kawalan ng pang-ideolohiya at pampulitikang mga edukasyon sa masang aktibista.

Sa pagkakabuo ng mga sangay, kasabay na lumalaki ang mga yunit at kadalasan ay nabubuo ang mga balangay ng KM. Sa ganitong yugto, kalakhan ng kasapian nito ay nagiging administrador at ang mga pinakasulong ay kadalasan timlider ng GB at kampanyang masa. Ilan lamang na KM ang aktuwal na gumagampan ng pag-oorganisa. Maliban sa pinakitid pa ng PPO ang pag-oorganisa, kinompetensya pa nito ang pamumuno ng sangay sa mga balangay ng KM.

### *Elitismo sa Edukasyon*

Para sa sektoral na kilusan na naglalayong magpalakas at magsulong ng pambansa demokratikong kilusang propaganda, esensyal ang masiglang rebolusyonaryong propaganda at edukasyon. Mahalaga ang kaalamang pambansa demokratikong linya at MLKMZ sa masang KE para sa pagrerebolusyonisa sa kanila. Sa nakaraan walang pagsusumikap na isagawa ito. Itinali ang rebolusyonaryong propaganda natin sa pagpapalaganap ng islogan, sa mga pambansa demokratikong pagsusuri't paninindigan sa mga tampok na isyung sektoral at pambayan at sa mga pawalis na paraan.

Malubha ang elitismo sa gawaing edukasyon. Ang komprehensibong pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino ay para sa mga kasapian lamang ng KM. Ang pag-aaral sa mga batayang prinsipyo ng MLKMZ ay para sa mga kasapi lamang ng Partido. Bukod sa kasalatan, ang mga rebolusyonaryong materyal para sa pag-aaral ay lumalaganap lamang sa hanay ng mga rebolusyonaryong puwersa. Ang mga aktibista o ang mga yunit sa kilusang lihim ay walang mga binubuong grupong pag-aaral sa hanay ng estudyante. Sa nakaraan, ang pagpapabaya sa rebolusyonaryong edukasyon ay mayor na sangkap ng suliranin sa konsolidasyon.

Mahalaga para sa masiglang edukasyon sa masa ang katumbas na sigla at lusog na gawaing ideolohiya at pampulitikang pag-aaral sa hanay ng kasapian ng Partido. Mahalaga ang papel ng mga sangay ng Partido sa sistimatiko at tuluy- tuloy na pamamaraan ng pagpapalaganap ng rebolusyonaryong edukasyon. Kaalinsabay, kailangang iwasto at pasiglahin ang nakaraang pagkaligta sa pakikisalamuha at integrasyon sa mga manggagawa at magsasaka. Sa ganito, higit na napapayaman at nagiging konkreto ang mga teoretikal na kaalaman at mga propaganda't panawagan ng sektoral na kilusang KE.

## ILANG PARTIKULAR NA USAPIN AT KARANASAN

***Wastong pagdadala ng laban at kahilingan***. Matagumpay ang demokratikong protesta para sa reporma noong 1980-1982. Ang pagdadala o paglalapit nito sa rebolusyonaryong landas ay masasalamin sa pagpapatagos ng pambansa demokratikong linya't pagsusuri at mga panawagan sa mga isyu't suliraning kinakaharap ng masang mag-aaral.

Sa paglalapat ng pambansa demokratikong linya malinaw na inilahad na ang kolonyal, komersyalisado, pyudal at pasistang sistemang pang-edukasyon ay repleksyon ng isang mapang-api at atrasadong lipunang malakolonyal at malapyudal.Para sa isang tunay na pagbabago sa sistema ng edukasyon, kailangang makiisa at sumama ang sektoral na kilusan sa mas malawak na kilusan ng mamamayan para sa isang radikal na pagbabago sa sistemang panlipunan.

Nalantad ang papel ng imperyalistang EU at papet na rehimeng Marcos sa pagpapanatili ng kasalukuyang bulok na sistema ng edukasyon. Malawakang dinala ng kilusang protesta ang islogang " Lansagin ang Diktadurang EU-Marcos".

Isa pang importanteng hakbang sa pagtataas ng kamulatan ng sektor ay ang paglulunsad ng mga pagkilos, lalo na ang malakihang rali at demonstrasyon sa lansangan labas ng paaralan, kasabay noon ng malawakang pagpapalaganap ng kilusang boykot. Sa paglahok ng sektor sa mga mobilisasyon at demonstrasyon sa labas ng paaralan o lansangan, tumataas ang pagpapahalaga sa mas malawak at mas organisadong pagkakaisa at pagkikipaglaban para sa iisang kahilingan. Kasabay nito ang pagpapahalaga sa mas masaklaw at organisadong pakikiisa sa mga manggagawa at iba pang sektor para sa mas epektibong pakikitunggali sa reaksyonaryong rehimen. Ang atake at panunupil ng mga pasistang tropang militar at pulisya ay nagtuturo kung sino ang tunay na kalaban ng mamamayan, na ang kasalukuyang estado ay reaksyonaryo at marahas.

Ang wastong pagdadala ng mga laban at kahilingan ng masang estudyante ay mahalagang salik sa paglaban at paghihiwalay sa mga reaksyonaryo't anti-komunistang pampulitikang puwersa, gaya ng sosyal demokrata at Lava mula 1980, popdem at ideolohiyang Pilipino mula 1985, at insureksyonistang linya ng RYSB nitong huli, sa loob ng masang estudyante. Tunggalian ito ng rebolusyonaryong linya at paninidigan laban sa linyang repormista at burgis.

***Mga pagkakamali at maling kaisipan.***

(a) Mula huling bahagi ng 1981, may mga maling kaisipan at konseptong lumaganap na maiuugnay sa programa ng abanteng sub-yugto ng estratehikong depensiba. Partikular dito ang pampulitikang paghahanda ng mamamayan para sa paglahok sa rebolusyon at ang makaisang panig na pagpapahalaga sa gawain sa urban. Sinundan pa ito lalo na mula 1985, sa pamamagitan ng institusyon sa edukasyon sa KE na naging pugad ng popdemismo at ibat ibang mga anti-komunistang mga babasahin.

- Natatanaw na ang tagumpay ng rebolusyon sa malapit na hinaharap. Sa pamamagitan ng SCO, mabilis na tutungo ang digmang bayan sa estratehikong pagkakapatas at opensiba. Katunayan diumano ang pangunahing kailangan na lamang ay ang malalakas na baril o armas at bala.

- Hindi na kailangan ang mag-CS o tumungo sa kanayunan. Kaya na at marami nang mga lokal na rebolusyonaryong puwersa ang handang sumapi sa NPA. Katunayan baril na ang hinihintay.

- Nananatiling suliranin ang pyudalismo, ngunit kung ito ay batayang suliranin ay kailangang pag-aralan na. Malaki na ang pagbabago sa lipunan at sa kanayunan. At gayundin malaki na ang pagbabago sa populasyon, lumaki na ang manggagawa at lumiit na ang magsasaka.
- Kailangang muling pag-aralan kung rebisyunista nga ba o hindi ang Rusya at mga bansa sa silangang Europa

(b) Mula sa hayag na porum ng ibat ibang mga organisasyon para sa pagtalakay ng mga plano't panawagan sa kampanya, pormal na nabuo ang Koalisyon noong 1984 na magsisilbing mas masaklaw na sentro ng estudyante.

Bilang sentro, magiging alyansa o pederasyon ito para sa ibat ibang sektoral na organisasyon ng mga pambansa demokrata at organisasyong ng ibang pampulitikang puwersa at mga tradisyonal na organisasyon sa mga paaralan. Ang Koalisyon ang ikinakasang tagapaghayag ng nagkakaisang paninindigan at koordinasyon ng pagkilos sa sektor. Ngunit sa panahon ng 1985 at 1986 ay naging larangan ang Koalisyon ng tunggalian at

biyakan sa pagitan ng mga pambansa demokratikong puwersa at iba't ibang pampulitikang puwersa na pumaloob dito. Hanggang sa nawasak na ito.

Mali ang konsepto ng pagpasok at pagbubuo ng Koalisyon.. Itinuring na progresibo ang sosyal demokrata, BISIG at iba pang personalidad sa sektor, at minaliit ang mga batayang katangian nitong mga anti-komunista at kontra-rebolusyon. Bahagi na ito ng mga kanang oportunistang kamalian ng linyang popdemista at populismo. Katunayan nawala o napahina nang malaki ang sariling inisyatiba ng SLPO. Nawala ang sentrong katangian nito sa hayag, bagkus ay nagkasya na lamang na kumilos at "magpaunlad" ng pagkakaisa sa loob ng Koalisyon. Sa esensya ay namamaybay ito sa paglikida ng pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan sa sektor na kilusang masa.

(k) Sa UP naman noong 1985 ay nagkaroon ng linyang repormista at lokalista. Dalawahang mukha ng pagkakamali sa pagsusulong ng lokal na kilusang masa. Sa panahong ito, nagpasya ang sangay na mas pagdiinan ang pagdadala ng mga lokal na isyu at ang pagdadala nito ay nasa lokal na balangkas. Ibig sabihin ay minaliit ang usapin ng mga isyung pampulitika at pambayan. Sa mga lokal na isyu ay minaliit naman ang responsibiliidad ng estado at ang pagpoprotesta ay sa loob lamang ng pamantasan.

Lumikha ang sangay para dito ng batayang "ito ang antas ng kamulatan ng masa sa UP". Mali ang ganitong pagsusuri. Mas wasto ang pagkilalang may abante, panggitna at nahuhuling bahagi sa hanay ng mga estudyante at batay dito paano aktuwal na pinakikitunguhan ng estudyante ang isyu ng pagtaas ng matrikula. Higit pa, dahil sa internal na kahinaan sa organisasyon ng sangay, nalilito at tumatalab na ang mga mali at repormistang linya at panawagan ng ibang mga petiburgis at burgis na mga pampulitikang puwersa.

***Gawaing internasyunal***. Ang demokratikong hayag na kilusang masa sa pamumuno ng mga rebolusyonaryong puwersa sa bansa ay hinangaan at sinuportahan ng iba't ibang organisasyon ng kabataan at estudyante mula sa ibang bansa. Sa pagkakabuo at paglakas ng mga pambansang sektoral na mga organisasyon at alyansa, nailatag na rin ang

mga sangkap para sa isang sistematiko at tuloy-tuloy na gawaing pang-internasyonal sa sektor.

Katunayan, nakapagbuo ang SLPO ng pakikipag-ugnayan sa maraming katapat na organisasyon sa ibang bansa. Noong 1981 ay pormal na tinanggap ang pagsapi nito sa isang asosasyon ng mga samahang pang-estudyante sa buong Asya. Gayon din, ang LPO-KK ay patuloy na nakapagmimintina at nakakakapagpalakas ng ugnayan sa iba't ibang samahan at institusyon sa ibang bansa.

Sa gawaing internasyonal, binibigyan ng malaking pansin ang pagkuha ng tulong at suporta hindi lamang para sa rebolusyonaryong kilusan ng KE, kundi para sa buong demokratikong rebolusyon ng bayan. Kaugnay nito, mahalaga ang napapanahong mga gawaing propaganda para sa rebolusyonaryong kilusan at koresponsal sa mga kaugnayang samahan o organisasyon. Sa kabilang banda, tungkulin natin ang kaukulang pagtulong at pagsuporta sa kanilang mga progresibo o rebolusyonaryong gawain o kilusan. Bagamat kaugnay nito, ang pagwawagi ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa ay malaking ambag sa kilusan sa iba't ibang bansa na lumalaban sa imperyalismo at mga lokal nitong naghaharing rehimen at nagsusulong ng mapagpalayang kilusan.

***Mga alyansa.*** Masaklaw ang pag-oorganisa ng mga sektoral na Alyansa ng Manunulat at ang Alyansa ng Konseho. Patuloy na dumadami ang mga naitatayong konseho ng mag-aaral sa mga paaralan sa buong bansa. Batay dito hakbang hakbang na binuo ang Alyansa sa Konseho. Panimulang nabuo ito na konsentrado ang kasapian mula sa NCR, bagamat may ilan nang mga kasapi din mula sa ibang siyudad. Aktibong naging kabahagi na ito ng mga kamapanyang masa simula ng ikalawang hati ng 1983. Noong Oktubre, 1985, sa pamamagitan ng Pambansang Konsultasyon ng mga Lider Estudyante, ipinanawagan na ang pangangailangang pormal na pagbubuo ng Alyansa ng Konseho sa pambansang antas. Ang Alyansa ng Konseho ay matatag at malawak na nabuo sa pambansang saklaw noong 1987.

Binuklod ang mga konseho upang higit na maging epektibong instrumento ng masang estudyante sa pagtataguyod ng kanilang interes at ng mamamayan. Sa pamamagitan ng Alyansa sa Konseho, napahigpit ang ugnayan at pagkakaisa, naitaas ang kamulatang pampulitika at nadireksyonan ang inisyatiba ng hiwa-hiwalay na mga konseho ng mag-aaral sa bawat paaralan sa bansa. May mahalagang papel din ang Alyansa sa Konseho sa paglilinang at pagsasanay ng mga lider istudyante.

Ang Alyansa ng Manunulat-NCR ay muling binuhay. Matagumpay na ipinaglaban ng mga pambansa demokratikong puwersa ang pamumuno dito laban sa ibang pampulitikang puwersa noong 1979. Hindi natagalan at binuo na din ang pambansang organisasyon ng Alyansa ng Manunulat. Malaki ang kontribusyon sa kilusang protesta ng Alyansa ng Manunulat mula pa noong 1980-1981. . Ang mga pambansang lider ay katuwang ng Sentrong LPO sa pagbibigay ng representasyon sa publiko at sa mga institusyon ng estado. Higit pa, ang mga pambansang lider at marami-raming balangay nito ay mahusay na nakapaglinaw ng mga paninindigan ng KKE at daluyan ng pambansa demokratikong propaganda.

Pursigidong isinabalikat ng mga pambansa demokratikong puwersa ang patuloy na pagpapalawak at pagbubuo ng mga balangay ng Alyansa ng Manunulat sa buong bansa. Patuloy na naging daluyan ito ng propaganda. Malaki ang ginampanang papel ng Alyansa ng Manunulat sa pagsasanay at pagpapasulpot ng mga progresibo't pambansa demokratikong aktibista't manunulat sa maraming mga balangay nito, lalo na sa NCR. Malaki ang kontribusyon ng Alyansa ng Manunulat sa paglalatag ng kalagayan para sa mas masingsing pag-oorganisa at pamumuno ng mga rebolusyonaryong puwersa sa balangay nito sa maraming paaralan.

***Halalan sa Konseho***. May paglalagom ng karanasan sa kampanyang eleksyon sa NCR noong kalagitnaan ng 1985. Mga partikular na karanasan at aral dito ang mga sumusunod:

Una, pinakatampok na katangian ng kampanya't halalan para sa konseho ay ang pagiging natural na aktibidad nito at pag-ehersisyo ng demokratikong karapatan ng malaking bahagi ng populasyon ng estudyante. Aktibidad ng masang estudyante na sa isang antas ay may pagkilala ang mga kapitalistang edukador at maging ang lipunan.

Ikalawa, ang rebolusyonaryong aktitud dito ay ang pagtatransporma nito sa isang kampanyang masa. Ibig sabihin, napakainam na kalagayan ito para mapalawak ang impluwesya't pamumuno sa masang estudyante, masapol at maipalaganap ang tunay na mga suliranin at interes ng masang estudyante habang mahigpit itong iniuugnay sa pambansa-demokratikong pagsusuri at linya..

Ikatlo, sa rebolusyonaryong layuning ipagwagi ang eleksyon, mahalaga ang wastong pampulitikang linya't islogan, malapad na alyansa,

at aktibong makinarya. Ikinokombina ito sa mga pili at mahuhusay na kandidato, sa pang-araw-araw na pagsusuri sa itinatakbo ng kampanya at sa partikular na plano para sa araw mismo ng eleksyon.

At ikaapat, nilinaw ang pampulitikang oryentasyon ng konseho ng mag-aaral. Isa itong epektibong sandata ng masang estudyante para sa pagtataguyod ng kanilang demokratiko't pangkagalingang interes. Behikulo ito para sa pakikiisa at pagtataguyod ng masang estudyante sa interes ng malawak na mamamayang Pilipino. Ang mga konseho ay sanayan at pinagmumulan ng mahuhusay na lider estudyante, para sa lokal na kilusang masa, pati na sa pambansang sektoral na organisasyon.

***Papel ng KM.*** Ang KM ang lihim na pambansa demokratikong organisasyong masa sa sektoral na kilusan. Ito ay bahagi ng kilusang lihim ng hayag na kilusang masa, na kung saan Partido ang bag-as. Natukoy na at dapat iwasto ang kanang oportunismong likidasyonismo ng KM. Ilan pang punto sa pagsasaayos ng organisasyon ang sumusunod:

a. direktang inoorganisa at pinamumunuan ng Partido ang KM. Tinitiyak ng Partido ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong pagpapalakas sa KM.

b. may sariling panuntunan sa organisasyon ang KM bilang isang organisasyong masa habang mahigpit na pinamumunuan ng Partido.

k. papalapad (o horisontal ) ang diin ng pagtatayo ng istruktura nito, na ang ibig sabihi'y pagpapalawak ng kasapian na umaabot y ng mga maaaring maging kasapi ng Partido.

e. itinatayo sa loob ng mga organisasyong masa, alyansa, institusyon saklaw ng pagkilos sa kabataan-estudyante.

***Solidong pag-oorganisa***. Sa pag-aayos ng pamamaraan para sa solidong pag-oorganisa, mahalagang mapag-aralan at masapol ang mga nilinaw na pamamaraan ng GE-KPE sa OUT.

# PAGLALAGOM NG HAYAG NA REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG KABABAIHAN (1980-1992)

***ng Pambansang Kawanihan ng Kilusang Masa ng Kababaihan***

***(Muling isinulat batay sa Kumperensya ng PK-PKO ng 1994)***

# PAGLALAGOM NG HAYAG NA REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG KABABAIHAN (1980-1992)

***Pambansang Kawanihan ng Kilusang Masa ng Kababaihan 1995***

***(Muling isinulat batay sa Kumperensya ng PK-PKO ng 1994)***

**SA KALAKHAN ANG** saklaw ng paglalagom na ito ay ang hayag na rebolusyonaryong kilusang kababaihan (RKK) na nakasentro sa NCR. Gayunman hindi maiiwasan ang pagbanggit sa iba pang sentrong urban dahil tumatagos sa mga ito ang mga patakaran ng Kawanihan. Kaya hindi buo at komprehensibong nilalagom ang RKK sa buong bansa, at labas na rito ang RKK sa kanayunan na pinakamalaking bahagi ng RKK sa bansa.

Subalit may mga bahagi ng paglalagom na sumasaklaw sa buong RKK tulad ng oryentasyon nito, ang Makibaka bilang lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng kababaihan, ang mga kurso at isyung kababaihan na pinalaganap sa kalunsuran at kanayunan. Ang mga bahaging ito ay tumagos sa iba't ibang antas ng organisasyon ng Partido at sa iba't ibang bahagi ng rebolusyonaryong kilusan.

Nahahati sa dalawang bahagi ang paglalagom. Una ang pagbaybay sa kasaysayan ng RKK nang halos dalawang dekada, bagaman ang diin ay mula mula 1980 hanggang 1992. Isinentro ang paglalagom sa mga taong 1980-1992 para makita at maunawaan kung paano naapektuhan ang hayag na RKK nang mahigit isang dekada ng mali at lihis na linyang SCO ("strategic counter-offensive") at ang ibinunga nitong disoryentasyon sa Partido, at nang sariling dala-dalang kaguluhan at kalituhan ng Kawanihan tulak ng burges na feminismo na ibayong nagpasahol ng kaguluhan sa pagsusulong ng kilusang kababaihan.

Pangalawa, ang paghalaw ng mga aral sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa paghahanay ng malalaking pagkakamali o paglihis ay kasabay na tinatalakay ang wastong pagsusuri at pagtingin sa mga ito ayon sa Marxismo-Leninismo-Maoismo. Sa ganito matibay na mapanghahawakan ang mga saligang prinsipyo ng Partido tungo sa pagsusulong ng RKK sa mga susunod pang taon.

## I. ISANG DEKADA NG MGA PAGSULONG AT PAGLIHIS

**KASAYSAYAN ANG NAGPAPAKITA** na ang kababaihang Pilipino ay kalahok sa pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan.

Sina Melchora Aquino, Gregoria de Jesus at Gabriela Silang ay ilan lamang sa kababaihang naging imortal ang pangalan dahil sa mahalagang papel na ginampanan nila sa rebolusyon laban sa kolonyalismong Espanyol. Sa panahon nila ay sanlaksa pa ang mga limot na bayaning babae na gumampan ng samu't saring gawain para sa Katipunan gaya ng pagkukubli ng mga tabak, pagdaraos ng sayawan habang nagpupulong ang mga Katipunero, panlalansi sa mga guwardiya sibil, at paghahatid ng balita.

Sa panahon ng imperyalistang pananakop, kasamang nasaksihan ng mga mananalakay na Amerikano at ng mga kolonyalistang Hapon ang magiting na pakikibaka ng kababaihang Pilipino. Di iilan ang mga "henerala" at mga mandirigmang kumander na babae na nagpakita ng kabayanihan sa labanan, at di mabilang ang mga kababaihang magsasaka na lumahok at sumuporta sa iba't ibang antas ng digmang gerilya.

Hindi nga lamang makikita sa opisyal na kasaysayan ng Pilipinas ang gayong mga kagitingan ng kababaihan dahil sa pagpapalabnaw at pagbaluktot na ginawa ng mga makadayuhan at taksil na historyador sa buong kasaysayan ng Pilipinas. Ngunit katotohanan itong hindi maikukubli.

Mahigpit na pinanghahawakan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rebolusyonaryong tradisyon ng masang kababaihan sa pagpapatuloy ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan na di maihihiwalay na bahagi at mahigpit na kasanib ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pamamatnubay ng Partido, ibayong napukaw ang paglahok ng kababaihan sa rebolusyonaryong pakikibaka. Sa pagsusulong nga

demokratikong rebolusyon ng bayan, naging aktibo silang kalahok sa mga martsa sa lansangan, sa mga welga at piketlayn at sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Sa pamumuno ng Partido naitaas ang kamalayang pampulitika ng kababaihan at naitaas din ang antas ng kanilang organisasyon at pakikibaka. Iminulat sa kanila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang tunay na ugat ng kanilang api at pinagsasamantalahang kalagayan sa lipunan, ang kanilang halaga bilang pwersang panlipunan na kailangang lumahok sa lahat ng larangan ng pakikibaka at mga usapin sa paglaya ng bayan at lipunan, sa pagtransporma ng daigdig at pagsulong ng sangkatauhan, at sa tunay na paglaya ng kababaihan.

Nang muling itatag ang Partido noong 1968 batay sa ideolohiyang MLKMZ binigyan ng karampatang pansin at pagsisikap ang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kababaihan. Inorganisa ang masang kababaihan sa kanayunan at kalunsuran sa mga pangmasang organisasyon. Hinikayat ang paglahok ng kababaihan sa armadong pakikibaka tulad ng kalalakihan at namalas ang pagtutulungan ng babae't lalaki sa loob ng hukbo. Kaalinsabay tiniyak ng Partido ang pagtataguyod at pangangalaga sa mga karapatan ng kababaihan. Isa sa mga saligang alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan na itinatag noong 1969 at pinamamatnugutan ng Partido ang mahigpit na pagbabawal sa pagsasamantala sa kababaihan.

Bago pa man nito, noong 1964 sa pagkakabuo ng Kabataang Makabayan (KM) at sa pamumuno ng mga mulat na proletaryong kadre ng lumang Partido, ay libu-libo nang kababaihan ang napakilos at napalahok sa pakikibaka. Nagbuo ang KM ng kawanihan ng kababaihan sa iba't ibang antas ng organisasyon, nag-organisa ng mga nanay sa komunidad, kumilos sa mga eskwelahang pangkababaihan, at nagpadala ng kababaihan para lumahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Kasunod ng mga ito, sa *Patnubay sa Pag-oorganisa para sa mga Kadre at Kasapi ng Partido (1971)*, itinakda ang hakbang-hakbang na pag-oorganisa ng kababaihan sa kanayunan at ang representasyon nila sa mga itatayong komiteng pang-organisa ng baryo (KPB). Ang KPB ay itinuturing na binhi ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Sa *Lipunan at Rebolusyong Pilipino (1971)* ni Amado Guerrero, kinilala ang "pang-aapi ng kalalakihan" bilang dagdag sa makauring pang-aapi na dinaranas ng kababaihan. Gayundin, idiniin ang pangangailangang bigyan ang

kababaihan ng pinakamalawak na partisipasyon sa demokratikong rebolusyon ng bayan, at ang paggampan nila sa mga pangkalahatan at espesyal na tungkulin sa rebolusyon.

Pinalaganap din bilang mga pangunahing sanggunian ang mga artikulo at akda nina Marx, Lenin, Engels, Stalin at Mao hinggil sa kababaihan, at mga babasahin tungkol sa kababaihan sa panahon ng Rebolusyong Pangkultura sa Tsina.

Sinuportahan at itinaguyod din ng Partido ang mga sektoral na pagkilos ng kababaihan sa hayag sa pangunguna ng Makibaka (Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan) noong 1971 na nagbandila ng kilusan para sa pagpapalaya ng kababaihan sa balangkas ng pambansa-demokratikong pakikibaka. Nagsilbing inspirasyon sa Makibaka ang mensahe ni Jose Ma. Sison sa unang kongreso nito noong Marso 1972 na kumilala sa kahalagahan ng kilusan para sa pagpapalaya ng kababaihan. Kanyang inilinaw na ang kilusang ito ay dapat dumaan sa bagong tipo ng pambansa demokratikong rebolusyon para makasulong nang husto sa pagwawakas ng mahabang kasaysayan ng pang-aapi sa kababaihan. Kasunod nito'y sinabi rin niyang dapat magpatuloy ang pakikibaka ng kababaihan sa ganap na paglaya sa buong panahon ng sosyalistang rebolusyon. Sa kongreso ring ito ipinasyang palitan ng "Makabayan" ang "Malaya" sa pangalan ng Makibaka para idiin ang pagpapalaya sa kababaihan sa balangkas ng pagpapalaya ng buong sambayanan.

Binuo ng mga kababaihang estudyante at propesyunal, ang Makibaka ay nagsimula sa iilang kababaihan at umabot ng 200 ang kasapian bago idineklara ang batas militar. Nakapagtayo ito ng mga balangay sa mga paaralan at komunidad ng mga sentrong lunsod sa Luson, Bisaya at Mindanaw. Nabuo rin ang Makibaka Mothers Corps ng mga ina, kamag-anak at kaibigan ng mga kasapi ng Makibaka.

Samantala'y dumami na rin ang mga nakikibakang kababaihang manggagawa, na lumahok sa mga piketlayn at sa mga protesta sa lansangan. Isang welgistang babaeng manggagawa ng Rossini's Knitwear, si Liza Balando, ang nagbuwis ng buhay nang siya ay barilin ng mga pasistang sundalo sa rali noong Mayo Uno sa tapat ng lumang kongreso noong 1972.

Matapos mailatag ang mga pangkalahatang prinsipyo sa pagpapalaya ng kababaihan at mamukadkad ang mga pagkilos, organisasyon, at gawaing kababaihan ng pambansa demokratikong kilusan ay itinayo ng Partido ang

pambansang organo na mangangasiwa sa usaping kababaihan noong 1971. Inatasan ang Pambansang Kawanihan ng Kababaihan na magpalalim sa mga usaping kababaihan, magsagawa ng pananaliksik sa kalagayan nila, magbalangkas ng partikular na oryentasyon ng kilusan laluna sa kanayunan, at magrekomenda ng mga patakarang pangkababaihan sa loob ng Partido.

Noong dekada sisenta hanggang sitenta, samantalang tumatampok ang rebolusyonaryong pakikibaka ng kababaihan sa pambansang pagpapalaya tulad sa Byetnam, o sa pagsusulong ng sosyalistang konstruksyon tulad sa Tsina, North Korea at Cuba, ay nakikipag-agawan naman ng atensyon ang mga burges na feministang kilusan sa Kanluran na noo'y nagdadala rin ng panawagang "women's liberation." Noon pa man, may dalawa nang tunguhin sa pagpapalaya ng kababaihan: ang linyang burges na anti-kalalakihan at ang makauring linyang proletaryo. Sa iba't ibang pagkakataon ay tumagos ang impluwensyang anti-kalalakihan sa kilusang kababaihan sa Pilipinas, bagaman sa kalakha'y wastong napanghawakan ang linya ng rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan.

Nasa proseso ng pagbabalangkas ng partikular na oryentasyon ng RKK ang Pambansang Kawanihan ng Kababaihan noong 1972 nang ideklara ang batas militar. Sinarhan ang lahat ng daan para sa lehitimong pakikibaka ng mamamayan. Kasama ang mga kasapi ng Makibaka na kumilos nang lihim sa lunsod at nagbuo ng mga lihim na selula. Bago nahinto ang pagkilos ng organisasyon noong 1974 ay nakondena nito ang Ms Universe Pageant na inisponsor ng diktadurang Marcos at ginanap sa Maynila sa taon ding iyon.

Sa patuloy na paghigpit ng kalagayan sa lunsod at bilang pagtugon sa panawagan ng Partido na tumulong sa pagbubukas ng mga sonang gerilya sa kanayunan, marami sa mga aktibista, kabilang ang kababaihan, ang nagtungo sa kanayunan.

## A. Ang Pag-agos ng Hayag ng RKK sa ilalim ng Pasistang Diktadura

Ang pagpataw ng batas militar noong 1972 ay nagpalubha nang ilang doble sa pagsasamantala, pang-aapi at pagkasangkapan ng rehimen at ng mga naghaharing uri sa mamamayan, partikular sa kababaihan. Libu-libong kababaihan ang inakit na magtrabaho sa mga export processing zones, sa napakababang suwelo at sa di makataong kalagayan.

Nagbunga ito ng malawakang pang-aabuso sa kababaihan sa anyo ng "lay down, lay off policy." Tumindi ang pagtatakda ng mga kota, sapilitang overtime, pagiging aprentis o kaswal, subcontracting, at pagbawas ng benepisyo sa maternity leave.

Agresibong ipinatupad ng rehimen ang programa nito sa paglilimita ng populasyon at isisi sa paglaki nito ang krisis ng bansa. Tungo rito pinalaganap ang paggamit ng pildoras at iba pang kontraseptib nang walang pagsasaalang-alang sa kagustuhan, kaligtasan at kalusugan ng kababaihan. Ginawang insentib ang pagpapatali o paglilimita ng anak para makatanggap ng benepisyong maternity at tax exemptions, minsan pa nga ay kapalit ng pera o radyo.

Dagdag pa rito, hinayaan ng estado ang "sex tours." Ibayong lumaganap ang prostitusyon sa anyo ng mga hospitality girls at escort services. Ginawa ring opisyal na patakaran ng gobyerno ang pag-eeksport ng paggawa, at ilampung libong babae ang lumabas ng bansa bilang katulong, entertainer, at factory worker. Marami rin sa kanila ang naging biktima ng "sex trafficking." Nagbahagi ang kababaihan ng kita nila sa rehimen samantalang wala itong naibibigay na proteksyon laban sa pang-aabuso, pagsasamantala at pagmamalupit sa kanila sa ibang bansa.

Sa kanayunan, lalong pinag-ibayo ang pagsasamantala at pang-aaping pyudal at malapyudal sa pamamagitan ng huwad na reporma sa lupa at mga programang kontra-magsasaka. Lalong nabaon sa pagdarahop ang masang magsasaka.

Malupit na pinakawalan ng pasistang rehimen ang puting lagim nito sa kanayunan, na bumiktima ng di mabilang na magsasaka, kasama ang kababaihan at ang kanilang pamilya. Marami ang inaresto, ginahasa, tinortyur, pinatay, ihiniwalay sa kanilang asawa at mga anak, nawalan ng kabuhayan, at sinunog ang bahay at mga pananim.

Hindi rin nakaligtas ang uring petiburges sa paglabag sa karapatang tao sa kalunsuran. Di mabilang na kababaihan ang naging laman ng mga detensyon at piitan, at ginamitan ng sekswal na karahasan.

Nagsilbing matabang lupa ang matinding panunupil at krisis pangkabuhayan para lalong mapadali ang pagmumulat sa kababaihan.

Sa matiyagang pag-oorganisa ng mga kadre at kasapi ng Partido, at ng mga aktibista ng pambansa-demokratikong kilusan, naitayong muli ang mga nalansag na organisasyon sa iba't ibang anyo, nakapag-ipon ng sapat na lakas

para makapagpalawak sa buong kapuluan, at naigiit ang ligal na pagkilos sa mga kalunsuran.

Ang kilusang kababaihan na sumulong sa linyang pambansa-demokratiko noong maagang bahagi ng dekada sitenta ay hindi nakitil ng rehimeng diktador. Nagbanyuhay ito sa anyo ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka sa kanayunan, ng mga kababaihang manggagawang nakapaloob sa mga militante at rebolusyonaryong unyon, ng mga kababaihang petiburges sa mga antipasista at anti-imperyalistang organisasyon.

Sumulong ang kilusang kababaihan sa kanayunan sa gitna ng antipyudal na pakikibaka at pakikidigmang gerilya ng mga mamamayan. Sa pamamatnubay ng Partido, nabuo ang Bagong Hukbong Bayan. Ibayong pinasigla ang pagtatayo ng mga samahan ng magsasakang kababaihan sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Namukadkad sa kanayunan ang mga grupong pang-organisa ng kababaihan laluna matapos ang "Mahigpit Nating Mga Tungkulin" noong 1976. Itinakda nito ang makauring pag-oorganisa sa kanayunan, pati na sa hanay ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka.

Sa bisperas ng pagbagsak ng diktadurang US-Marcos ay umabot na sa ilampung libo ang organisadong kababaihan sa kanayunan. Lumahok sila sa mga antipyudal na pakikibaka kasama ng kanilang mga asawa at anak at sa mga malawakang pagkilos laban sa militarisasyon sa kanayunan. Kasabay nito ay naglunsad din sila ng mga kampanya sa produksyon, kalusugan, nutrisyon, sanitasyon, gawaing edukasyon at pangkultura. Iginiit at ipinagtanggol din ng kababaihan ang kanilang mga karapatan at militanteng nakibaka sa mga pyudal na relasyon sa tahanan at mga pang-aabuso sa kanilang pagkababae ng mga panginoong maylupa.

Sa kalunsuran naman, naipaloob ang kababaihan sa mga lihim na grupo, sa pabrika at paaralan. Sumigla ang pag-oorganisa ng mga rebolusyonaryong unyon, at sa kabila ng pagbabawal ng welga ay pumutok ang mga welga na pinakatampok ang welga noong 1976 sa La Tondena Distillery na kababaihan ang kalakhan ng manggagawa. Sinundan ito ng sunud-sunod na welga ng mga manggagawa sa iba't ibang pabrika. Sumuporta rin sa mga welgang ito ang mga asawa at anak ng mga welgista.

Samantala, sinimulan nang tuligsain ng mga kabataan at estudyante ang krisis sa edukasyon at ang pagkipot ng oportunidad nilang umunlad sa buhay, laluna sa bahagi ng kababaihan. Tumampok ang kabataan sa mga demokratikong

protesta laban sa pasistang diktadura at imperyalismong US na nagpatindi ng kahirapan at panunupil sa bayan.

Tumindi pati ang pakikibaka ng mga tribung minorya. Sa Cordillera, tampok ang militanteng paglahok ng kababaihan laban sa pagtatayo ng Chico River na matapang na sumugod at naglansag ng mga tolda at kampo ng mga pasistang militar na nakahimpil sa ilog, at itinaboy ang mga sundalo sa lugar. Dumami rin ang mga minoryang kababaihan na sumampa sa hukbong bayan.

Sa panahon ng pasistang represyon tanging Partido ang namuno sa pagsusulong ng pakikibakang kababaihan. Inorganisa sila at ipinalaganap ang rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan. Sa mga pag-aaral ng mga pangkalahatang organisasyon ay ipinakita ang kahalagahang lumahok sila sa mga pakikibaka ng sambayanan at ng mga makauring kilusan.

Itinaguyod at pinangalagaan ng Partido ang pantay na karapatan nila sa kalalakihan at nanawagang iwaksi nila ang mga pyudal at burges na kaisipan at kalakaran na nagtatali sa kanila sa mas abang katayuan sa lipunan. Naglabas din ang Partido ng mga alituntunin sa proletaryong pagpapamilya at pakikipagrelasyon, kinilala ang pantay na karapatan ng babae at lalaki, kasama na ang karapatan ng mga babaing makapanligaw, at ang diborsyo. Nagpataw ito ng disiplina sa mga nambubugbog ng asawa. Bahagi ng sistema ng hustisya ng rebolusyonaryong kilusan ang parusang kamatayan sa mga kaso ng panggagahasa.

Dumami ang mga babaing napakilos sa iba't ibang antas at larangan ng rebolusyonaryong pakikibaka, sa armadong pakikibaka man o mga demokratikong protesta sa kalunsuran.

Habang inilalatag ng kilusang pambansa demokratiko ang pakikidigmang gerilya sa kanayunan ay nagsimula itong magdiin sa konsolidasyon ng baseng masa noong huling bahagi ng dekada sitenta. Kabilang sa konsolidasyon ang pag-aangat ng antas ng mga grupong pang-organisasyon ng kababaihan tungo sa mga ganap na samahan.

Ang mga ganap na organisasyong masa ay hindi na limitado sa maliliit na grupo kundi sumasaklaw na ng mga baseng baryo at minsa'y umaabot pa sa antas ng ilang magkakatabing baryo. Tinugunan ng mga rehiyon ang tungkulin sa pag-oorganisa ng kababaihan at pagsasanay sa kanila tulad ng kalalakihan, at nagbuo ng mga programa para dito.

At bagaman wala pang pambansang organo ng Partido na nakatutok sa pagsusulong ng kilusang kababaihan, inasikaso naman ito ng mga lokal at panteritoryong organo sa kani-kanilang saklaw. Sa iba't ibang antas ay nagpakilos, nagmobilisa at nag-organisa sila ng kababaihan para isulong ang digmang bayan, at ang paglaya ng kababaihan sa partikular.

Bago pumasok ang dekada otsenta, masigla na ang kilusang kababaihan na isinusulong ng mga anakpawis. Sa iba't ibang antas at paraan ay nagdadala ito ng linyang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista. Pinakamarami ang kababaihang anakpawis sa pagsusulong ng kilusang ito sa balangkas ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan. Nabuo ang batayang lakas ng pambansa-demokratikong kilusang kababaihan sa pagkilos at pag-oorganisa ng kababaihang anakpawis sa kalunsuran at kanayunan. Ang kailangan na lamang ay tahiin, konsolidahin at bigkisin ang mga pagsisikap na ito sa pambansang saklaw, habang hinahatak na sumuporta sa saligang alyansa ang kababaihang petiburgesya.

Nang pumasok ang dekada otsenta ay masyado nang isinusuka ng mga mamamayan ang diktadurang Marcos. Tumindi ang krisis sa ekonomya at umigting din ang pakikibaka ng mamamayan. Higit namang naging masigla at mapangahas ang protesta ng kababaihan, laluna ang mga kababaihang manggagawa na nagpamalas ng militanteng pakikibaka sa iba't ibang welga.

Pumutok ang mga welga ng kababaihang manggagawa sa mga pagawaan ng garments at elektroniks. Pinangunahan nila ang mga koordinadong welga sa mga factory belts tulad ng BEPZ (Bataan Export Processing Zone) at FTI (Food Terminal Inc,) sa Taguig. Binuo noong 1982 ang isang alyansa ng kababaihang manggagawa. Kasama rin ang mga kababaihang lider manggagawa sa pagbubuo ng sentrong hayag ng kilusang paggawa noong 1980.

Mga kababaihang manggagawa ang kauna-unahang nagbukas ng militanteng pagdiriwang ng Marso 8 sa ilalim ng diktadura noong 1983. Dala ang islogang "makibaka para mabuhay", mga 300 manggagawang kababaihan ang dumalo sa rali sa Liwasang Bonifacio.

Samantala, sumanib ang kababaihang mag-aaral sa mga boykot at protesta laban sa pagtaas ng matrikula at para sa mga demokratikong reporma sa edukasyon. Paparami ang babaing petiburges na napakilos sa mga organisasyon at pakikibakang sektoral, sa protestang pampulitika, at sa pagsuporta sa pakikibaka ng masang anakpawis at bilanggong pulitikal.

Kasabay halos ng pagsiglang ito ng hayag na kilusang kababaihan sa NCR ang kilusang kababaihan sa Mindanaw na naglunsad ng mga porum hinggil sa sitwasyon ng kababaihan, nagtayo ng mga multisektoral at institusyong kababaihan, at nagpalaganap ng edukasyon kababaihan.

Samantala, patuloy na sumulong ang mga organisasyong kababaihan sa kanayunan. Inilabas noong 1982 ng Kagawaran sa Instruksyon ng Partido at ipinalaganap sa kanayunan ang "Maikling Kurso sa Kilusan sa Pagpapalaya ng Kababaihan." Nilinaw nito ang papel ng kababaihang magsasaka sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at ang natatanging tungkulin nila sa demokratisasyon sa pamilya at sa produksyon. Patuloy namang sumampa sa hukbong bayan ang mga babaing magsasaka.

Tampok din ang mga militanteng pagkilos ng kababaihan sa kanayunan. Mula Hilagang Luson, Timog Katagalugan, Bikol at hanggang Bisaya at Mindanaw ay nilaman ang kababaihan ng mga martsa-rali laban sa militarisasyon at kawalan ng lupa. Partikular sa Bikol, umabot ang mga raling ito sa saklaw na lampas distrito at nilahukan ng mamamayan sa iba't ibang probinsya. Maraming kababaihan at lider-kababaihan ang lumahok sa mga pagkilos na ito.

Tunay na lumakas ang pampulitikang pagkilos ng kababaihan sa panahong bago pinaslang si Ninoy Aquino. Nakadagdag ito sa pagtinging malakas at konsolidado na ang batayang pwersa ng masa para sa rebolusyon. Ngunit sa halip na palaparin at palalimin pa ang pagkilos sa hanay ng batayang masang kababaihan, ang itinakda nang prayoridad sa kilusang kababaihan noong unang mga taon ng dekada '80 ay ang pagtatayo ng malapad na alyansang ligal, mga alyansang sektoral at mga alyansang nakabatay sa taktikal na isyu para mabilis na kabigin ang panggitnang pwersa at pamunuan ang pinakamalawak na bilang ng kababaihan. Ito'y bilang pagsang-ayon ng hayag na RKK sa insureksyunistang balangkas ng abanteng subyugto patungo sa SCO (strategic counter-offensive) ng Partido noong 1981 na nagtakda ng tungkulin na ang diin na ng gawain ay ang pagkabig sa panggitnang pwersa at pampulitikang paghahanda ng buong mamamayan sa layong dalhin sa estratehikong pagkakapatas ang yugto ng rebolusyon na may kasabay na paglalako ng posibilidad na malampasan ang yugto ng estratehikong pagkapatas tungo sa mapagpasyang tagumpay ng rebolusyon.

Tungo rito, lohikal na ipinuwesto ang binuong organo ng Partido sa kilusang kababaihan sa hanay ng panggitnang pwersa. Sa isang resolusyon ng Politburo noong 1983, inatasan ang UFC (United Front Commission) na magbuo

ng grupo ng Partido na mangangasiwa sa gawaing kababaihan sa sektor ng panggitnang pwersa. Sa grupo na rin ng Partido iniatang ang pagbabalangkas ng oryentasyon ng rebolusyonaryong kilusang kababaihan (RKK).

Gayunman, kapwa ang UFC at grupo ng Partido ay kapos sa teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa mga usaping kababaihan. Walang mga dokumento o pagtatasang tangan sa karanasan ng kilusang kababaihan sa nakaraang dekada. Hindi rin naman masusing napag-aralan ang mga sulatin at programa ng Partido kaugnay ng kababaihan, gayundin ang ilang piling Marxistang akda hinggil sa kababaihan. Kaya nagpakasapat na muna ang grupo ng Partido sa mga pangkalahatang tungkulin ng SCO sa pulitika sa lunsod at gawaing alyansa. Hinayaan din munang humalaw ito ng karanasan hinggil sa mga partikular na usapin sa kilusang kababaihan.

Ang malakas na unos ng anti-pasistang pakikibaka simula nang paslangin si Ninoy Aquino noong 1983 ay malawakang pumukaw at nagpakilos sa masang kababaihan, kabilang na ang kababaihang petiburges at maging ang mga kababaihan kabilang sa mga reaksyunaryong anti-Marcos. Ang pinakamalaking rali (10,000) ng kababaihan laban sa diktadura na naganap noong Oktubre 28, 1983 ay plinano sa ilalim ng "joint leadership" ng mga burges na repormista, liberal demokrata, at mga pambansang demokrata. Matapos nito ay naging sentral na gawain na ng hayag na kilusang kababaihan hanggang 1986 ang pakikipagkaisa sa mga pampulitikang pwersang ito sa isang malapad na alyansang antipasista na itinayo noong 1984.

Sa kalakhan ay positibo at matalas na pumosisyon ang malapad na alyansang antipasista sa mga isyung antipasista tulad ng paglabag sa karapatang tao, terorismo ng estado, bilanggong pulitikal, mapaniil na mga dekreto. Nagdala rin ito ng mga anti-imperyalistang isyu tulad ng imposisyon ng IMF-WB sa ekonomya, laban sa mga baseng militar ng US, laban sa plantang nukleyar, at interbensyon ng US sa bansa. Tumindig ang malapad na alyansa bilang malakas na pwersang anti-diktadura na sa pana-panahon ay nagdala ng mga anti-imperyalistang isyu. Ang pinakamalalaking rali nito ay di bumababa sa 5,000 kababaihan sa NCR.

Sa pamamagitan ng malapad na alyansa ay mabilis na pumwesto ang hayag na RKK sa mga plano para sa "polarisasyong pampulitika", sa mga paralisasyon at pag-igting ng pakikibakang masa sa kalunsuran. Tiniyak ng RKK ang paglahok at pagsuporta ng mga pwersa at alyado nito sa mga welgang bayan, pangkalahatang welga ng mga manggagawa, at malalaking pampulitikang

mobilisasyon. Sa di iilang pagkakataon ay inudyukan ang RKK sa hayag na maglunsad ng mga “dramatikong” aksyon na aakit ng pasismo ng kaaway, na tinanggihan naman ng mga kadre ng Partido sa kilusang kababaihan.

Gayunman sa mga serye ng mga kampanya ay dama na ang pangangailangan sa konsolidasyon at pagkabanat ng mga pwersa. Litaw na rin ang mga suliranin sa koalisyunismo na naghulog sa mga kadre sa pakikipagkompromiso.

Ang malapad na alyansa ay binuo ng 48 organisasyon na nakabase sa NCR hanggang sa maging 87 ito (33 mula sa Mindanaw at 54 mula sa NCR). Karamihan sa kasaping organisasyon ay mula sa petiburgesyang lunsod na maliliit ang kasapian tulad ng mga organisasyong relihiyoso, sibik, at mga legal na institusyon at programa. Dalawampu lamang dito ang hindi pinamumunuan o impluwensyado ng Partido, ngunit binigyan ng higit na pwesto sa pamunuan ang mga burges na repormista at mga liberal demokrata na sumama sa alyansa. Samantalang sadyang nakapangibabaw ang burgesyang kababaihan sa pamunuan, rekurso at pwersa naman ng Partido ang nagtiyak sa araw-araw na takbo ng alyansa.

Kasabay ng pagtatayo ng alyansa ay saka pa lamang binuo ang mga batayang organisasyon ng masa sa pambansang saklaw na siyang magsisilbing salalayang lakas ng alyansa. Noong 1984 naitayo ang alyansa ng organisasyon ng mga kababaihang manggagawa; sa gayong taon din naitatag ang alyansa ng organisasyon ng mga kababaihang maralita sa lunsod, bagaman nagmula ito sa isang organisasyong masa-alyansa noong 1983 ng mga kababaihang petiburges at maralita. Bandang 1986 na nang maitayo ang alyansa ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka. At para mapatalas ang pagdadala ng anti-imperyalistang linya sa mga panggitnang pwersa, 1984 din binuo ang anti-imperyalistang organisasyon ng mga kababaihang petiburges.

Sa kabila ng mga pagsisikap na ito, di napatampok ang papel ng mga batayang masang kababaihan sa alyansa. Mga panggitnang pwersa ang malinaw na nakapwesto sa pamunuan, at nang simula pa nga ay mga reaksyunaruyong kababaihang anti-Marcos. Minorya ang kinatawan ng mga kababaihang anakpawis sa alyansa bagaman sila ang bumubuo ng malaking mayorya ng kasapian ng alyansa. Sa kalakhan ay naging pwersang pangmobilisasyon na lamang sa alyansang ito ang mga organisasyon ng kababaihang anakpawis.

Ipinakarga rin sa malapad na alyansa ang tungkulin na lampas sa katangian nito at tuloy lumikha ng disoryentasyon sa mga kadre ng Partido. Ang malapad na alyansa ay isang alyansang anti-diktadura na nananatiling binubuo ng iba't ibang pampulitikang pwersa. Ngunit inasahan din itong maging "pampulitikang sentro" ng militanteng kilusang kababaihan. Iginiit na pumosisyon ito hindi lamang sa mga isyung antipasista kundi pati anti-imperyalista at antipyudal na umabot sa mga "kaliwang" pagmamaniobra na nagresulta sa unti-unting pag-alis ng mga reaksyunaryong anti-Marcos at maging ng iba pang alyado. Tuluyan nang kumitil sa alyansa ang maling taktikang boykot ng Partido noong 1985 sa snap elections. Ngunit di man sinasadya'y nakabuti ang pag-alis ng mga "alyado" sa alyansa para tuluyan na itong tumayo bilang sentro ng pambansa-demokratikong kilusang kababaihan sa hayag.

Kasabay ng pangingibabaw ng burgesyang kababaihan sa malapad na alyansa ay ang maluwag na pagtagos sa hayag na kilusang kababaihan ng mga impluwensya ng burges na feminismo. Simula 1982 na nagpatuloy hanggang sa mga unang taon ng dekada nubenta ay naging aktibo ang mga kadre ng kilusang kababaihan sa pagdalo sa iba't ibang pandaigdigang kumperensya hinggil sa mga usaping kababaihan na inisponsor ng UN at ng iba't ibang NGO, sa pakikipagpalitan ng mga materyales at komunikasyon sa mga indibidwal at grupong feminista, sa pagiging punong-abala sa mga bisitang feminista, sa pagbubuo ng mga suportang grupo sa hanay nila, sa pag-aaral ng samu't saring sulating feminista. Na-engganyo ang mga kadre na harapin ang mga usaping feminista hindi lamang dahil sa atraksyon sa mga "bagong" ideya (gender sensitivity, feminist analysis and management, the personal is political, reproductive rights, sexuality, atbp) at paghahanap ng partikularidad ng kilusang kababaihan kundi para makabahagi din sa pagbaha ng mga pondo mula sa ibang bansa patungo sa mga programa at proyektong kababaihan (at pati na sa mga bata). Mahigpit ang pangangailangan ng pondo para sa pagpapatindi ng pampulitikang pagkilos sa kalunsuran, at inasahang mabilis na makakapagpasulpot nito ang kilusang kababaihan. Lalong hindi naging mapagmatyag ang mga kadre ng Partido sa panganib ng burges na feminismo bilang isang sangkap ng opensiba sa ideolohiya ng imperyalismo laban sa proletaryado. Layon ng opensibang ito na madiskaril, maipaloob o mahatak sa balangkas ng repormismo ang mga progresibo at rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa pamamagitan ng pangangalandakang ang feminismo ay usaping supraclass (hindi usapin ng uri).

Naging krusyal ang NGO forum sa Nairobi, Kenya noong 1985 para lumapat at tumimo ang feministang impluwensya sa hayag na kilusang kababaihan. Di bababa sa labinlimang delagado ang ipinadala dito ng malapad na alyansa na bagaman matagumpay na naglantad ng oposisyon ng kababaihang Pilipino sa diktadurang US-Marcos sa pamamagitan ng isang human chain na nilahukan ng 800 kababaihang mula sa iba't ibang bansa ay nalantad at nabighani naman sa feminismo bilang supraclass movement at sa linyang "sosyalista-feminista". Mula Nairobi ay lumarga ang hayag na RKK sa pakikipag-ugnayan sa mga grupong feminista at sumapi sa ilang pormasyong feminista sa daigdig.

Ang impluwensya ng burges na feminismo, partikular ng linyang "sosyalista-feminista", ay higit na nagtulak sa mga kadre ng Partido na hanapin ang partikularidad ("distinctness") o natatanging katangian ng kilusang kababaihan. At nakita ito sa pagdadala ng mga partikular na isyu ng kababaihan. Tiningnang hindi sapat na pumosisyon lamang sa mga usaping pambayan. Para maituring na tunay na kilusang kababaihan, kailangang magdala ito ng mga "sariling" isyu. Kayat sa isang banda'y sinunggaban din ng hayag na RKK ang pag-igting ng pakikibakang masa para maiprodyek ang sariling pagkilos ng kababaihan at makapagdala ng sariling mga isyu. Habang iginuguhit ang papel ng natatanging kilusan ng kababaihan ay sinimulan na ring gamitin at kilalanin sa hayag ang feminismo. Gayunman patuloy na tinutunggali ang paninira ng mga feminista, repormista, at rebisyunista na "class instrumentalist" at "class reductionist" ang pambansa demokratikong kilusan.

Nang ilipat ang pamumuno ng hayag na RKK mula UFC tungong NUCC noong 1985, binuo ang pambansang kawanihan ng kilusang masa ng kababaihan bagaman antas probisyunal pa lamang. Nilayon nitong gawing "komprehensibo" ang kilusang kababaihan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga pangmasang organisasyong kababaihan sa antas distrito, at pagtatayo ng mga mesa para sa kababaihan o komite sa mga sektoral na kilusan. Tiningnang estratehiko ang pagkilos sa kalunsuran dahil narito ang pinakamalaking konsentrasyon ng kababaihang manggagawa, mala-manggagawa, petiburges at pambansang burges. Dito rin nakasentro ang pagsusulong ng RKK sa nakaraan at may mga abante nang karanasan.

Partikular ding binigyan ng pansin ang muling pagbubuo ng Makibaka bilang lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng kababaihan. Binalangkas ang oryentasyon nito, programa, konstitusyon at gabay sa pagkilos.

Gayong lumawak na ang saklaw ng kilusang kababaihan na pinamumunuan bagaman nakasentro sa kalunsuran, hindi naman nakaagapay ang kahandaan ng Kawanihan para sa mga bagong tungkulin. Mas binigyang halaga pa rin ang taktikal na pamumuno at pag-angkop sa mga kagyat na sitwasyon. Mga pag-aaral sa gawaing pampulitika at mga isyung praktikal ang pinagtuunan ng pansin, at isinantabi ang mga teoretikong pag-aaral. Kaya wala ring kaisahan sa pagsusuri sa mga isyung kababaihan at hindi maipirme ang oryentasyon ng kilusang kababaihan. Lumakas ang tendensyang mamulot ng mga pagsusuri sa mga usaping kababaihan mula sa punto de bista ng mga kilalang "radikal-feminista" o "sosyalista-feminista" sa Kanluran. Simula ng maging grupo ng Partido hanggang sa maging Kawanihan, binatbat pa ang Partido ng mga internal na problema mula 1983 hanggang 1986.

Sa tulak ng patakaran ng Partido at sa paborableng sitwasyon ng antipasistang pakikibaka, mabilis na nabuo ang mga organisasyong anakpawis sa hayag. Sila ang nagbigay ng laman at lakas sa kilusang kababaihan sa lunsod. Ngunit sa kalakhan ay naging buhaghag ang mga ito. Nagasgas at nabanat ang mga kasapi sa sunud-sunod na mga kampanyang multisektoral at sektoral bilang pagtugon sa panawagan ng Partido na paigtingin ang pakikibakang lunsod laban sa diktadura.

Ang organisasyon ng mga maralitang kababaihan ang itinuring na pangunahin at pinakamilitanteng pwersa ng kilusang kababaihan sa lunsod. Laman sila ng halos lahat ng mobilisasyon ng hayag na RKK at sila ang bumubuo ng pinakamalaking pwersa. Umabot sa 4,000 ang miyembro nito, ngunit nawasak ang bulto ng mga organisasyon sa MR pagdating ng 1985 dahil tuwirang naiugnay sa mga gawaing partisano. Liban pa rito, nagasgas nang husto ang organisasyon sa mga kampanya at hindi nakonsolida ang mga napapadalo.

Naitayo ang organisasyon ng mga kababaihang manggagawa sa tulong ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Binuo bilang organisasyong masa-pederasyon, nagtayo ito ng mga sariling balangay sa loob ng pabrika at mga komite ng kababaihan sa unyon. Masiglang lumahok ang organisasyon sa mga isyu ng kilusang manggagawa, ngunit di nakapagpalalim sa mga partikular na usaping kababaihan dahil sa kakulangan ng pananaliksik sa sektor at kawalan pa ng oryentasyon ng sektor sa kilusang kababaihan. Kumpara sa lawak ng masang napapakilos at naoorganisa ng sektor, maliit ang porsyento ng kababaihang napapakilos sa sariling mobilisasyon.

Pinakamaigsi ang naging buhay ng organisasyon ng kababaihang mag-aaral. Itinayo ito noong 1984 at nakapagbuo ng mga balangay at pansamantalang istruktura sa ilan ding paaralan at komunidad. Naging aktibo ito sa larangan ng

propaganda, edukasyon at mobilisasyon at nakapagpakilos ng daan-daang kababaihan na hindi dating nahahagip ng RKKE. Gayunman pagdating ng Disyembre 1986 iisa na lamang ang balangay na nakatayo. Sumabay ang pagbagsak ng mga balangay nito sa paghina at pagbagsak din ng RKKE na nagsimula noong 1984 dahil sa mga kaliweteng tendensya. Napabayaan ang konsolidasyon at naging elitista ang mga organisasyong mag-aaral. Hindi rin naipirme ang papel nito sa kilusang kabataan at gayundin sa kilusang kababaihan.

Bagaman lumitaw na ang mga kahinaan, kalituhan at disoryentasyon sa hayag na kilusang kababaihan, hindi maikakaila ang makabuluhang kontribusyon nito sa pagpapalapad ng malawak na prenteng anti-diktadura na nagpahina at naghiwalay, hanggang sa tuluyang nagpabagsak sa diktadurang Marcos.

## B. Paghupa, Muling Pagsigla ng Kilusang Kababaihan, at Paglakas ng Repormismo sa ilalim ng Rehimeng Aquino

Naging susing usapin sa buong pambansa demokratikong kilusan ang pagtingin sa sitwasyong iniluwal ng Pebrero 1987 at ng mga taktika kaugnay nito. Lumitaw ang mga pagtingin na ang rehimeng Aquino ay liberal demokratiko; na ito ay koalisyon ng mga progresibo at reaksyunaryo kayat may dalawang sentro sa loob nito; na ito'y nag-iisang sentro lamang; na ito'y reaksyunaryo sa esensya ngunit liberal sa porma; na ito'y di kontrolado ng imperyalismong US di tulad ni Marcos; atbp.

Ngunit partikular sa hayag na RKK, naging malaking usapin pa na popular at babae si Aquino at naging bahagi ng antidiktadurang pakikibaka. Kayat sa halip na tingnan ang rehimeng Aquino bilang estado pa rin ng mga panginoong maylupa at burges komprador, pag-upo pa lamang sa pwesto ay pinuri na ng nangungunang alyansa si Aquino hindi lamang bilang kauna-unahang babaing presidente na "naluklok sa kagustuhan ng mamamayan" kundi bilang "buhay na sagisag" ng antidiktadurang pakikibaka at "karapat-dapat" na simbolo ng babaing Pilipina. Hiniling sa rehimen hindi lamang ang komitment sa karapatang tao at mga demokratikong proseso kundi ang suporta rin sa mga kagyat na kahilingan ng kababaihan.

Sa unang anim na buwan ng rehimen, hindi "kritikal na suporta" kundi "buong suporta" at pag-asa ang ibinigay ng hayag na RKK sa rehimen ayon na rin sa mga pahayag nito. Ang pagsusuring ito sa rehimeng Aquino ay nadala hanggang sa kauna-unahang pandaigdigang kumperensya ng kababaihan na inisponsor ng hayag na RKK na dinaluhan ng 60 kababaihan mula sa 13 bansa.

Sa Komisyong Konstitusyonal (ConCom) noong Hunyo 1986, sa halip na ilantad ang reaksyunaryong katangian ng ConCom at ng konstitusyong iluluwal nito, dinala ng hayag na RKK ang panawagang "ipaglaban ang makabayan, demokratiko at pro-kababaihang" konstitusyon. Naglunsad pa ito ng kampanyang kababaihan para sa lobbying ng mga probisyong kababaihan at nakaladkad pati ang Makibaka sa lobbying na nagdala naman ng pagsuporta sa ceasefire.

Ang repormistang posisyon ng hayag na RKK ay humantong sa plebisito at eleksyong kongresyunal. Nahati ang hayag na RKK sa posisyong "critical yes," "no" at walang posisyon sa plebisito. Pangunahing hinabol sa "critical yes" ang istabilidad ng burges na demokrasya laban sa destabilisasyon ng mga "ultra-right" at ang pagpapalaki sa mangilan-ngilang probisyong positibo sa konstitusyon, laluna para sa kababaihan. Pinangambahang ang pagkatalo ng konstitusyon ay magbabalik ng pasismo sa bansa.

Sa eleksyon naman ay naghanap ng mga bagong taktika kung paanong masasalo, mapapakilos at makokonsolida ang libu-libong kababaihan na napakilos ng antidiktadurang pakikibaka matapos ang pag-aalsang Edsa. Naghabol na makabig muli ang mga alyado at organisasyong kababaihan na lumayo dahil sa boykot, maagaw ang pampulitikang inisyatiba mula sa rehimen sa mga usaping kababaihan, at madala ang kababaihan sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan sa sandaling maganap ang inaasahang sagupaan ng mga reaksyunaryo. Subalit ang nakitang taktika ay ang pagtatayo ng isang partidong pulitikal ng kababaihan na nangarap na maging patriyotiko't demokratiko pero nauwi din sa pagiging tradisyunal na partido.

Sinuportahan din ng hayag na RKK ang maling panawagang ceasefire. Hinabol ang inaakalang magandang oportunidad na ito para maipanumbalik ang Makibaka sa atensyon ng bansa. Nagpalitaw ng isang kasamang nasa kilusang lihim bilang tagapagsalita, at isinali ang pagtatambad sa midya ng mga babaing mandirigma at organisadong masa sa isang larangang gerilya. Dagdag pa, iprinodyek ang Makibaka nang malayung-malayo pa sa aktwal na lakas nito.

Pagkatapos ng ceasefire ay binomba at pinasok ng kaaway ang lugar na pinagdausan ng press conference ng Makibaka.

Matapos ang ceasefire, na sinamantala ng rehimeng Aquino para maipakat ang reaksyunaryong AFP laban sa rebolusyonaryong kilusan kapwa sa lunsod at kanayunan, ipinatupad nang huong bagsik ang "total war" nito laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Ibayong panunupil at kahirapan sa mamamayan ang resulta nito, na tinampukan ng mga salvagings, pang-aaresto, mga anti-komunistang pananalakay at paninira, malakihang mga operasyong militar sa kanayunan, pagsosona at paulit-ulit na mga reyd sa mga komunidad.

Nakatulong ang pangyayaring ito para higit na mailinaw ang wastong pagtingin at aktitud sa rehimeng Aquino. Malinaw pa sa sikat ng araw na anti-mamamayan ang rehimen. At ang isang anti-mamamayang rehimen ay hindi maaaring maging pro-kababaihan. Nailinaw din na ang pamumuno ay hindi usapin ng kasarian kundi ng uri. Hindi mapagpasya kung lalaki man o babae ang mamumuno dahil ang estadong pinangunguluhan ay estado ng mga naghaharing uri.

Kayat nang manawagan ang Partido na mahigpit na hawakan at ipatupad ang pambansa-demokratikong linya sa panahon ng rehimeng Aquino ay mabilis na nakasabay ang hayag na kilusang kababaihan. Tumugon ito sa panawagang maglunsad ng mas malalaki, mas masinsin, at mas matatalas na kampanya, na una'y magpapahina at maghihiwalay sa rehimeng USAR. Ngunit dahil sa impluwensya ng insureksyunimong lunsod, pagdating ng 1991, ay kumasang itulak ang "pagtagilid" ng rehimeng USAR.

Kahit kadalasa'y binubuo lamang ng ilampung kababaihan, naglunsad ang hayag na RKK ng masinsin, siksik, at sustinidong mga kilos-protesta laluna sa mga isyung represyon, base militar, at krisis pangkabuhayan. Mga kampanyang kababaihan hindi lamang sa NCR kundi maging sa iba't ibang rehiyon ang unang bumasag sa pananakot ng rehimen sa kalunsuran, laluna noong 1987 nang tinutugis ng mga vigilantes at panatiko ang hayag na kilusang masa. Sa partikular, maagap ding nabigo ng hayag na RKK ang mga paninira at pananakot ng rehimen na gawing iligal ang mga lehitimong organisasyon ng kababaihan. Hayagang kinompronta nito ang anti-komunistang paninira ng rehimen sa larangan ng propaganda. Patuloy na iginiit ang mga kampanyang protesta at aktibidad ng kababaihan sa pambansa at lokal na saklaw. At nagbukas ng iba't ibang serbisyong pangmasa sa antas munisipalidad at baryo tulad ng health clinics, daycare at kooperatiba.

Tinimbrehan din ng hayag na sentro ang mga suportang grupo at network sa labas ng bansa. Inulan ng protesta ang rehimeng Aquino. Inilunsad din sa bansa ang kauna-unahang tribuna ng kababaihan (women's tribunal) na humusgang may sala ang rehimen sa lansakan at sistematikong paglabag sa karapatang tao ng kababaihan.

Mula 1989 ay sustenido at komprehensibong sinuportahan ng hayag na RKK ang kampanyang anti-base at tinutukan ang halos lahat ng mahahalagang usapin kaugnay nito, hanggang sa mapaalis noong 1992. Pumosisyon ang hayag na RKK ng "unconditional withdrawal" kahit pa may ibang naglalako sa loob ng pambansa- demokratikong kilusan ng posisyong bigyan pa ng isang taong palugit ang withdrawal ng mga base,

Matagumpay ding naikawing ang usapin ng base militar sa sitwasyon ng kababaihan tulad ng prostitusyon, Aids, at mga batang Amerasians. Base militar ang isyu ng Marso 8, 1990 na nilahukan ng mahigit 6,000 sa NCR. Tuluy-tuloy ang mga kampanyang edukasyon sa komunidad at mga balangay ng hayag na organisasyong kababaihan. Pinakamalaki rin ang bulto ng propaganda hinggil sa base militar.

Pinakamalaking mobilisasyon naman ang Marso 8, 1991 na nilahukan ng 9,000 sa NCR kung saan nirehistro ng kababaihan ang oposisyon sa pambansang krisis at bumatikos sa imposisyon ng IMF-World Bank sa ekonomiya. Maraming bagong pwersang napasulpot sa hanay ng kabataan-estudyante at iba pang panggitnang pwersa.

Pinakarurok ng militanteng pagkilos ng kababaihan ang 1991. Sa taong ito nakapaglunsad ng 60 aksyong protesta, sa average na dalawang pagkilos sa isang buwan. Bagaman sa kalakhan ay mga pagkilos ito laban sa base militar, naging tuon ng pagkilos ang mga isyu sa karapatang tao (total war, internal refugees, political prisoners, warrantless arrest), krisis pangkabuhayan (bilihin, langis, sahod), pang-aabuso sa mga migranteng kababaihan, karapatan ng mga bata, kalusugan, debt moratorium, reporma sa lupa, at marami pang iba. Nakapaglunsad din ng mga lokal na pakikibaka sa antas komunidad at pabrika.

Gayunman noong Marso 8, 1991 ay malinaw nang kupot ang hayag na RKK sa mga insureksyunistang panaginip. Sa memorandum ng pambansangg kalihiman ng Makibaka, ibinungad na nito ang "pagpapatampok sa pangangailangan ng mapagpasyang pagkilos ng kababaihan upang mapatalsik/ mapabagsak ang rehimeng siyang naglublob sa kababaihan sa di maawat na

krisis." Tungo rito, nanawagan ang Makibaka na gamitin ang lahat ng antas at larangan ng rebolusyonaryo at progresibong paglaban tulad ng hayag at lihim na kumpiskasyon ng mga suplay; okupasyon at pagtatanim sa mga nakatiwangwang na lupa ng pamahalaan; pagprotesta, paglalantad at/o pagparusa sa mga ganid at mapagsamantalang dayuhan mangagalakal; paglulunsad ng mga kampanya at pakikibakang kababaihan na nakatuon sa pagpapalabas ng mga suplay at pondo para sa mga pangangailangan laluna ng mga bata at ina, pagpapababa ng presyo ng mga bilihin at serbisyo, at pagtiyak ng distribusyon ng mga produkto sa lugar ng mga anakpawis. Nanawagan din ito ng rebolusyonaryong pagkilos ng kababaihan na tuwirang mang-aagaw ng operasyon ng gobyerno mula sa lokal hanggang sa antas na makakaya, at pagkumpiska ng ari-arian ng mga naghaharing-uri.

Pilit ding ibinubuslo ng MR, bagaman nabigo, ang hayag na RKK sa insureksyunistang plano nito kaugnay ng "ten days of March" noong Marso 8, 1992. Ipinanukalang "butasin" ng kababaihan ang harang sa Mendiola na inaasahang aakit ng pasismo ng kaaway habang iginigiit nito ang panawagang "rebolusyon, hindi eleksyon."

Sa panahon naman ng maiigting na mga paksyunal na alitan ng mga reaksyunaryo na pumutok sa anyo ng kudeta mula 1987 hanggang 1991, itinatransporma ang hayag na RKK sa istrukturang "pol-mil" na may sentralisadong kumand. Maliban sa paghahanda ng mga contingency plans, rallying points, pagkokoda, pag-atras sa mga opisina, at pag-side step ng mga maslider, nagdaos din ng mga treyning sa agaw-armas sa anyo ng self-defense.

Ininda ng mga pambansa demokratikong organisasyong kababaihan ang panay-panay na mga rali at mobilisasyon. Nadiskaril nito ang mga plano sa konsolidasyon. Maraming mga pag-aaral, pagsasanay, pag-aayos ng makinarya ang naipagpaliban para makadalo sa mga sunud-sunod na pagkilos. Kinailangan din ang pagluluwal ng malaking rekurso para tustusan ang pamasahe ng mga dadalo. Naging mababaw na sukatan ng tagumpay ang milyahe o espasyong inaani ng pagkilos sa masmidya. Halos hindi na lumago ang mga organisasyon. Sa di iilang kaso nagbagsakan ang ilang balangay at nanlamig o nagpasibo ang mga miyembro.

Samantala, nangahulugan din ang mahigpit na pagpapatupad sa pambansa-demokratikong linya ng pagbaling mula sa malapad na prenteng antidiktadura tungo sa prente ng mamamayan kung saan nasa unahan ang batayang masa; ng pagbaling mula sa pakikipag-alyansa sa mga "repormistang

burges" tungo sa pakakibaka laban sa kanila. Ang diin ay nasa pagsusulong ng mga batayang kahilingan ng mamamayan tungo sa pambansang demokrasya.

Kaugnay nito, idineklara ang dating malapad na alyansa ng kababaihan bilang sentro ng pambansa-demokratikong kilusan sa hayag at ang mga hayag na organisasyong kababaihan bilang pambansa demokratikong organisasyon. Idiniin ang pagdadala ng mga batayang isyu ng masa sa kampanya, at pagpapalaganap ng pambansa demokratikong propaganda at edukasyon.

Tungo rito binuo rin ang pambansang alyansa ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka noong 1986 na nagsimula sa 5,000 miyembro mula sa 11 probinsya. Gayunman ang kalakhan ng mga organisasyong sumapi rito ay mga lihim na organisasyon sa kanayunan na pinalitaw para lumahok sa mga pampulitikang aksyon sa kalunsuran sa balangkas ng mga insureksyunistang plano ng SCO. Sa isang rehiyon, isinagawa ng organisasyon ng mga kababaihang magsasaka ang okupasyon ng tiwangwang o abandonadong lupa, na bandang huli'y sa reaksyunaryong estado rin ihinarap para sa solusyon. Sumulpot ang mga sigalot sa hanay ng mga myembro at malaking panahon at rekurso ang inubos ng mga hayag na institusyon dito.

Tumindi ang represyon sa kababaihang magsasaka. Kasama ang kababaihan sa mga biktima ng mga reyd sa mga opisina at bahay sa kanayunan, harasment at salbedying laluna sa mga maslider. Tinira ng mga panatiko at vigilantes ang mga lider kababaihan, binomba ang mga baryo, at winasak ang mga balangay ng organisasyon.

Sa kabila ng mga ito aktibo pa ring tinuligsa ng organisasyon ng kababaihang magsasaka ang huwad at reaksyunaryong CARL (Comprehensive Agrarian Reform Law). Ngunit nahulog din ito sa pagsuporta at pagkampanya sa repormistang reporma sa lupa na inilako ng mga popdemista, at nagmungkahi pang magpasok dito ng "women's agenda". Natauhan din ang organisasyon ng kababaihang magsasaka, itinakwil ang repormistang reporma sa lupa, tinuligsa ang parlamentarismo, at tuluyan nang umalis sa "malapad" na koalisyong magsasaka noong 1992 sa kabila ng pagtutol ng mga kadre sa rebolusyonaryong kilusang magsasaka.

Simula 1990 ay direktang nag-organisa ang mga pwersa ng Kawanihan ng kababaihang magsasaka sa kanayunan. Ngunit sa ilang lugar ay walang ugnay ang pag-oorganisa sa teritoryo at naiwan ito sa hayag lamang. Tuloy ang pakikibaka ng kababaihang magsasaka sa lupa ay nabalot ng legalismo at pumaloob sa pag-aayos ayon sa batas ng estado.

Samantala, lumago naman ang organisasyon ng kababaihang manggagawa sa 10,000 sa buong bansa, at mabilis na lumawak laluna sa mga manggagawang agrikultural sa Negros. Umabot pa ito sa 15,000 noong 1987, at nakapagtayo pa ng mga balangay sa Hilagang Luson, Cebu, Iloilo, Leyte, Bicol, at ilang bahagi ng Mindanaw. Pinasigla nito ang edukasyong kababaihan sa kilusang paggawa at nagtayo ng mga mesa at departamento ng kababaihan sa mga pederasyon at sa hayag na sentro ng paggawa.

Gayunman nagpatuloy ang mga problema nito sa konsolidasyon na di nalalayo sa pangkalahatang kapabayaan sa konsolidasyon at pampulitikang edukasyon ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Namroblema ito sa makinarya habang tumumal ang mga natatanging pagkilos ng kababaihang manggagawa. Uminog ang aktibidad ng kababaihan sa mga komite nito at hindi sa buong unyon. Nagtuluy-tuloy ang mga usapin sa wastong anyo ng organisasyon, papel ng mga komite ng kababaihan, relasyon ng organisasyon ng kababaihang manggagawa sa sentro ng kilusang manggagawa at sentro ng kilusang kababaihan. Labas sa Marso 8 na mayorya ito, lumiit naman nang lumiit ang partisipasyon ng mga kababaihang manggagawa sa hayag na RKK.

Taong 1988 nang magbukas ang hayag na RKK ng "pilot area" para sa direktang pag-oorganisa ng kababaihang manggagawa na tumagal ng tatlong taon. Itinakdang layunin ang pagsusulong ng lokal na pakikibaka, pagsasapraktika ng RKK sa kilusang manggagawa, pagpapaunlad ng pwersang mobilisasyon para sa hayag na RKK. Natupad ang mga layuning ito at nagbigay ng maraming aral laluna sa relasyon ng komite ng kababaihan at unyon. Gayunman dinala sa mga pagkilos dito ang konsepto ng "feministang unyon" na lumikha ng sigalot sa pagitan ng mga opisyales ng unyon at komite ng kababaihan.

Ang organisasyon naman ng kababaihang maralita ay dumapa nang kagyat na tinamaan ng "total war" ng rehimen. Sunud-sunod na ni-reyd ang mga balangay nito, hinuli at binantaan ang mga lider at kasapi nito, na pinaghihinalaang sumusuporta sa ABB (Alex Boncayao Brigade). Sa patakaran ng MR na gawing base ng partisano ang mga maralitang komunidad, pinaghalo ang ligal at iligal, halos itrinansporma nang Makibaka ang mga hayag na organisasyong kababaihan na nagpainit dito at umakit ng pangwawasak ng kaaway.

Gayunman, sinikap na i-rekober ang mga organisasyong ito noong 1988, binalikan ang mga dating komunidad, nagbukas ng balangay sa mga bagong

lugar. Bumwelo ang pag-oorganisa ng 1990-91 at lumaki ang bilang ng masang inoorganisa. Subalit sa paghahabol naman na gawing "lehitimo" ang organisasyon ay binuhay ang marami dito sa pamamagitan ng mga proyektong sosyo-eko na nagbulid sa mga kasapi at kadre ng Partido dito sa ekonomismo. Nanatili ring ang pangunahing silbi nito sa RKK ay pwersang pang-mobilisasyon. Sumubok pa ng mga bagong taktika sa pag-oorganisa na patriyotiko at sosyo-sibiko, at nakapagtayo ng organisasyon sa sampung komunidad. Ngunit hindi ito lumawak at naging konserbatibo ang mga kasama sa pagrekrut at pagpapaunlad ng mga pambansa demokrata sa hanay ng masa.

Samantala, hindi nakabangon ang organisasyon ng kababaihang mag-aaral, bagaman sinikap at nabigong maitransporma ito bilang grupong pangkultura o grupo ng kabataang kababaihan sa komunidad.

Dalawang kongreso ang naidaos ng Makibaka noong 1988 at 1991. Sa huling kongreso ay iniwasan ng Makibaka na talakayin ang pamumuno ng Partido at sosyalismo. Ikinatwiran na kapos ang mga kadre ng Partido na ipaliwanag ang "pagbagsak ng sosyalismo" sa silangang Europa, ngunit ang mas malaking dahilan ay ang pagkahawa ng Makibaka sa likidasyunismo ng NDF kaugnay ng pamumuno ng Partido noong bogus na kongreso ng 1990. Dinala ang panawagang "pagpapatindi ng digmang bayan sa mas mataas na antas" na pasok sa balangkas ng SCO. Sa kabuuan, aktibo ang Makibaka sa pagbubuo ng NDF sa pamamagitan ng suportang pulitikal at materyal. Masigla rin itong lumahok sa komite ng kababaihan ng NDF.

Nakapag-organisa ang Makibaka ng mga selula at balangay. Ngunit nalimita ang rekrut sa mga istap at aktibista sa mga hayag na organisasyong masa at institusyon. Ang papel nito ay taga-konsol ng mga hayag na organisasyon. Gayunman kakaunti ang naorganisa dahil hindi sapol ng mga pwersa ang pag-oorganisa nang lihim at may disbalanse rin sa pagtatalaga ng mga kadre dito.

Malinaw nang naipwesto ang nangungunang alyansa ng kababaihan bilang sentro ng pambansa-demokratikong kilusang kababaihan sa ikaapat na kongreso noong 1987. Wala na ritong mga burges na repormista, bagaman may mangilan-ngilang liberal demokrata na nasa pamunuan ng alyansa. Nanawagan ang hayag na sentro ng kababaihan sa pagpapalakas ng mga batayang organisasyong kababaihan at nagdala ng mga kahilingan sa lupa, bahay, trabaho at serbisyo. Lantaran na rin nitong tinuligsa ang rehimen simula noong Marso 8, 1987 sa total war at karahasang idinulot sa sambayanan, at partikular sa kababaihan.

Sa kabuuan, ipinakita ng hayag na RKK ang paglala ng sitwasyon ng kababaihan sa ilalim ng rehimen, ang pagsuko nito sa kagustuhan ng mga imperyalistang interes sa ekonomya, ang paglubha ng katiwalian at korupson sa gobyerno, ang kaguluhan likha ng mga paksyunal na alitan, at ang patuloy na pagkatawan ng rehimen sa interes ng mga panginoong maylupa at komprador burges sa bansa.

Ngunit patuloy na nanalaytay ang mga kanang tunguhin sa hayag na RKK. Samantalang idineklara ang sarili na sentro ng hayag na RKK, binihisan naman ng sentrong kababaihan ang sarili nito bilang NGO, una, para patuloy na makakuha ng dayuhang suporta sa mga funding agencies at embahada ng mga gobyerno ng Kanlurang Europa. Ikalawa, kailangan nitong gawing "propesyunal" at episyente ang operasyon ng pambansang sentro para makatugon sa mas masinsing kampanyang kababaihan na kinokoordina sa buong bansa laluna pagpasok ng 1990. Sa simula, binago ang istruktura nito para maipasa sa pangrehiyong makinarya ang mga kampanya, samantalang ang pambansang opisina ay sumentro sa mga serbisyong sosyo-eko at kalusugan. Kinalaunan ibinalik ang kampanya sa pambansang makinarya nang mapansing "anemic" na ang sentro gayong kailangan na nitong ikumpas at ikoordina ang mga kampanyang kababaihan sa mga rehiyon at sa pambansang saklaw.

Nadagdagan ang kalituhan nang magtayo ang pambansang sentro ng iba't ibang komisyon sa layuning hatakin ang panggitnang pwersa sa mga kampanyang kababaihan. Ngunit ginawang "autonomous" ang mga komisyon na bukod sa nadagdagan ay naging madulas na daluyan ng mga "alternatibang" programa at repormista at rebisyunistang impluwensya. Epektibong nabuwag ang mga komisyon ng dekada 90.

Nagkaroon din ng tunguhin na ipailalim sa sentro ng kababaihan ang pagdidirihe ng mga pangmasang organisasyon ng kababaihan sa katwirang kailangang mapalakas ang pamunuan ng hayag na sentro at matulungan ang mga batayang organisasyon na ramdam na ang problema sa paghina at konsolidasyon. Sa maagap na pagtutol ng mga pwersa ng Kawanihan hindi itinuloy ang plano na tutungo sa pagbubuo ng isang "superbody" na kukumpas nang parang isa sa maiinit at malalaking mobilisasyon, habang "papatayin" ang dinamismo ng mga batayang organisasyon sa pagtransporma sa kanila bilang mga mesa na lamang o "desks" ng sentrong kababaihan.

Samantala, habang natungkab ang koalisyunismo sa malapad na alyansa, pumasok naman ang sentrong kababaihan sa higit na marami ngunit maliliit na

koalisyon sa ibang pampulitikang puwersa. Ito ay sa layuning makabig at mahatak pa rin sa hayag na RKK ang mga panggitnang pwersa at sa pangambang mahiwalay dito. Pinakamatingkad ang pagpasok sa maling alyansa para sa simpleng kapayapaan kung saan isinuko ang pagdadala ng panawagan sa reporma sa lupa para mapagbigyan ang mga kalahok na kababaihan ng naghaharing uri. Isa pang alyansa ang pagtutol sa karahasan sa kababaihan na walang komon na posisyon ang mga kalahok at nabigo ang hayag na RKK na madala ang isyu ng “total war.” Isang alyansa para makakuha ng pondong kababaihan ang nagtangkang sumakay sa makinarya ng hayag na RKK para makapaglatag ng sariling makinarya sa mga rehiyon.

Ang popdemistang tunguhin ay namalas din sa paglahok ng sentrong kababaihan at mga pangmasang organisasyon sa mga GO-NGO forum na ipinatawag ng rehimen sa mga usaping kababaihan. Gayundin, sa halip na suportahan ang NDF, umasta itong “third force” sa pagitan ng NDF at GRP sa usaping pangkapayapaan. Nagdeklara rin ng “nyutralidad” ang sentrong pambata ng hayag na RKK sa usapin ng armadong tunggalian sa pagitan ng NDF at GRP, sa halip na ilantad ang krimen ng GRP sa mga bata sa panahon ng armadong sagupaan at sa papapatindi nito ng krisis pang-ekonomya at pampulitika na nagpapahamak sa mga bata.

Samantala, patuloy na binagabag ang hayag na RKK ng paghahabol na magpatampok ng mga partikular na isyung kababaihan na siyang itinuring nitong lehitimong batayan para maituring na kilusang kababaihan na bumaluktot sa wastong ugnayan ng mga isyung sektoral at isyung pampulitika at pambayan. Dito naging mahalaga ang mga komisyon ng sentrong kababaihan na nagsilbing regular na makinarya sa pagdadala ng mga partikular na isyung kababaihan. At nagawa naman ito sa mga isyung tulad ng pang-aabuso sa mga migranteng Pinay, sex trafficking, Aids, female boxing, at karahasan ng militar sa kababaihan. Kasabay nito hinayaan ng Kawanihan na mag-inisyatiba ang ilang yunit ng Partido na mag-aral ng iba’t ibang teoryang feminista at humalaw ng karanasan sa mga grupong kababaihan sa ibang bansa hinggil sa pagsusuri at pagdadala ng mga isyung kababaihan.

Mula 1988 hanggang mga unang taon ng dekada ‘90 higit pang dumami, lumaki at pinatampok ng hayag na RKK ang mga isyung kababaihan. Maagap na pumosisyon ito sa mga isyung rape, sex trafficking, sexual harassment, mail-order bride, prostitusyon, populasyon, family planning, karapatan sa reproduksyon, comfort women at iba pang anyo ng karahasan at komodipikasyon

sa kababaihan. Sinimulan na rin ang mga koordinadong pagkilos sa internasyunal sa mga isyung tulad ng sex trafficking at mail-order bride at migranteng kababaihan. Nagbigay din ang hayag na RKK ng partikular na interes sa pakikibaka ng kababaihan sa Ikatlong Daigdig, partikular sa Nicaragua, Chile, Byetnam, Papua New Guinea, atbp.

Hindi mali ang magtaguyod ng mga sektoral na isyu laluna at naiuugnay sa pananagutan ng estado at naghaharing sistema, at kasamang natutuligsa ang patriarkiya. Ngunit sa marami ding pagkakataon ay naisukob ang mga isyung ito sa pagsusuring feminista, at partikular ayon sa linyang “sosyalista-feminista”. Sumabay ang pagsiglang ito ng feminismo sa hayag sa paggamit na rin ng feminismo sa loob ng Partido noong 1988 sa isang pambansang kumperensya ng mga kadre ng kilusang kababaihan kung saan “ipininal” din ang oryentasyon ng RKK.

Bagaman ang feminismo ay tatak ng mga burges na repormistang kababaihan, malaya na itong ginamit sa Partido sa katwirang palasak na itong ginagamit sa hayag. Para ipakita ang kaibahan sa feminismong burges, idinikit sa feminismo ang salitang “militante” o “makabayan,” at kinalaunan “pambansa-demokratiko.”

Higit namang sumigla ang “feministang” edukasyon sa samu’t saring isyung kababaihan. Ipinalaganap ang mga hayag na kursong kababaihan na tagus-tagusan ang impluwensyang “sosyalista-feminista” tulad ng “how do we liberate ourselves,” “gender sensitivity training,” “ feminist management training,” “gender planning and needs analysis,” atbp. Naglunsad ng mga pag-aaral sa iba’t ibang hibla (strands) ng feminismo na sa esensya’y kritikal sa Marxismo at tinatalakay sa balangkas ng “sosyalista-feminista”. Nag-imbita rin sa hayag ng mga kilalang “sosyalista-feminista” bilang mga resource persons. Pati ibang grupong kababaihan at mga NGO ay na-engganyo na ring kumuha ng pag-aaral hinggil sa mga usaping kababaihan sa mga sentro at institusyon ng hayag na RKK.

Habang pinalalabnaw ng “feministang” pag-aaral ang makauring balangkas sa mga usaping kababaihan, wala ring malinaw na makauring pagsusuri ang popularisasyon ng mga isyung pambata tulad ng sampung karapatan, mga bata sa giyera, milk code, pagpapasuso, atbp. Tuloy nagmukhang ekstensyon ng mga ahensya ng U.N. ang mga sentro at institusyong pambata. Pumasok pati ang mga ito sa lobbying ng mga batas pambata nang hindi nailalantad ang estado at seryosong inatupag ang pagsasabatas ng mga panukala.

Gayunman, malaki ang naitulong ng gawaing pambata para sa mga pangangailangang rekurso ng RKK.

Sa kabilang banda, ibayo pang lumakas ang gawaing internasyunal ng hayag na RKK. Lumahok ang mga kinatawan nito sa iba't ibang pandaigdigang kumperensya ng kababaihan sa Australia, Vietnam, Thailand, Norway at Central America noong 1986, at noong 1987 naman sa Unyong Sobyet, Costa Rica, at Estados Unidos. Mula 1987 hanggang dekada '90 naglunsad ito ng mga pandaigdigang kumperensya ng pagkakaisa ng kababaihan sa Pilipinas, at mga natatanging kumperensya sa kalusugan at reproduksyon, prostitusyon, at karapatang tao. Nagbuo rin ito ng mga suportang grupo ng RKK sa iba't ibang bansa sa Europa, gayundin sa Estados Unidos, Japan, Canada, at mga ugnay sa Asya-Pasipiko. Nadagdagan ang mga organisasyong sinapian sa internasyunal hanggang sa pati mga kadre ng Kawanihan ay di lamang lumahok kundi kumatawan sa mga pandaigdigang pormasyong ito. Dahil sa mga pagkilos nito sa loob at labas ng Pilipinas, kinilala ang sentrong kababaihan sa daigdig bilang isa sa pinakamasigla, pinakamilitante, at pinakamalawak na kilusang kababaihan na may baseng masa.

Naging mabunga ang gawain sa internasyunal sa pagpapasulpot ng pondo para sa mga organisasyon, programa at proyekto ng RKK at pagnuyatralisa ng mga antikomunistang atake ng kaaway sa pambansa demokratikong kilusang kababaihan. Sa iba't ibang paraan ay ibinandila rin ng hayag na RKK sa internasyunal ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino, at partikular ng kababaihan, laluna laban sa mga base militar ng US, dayuhang utang, total war ng rehimen, atbp. Tinumbok nito ang pananagutan ng US sa mga malakolonyang bansa at sa krisis na dulot ng imperyalismo sa daigdig.

Gayunman, ramdam na ang impluwensyang feminista sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo at institusyong kababaihan sa labas ng bansa. Lalong dumalas at humigpit ang ugnayan ng hayag na RKK sa institusyon, grupo at indibidwal na nagdadala ng iba't ibang hibo ng "feministang" impluwensya. Kaalinsabay, sumayaw ang hayag na RKK sa tugtog ng mga funding agencies at maging ng mga ahensya ng United Nations na magbukas ng mga proyektong naaayon sa burges na konseptong "gender and development." Naging bulag din ang hayag na RKK sa mga kontrarebolusyonaryong pakana ng mga ahensyang ito, at tapat na nagbigay ng mga ulat hinggil sa kasalukuyang sitwasyon at lakas nito.

Sa lahat ng ito, naghalo ang tama at maling linya sa ipinalalaganap na oryentasyon ng RKK na inaprubahan sa pambansang kumperensya ng mga kadreng kababaihan noong 1988. Bagaman wastong idiniin na ang paglaya ng kababaihan ay isinusulong sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba, tinuhog din ito ng "sosyalista-feminista"ng linya sa pamamagitan ng paghihiwalay ng usapin ng produksyon at reproduksyon, paglimita sa saklaw ng kilusang kababaihan sa mga organisasyong kababaihan lamang at doon lamang sa nagdadala ng mga partikular na isyung kababaihan. Nakalusot din ang mga ideyang "sosyalista-feminista" sa mga binalangkas na partikular na oryentasyon ng Kawanihan noong 1990 hinggil sa gawaing pambata, kababaihang magsasaka, kababaihan sa komunidad, kababaihang manggagawa, sosyo eko at kalusugan. Sabihin pa, pati ang batayang kurso ng Makibaka at mga modyul sa hayag na pag-aaral ay nabahiran ng impluwensya ng linyang "sosyalista-feminista".

Ang pamamayani ng mga kalituhan at disoryentasyon sa hayag na RKK ay tinumbasan din ng mga kaguluhan ng organisasyon ng Partido sa kilusang kababaihan. Mula 1986 hanggang 1988, naging liberal at maluwag ang sistemang komite ng Kawanihan, mabilis ang pagpapalit-palit ng mga kagawad at pati na ng kalihim. Napatingkad ang espesyalisasyon ng gawain ng mga kagawad sa halip na kolektibong pamumuno. Ilang beses ding nagkaroon ng reorganisasyon at pagbalasa ng mga pwersa sa ilalim nito, na humantong sa paksyunalistang pagkilos ng ilang pwersa sa mga nakabababang yunit. Walang buhay pampartido sa ilang mga yunit.

Malala pa, nagsimula na ring umiral ang likidasyunismo ng Partido sa hayag na RKK nang halos ipaubaya na ng Kawanihan at mga yunit nito ang pampulitikang pamumuno sa "ligal na dinamismo" at magkonsentra na lamang sa gawaing pang-ideolohiya at pang-organisasyon. Maraming mga usaping dapat pinagpapasyahan ng kolektib ng Partido ay ipinauubaya sa "ligal na dinamismo".

Nagsimulang sumigla ang mga pag-aaral sa mga batayang prinsipyo ng Partido noong 1989 kasabay ng pagpapalaganap ng oryentasyon ng RKK. Pinatapos ang lahat ng kadre ng BKP 1, BKP 2, at Political Leadeership Course, nagdaos ng kumperensya sa pag-aaral at pagsasanay sa gawaing masa, at sa mga natatanging teoretikal at praktikal na usapin sa kilusang kababaihan. Gayunman hindi naging sapat ito para maarmasan ng teoryang ML ang mga kadre at pwersa ng Kawanihan para kritikal na masuri ang mga "feministang" isyu na dala nito sa hayag at sa loob ng Partido. Nakita ang kakulangan sa mga abanteng pag-aaral hinggil sa kilusang kababaihan.

Relatibong naging istable ang organisasyon ng Partido simula 1989 matapos ang kampanyang anti-impiltrasyon at laluna ng 1990 sa patakarang "regularisasyon" ng operasyon ng Partido na ibinaba ng NOC. Walang pinsala ang kampanyang ito na tumagal ng isang taon sa mga pwersa ng Kawanihan maliban sa pag-freeze sa ilang kasapi, pagbubuo ng isang iregular na makinarya na nangasiwa sa kampanya nang labas sa Kawanihan,at pagkabalam ng ilang gawain.

Samantala naging masinop ang takbo ng mga yunit ng Partido kaugnay ng regularisasyon, na ang ibig sabihi'y "sistematisasyon" at "propesyunalisasyon" sa pangangasiwa ng gawain upang mabilis,koordinado at episyenteng makatugon sa pagpapatindi ng pakikibakang masa sa lunsod tungo sa panawagang ibagsak ang rehimeng US-Aquino. Nakapagsagawa ng pagtatasa ng mga kadre, pumalo ang gawaing edukasyon, maagap na natatalakay ang mga memo ng nakatataas na organo, regular ang pagtatasa ng gawain, at napabilis ang ugnayan sa pagitan ng nakatataas at nakababang organo, at gayundin ang komunikasyon sa mga rehiyon.

Gayunman, naging kalakaran ang doble o tripleng pag-aatang ng gawain sa mga kadre at nabanat nang husto ang organisasyon ng Partido. Bahagyang-bahagya din lang ang inilaki ng kasapian ng Partido. Mula 1983 hanggang 1992 ay hindi lumalayo sa mahigit 50 ang kabuuang kasapi ng Partido sa hayag na kilusang kababaihan, halos kapantay lang ang bilang ng mga pambansa demokrata, at halos doble lang ang bilang ng masang organisado.

Nang ibungad ng Partido ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto noong Hulyo 1992 ay malapot na ang haluan ng tama at maling linya sa hayag na kilusang kababaihan. Sa kabuuan ay nakatuntong pa rin ang hayag na RKK sa direksyon ng pambansa-demokratikong rebolusyon at nagsisikap sa lahatang-panig na pagsulong. Nananatiling buo ang paninindigan ng mga kadre at kasapi nito sa pagsusulong ng pangmatagalang digmang bayan sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Kaya lang, tulad ng mga nabanggit, ramdam na rin ang mga kahinaan at kalituhan na dulot ng linyang SCO na pinalubha pa ng mga disoryentasyong dulot ng linyang "sosyalista-feminista" na sumakay sa SCO. Kitang-kita ito sa bahagya nang paglago ng Partido, sa pagnipis ng mga rebolusyonaryong aktibista, at pagkitid ng mga batayang organisasyong masa.

Dumating ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto sa isang kritikal na panahon sa buhay ng hayag na kilusang kababaihan. Kailangan nang mabunot ang mga ugat ng mga pagkakamali, disoryentasyon at kalituhan upang di lumala

ang pagkadiskaril at higit pang sumulong ang hayag na kilusang kababaihan para sa rebolusyonaryong pagpapalaya ng bayan at ng kababaihan sa partikular.

## II. MGA ARAL SA PAGLALAGOM NG HAYAG NA RKK

**PINATUNAYAN NANG MAHIGIT** isang dekadang karanasan ang pagsulong ng hayag na Rebolusyonaryong Kilusang Kababaihan (RKK) sa gitna ng mga militante at rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan.

Sa pamumuno ng Partido ay sumulong ang hayag na RKK na nagpalakas sa partisipasyon ng kababaihan sa pakikibaka ng sambayanan laban sa pasismo, pyudalismo at imperyalismo. Hindi lamang sumuporta ang kababaihan sa mga mayor na aksyong protesta ng sambayanan, kundi naglunsad din ng mga sariling pagkilos na naningil sa rehimeng estado at buong naghaharing sistema sa mga idinulot na kapahamakan sa mamamayan. Pinatalas at pinartikular nila ang epekto ng mga usaping pambayan sa kababaihan at ipinakitang ang anti-mamamayang rehimen ay anti-kababaihan sa kaibuturan.

Pinakamasigla sa kampanya ng hayag na RKK ang laban sa base militar, pasismo at krisis pangkabuhayan. Ipinakita ng RKK ang pangangailangang patalsikin ang mga base militar pangunahing dahil sa usapin ng soberanya at bantang nukleyar, gayundin dahil sa pagtindi ng prostitusyon ng kababaihan at mga bata. Binatikos nito hindi lamang ang terorismo ng diktadurang Marcos kundi pati na ang "total war" ng rehimeng Aquino na marahas at malawakang bumiktima laluna ng kababaihan at mga bata. Ipinakita nito ang pabigat nang pabigat na pasanin ng kababaihan sa pagtaas ng presyo ng langis at patuloy na pagkapako ng sahod ng mga manggagawa.

Kaalinsabay naitatak nito sa pambansang kamalayan ang pagdiriwang ng makasaysayang Marso 8. Naituloy ang militanteng tradisyon ng pakikibaka ng kababaihang anakpawis sa pagtitipon at pagmamartsa sa araw na ito ng libu-libong masang kababaihan mula sa iba't ibang panig ng bansa para sa pagsusulong ng mga pangkabuhayan at pampulitikang kahilingan kaugnay ng lupa, bahay, sahod, trabaho, total war, base militar, pambansang krisis, at pati karahasan sa kababaihan.

Naitambad din sa madla at naipaglaban ang samu't saring isyung kababaihan, mula sa pisikal at sekswal na pang-aabuso sa mga migranteng Pinay, mga biktima ng prostitusyon o trafficking sa loob at labas ng bansa, sexual

harassment sa mga manggagawang kababaihan, diskriminasyon sa trabaho, patakaran ng estado sa pagkontrol ng populasyon, tortyur at pang-aabuso sa mga babaing detenidong pulitikal, kakulangan ng serbisyong sosyal at oportunidad para sa kababaihan, pang-aabuso sa “comfort women” na dulot ng militarismong Hapon, at iba pa.

Natuhog sa pambansang saklaw ang isang hayag na kilusang kababaihan na ang batayang lakas ay kababaihang anakpawis. Nagsimula itong humalaw ng karanasan at magpalalim sa pagdadala ng mga isyung kababaihan sa balangkas ng mga isyung pangmanggagawa o pangmagsasaka. Maliban sa paglahok sa mga welga at iba pang anyo ng pakikibakang manggagawa, naipagtagumpay ng kababaihang manggagawa sa pamamagitan ng kanilang mga unyon ang pondo para sa daycare centers, mas mahabang maternity leave, mas mahabang sick leave (kasama na ang pagkilala sa dysmenorrhea na dahilan para sa sick leave), paternity leave, libreng OB-gyne check up, paglipat ng buntis sa mas magaang na trabaho, atbp. Samantala ang mga kababaihang magsasaka ay higit na sumiglang makipaglaban para sa tunay at komprehensibong repormang agraryo na kumikilala sa partisipasyon ng kababaihan sa produksyon, sa pantay na karapatan nilang magkaroon ng lupa, sa pangangalaga sa kanilang kalusugan, at sa demokratisasyon ng kanilang pamilya. Ang maralitang kababaihan sa lunsod ay nagdala rin ng komprehensibong kahilingan ng kababaihan, at nagbigay ng diin sa mga usaping pabahay at demolisyon, trabaho at panlipunang serbisyo.

Sumigla ang partisipasyon ng kababaihang petiburgesya sa hayag na kilusang kababaihan laluna sa pagbulwak ng antidiktadurang protesta matapos paslangin si Ninoy Aquino. Sa iba’t ibang paraan ay umugnay sila at sumuporta sa pakikibaka ng mga kababaihang anakpawis para sa kanilang mga pangkabuhayan at pampulitikang kahilingan.

Ang hayag na RKK ay binuo hindi lamang ng mga organisasyon at sentrong kababaihan sa buong bansa, kundi pati ng malawak na lambat ng mga alyansa, institusyon, programa at serbisyong kababaihan sa iba’t ibang rehiyon na sa iba’t ibang antas ay pinamunuan ng mga kadre at kasapi ng Partido. Mula Hilagang Luson hanggang Timog Mindanaw ay nagsulputan ang mga organisasyon at institusyong kababaihan sa mga sentrong lunsod at bayan na pumukaw sa libo pang kababaihan na lumahok sa pakikibaka ng sambayanan at sa paglaya na rin ng kababaihan. Sa lawak, lalim at militansyang inabot nito, naiguhit ng hayag na RKK ang partikular na papel nito sa pagpapalaya ng kababaihan sa konteksto ng pambansa demokratikong pakikibaka ng bayan.

Ang pagkilalang ito sa lawak at militansya ng hayag na RKK ay nadala hanggang sa pandaigdigang kilusang kababaihan. Ang respetong ito na inani ng hayag na RKK ay nagresulta sa tuluy-tuloy na paglawak ng bilang ng mga kontak, suportang grupo, organisasyon at mga institusyon na sumusuporta at nagtataguyod sa pakikibaka ng kababaihang Pilipino na palayain ang bansa mula sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo upang maisulong din ang paglaya nila bilang babae. Nakatulong ang mga ugnayang ito hindi lamang sa pangangalap ng materyal, pulitikal at moral na suporta para sa hayag na RKK kundi pati sa buong pambansa demokratikong kilusan. Nagsilbi rin ang mga ugnayang panlabas para maipakita ang anti-imperyalistang pakikibaka ng kababaihang Pilipino.

Gayunpaman sa kabila ng mga inaning tagumpay, binatbat ang hayag na RKK ng mga kamalian, kahinaan at disoryentasyon sa pagkilos. Sumagka ito sa komprehensibong pag-unlad at sa di mabilang na pagkakataon ay nakalito at naglihis dito sa wastong pampulitikang direksyon. Naghalo ang tama at maling linya, ang mga disoryentasyon at kalituhan habang isinusulong ang demokratikong rebolusyong bayan at ang RKK sa partikular. Sa kabila nito nangibabaw pa rin sa kabuuan ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa mga kasapi ng Partido at sa organisadong masa ng hayag na RKK. Nagtuluy-tuloy ang hayag na RKK sa kabila ng mga problema sa oryentasyon, pagkilos at organisasyon. Nanatiling tapat sa rebolusyon at Partido ang higit na nakararaming kadre at kasapi ng Partido sa kilusang kababaihan, kahit halos matangay na ng petiburges na suhetibismo. Hindi lubusang nakonsolida ang mga maling tunguhing dala-dala ng linyang "sosyalista-feminista" sa mga kadre at kasapi ng Partido dahil na rin sa may kalalimang pundasyon sa usaping makauri.

Gayunman, ang mga reaksyunaryong kaaway at mga alipures nila, kasama na ang mga kontrarebolusyonaryong taksil na patuloy na nang-uupat sa kilusang pagwawasto, ay nakaamba at naghihintay ng mga oportunidad para itulak ang hayag na RKK sampu ng buong Partido sa masasahol pang pagkakamali at kalituhan. Isa ang hayag na RKK sa mga nais nilang ilihis at ibulid sa kapahamakan, kundi man kabigin sa kanilang hanay. Ginagawa ito hindi lamang sa pamamagitan ng pang-iintriga o paninira kundi sa pagkakalat din at pagpapalakas ng mga burges at petiburges na impluwensya sa kilusang kababaihan.

Kaya mahalagang matukoy, masuri at mapag-aralan ang mga impluwensya at tendensyang ito na tumagos sa hayag na RKK at lumikha ng mga kaguluhan, kalituhan at disoryentasyon sa kilusang kababaihan. Higit sa lahat kailangang malagon ang mga karanasang ito, maiwasto ang mga

pagkakamali at humalaw ng mga rebolusyonaryong aral. Sa gayon mailalagay ang Partido sa mas matibay na pundasyon sa komprehensibong pagsusulong ng hayag na RKK. Hindi matatalakay dito ang lahat ng ditalye, ngunit magdidiin na lamang sa mga halimbawang nagpapatingkad sa mga pagkakamaling ito.

Sa larangan ng ideolohiya, tampok na suliranin ng hayag na RKK ang petiburges na suhetibismo na lumitaw sa anyo ng empirisismo at sinigundahan ng dogmatismo. Naging bahagi ang hayag na RKK ng mga kamaliang suhetibista ng buong Partido na nagresulta sa mga pangkalahatang disoryentasyon, pagkalito at pagkalihis sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino.

Ang pinakamalaking disoryetasyong tumama sa hayag na RKK ay ang impluwensyang "sosyalista-feminista" na humalo sa iba pang pagkakamaling suhetibista ng Partido. Sa pag-aakalang ito'y "magpapaunlad" o "magpapayaman" ng Marxismo sa usaping kababaihan, nahaling ang mga kadre ng Partido sa rebisyunistang teoryang ito at inilakip sa mga pag-aaral at pagsusuri ng mga usaping pangkababaihan. Sa kalagayan pang mababaw ang teoretikong paggagap sa mga saligang prinsipyo ng Partido, mabilis na nakapuslit ang impluwensyang "sosyalista-feminista" hindi lamang sa kadre at pwersa ng Kawanihan kundi maging sa iba pang yunit ng Partido sa gawaing kababaihan sa iba't ibang rehiyon. Lumaganap ang sakit na eklektisismo at napabayaang di masuri ang impluwensya ng burges na feminismo. Ilang kadre rin ang kumiling o umayon sa pagtingin ng "sosyalista-feminista" na "kapos," "lipas na" at "di nakasasapat" ang Marxismo para ipaliwanag ang pang-aapi at pagpapalaya sa kababaihan. Mayroon namang tahasang nagsasabing sila'y "sosyalista-feminista" nang hindi malinaw sa kanila na ang teoryang ito'y rebisyunista, Trotskyista at anti-Marxista sa esensya.

Sa larangan ng pulitika, nagtuluy-tuloy sa buong dekada ang Kanang oportunistang linya na tumampok sa anyo ng repormismo sa iba't ibang antas at larangan ng gawain hanggang sa tendensyang likidahin na rin ang Partido at ipaubaya na sa "ligal na dinamismo" ang pampulitikang pamumuno ng Kawanihan. Sumegunda ang mga "Kaliwang" pagkakamali na nakapaloob sa insureksyunistang balangkas at nauwi sa paggasgas at pagnipis ng masang naoorganisa at napapakilos, makitid at mababaw na gawaing masa, mga suntok-sa-buwang panawagan, at sektaryong

pakikitungo sa mga alyado. Nakulayan pa ng "sosyalista-feministang" impluwensya ang mga pagkakamaling ito sa pulitika.

Sa larangan ng organisasyon, tampok ang pagluwag sa demokratikong sentralismo sa anyo ng liberalismo, kabuhaghagan ng buhay pampartido, burukratismo at ultrademokrasya. Halos magmukhang "ligal" ang mga yunit ng Partido hindi lamang sapagkat nakakonsentra ang mga kadre at kasapi ng Kawanihan sa hayag kundi ang mas malaking panahon at atensyon ay nakatuon sa mga hayag na pagkilos. Wala na halos panahon sa mga rebolusyonaryong pag-aaral, pagpapalapad ng kilusang lihim, huwag nang sabihin pa ang pagpapalabas ng mga kadre o kasapi patungong kanayunan. Kahit sa mga suliraning pang-organisasyon ay sumingaw ang mga impluwensyang "sosyalista-feminista" na masugid na tagapagtaguyod ng "awtonomya" at liberal na kaayusang pang-organisasyon.

Tinatalakay sa mga susunod na pahina ang mga pagkakamali, kahinaan at mga kalituhang ito. Pinatnubayan ang paglalagom na ito ng mga dokumento ng una at ikalawang dakilang kilusang pagwawasto, ng mga batayang akda at dokumento ng Partido, at ng mga klasikong akda nina Marx, Lenin, Mao at Engels hinggil sa rebolusyon at usaping kababaihan.

## I. SA LARANGAN NG IDEOLOHIYA

**ANG PARTIDO ANG** abanteng destakamento ng proletaryado at namumuno sa rebolusyong Pilipino. Kung wala ang talibang ito, hindi makakasulong ang pambansa demokratikong rebolusyon at ang rebolusyonaryong kilusang kababaihan.

Kung walang rebolusyonaryong teorya ay hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan. Ang rebolusyonaryong teoryang ito ng MLM ang pumapatnubay sa lahat ng kilusang nagbibigay ng pinakamalakas na dagok sa lahat ng reaksyon upang lumaya ang lahat ng api sa lipunan at magkaroon ng tunay na pagkakapantay-pantay ang mga mamamayan, pati na ang pagkakapantay batay sa kasarian. Ang teoryang ito ang gabay ng Partido sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino; isang siyentipikong teoryang nabuo mula sa pakikibaka ng mga mulat na proletaryado sa daigdig at ngayo'y inilalapat sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.

Susi ang paggagap sa teoryang ito para madala ang mamamayan sa rebolusyonaryong direksyon, makapagpursige sa pakikibaka, makapagkamit ng mga tagumpay, at mapaglabanan ang mga rebisyunistang kaisipang magpapahina, maglilihis at wawasak sa Partido. Ang paglalapat ng teoryang MLM ang pinakamahalagang tungkulin ng mga kadre at kasapi ng Partido.

## Mababaw na Pag-aaral

Ngunit sa mahigit isang dekada kinakitaan ang hayag na RKK nang panaka-naka lamang na mga teoretikong pag-aaral. Matapos makakuha ng mga saligang kurso ng Partido hindi na nababalikan ang mga kurso at pag-aaral at umaasa na lamang sa mga pana-panahong pag-aaral ng pambansang sitwasyon. Matumal, makitid at mababaw ang pag-aaral ng rebolusyonaryong teoryang Marxismo-Leninismo at kinaligtaan na ang mga sulatin ni Mao. Ang mga kadre sa hayag na RKK ay mas nahaling pang magtuon nang higit na pansin sa mga usaping maliit ang kabuluhan sa rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas, laluna sa mga akdang feminista mula sa labas ng bansa, kaysa sa paglalapat ng rebolusyonaryong teorya sa kalagayan at kasaysayan ng bansa, kasama na ang sitwasyon ng kababaihan sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Ang kapabayaang teoretikal ay bahagi ng kabuuang pagpapabaya ng mga kasapi at kadre ng buong Partido sa proletaryong edukasyon. Nakaligtaan ang sistematiko at masusing pag-aaral ng karanasan. Lumubha ang kabiguang tukuyin, punahin at bakahin ang mga ideya at impluwensiyang petiburgis na lumitaw sa loob at labas ng Partido at nagligaw sa mga kasapi ng Partido at sa rebolusyonaryong masa sa wastong pampulitikang direksyon.

Sa loob ng Kawanihan, umiral ang suhetibismo, kabilang ang mga tunguhing empirisista, dogmatista at rebisyunista. Sa halip na maunawaan ang kabuuang pag-unlad ng mga bagay, umiral ang makitid, makaisang panig at pira-pirasong pananaw. Lumakas ang tendensyang paghiwalayin ang rebolusyonaryong teorya at praktika.

Naging bahagi ang Kawanihan at mga pwersa nito ng iba't ibang kamaliang suhetibista na nagresulta sa mga pangkalahatang disoryentasyon, pagkalito at pagkalihis ng Partido sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino. Partikular sa Kawanihan. Kinatangian ito ng maling pagsapol sa mga pundamental at segundaryong kontradiksyon sa lipunan, sa pagtangan ng antagonismo sa hanay ng mamamayan at sa pagitan ng mamamayan at ng naghaharing uri, sa pagluwag sa makauring pagsusuri at pag-unawa sa tunggalian

ng uri, sa higit na pagpapahalaga sa papel ng kalunsuran, sa pagpasok sa balangkas ng repormismo, at sa pagtataguyod ng insureksyunismo at likidasyunismo ng Partido at sosyalismo.

Ang pangkalahatang disoryentasyon sa Partido ay tumampok sa hayag na RKK sa pamamagitan ng impluwensyang "sosyalista-feminista" na tumagos hanggang sa gawaing pampulitika at pang-organisasyon. Ang petiburges na impluwensyang ito ay umugat at yumabong bagaman hindi tuluyang nakonsolida sa hanay ng hayag na RKK. Ang pagkiling sa ilang saligang konsepto ng linyang "sosyalista-feminista" at ang pagdadala ng baha-bahagi ng linyang ito sa mga pananaw at pagtingin sa mga usaping kababaihan ang rurok ng disoryentasyong tumama sa hayag na RKK.

Sa kabuan, empirisismo ang nangungunang tipo ng suhetibismo na dinala ng hayag na RKK. Nagpakasapat ito sa makitid na karanasan at hindi naiugnay ang praktika sa rebolusyonaryong teoryang MLM. Sa halip na humango ng wasto at malinaw na leksyon mula sa praktika sa gabay ng teoryang MLM, namulot ito ng iba't ibang teoryang petiburges, partikular ng linyang "sosyalista-feminista", at ginamit ito para unawain at ipaliwanag ang praktika ng kilusang kababaihan. Sa pag-aakalang pag-abante ng Marxismo ang linyang "sosyalista-feminista", malayang humalaw dito ng mga konsepto at ideyang bumabaluktot sa mga saligang prinsipyo ng Partido. Di namamalayan ng hayag na RKK, sa pangunguna ng mga kadre ng Kawanihan, na nagpapalaganap na ito ng mga rebisyunistang ideya hinggil sa pagpapalaya ng kababaihan.

Pumapangalawang tunguhin naman ang dogmatismo kung saan nagpakasapat ang hayag na RKK sa mga pangkalahatang prinsipyong MLM. Nagpabaya at di seryosong hinarap ang pag-aaral sa kongkretong kalagayan at karanasan ng RKK. Ang resulta nito'y ang pagpaplano at pagkilos nang lampas sa makakaya ng aktwal na kalagayan. Sa kakulangan ng pag-aaral hindi na nito nakita ang partikularidad ng mga kongkretong kalagayan, usapin at gawain na nagresulta sa madaling pagpapatianod nito sa mga insureksyunistang gawain at panaginip.

Kapwa salungat ang dalawang tipo ng suhetibismo sa materyalismong dyalektiko at sa prinsipyo ng pag-uugnay ng teorya't praktika. Bunga ito ng mga petiburges na impluwensya sa paraan ng pag-iisip ng mga kasama. Nagreresulta ito ng mali, mababaw at makaisang panig na mga ideya na nagdudulot ng mga suliranin at kapinsalaan sa rebolusyonaryong pagkilos.

Unang namalas ang empirisistang tunguhing ito sa laman at paraan ng pag-aaral ng mga kadre ng Kawanihan. Maaga pa'y natukoy na ang kapabayaan sa teoretikong pag-aaral at paglalagom ng mga kongkretong karanasan. Ngunit sa halip na magbuhos ng pansin dito, ang hinarap ng mga kadre ay ang higit na pagpapasigla at pagpaparami ng mga pag-aaral, pagsasanay at mga kumperensya sa hayag na nakatuon sa mga pampulitikang isyu at mga partikular na usaping kababaihan.

Sa mga hayag na pag-aaral namuo ang pananaw at tindig nang di iilang kadre sa iba't ibang usaping kababaihan nang hindi napapatnubayan ng Marxistang teorya.  Hindi rin pirming makatindig ang Kawanihan sa mga usaping ito dahil sa kakulangan ng kolektibong pag-aaral. Tuloy, umalagwa ang pagpapalaganap ng mga kadre ng kani-kanilang interpetasyon sa mga usaping kababaihan, at madalas kaysa hindi ay nasa balangkas ng "sosyalista-feministang" pagsusuri, hindi lamang sa hayag na kilusan kundi kinalaunan ay sa lihim na rin.

Sa pagpapabayang ito nakapag-ugat at yumabong ang impluwensya ng burges at rebisyunistang teorya sa hayag na RKK. Kung may pagdududa man dito, hindi rin nasalag o nasawata ng hayag na RKK ang daluyong ng impluwensyang burges sa hayag at ang pagtagos nito sa loob na mismo ng Partido.

Sabihin pa, nagdulot ito ng mga kalituhan at disoryentasyon laluna sa usapin ng teorya at praktika ng dayalektiko materyalismo, ekonomyang pampulitika, siyentipikong sosyalismo, at makauring pagsusuri. Nagbunga rin ito ng mga pagmamaliit sa mga paglilinaw, patakaran at prinsipyo ng Partido sa kilusang kababaihan  at maging sa relasyon ng kasarian.  Umiral ang eklektisismo sa paraan ng pag-aaral at pakikitungo sa usapin ng teorya at oryentasyon ng kilusang kababaihan, samantalang nagpabaya sa pagpapaunlad ng Marxista-Leninistang paninindigan, pananaw at pamamaraan ng paggawa.

Dagdag pa, uminog ang praktika ng Kawanihan sa pagkilos sa urban at sa mahaba-habang panahon ay natali sa pakikipagkompromiso sa mga reaksyunaryong kababaihan na itinuring na mga alyado. Samantalang bulnerable sa petiburges na tunguhin at hindi maingat sa teorya, umugat pa ang mga kadre ng Kawanihan sa petiburgesya na nagsisilbing pangkasaysayan at panlipunang batayan ng suhetibismo.

Karamihan din sa mga kasapi at kadre ng Kawanihan ay nanatili o nahirati sa petiburges na pamumuhay na ibinukas ng kalakarang NGO sa hayag. Di iilan ang nagkaroon ng mga problema sa komitment at puspusang pagkilos. Marami rin ang hindi nakapagbago ng kanilang pandaigdigang pananaw at paraan ng pag-iisip alinsunod sa MLKMZ. Kaya madali silang natangay ng burges na impluwensya. Nariyan pa ang paglabas-pasok ng mga kadre sa mga pandaigdigang kumperensya na baon ang mga impluwensyang burges pag-uwi ng bansa.

Naging salik din ang kawalan ng interaksyong ideolohikal ng KTKS sa Kawanihan sa panahong nagsisikap itong linawin ang oryentasyon ng kilusang kababaihan. Sa mas mahabang panahon ay nalimitahan ang Kawanihan sa sarili nitong mga pagsisikap, at interaksyon sa kagyat na nakatataas na organong NUCC o NOC. Ang ganitong sitwasyon ay produkto ng pag-iral ng sistemang komisyon sa istruktura ng Partido kung saan humina ang sentral na pangangasiwa habang lumarga at sumaklaw nang lampas-lampas sa kanyang awtoridad ang mga itinayong komisyon.

## Linyang "sosyalista-feminista"

Ang pagtanggap ng Kawanihan sa terminong feminismo bilang katumbas na salita sa pagpapalaya ng kababaihan sa isang pambansang kumperensya noong 1988 ay tuwirang nagbukas sa mga kadre at pwersa ng hayag na RKK sa impluwensya ng burges na feminismo. Ibinatay ang pagtanggap dito sa mababaw na pagtinging popular na itong ginagamit sa kilusang kababaihan sa loob at labas ng bansa. Kailangang ilinaw na lamang diumano ang partikular na katangian ng feminismong dala-dala ng hayag na RKK.

Nakaligtaan ng mga kadre na ang feminismo ay isang burges na konseptong hindi lumalayo sa kahilingan ng pantay na karapatan ng kababaihan sa loob ng sistemang umiiral. Tanging ang Marxismo-Leninismo-Maoismo lamang ang nagbigay ng rebolusyonaryong oryentasyon sa usapin ng paglaya ng kababaihan sa pagsasamantala at pang-aapi. Inilinaw ng MLM na hindi tunay na matatamo ng kababaihan ang paglaya sa pamamagitan ng paglilimita ng pakikibaka sa pantay na karapatan sa isang sistemang patuloy na mapang-api at mapagsamantala sa masang anapawis at sa masang kababaihan. Kailangang ilantad, kondenahin at wasakin muna ang sistemang umiiral upang maitayo ang isang panlipunang sistemang tunay na kikilala sa pantay na katayuan at karapatan ng kababaihan at kalalakihan, hindi lamang sa porma kundi laluna sa esensya.

Ang iba't ibang tunguhin, hibo o hibla ng feminismo sa daigdig ngayon, ay walang layuning isulong ang rebolusyonaryong paglaya ng kababaihan. Masahol pa, ginagamit ito ng mga naghaharing uri para itali ang kababaihan sa repormismo, anarkismo o rebisyunismo. Ang tunay na kilusang magpapalaya sa kababaihan ay ang kilusang sumasanib at nagsusulong sa rebolusyonaryong transpormasyon ng lipunan.

Kayat ang pagtanggap sa konsepto ng feminismo laluna sa loob ng Partido ay lumikha ng malaking disoryentasyon sa konsepto ng pagpapalaya ng kababaihan. Maluwag na nakatagos ang iba't ibang hibo at impluwensya nito sa mga kadre ng kilusang kababaihan at inihalo sa mga rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido. Pinakamadulas ang impluwensya ng linyang "sosyalista-feminista", na pumupusturang abanteng teorya ng Marxismo sa pagpapalaya ng kababaihan.

Ang "sosyalista-feministang" linya ay isang anti-Marxista at anti-Partidong linya na nagkukubli sa mga parirala at terminolohiyang Marxista-Leninista na panlinlang at pases nito sa pagpuslit sa loob ng Partido. Ito ay itinataguyod ng mga Trostkyista at inilalako ng mga ahente nito. Samantalang sinasabi ng teoryang "sosyalista-feminista" na naniniwala ito sa Marxismo at sa tunggalian ng uri, sinasabi rin nitong kapos at di nasasagot ng Marxismo ang pang-aapi at paglaya ng kababaihan.

Sa katunayan, tinutunggali at kinakarikatura nito bilang "lipas na" ("orthodox") ang pagpapaloob ng usaping kababaihan sa tunggalian ng uri. Tinatagurian nito ang mga Marxista na "class reductionist" o "instrumentalist" at walang tunay na pagkilala at pagpapahalaga sa usapin ng kababaihan. Ayon sa "sosyalista-feministang" teorya, magkaugnay ngunit magkasabay na sumibol ang pang-aapi sa uri at pang-aapi sa kasarian bilang patunay diumano na may iba pang pinagmulan ang pang-aapi sa kasarian at di wastong ugatin sa paglitaw ng mga uri. Para suhayan ang puntong ito, ginagamit pang pambaluktot ang akda ni Engels na *Origin of the Family, Private Property, and the State*.

Kaakibat nito ang pag-atake sa sosyalistang rebolusyon at sa mga sosyalistang bayan dahil diumano'y hindi naman nagtagumpay ang mga ito sa mapagpasyang pagbabago ng kalagayan ng kababaihan.

Anila, hindi nasustine ang mga patakaran at programa para sa kapakanan ng kababaihan. Umiiral pa rin ang pamilya na siyang saligang kondisyon ng kaapihan ng kababaihan. Patunay ito diumano na hindi uubrang lutasin sa

pamamagitan lamang ng rebolusyon ang aping kalagayan ng kababaihan hanggat hindi nalulusaw ang pamilya at nababago ang hatian ng gawain batay sa kasarian. Nararapat lamang daw ihanay ang usapin ng uri, o mas mahalaga pa, ang pakikibaka ng kababaihan sa pagbabago ng relasyon ng pamilya at paglusaw ng pamilya. Kayat kulang ang Marxismo, anila, sa pagtugon at pagpapahalaga sa usaping pampamilya, na tinatawag din nitong larangan ng "reproduksyon." Pinapahalagahan lamang diumano ng mga Marxista ang usaping "produksyon."

Itinatatwa ng linyang "sosyalista-feminista" ang mapagpasyang pagbabago sa buhay ng kababaihan sa ilalim ng sosyalismo, na nangyari sa Unyong Sobyet at Tsina. Totoong hindi lubusang napawi ang kaapihan sa kababaihan at marami pang kailangang gawin sa mga bansang nagtatayo ng sosyalismo para maiangat ang kalagayan nila. Ngunit may mga higanteng hakbang nang naganap sa pagpapalaya ng kababaihan simula nang mapasakamay ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika.

Minaliit ito ng mga "sosyalista-feminista" at pinagdiinan ang mga kakulangan at kakapusan sa pagpapalaya ng kababaihan. Ngunit ilang taon pa lamang nananalo ang rebolusyon kung ikukumpara sa daang libong taong pag-iral ng pyudalismo at kapitalismo sa daigdig. Isa pa'y aktibo ang mga "sosyalista-feminista" sa pagkakalat ng mga disoryentasyon at pambabaluktot ng mga rebisyunista sa Unyong Sobyet at Tsina na wala nang uring umiiral sa mga bansa nila, at kung gayon ay wala na ring dahilan para umiral ang pang-aapi at pagsasamantala. Ngunit hangga't hindi natatamo ang komunismo ay hindi lubusang mapapawi ang pang-aapi at pagsasamantala. Ang mga pinsala at kapahamakang dulot ng mga modernong rebisyunista sa Unyong Sobyet at Tsina, kasama na ang mga pagbawi sa mga tagumpay na nakamit ng kababaihan, ay isinisisi ngayon na kasalanan ng Marxismo at sosyalismo sa halip na sa rebisyunismo at sa panunumbalik ng kapitalismo.

Sa kalakhan ay nahulog ang mga kadre ng Kawanihan sa bitag ng "sosyalista-feminista" na nagkokombina, naghahalo o nagsasanib bilang teorya at praktika ng diumano'y mga "pinakamahuhusay na *insights*" ng "radikal na feminismo at Marxistang tradisyon. Sa pamamagitan diumano ng linyang ito ay makakaiwas at di mabubuslo ang "sosyalista-feminista" sa mga limitasyon o kamalian ng "radikal na feminismo at "tradisyunal" na Marxismo.

Ngunit kung pakasusuriin, binabaluktot ng "sosyalista-feminista" ang Marxistang pagsusuri sa usaping kababaihan at inilulubog ang tunggalian ng uri sa antas ng relasyon ng kasarian (na tinatawag nitong "power relations"). Sa

praktika, ikinukupot din ng "sosyalista-feminista" ang paglaya ng kababaihan sa paglaya sa sekswalidad, panganganak, gawaing bahay at hatian ng gawain batay sa kasarian. Hindi man aminin nito, sa bandang huli'y ibinabalik din ang kababaihan sa usaping bayolohikal o pisikal at sa pananaw na anti-kalalakihan.

Naganap ang malakas na atraksyon ng mga kadre ng Kawanihan sa linyang "sosyalista-feminista" sa maraming dahilan—una na ang mababaw na pag-unawa sa batayang teoryang Marxista-Leninista at sa mga usaping kaugnay ng rebisyunismo. Umunlad nang husto ang praktika ng Kawanihan at mga kadre nito sa pagsusulong ng hayag na RKK, ngunit hindi nakahabol ang antas ng ideolohiya nito sa maraming mga usaping kinaharap sa kilusang kababaihan at sa gitna ng pandaigdigang imperyalistang opensiba na tawaran at maliitin ang Marxismo at baluktutin ang teorya nito, durugin at wasakin ang mga sosyalistang bansa, at dalhin ang mga rebolusyonaryong kilusan sa landas ng repormismo at kolaborasyon sa reaksyon. Naging paborableng kondisyon ang pangkalahatang disoryentasyon at kalituhan sa Partido bunga ng planong SCO para mabilis ding makapuslit ang linyang "sosyalista-feminista".

Sa ganitong kalagayan bumungad ang linyang "sosyalista-feminista" na nagpapanggap na pag-unlad ng Marxismo sa usaping kababaihan. Binuksan nito ang pinakamalalaki hanggang pinakamaliliit na mga usapin sa kababaihan, inugat, pinalalim at pinaunlad sa paraang animo'y bago at siyentipiko. Bagaman kritikal sa Marxismo hindi naman nito tuwirang itinatakwil ang Marxismo at umaasta pa ngang pinauunlad nito ang teorya ng proletaryado.

Ngunit habang nabibighani sa linyang "sosyalista-feminista", hindi namamalayan ng mga kadre ng Kawanihan na unti-unti na nilang inililibing ang Marxismo at binubuhay ang rebisyunismo. Inilalako ang linyang "sosyalista-feminista" bilang pagpapaunlad sa Marxismo, samantalang wala itong ginawa kundi baluktutin ang Marxismo sa paghugot sa mga salitang labas sa konteksto nito mula sa mga akda ng mga dakilang Marxistang guro.

1. Pinakamasahol rito ang paghihiwalay ng uri at kasarian, sa paglalagay ng usaping kababaihan sa balangkas ng "produksyon at reproduksyon," hindi bilang iisang proseso ng produksyon kundi bilang magkahiwalay na larangan sa buhay ng kababaihan na kapwa o pantay na dapat harapin ng kilusang kababaihan.
2. Samantalang tinatanggap na ang kilusang kababaihan ay maaaring magdala ng kahilingan ng uri at hindi hiwalay ang kababaihan sa

uri, tinitingnan namang hindi tunay na makakasulong ang kilusang kababaihang nakapaloob at integral na bahagi ng tunggalian ng uri. Kayat ang nirereseta'y isang "hiwalay" o "parallel" na kilusang kababaihan na may sariling oryentasyon, organisasyon at paraan ng pagkilos na sa katunaya'y paghihiwalay sa kilusang kababaihan sa pamumuno ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.

3. Nasa pamilya ang tunay na usapin ng pagpapalaya ng kababaihan at itinataas ito kapantay ng uri at hiwalay sa uri. Hindi kinikilala ng burges na linya na ang pagbabago sa pamilya at abolisyon nito ay nakabatay sa, at bahagi, ng kabuuang laban sa pagbabago ng sistemang mapagsamantala at mapang-api, sa pagpawi ng mga uri at lipunang may uri.

Nakita ang mga pambabaluktot na ito sa mga partikular na gawain ng hayag na RKK. Sa iba't ibang anyo ay humalo ang impluwensyang "sosyalista-feminista" habang kaalinsabay na nagdiin sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon. Nilaman ito ng mga pangunahing dokumento, modyul sa edukasyon, at mga isyung kababaihan.

Sa oryentasyon ng RKK na "inaprubahan" noong 1988, nilinaw ang papel ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pagpapalaya ng kababaihan, gayundin ang papel ng RKK bilang natatanging kilusan sa balangkas ng pambansa demokratikong kilusan. Idiniin na ang sentral na tungkulin ng RKK ay pukawin, mobilisahin at organisahin ang kababaihan para isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Gayunman, lumusot rito ang mga konseptong "sosyalista-feminista", tulad ng pagtukoy sa pagpapakahulugan ng "reproduksyon" bilang isang larangang hiwalay pa sa produksyon, bagaman ipinapakita ang kaugnayan ng dalawa. Itinuring din ang mga organisasyon o kilusang hindi nagdadala ng mga partikular na kahilingan ng kababaihan na hindi bahagi o kumikilala sa RKK. Ipinahiwatig din na hindi bahagi, kundi hiwalay na grupo ang kababaihan na kailangang isanib ang lakas sa buong sambayanan.

Samantala, hindi rin nakaligtas ang mga hayag at lihim na pag-aaral sa impluwensya ng linyang "sosyalista-feminista". Una na, ipinalaganap sa lektura ang iba't ibang tunguhing feminista ("strands of feminism") na bagaman tumutuligsa sa "radikal" na feminismo ay kiling naman sa linyang

"sosyalista-feminista" at nagbabansag sa "Marxistang feminismo na atrasado, makaluma, at may lantay na linyang produksyon.

Sumunod rito ang burador ng hayag na kursong kababaihan. Tinalakay rito ang kalagayan ng kababaihan sa lipunan, ang kanilang kasaysayan at direksyon ng paglaya. Ngunit ang mga suliraning kababaihan ay hindi malinaw na nakaugat sa makauring pang-aapi at higit na nagpatampok sa kalagayan ng kababaihan ng panggitnang pwersa. Lumalabas na hindi ang makauring sistema ang ugat ng suliranin ng kababaihan kundi ang kawalan nila ng kontrol sa katawan sa isang sistemang dominado ng kalalakihan. Lipos din ang buong modyul ng mga siniping pangungusap mula sa mga dayuhang radikal at "sosyalista-feminista".

Umani ng mga puna at kalituhan ang kursong "gender sensitivity" at "feminist management." Sa una, wasto ang layunin na pag-aralan ang relasyon ng kasarian para mapaunlad ito at mapahigpit ang pagkakaisa laban sa mga naghaharing uri. Ngunit kasabay na nagpalaganap ito ng mga maling pananaw kung paano hinuhubog ang lalaki't babae, ang relasyon ng uri sa kasarian, ang paghihiwalay ng reproduksyon sa produksyon. Naisalang din sa atake ang mga tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido. Sa ikalawa, likas na itinuturing ang babae na mahinahon, mapag-aruga, mapagkalinga, kayat ang paraan niya ng pagresolba ng mga tunggalian ay "non-violent" at "non-confrontational." Tinatalakay ang mga tunggalian na animo'y wala nang uring umiiral, at ang pagkakaroon ng babae ng kapangyarihan ("power base") ay magmumula sa pagkilala ng kanyang sariling kakayahan.

Samu't saring mga konsepto na animo'y progresibo ang tumagos pa sa hayag na RKK tulad ng "gender and development" at "empowerment paradigm." Inilalako ng mga imperyalista sa pamamagitan ng UN, funding agencies at akademya ang mga konseptong ito, na naglalayong ipaliwanag ang abang kalagayan ng kababaihan sa simpleng katwirang hindi sila pinalalahok sa mga "proyektong pangkaunlaran" ng naghaharing sistema. Kayat ang kailangan lang diumano ay magkaroon ng kumpyansa at sumalig sa sarili ang kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba't ibang kasanayan. Ngunit ang ultimong layunin nito ay iligaw ang isip ng kababaihan palayo sa usapin ng makauring pagasamantala at rebolusyon.

Samantala, wasto sa kalakhan ang pagdadala ng mga isyung kababaihan sa puntong nailalantad ang sitwasyon ng kababaihan sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan at nadadala ang iba't ibang bahagi ng pambansa

demokratikong programa kahit sa limitadong paraan. Subalit sa iba't ibang pagkakataon ay sumisingaw ang impluwensyang "sosyalista-feminista" sa mga pagsusuri at panawagan, laluna sa mga unang buwan ng rehimeng Aquino, na malinaw nagbubuslo sa mga isyung kababaihan sa popdemismo o repormismo. Labas pa rito, sumisingit ang mga panawagang tulad ng pagiging "gender-sensitive" at "gender-fair," na walang katuturang ipinanawagan sa mga ahensya ng estado, at naghahabol ng "participation" o "consultation" sa mga proyekto ng gobyerno tulad ng bases conversion. Naipalaganap din ang pananaw na awtomatik ang pang-aapi sa simpleng dahilan ng pagiging babae.

Sa kabuuan, ang talab ng "sosyalista-feministang" linya sa Kawanihan at mga pwersa nito ay hindi pa umabot sa antas ng tahasang pagkwestyon sa demokratikong rebolusyon ng bayan at sosyalistang rebolusyon. Subalit itinatanim na nito ang binhi ng pagdududa kung maitataguyod nga ba ng Partido at linya nito ang pakikibaka para sa paglaya ng kababaihan, na maaaring hindi agad namamalayan ng mga naiimpluwensyahan nito. Hindi pa ito nakokonsolida sa ganap na maling linya sa loob ng Kawanihan ngunit humahalo na sa tamang linya at may malakas na atraksyon sa mga namumunong kadre ng hayag na RKK.

Kayat kailangan itong matalas na tukuyin, bakahin at ibasura upang huwag nang patuloy na maging behikulo sa pagpapalaganap ng burges na pananaw sa loob ng Partido, at magamit na panghati sa kilusan ng mga kontrarebolusyonaryong taksil at ng mga kaaway.

Gayunman, ang matatag at matalas na pakikipagtunggali sa idelohiya sa burges na feminismo at rebisyunistang teorya sa kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay hindi nangangahulugan ng lubos na pagsasara ng pakikipagtulungan at alyansa sa mga organisasyong feministang hindi kontra-MLM at hindi anti-Partido.

## Edukasyong Teoretikal

Mahalaga ang kagyat at puspusang pagsasagawa ng mga kadre at kasapi ng Kawanihan ng edukasyong teoretikal sa MLM para maiwasto ang mga suhetibistang ugat ng pagkakamali, maging empirisista o dogmatista man ang mga ito.

Ilang beses na pinatunayan ng karanasan na ang mga pagkakamali at kahinaang pang-ideolohiya ng hayag na RKK, na nagbunga rin ng mga pagkakamali sa pulitika at organisasyon, ay maiuugat sa kapabayaan sa pag-

aaral at mababaw na paggagap sa teoryang MLM. Masasapol din lamang ang teoryang ito sa kongkretong pag-uugnay sa praktika ng rebolusyong Pilipino at sa rebolusyonaryong pagpapalaya ng kababaihan sa partikular.

Sa halip na pumulot ng kung anu-anong mga ideya at mga abstraktong konsepto laluna mula sa mga burges na feminista at rebisyunista, higit na magiging kapakipakinabang na pag-aralan ang Marxista-Leninistang pagsusuri sa kasaysayan at kalagayan ng bansa at ang mayaman at mahaba nang karanasan sa rebolusyon ng Pilipinas. Sa gayo'y malinaw at kongkreto ring maipupwesto ang mithiin sa pagpapalaya ng kababaihang Pilipino. Tulad nang naunang nabanggit, ang paglalapat ng teoryang MLM sa kongkretong kalagayan ang pinakamahalagang tungkulin ng mga kasapi at kadre ng Partido.

Ang puspusang pag-aaral ng MLM ang pangunahing nilalaman ng kilusang pagwawasto ng Partido. Para sa Kawanihan may partikular na halaga ito sa pagbunot ng ugat at impluwensya ng "sosyalista-feministang" linya na lumito, bumaluktot at nagpalihis sa pananaw ng di iilang kadre ng Kawanihan sa maraming usapin sa kilusang kababaihan.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, at ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili, ay maitatakwil ang mga burges at petiburges na impluwensyang tumama sa hanay ng mga kadre at kasapi ng Partido sa hayag na kilusang kababaihan sa mahigit isang dekada. Sa ganitong paraan din makapagpapanibagong hubog at lakas ang Kawanihan at mga pwersa nito tungo sa pagtataguyod ng rebolusyong Pilipino sa wastong landas at pagsusulong ng pandaigdigang paglaya ng proletaryo.

## II. SA LARANGAN NG PULITIKA

**SUSI ANG PAGPAPATUPAD** ng wastong linyang pampulitika ng Partido upang mabuo ang pinakamalawak at pinakamalalim na pagkakaisa ng mamamayan at maihiwalay ang kanilang mga kaaway tungo sa rebolusyonaryong transpormasyon ng lipunang Pilipino. Ipinakita ng Partido kung paano gagawin ito sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Dito ay malinaw na tinukoy ang katangian ng lipunang Pilipino, mga motibong pwersa ng rebolusyon at mga kaaway nito, mga pangunahin at segundaryong tungkulin, sosyalistang perspektiba, atbp. Ipinakita nito ang

kahalagahan ng tatlong pangunahing sandata ng rebolusyon: ang pamumuno ng Partido, ang nagkakaisang prente at ang armadong pakikibaka. Inilinaw nito ang ugnayan ng papel ng ligal at iligal na pakikibaka, ng kanayunan at ng kalunsuran, ng rebolusyong Pilipino at ng pandaigdigang kilusang proletaryo. Iginuhit nito ang linya sa pagitan ng mga mamamayan at ng mga naghaharing uri, ng rebolusyon at kontrarebolusyon. Sa pamamagitan ng linyang ito umani ng malalaking tagumpay ang rebolusyong Pilipino.

Ito rin at wala nang iba pa ang pampulitikang linya ng Rebolusyonaryong Kilusang Kababaihan (RKK). Ito ang pangkalahatang linyang pinanghawakan ng mga kadre at kasapi ng Partido sa kilusang kababaihan na nagresulta sa higit na paglawak at pagsulong ng hayag na RKK sa buong bansa.

Ngunit marami ring pagkakataon na lumuwag, lumabo at nabaluktot ang pag-unawa sa mga batayang prinsipyo at tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan. Sumagka at bumara ito sa komprehensibong pag-unlad partikular ng hayag na RKK at naghulog dito sa mga Kanan at "Kaliwang" oportunistang pagkakamali na mula sa mga suhetibistang pananaw na petiburges. Nakapagpalala pa sa disoryentasyong ito ang impluwensya ng rebisyunistang linyang "sosyalista-feminista" na sumanib at humalo sa mga pagkakamaling ito.

Dahil sa impluwensyang ito ay lumakas ang tunguhin sa hayag na RKK na ipangibabaw ang interes ng kasarian sa uri, na kapag hindi naagapa'y magreresulta sa paglalayo ng kababaihan sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan, sa pagsuko ng interes ng kababaihan sa mga naghaharing uri, at sa pagpapatindi ng pagkakahati ng mamamayan dahil sa pangingibabaw ng pagpapahalaga sa tunggalian ng lalaki't babae.

Ang "sosyalista-feministang" impluwensyang ito ay nagtulak sa tuluy-tuloy na Kanang oportunistang pagkakamali ng Partido sa hayag na RKK sa loob ng mahigit isang dekada. Sa proseso ay may natukoy at naiwasto sa mga nabanggit na Kanang pagkakamali, ngunit hindi puspusang nasuri ang salik ng burges at rebisyunistang na feminismo sa mga ito.

Samantala sumanib na rin ang impluwensyang "sosyalista-feminista" maging sa "Kaliwang" oportunistang pagkakamali. Bagaman pumapangalawang tunguhin sa mga Kanang pagkakamali, nagbunga ang mga "Kaliwang" pagkakamaling ito nang mga plano at panaginip nang lampas sa kakayahan ng hayag na RKK, at lumikha ng demoralisasyon at mga panghihina sa mga pwersa ng Kawanihan.

Bagaman maliit ang pwersa ng Kawanihan, tumagos din ang mga pagkakamaling ito sa mga rehiyon at iba pang pwersa. Kaalinsabay may ilang kadre sa mga rehiyon at pambansang organo (partikular sa NTUB at NYSD) na dumistansya at naguluhan sa mga disoryentasyong kumalat sa pagsusulong ng RKK.

## Pagbitaw sa Makauring Pagsusuri

Pinakamatingkad sa mga disoryentasyong ito ang pagbitaw sa makauring pagsusuri sa estado at katangian ng mga naghaharing uri na pinalabo pa ng impluwensyang "sosyalista-feminista". Masahol pa, kapag babae ang tumangan ng timon ng estado, tinitingnan ang estado at mga naghaharing uri na maaaring magtaguyod sa kapakanan ng kababaihan. Wala itong kinauwian kundi isang lantay na linyang repormista. Sumanib sa disoryentasyong ito ang linyang "sosyalista-feminista" na nagpapalagay na may komon na interes ang kababaihan at maaari silang magkaisa anuman ang uring kinabibilangan. Ipinalagay din na ang kababaihan ng naghaharing uri ay maaaring bumaba sa kanilang pedestal at makipagkaisa sa mga kababaihang anakpawis.

Kitang-kita ito sa pagpuri at pagbibigay ng buong suporta sa rehimeng Aquino nang maupo ito sa pwesto, hindi lamang dahil tiningnan si Cory Aquino na liberal demokrata kundi babae pa. Umasa ang hayag na RKK na gagamitin ni Aquino ang estado para tugunan ang kahilingan ng mga mamamayan, lalo ng kababaihan. Nakita kay Aquino ang patunay na kaya ng babaing humawak ng pamumuno. Nakipagkaisa kay Aquino sa pagiging kabaro, na inaapi rin ng mga machong nakapaligid sa kanya.

Bandang huli na lamang nakita na di hamak na mas matimbang kay Aquino ang kanyang uri kaysa sa milyong kababaihang anakpawis. Ang mga programa at patakaran nito sa kababaihan ay nagsilbi lamang palamuti para mahatak ang suporta ng mga progresibong kababaihan sa kanyang rehimen. Nang pakawalan nito ang lupit ng patakarang "total war" ay lantaran nang nalantad ang karahasan at pang-aapi ng rehimen sa mga mamamayan kung saan higit ang pinsalang tinamo ng kababaihang anakpawis at mga bata.

Tuluyan nang naglaho ang pag-asa sa rehimen. Ngunit hindi kasabay na naglaho ang impluwensyang "sosyalista-feminista". Patuloy itong lumakas at lumitaw sa iba't ibang anyo na nagpapangibabaw ng usapin ng kasarian sa usapin ng uri.

Pagbitaw rin sa makauring pamumuno ang ipinakita ng pagbubuo ng partidong pulitikal ng kababaihan, kung saan nanaginip ang hayag na RKK na makakabig ang kababaihan sa mga tradisyunal na partido at mahahati ang mga reaksyunaryo. Ganito rin ang ipinakita ng pagpasok sa mga alyansang kasama ang mga reaksyunaryong anti-Marcos na nagkompromiso sa mga saligang prinsipyo ng RKK at naglagay sa huli sa sitwasyong makapamuno samga alyansa.

Kasabay nito, mahaba-haba rin ang panahong nabitiwan ang makauring pagsusuri sa pag-oorganisa. Sa tulak ng mabilisang pag-oorganisa ayon sa programang SCO, hinagip ang kababaihan sa mga maralitang komunidad nang wala nang pagtatangi. Tuloy marami-raming lumpeng kababaihan ang nakapasok sa organisasyon. Sa mga kababaihang magsasaka, bagaman itinakdang diin ang pagpapasapi sa mga mababa at panggitnang maralitang magsasaka, ibinukas pa rin ang organisasyon ng kababaihan sa kanayunan sa mga mayamang magsasaka na nakapangibabaw sa mga lokal na organisasyon.

## Labis na Pagpapahalaga sa Usapin ng Kasarian

Ang pagbitaw sa makauring pagsusuri ay humantong sa labis na pagpapahalaga sa usapin ng kasarian. Sa di iilang kaso at sa iba't ibang anyo ay itinuring ang kasarian na kapantay ng uri. Ihinalili ang balangkas ng kasarian sa makauring balangkas ng pagsusuri sa lipunan.

Halimbawa, sa kurso ng Makibaka, ihinanay ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo bilang isang bungkos ng problema ng kababaihan na kumakatawan sa makauring kaapihan at ang patriarkiya bilang problemang pangkasarian. Sa hayag na kursong kababaihan, ihinanay ang patriarkiya bilang pang-apat na saligang problema ng kababaihan kapantay ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Kapwa sa mga halimbawang ito hindi nailinaw na ang patriarkiya ay hindi hiwalay sa uri, bagkus isang anyo ng makauring paghahari kung saan nangingibabaw ang kapangyarihan ng lalaki sa lahat ng aspeto ng buhay. Naging kalakaran ito sa panahon ng sistemang alipin at pyudal at winawasak sa sistemang kapitalismo, ngunit nananatili ang ilan pang mga salik o katangian nito na may pakinabang ang naghaharing sistema. Sa lipunang malakolonyal at malapyudal, nariyan pa ang mga patriarkal na institusyon sa lipunan tulad ng Simbahan at pamilyang pyudal, bagaman ang mga

impluwensya nito sa ekonomya, pulitika at kultura ay hindi na kasingsahol tulad ng mga nakaraang lipunan.

Naging palasak ang katawagang patriarkiya sa anumang anyo ng pang-aapi ng lalaki sa babae nang hindi isinasaalang-alang ang iba't ibang kalagayan o sirkumstansyang kinapapalooban nila. Tunay na nananatili ang di pantay na katayuan ng babae't lalaki sa lipunan, ngunit ang makitid na pag-unawa sa relasyong patriarkal ay nagpapalabo sa pananagutan ng naghaharing sistema sa istorikal na pang-aapi sa kababaihan at naglalagay sa kalalakihan bilang naghaharing uri sa lipunan. Kapag ganito'y nababaluktot din ang kaibahan ng antagonistiko at di-antagonistikong kontradisyon sa pagitan ng mga mamamayan at ang kontradiksyon sa pagitan ng mga mamamayan at ng mga naghaharing uri.

Palasak din ang paggamit ng "punto de bistang kababaihan" ("feminist perspective") na lumalabas sa makauring balangkas sa pagdadala ng mga isyung kababaihan.  Walang punto de bistang nakabatay sa kasarian, kundi sa mga uri. Di tulad ng uri, walang depenidong sistema ng produksyong batay sa kasarian. Manapa, nahahati ang babae't lalaki sa iba't ibang uri at gumagalaw sila ayon sa dikta ng kanilang uri at hindi ng kasarian.

Kaalinsabay nito ang sektaryong pagtataguyod ng interes ng kababaihan tulad ng mga panawagan sa ekonomya, pulitika at kultura na nakapatungkol lamang sa kababaihan at hindi na isinasali ang sambayanan. Sa kabilang banda naman, talamak ding ginagamit ang salitang kababaihan nang walang pagtatangi at walang pinagbabatayang uri. Sa ganito, dahil pare-parehong babae, itinuturing na iisa ang interes ng kababaihan anuman ang kanilang uri.

Ang sektaryong interes ay nadala hanggang sa paraan ng pag-oorganisa. Sa pag-oorganisa ng kababaihang manggagawa sa antas-pabrika, itinuring na mabibigyan lamang ng pansin ang kababaihan sa pagtatayo ng komite ng kababaihan. Tuloy, namaliit ang papel ng unyon na kumakatawan sa lahat ng manggagawa, babae man o lalaki, samantalang ang komite ng kababaihan ay bahagi lamang ng makinarya ng unyon. Kung walang unyon, wala ring maitatayong komite ng kababaihan. Hindi man sinasadya naibabangga ang interes ng kasarian laban sa interes ng uri.

Ang tunggalian ng uri at kasarian ay nagresulta sa ibayong mga pagkakamaling Kanang oportunista na lumitaw sa iba't ibang anyo, tulad ng sumusunod:

### *1. Koalisyunismo*

Isa itong anyo ng popdemismo sa sektor na nagsimula sa pagbubuo ng pinakamalaking koalisyon ng kababaihan noong 1984.

Hindi matatawarang malaki ang nagawa ng antipasistang pakikibaka para mailuwal hindi lamang ang isang malawak at pambansang kilusang kababaihan sa hayag, kundi pati na ang pag-unlad ng militanteng sektor sa hanay nito na binubuo ng mga pambansa demokratikong organisasyon ng kababaihan. Wasto lamang na sa gitna ng antipasistang pakikibaka ay maiguhit din ang natatanging papel ng kilusang kababaihan.

Ngunit sa simula pa lamang ay pumasok na sa kompromiso ang hayag na RKK sa pagbubuo ng isang "malapad" na koalisyon na kasama hindi lamang ang iba't ibang pampulitikang pwersa kundi pati mga reaksyunaryong kababaihang anti-Marcos. Sa halip na panghawakan ang mga batayang prinsipyo sa pakikipagkaisang-prente pinairal ang "pleksibilidad sa pulitika," ang "pagbabalanse" sa interes ng iba't ibang pwersang pampulitika na nagresulta sa komon na programa at mga posisyong pampulitika na "komportable" sa lahat. Sa makitid na saklaw ay nangyari sa koalisyong ito ang pinapangarap na "sharing of power" ng mga rebolusyonaryo at reaksyunaryo na siyang hinangad ng taktika ng "mapagpasyang tagumpay" ng rebolusyon.

Bagaman nangungunang batayan ang paglalansag sa pasistang diktadura, naging batayan din ng pagkakaisa ang pag-aalis ng lahat ng anyo ng pang-aapi sa kababaihan, pagsasanay ng kababaihan sa pampulitikang pamumuno, pagkonsolida ng lakas ng kababaihan para sa pampulitikang pamumuno at pagkilos bilang bahagi ng pakikibaka ng kababaihan at ng bayan. Sinumang pampulitikang pwersang nagpapanggap na progresibo ay walang pasubaling aayon dito.

Ang paghahabol na patalasin ang pambansa-demokratikong linya sa koalisyon ay lumikha ng mga gusot, di pagkakaunawaan, at matitinding tunggalian na umabot sa unti-unting pag-alis ng mga alyado sa koalisyon. Subalit mula 1984 hanggang 1986 (bago Edsa) iniwasan ang matitinding debateng pang-ideolohiya at pampulitika na makakahati sa koalisyon, at naglabas ng mga alternatibang posisyon at kompromiso para mapagbigyan ang lahat.

Ang pinatingkad ay ang komon na interes ng kababaihan at di na minalaki ang pagkakaiba ng pampulitikang pananaw sa maraming isyu. Noon na lamang 1985 nang magtawag si Marcos ng snap elections at pumutok ang tunggalian sa boykot nabiyak ang koalisyon.

Ang sakit na koalisyunismo ay naglimita at nagpakitid sa gawaing alyansa sa iba't ibang pampulitikang grupo ng kababaihan, na maliliit pa ang kasapian. Samantala'y napakarami at napakalawak ng bilang ng kababaihang petiburges sa lipunan na nakapaloob sa iba't ibang klase ng organisasyong kababaihan na siya sanang inabot ng Kawanihan at iniugnay sa batayang masang kababaihan.

Hindi naging malinaw sa mga kadre ng Partido na ang "koalisyunismo" ay dili iba't ang pagsuko ng pamumuno ng proletaryado sa burgesya. Sa koalisyong binuo at maging sa mga taktikal na alyansang pinasok, binigyan ng maluwag na puwang na makapamuno o maka-impluwensya ang mga "burgis repormista," kahit halos ang totoo'y malaki-laki ang ipinuhunang panustos, panahon, rekurso at tauhan ng Partido sa pagpapatakbo laluna ng nangungunang koalisyon. Nabulid ang mga namumunong kadre ng hayag na RKK sa pakikipagkaisa nang wala halos pakikitunggali. Sa ilang pagkakataon, kung di man ikinokompromiso ang linya sa ngalan ng pagkakaisa, gumagamit naman ito ng mga krudo, mali o kaliwang taktika para maigiit ang linya.

Sa alyansang pangkapayaan noong 1986 pumayag ang mga namumunong kadre na bitiwan ang kahilingan sa tunay na reporma sa lupa at huwag nang maglabas ng sariling pahayag hinggil sa kapayayapaan. Ginawa ito para mapanatili ang pakikipagkaisa sa mga babaing panginoong maylupa, mga burukrata, at mga konserbatibong organisasyon ng kababaihan na kasama sa alyansa.

Sa alyansa hinggil sa mga bata, tumampok ang pagbatikos kapwa sa rehimeng estado at sa rebolusyonaryong kilusan sa paglalagay sa mga bata sa peligro ng armadong karahasan. Hindi pinag-iba ang esensya ng rebolusyonaryong karahasan sa reaksyunaryong karahasan. Samantalang ginagamit ang rebolusyonaryong karahasan para ipagtanggol at itaguyod ang pambansa-demokratikong interes ng mga mamamayan, ang reaksyonaryong karahasan ay mapangwasak, malupit at mapaniil sa mamamamayan, bata man o matanda ang maapektuhan. Hindi ang rebolusyonaryong kilusan ang naglalagay sa mga bata sa peligro ng karahasan kundi ang mga atake ng reaksyunaryong rehimen sa mga mamamayan.

Maliban pa rito, agresibo ring nangampanya ang naturang alyansa ng mga karapatan ng bata sa balangkas ng U.N. at "nakipag-alyansa" pati sa mga ahensya ng rehimen na nakatutok sa gawaing bata. Ang resulta'y kooperasyon sa gobyerno at kooptasyon ng mga panawagan ng hayag na kilusan. Sa halip na ilantad ang prinsipal na pananagutan ng estado sa sitwasyon ng mga bata,

nakapagkubli pa ang estado at nakapagpabango ng papel sa publiko. Sinisi ang buong lipunan sa kapabayaan sa mga bata, pati ang kanilang mga magulang, at partikular ang mga nanay.

Sa alyansa sa kalusugan, lumahok ang hayag na RKK sa mga aktibidad ng gobyerno para matiyak lamang na mailalakip dito ang programang pangkababaihan na "gender sensitive" at "gender-fair."

Sa alyansa hinggil sa legislative agenda, natangay naman ang hayag na RKK sa paghahabol na maipasok sa kongreso ang mga batas para sa kababaihan sa halip na gamitin ang parlamentaryong pakikibaka sa paglalantad ng reaksyunaryong katangian ng kongreso. Umasa rin itong mahuhubog ang mga tauhan ng kongreso sa feministang balangkas "upang sila'y maging sensitibo sa mga isyu (ng kababaihan)."

Pumasok din ang mga hayag na organisasyon ng RKK sa alyansang umiinog sa pera o pondo para sa mga proyektong kababaihan na mula sa ODA (overseas development assistance). Ngunit isang bitag ito para maipailalim at masapawan ng alyansa ang hayag na RKK. Habang kinukupot ang hayag na RKK sa alyansa, nais nitong pumapel na siyang pinakamalapad na koalisyon ng kababaihan sa Pilipinas at magpanggap na sentrong kababaihan.

Ang talamak na disoryentasyon sa uri at kasarian ay namalas sa pagbubuo ng partidong pulitikal ng kababaihan. Dito'y tiningnan na sa panahon ng burges na eleksyon pinakamakilos ang kababaihan, dito sila mabilis na moorganisa, at dito rin mabilis makapagsasanay ng mga lider-kababaihan. Inaasahan din na dahil walang boses ang kababaihan sa mga tradisyunal na reaksyunaryong partido, makakabig ang kababaihan sa mga partidong ito at mahahati ang mga reaksyunaryo.

Subalit ang partidong pulitikal ay nakabatay sa interes ng uri, hindi ng kasarian. Ito ang aktwal na lumitaw sa pangingibabaw ng mga oportunista at tradisyunal na pulitikong kababaihan sa pamunuan ng partido. Bandang huli'y pinayagan din nito ang "dual membership" sa ibang partidong pulitikal. Masahol pa, nilamon at nalulong sa burges na pulitika ang mga kadreng itinalaga pa rito. Hinati nito hindi ang mga reaksyunaryo kundi ang mga progresibong puwersa. Matapos ang eleksyon ay nangawala na rin ang bulto ng kababaihang napakilos.

Pinatunayan ng karanasan na wala sa inisyatiba ng hayag na RKK ang mga taktikal na alyansang ito, pahirapan ang pagpapatampok ng pambansa-demokratikong linya, at malaking panahon ang nauubos ng mga kadre dito nang

walang sapat na bentahe para sa pambansa demokratikong kilusan. Prinsipal at makitid na layunin sa pagpasok sa mga alyansang ito ang takot na mahiwalay sa "malawak" na kilusang kababaihan, na sa praktika ay kalipunan ng kababaihan mula sa iba't ibang pampulitikang pwersa na walang signipikanteng papel sa pulitika ng bansa. Nabitawan ang mga batayang prinsipyo sa pakikipag-alyansa tulad ng pagsalig sa sariling lakas, pagpasok batay sa makatwirang dahilan, at bentahe para sa rebolusyonaryong kilusan. Higit pa rito, nagpakupot ang mga kadre ng Partido sa mga alyansang malinaw na nasa balangkas ng popdemismo na naglalayong ireporma ang estado sa pamamagitan ng partisipasyon at pakikipagtulungan dito.

Bigo na mailantad ang estado bilang instrumento ng mga reaksyunaryong uri. Sa halip, nahatak ang hayag na RKK sa lobbying, paghahabol ng mga batas, hakbang at regulasyon para sa proteksyon ng kababaihan, at mga panawagan na maging "gender sensitive" ang estado.

Hindi ito ang kahulugan ng paglahok sa parlamentaryong pakikibaka. Hindi rin ito ang ibig sabihin ng pakikibaka sa reporma. Ang layunin ng mga rebolusyonaryo ay maisulong ang pakikibaka ng mga mamamayan at palakasin ang antas ng kanilang lakas at organisasyon sa pakikibaka laban sa estado. Anuman ang mga konsesyong matamo sa pakikibaka ay sumesegunda lamang sa pampulitikang karanasan at kamulatan na natatamo ng mamamayan sa proseso ng kanilang pagkilos. Ang patuloy na pagmumulat, pagmomobilisa at pag-oorganisa sa mamamayan ang pinakamahalagang tagumpay ng anumang pakikibaka para sa reporma. Mali at walang saysay ang pagpasok sa mga alyansang ang tunguhin ay repormismo.

### *2. NGO-ismo*

Sa maraming taon ang hayag na sentro at iba pang organisasyon ay idinesenyong institusyon o NGO (non-government organization) para umayon sa mga proyektong itinatakda ng mga dayuhang ahensyang nagpopondo nito. Sa halip na mapalakas ang komitment, pagkilos at pagkukusa ng mga hayag na puwersa, pinapatay ng NGO-ismo ang aktibismo nila at inihahalili rito ang isang organisasyon na pinatatakbong parang opisina, suwelduhan ang istap, at nagbigay ng diin sa "organizational efficiency" o "professionalism" na gumagamit ng mga burges na konsepto at pamamaraan sa pangangasiwa at pagpapatakbo ng organisasyon. Itinulak ang NGO-ismo hindi lamang ng mga Fas (Funding Agencies) kundi pati ng mga nangungunang kadre na nabighani sa burges na pamamaraan ng pangangasiwa at nagpalaganap nito sa hayag na kilusan.

Sa layuning makabahagi sa ODA (overseas development assistance) at iba pang klase ng dayuhang pondo at magamit ito sa interes ng rebolusyon, nagkasa ng iba't ibang proyekto ang sentrong koalisyon at ang iba pang mga organisasyon at institusyon ng hayag na RKK. Kalimitan wala ito sa prayoridad ng pambansa- demokratikong kilusang kababaihan ngunit nasa listahan ng prayoridad ng mga funding agencies. Sa ganitong takbo, naitulak ang mga hayag na organisasyon at institusyong kababaihan na iayon ang mga prayoridad nito ayon sa Fas. Lumikha ito ng mga suliranin sa deployment, konsentrasyon ng puwersa, at pagdiskaril sa takbo ng mga batayang masang organisasyon.

Pangunahing panuntunan ng pambansa-demokratikong kilusan ang pag-asa sa sarili sa pagtustos sa mga pangangailangan. Walang masama sa dayuhang pondo kung ito'y napanghahawakan para sa mga pangangailangan ng rebolusyon, kung hindi nahihirati dito, at kung nakapagpapasulpot din ng mga lokal na rekurso.

Ngunit dahil pumapalo ang hayag na RKK sa mga sunud-sunod, malalaki, at koordinadong mga pagkilos kaugnay ng pagpapaigting ng kilusang masa tungo sa “panibagong polarisasyon” at “maagang pagtatagumpay” ng rebolusyon, lumikha ito ng pangangailangan para mabilis at malawakang magpalitaw ng rekurso mula sa labas nang hindi na naisasaalang-alang ang pagbabago ng mga prayoridad o diin sa gawain.

Dagdag pa, ninais din ng hayag na RKK na “maiipakita ang lakas” nito kayat naghabol ng pondo para tustusan ang mga kampanyang kababaihan.

Hindi lamang mga organisasyong masa ang tangkang baugin ng NGO-ismo at ilihis sa wastong direksyon ng rebolusyon. Sapol pati ang mga kadre at kasapi ng Partido na nakapwesto sa mga institusyon o may direktang ugnay dito, na nahulog sa karerismo, burukratismo at oportunismo. Nahirati sila sa mga personal na pakinabang sa anyo ng malalaking alawans at mga benepisyo, pagbibyahe sa loob at labas ng bansa, kaluwagan sa oras ng pagtatrabaho, dagdag na mga kaalaman at kasanayan, at paglawak din ng mga personal na kontak na nagresulta sa paghina ng paninindigang pampulitika ng ilan at pagtalikod sa rebolusyon.

### *3. Ekonomismo at Ligalismo*

Sa pagbabago o pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan, pangunahin pa rin ang pampulitikang pagkilos. Rebolusyon, hindi ekonomismo, ang mapagpasyang lulutas sa mga problemang pangkabuhayan ng mamamayan.

Pero nabaluktot ang pagtingin sa gawaing pangkabuhayan. Sa halip na ituring itong bahagi ng kabuuang rebolusyonaryong pagkilos, ginawang sentral na pagkilos ang mga proyektong sosyo-eko. Kalakip ng gawaing pnagkabuhayan hindi lamang ang edukasyon, kasanayan sa pangangasiwa, at paggamit ng teknolohiya kundi pati ang pag-oorganisa, pagmomobilisa at pagmumulat ng masa na magtataguyod ng mga serbisyong panlipunan at maggigiit ng kanilang mga karapatan para sa mga proyektong "pangkaunlaran." Lumitaw ang lihis na konseptong "integrated development area" na naglalayong "paunlarin" ang mga naghihirap na komunidad na ang sentro de grabidad ay mga proyektong ekonomiko. Sa buod ay pinatay nito ang pampulitikang aktibismo ng mga organisasyong masa at ipinalit ang materyal na pakinabang sa pagpapakilos ng masa.

Tama lamang na magsagawa ng mga gawaing pamproduksyon o ekonomiko para tustusan o suportahan ang mga rebolusyonaryong pagkilos. Ngunit mali na magpakalulong dito at gawing sentral na aktibidad ng organisasyon hanggang sa makalimutan na o maging balakid sa mga pampulitikang aktibidad ng masa.

Para sa hayag na RKK may dagdag pang disoryentasyon ang pagpasok sa mga proyektong sosyo-eko na lumaganap simula 1986. Tiningnan ito na makapagpapapurol ng antikomunistang paninira at atake ng rehimen, makakatulong sa pagbangon at pagkonsolida ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa komunidad, makapaghahanda ng mga organisadong pwersang mamomobiisa sa kampanya, at makakahalaw ng direktang karanasan sa gawaing masa.

Subalit hindi ang mga proyektong sosyo-eko kundi ang militanteng pagkilos ang naglagay sa kaaway sa depensibo at nagpahupa sa mga atake nito. Kabaligtaran, nilamon ang mga lider at miyembro ng organisasyon ng mga proyektong sosyo-eko dahil sa materyal na pakinabang at naging kakumpetensya pa ang mga proyekto sa pagpapakilos ng masa. Umiral din ang mga katiwalian tulad ng pagdispalko ng pondo.

Tiningnan din na may espesyal na halaga ang sosyo-eko para sa kababaihan. Diumano'y mapagpalaya ito dahil nagbibigay ng "economic independence" sa kababaihan (mas lalakas ang loob nilang panindigan ang sariling mga karapatan at hindi maging palaasa sa asawa). Tiningnan ding babasag ito sa kinasanayan nilang pagkahiwalay at hiwa-hiwalay na maliitang paggawa at makikita ang kanilang papel sa panlipunang produksyon.

Walang pagkakaiba ang katwirang ito sa pakanang "empowerment" ng rehimen, kung saan itinuturing na umuunlad ang kalagayan ng kababaihan sa pagbibigay sa kanila ng trabahong "cottage industry." Ilang libo nang sosyo-eko ang bumagsak dahil naipit o natalo sa kumpetisyon mula sa malalaking negosyo at tinatamaan ng sunud-sunod na krisis. Kayat ilusyon ang "empowerment" na lilikhain diumano ng sosyo-eko para sa kababaihan. Isang kontra-rebolusyonaryong pakana ang sosyo-eko na magtatali sa mamamayan sa ekonomismo.

Ibang suliranin pa ang ligalismo. Lumitaw naman ito sa hayag na sentro ng kababaihang magsasaka. Bagaman nag-inisyatiba itong magbukas ng sariling pag-oorganisa ng mga balangay sa probinsya, hindi naiugnay ang pagkilos sa mga pangteritoryong organo ng Partido at sa armadong pakikibaka sa lugar. Tuloy ang mga pakikibakang magsasaka ay isinulong sa balangkas ng huwad na CARP (Comprehensive Agrarian Reform Program) ng rehimen gayong tinitira na nito ang CARP na kontra-magsasaka sa pambansang saklaw.

### *4. Parlamentarismo*

Pinakamalakas ito sa taong 1986-87 at panaka-naka'y sumulpot pa rin sa huling mga taon ng panahong nilalagom.

Ilang halimbawa nito ang pagtatayo ng partidong pulitikal ng kababaihan kung saan nag-ilusyong marereporma ang estado sa pamamagitan ng pagpapalaki ng bilang ng mga progresibo sa gobyerno, at ng kababaihan sa partikular; paghahabol na maaprubahan ang mga probisyong kababaihan sa konstitusyon ni Aquino; paglahok sa mga GO-NGO forum sa layuning maipasok ang legislative agenda ng kababaihan; paghahapag ng adyendang elektoral na madaling na-coopt ng mga pulitiko at reaksyunaryo.

Sa halip na puspusang gawing kampanyang propaganda at edukasyon sa hanay ng masa ang "makabayan, demokratiko at mapagpalayang agenda ng kababaihan" na dinala noong Marso 8, 1991 at naglalaman ng pambansa demokratikong programa, higit pa itong nagsilbi bilang adyendang elektoral ng hayag na RKK at legislative agenda nito sa reaksyunaryong kongreso.

Ganito rin ang nangyari sa panawagan para sa repormang agraryo. Noong simula (1989) ay binatikos ng hayag na sentro ng kababaihang magsasaka ang CARL (Comprehensive Agrarian Reform Law), na huwad, mapanlinlang, kontra-magsasaka at kontra-kababaihan.

Pero kumambyo rin ang hayag na sentro sa mga Kanan at repormistang pagkilos sa ilalim ng “malawak” na koalisyon ng mga organisasyong magsasaka. Itinaguyod sa ilalim nito ang repormistang repormang agraryo at nagpasok pa ng women’s agenda sa ilalim nito. Kinalaunan ay natauhan din ang hayag na sentro at kusa nang umalis sa naturang koalisyon noong 1992.

### *5. Popdemismo sa Edukasyon*

Palasak na ginamit ang “participatory method” o “popular education (pop-ed) method” na lumaganap sa mga hayag at pati na sa lihim na pag-aaral sa pambabaluktot at pagpapalabnaw ng rebolusyonaryong teorya. Naging mabisang behikulo ito sa pagpapalaganap ng popdemismo at eklektisismo sa pag-aaral.

Ginagamit sa “pop-ed” ang istilo ng malayang talakayan (open forum), workshops, group dynamics, role playing, skits, mga laro at iba pa sa layong makaabot ang kapulungan sa isang kaisahan na siya nang magsisilbing teoryang panghahawakan. Tinitipon ang samu’t saring pananaw ng mga mag-aaral at naghahanap ng komon na karanasan sa kanila. Ngunit wala itong pagtatangka na mapalalim ang karanasan ng mga mag-aaral na kadalasa’y naiiwan sa simpleng pagtitipon ng mga impormasyon at ideya. Mababaw nitong naipapaliwanag ang teorya at bigo itong maitaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa antas ng rebolusyonaryong teorya.

Ang “pop-ed” ay hindi simpleng paraan ng pag-aaral na nakabatay sa mga bago at popular na istilo. May karga itong layunin at pampulitikang tunguhing burges. Sa katunayan ginagamit itong panapat sa mga istilo ng pag-aaral na nakasanayan sa Partido tulad ng “basa-talakay.” Nilalait at pinagtatawanan ang istilo ng pag-aaral sa Partido at binatikos ang diumano’y “banking method” na pag-aaral at ang pagiging “teacher-focussed” nito kung saan wala diumanong partisipasyon ang mga mag-aaral. Minaliit rin ang pangunguna sa pag-aaral ng mga abanteng elemento at gustong ibaba na lamang sila sa katayuang “tagapagpadaloy” (facilitator) samantalang umaasa naman nang malaki sa mga eksperto o “resource person” na magbababa ng teorya, sa halip na halawin ang teorya sa kongkretong karanasan ng mga mag-aaral at gamitin ang teorya sa paglutas ng pinakamahahalagang usaping kaharap nila. Ang tunay na sinisiraan ng ganitong estilo ng pag-aaral ay ang pagmaliit sa pag-aaral ng rebolusyonaryong teorya at mulat na paglalapat dito sa praktika.

Ang resulta nito’y ang pagpatay sa inisyatiba ng mga mag-aaral na matutong magturo o manguna sa mga talakayan kahit kulang o walang kasanayan

sa iba't ibang istilo ng pagtuturo. Dinala ang mga pag-aaral sa mga seminarhouse, ginawang pormal ang pag-aaral, at inihiwalay ang pag-aaral sa aktwal na pagmumulat, pag-oorganisa at pagmomobilisa ng masa. Sa marami pang kaso kundi man naaliw ay nahilo ang mga mag-aaral sa iba't ibang paraan ng pagtuturo, na higit nilang naaalala kaysa mga teoryang nakuha nila.

Sa pagkahaling sa mga bago at popular na istilo, hindi na namamalayang napapalabnaw ang rebolusyonaryong teorya, naaatake na rin ang kahalagahan ng demokratikong sentralismo, at ang prinsipyo ng ugnayan ng teorya at praktika sa pag-aaral ng Partido at kilusan.

Mahalaga ang mga demokratiko, popular at mapanlikhang paraan ng pag-aaral upang maiangat ang praktika ng masa sa antas ng rebolusyonaryong teorya at magamit ang teoryang ito para mapatnubayan ang pagkilos ng masa. Ngunit sa pag-aaral hindi maaaring higit na pahalagahan ang porma kaysa esensya, o ang pamamaraan kaysa nilalaman. Sa katunayan dapat pa ngang pagsilbihin ang porma upang luminaw o tumalas ang pag-unawa sa esensya.

Kabaligtaran naman nito ang paggamit ng porma para palabnawin, atakehin o baluktutin ang rebolusyonaryong teorya. Para sa mga Marxista, ang mahalaga ay ang pagsasanib ng laman at porma, na may nangungunang diin sa rebolusyonaryong teorya.

### *6. Likidasyunistang Tendensya*

Sa halip na ipagtanggol ang Partido ng proletaryado at igiit ang kawastuan ng sosyalismo sa harap ng pangwawasak ng mga modernong rebisyunista sa Unyong Sobyet at Silangang Europa, ipinasya ng Kawanihan na alisin sa programa ng Makibaka ang pagbanggit sa Partido at sosyalismo.

Kagyat ding nakaimpluwensya sa desisyon nito ang posisyon ng bogus na kongreso ng NDF noong 1991 na binitawan din ang pagkilala sa pamumuno ng Partido sa rebolusyong Pilipino. Inihanay ang Partido bilang isa lamang organisasyong bumubuo ng NDF kapantay ng mga organisasyong di proletaryo. Kasabay nito'y inalis din ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyong Pilipino at sa halip tumungo ang programa ng NDF sa pagtatayo ng isang "pambansa-demokratikong lipunan."

Sa bahagi ng Kawanihan umiwas ito sa mga debate at pagkwestyon sa Partido at sosyalismo sakali mang lumitaw sa kongreso ang usaping ito. Ramdam ng Kawanihan na wala ito sa kakayahang pumosisyon dahil kapos sa teorya at kaalaman para ipagtanggol ang Partido at lipunan ng proletaryado.

Kayat di pa man naisasalang sa debate ay binitiwan na ang banggit sa Partido ng proletaryado, ang talibang partido na pumapatnubay sa demokratikong rebolusyon ng bayan at sa sosyalistang rebolusyon na magpapalaya sa mga anakpawis, kasama na ang kababaihan.

Isa pang manipestasyon ng likidasyunistang tendensyang ito ang pagpapaubaya ng Kawanihan ng pampulitikang pamumuno sa mga hayag na organisasyon sa ngalan ng "ligal na dinamismo." Ipinagpalagay na pwedeng ipagpalit sa kongkretong pamumuno ng Kawanihan at mga yunit ng Partido sa ilalim nito ang sitwasyong naroon naman ang mga elemento ng Partido sa hayag. Sa maraming kaso nilimitahan ng Kawanihan ang pamumuno nito sa gawaing pang-ideolohiya at pang-organisasyon.

Ang mga likidasyunistang tendensyang ito ay nagpuputol na mismo ng ugnay ng Kawanihan sa malawak na masang kababaihan at nagbibigay ng malaking puwang sa burgesya na maka-impluwensya at makapamuno sa mga pakikibaka ng hayag na kilusang kababaihan.

## Mga "Kaliwang" Pagkakamali

Ngunit hindi lamang mga Kanang oportunistang pagkakamali ang nagawa ng Kawanihan sa mahigit isang dekada. Lumitaw din ang mga "Kaliwang" pagkakamali na direktang ibinunga ng pagtugon ng Kawanihan sa programa at mga patakaran ng SCO at insureksyunismong lunsod, na pinakamalaking "Kaliwang" pagkakamali at paglihis sa buong Partido. At dito'y malayang humawa rin ang impluwensyang "sosyalista-feminista".

Sa pagmamadaling makamit ang maagang tagumpay na itinatakda ng linya at programa ng SCO, ikinasa ng Kawanihan ang mga pwersa nito at ang hayag na RKK na tumugon sa mga sunud-sunod na mga aksyong protesta, paralisasyon at mga higanteng mobilisasyon, na hindi lamang gumasgas sa Partido at sa mga organisasyong masa kundi sumagka sa gawaing konsolidasyon nito. Dumating ang puntong nanghinawa ang mga kasama at masa sa kararali, at ang mga napapakilos na lamang ay mga istap sa opisina. Sumulpot ang konseptong "QRF" ("quick reaction force") na

nakasandig hindi sa malawakang pagpukaw at pagpapakilos ng masa kundi sa isang kwerpo ng mga “propesyunal na demonstrador” na mabilisang mapapalabas sa kalye.

Sa kabilang panig tiningnan ng Kawanihan na oportunidad ang mga sunud-sunod na mobilisasyon para makapagpadala at makapagpatampok din ng mga partikular na isyung kababaihan nang sa gayo’y maiguhit ang natatanging papel ng kilusang kababaihan sa anyo ng “militanteng feminismo.” Sa bawat malaking isyu ay tiniyak ang “sariling” pagkilos ng hayag na RKK para hiwalay pang mapatampok ang tugon dito ng kilusang kababaihan.

Ikinasa rin ng Kawanihan ang planong ipaloob sa malawakang istrukturang “pol-mil” (“politiko-militar”) at sa isang “unified pol-mil command” sa NCR ang mga hayag na istruktura at organisasyon sa inaasahang pagsiklab ng pampulitikang sitwasyon kaugnay ng planong kudeta ng mga rebeldeng pasistang militar, at pinalitaw bilang bahagi ng planong “contingency.” Ngunit pati dito’y pumasok na rin ang ilang pag-iisip na dapat panatalihin ng Kawanihan ang sariling kumand sa mga pwersa nito, bagaman hindi na rin iginiit. Binigyan din sa pagsasanay sa “self-defense” ang mga pwersa ng Kawanihan na bahagi ng isang malawakang planong agaw-armas sa kalunsuran kung kakailanganin. Dahil sa walang katuturang mga insureksyunistang panaginip, hindi na rin naipatupad ang planong “pol-mil.”

Kita ang insureksyunistang panaginip na ito sa memorandum ng Makibaka noong 1991 na nananawagan sa rebolusyonaryong pagkilos ng kababaihan na tuwirang mang-aagaw ng mga operasyon ng gubyerno mula sa lokal hanggang sa antas na makakaya, at pagkumpiska rin sa mga ari-arian ng mga naghaharing uri. Nilalayon na noong 1991 na mapabagsak ang rehimeng US-Aquino.

Pumasok din ang hayag na sentro ng kababaihang magsasaka sa balangkas ng mga pag-aalsang magsasaka nang suportahan nito ang pag-agaw at okupasyon ng lupa ng kababaihang magsasaka sa isang probinsya. Bagaman naging mapangahas sa simula ang pagkilos na ito, sa ahensya (DAR) din ng rehimen nakipag-ayos ang mga magsasaka bandang huli.

Nagmistula namang mga combat support ng partisano ang mga organisasyon ng kababaihang maralita sa komunidad. Hindi nagtagal ay uminit ang mga organisasyong ito, pinasista at nangabuwag.

Umiral din ang "Kaliwang" oportunismo sa pagharap sa gawaing alyansa. Bagaman sa kalakhan ay natangay ang Kawanihan sa pakikipagkompromiso sa mga "alyado," laluna sa balangkas ng koalisyunismo, may mga kaso ding sapilitan o palihim na inilulusot ang mga panawagan ng Partido, tama man o mali ang mga ito tulad ng panawagang boykot sa snap elections. Ang "Kaliwang" oportunismo ay magdadala lamang sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kabiguan at pagkawasak ng sarili. Sa pagmamadaling magtagumpay ay nagsasagawa ito ng mga plano at pagkilos na lampas sa suhetibong kalagayan at kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng masang inoorganisa nila. Kayat wala itong kauuwian kundi pagkabigo o pagkasiphayo.

## Pag-ugat sa masa

Isang mayor na salik ng pagkakamaling ito ang pagkahatak ng mga namumunong komite at kadre ng Partido, kasama na ang Kawanihan, sa pagsentro ng mga gawain sa kalunsuran at palayo sa lahatang panig na pagpapaunlad ng rebolusyon, laluna ang di pag-aasikaso o pagsasantabi ng mga gawain sa kanayunan. Kahit sa bahagi ng RKK, napakahalaga ng gawain sa kanayunan sapagkat dito matatagpuan ang pangunahing pwersang nagsusulong ng kilusang kababaihan, ang kababaihang magsasaka. Ang pagsentro ng gawain ng RKK sa kalunsuran ay nagbunga ng malubhang disoryentasyon sa linya at direksyon ng RKK at lalong naglapit sa Partido, kasama ang Kawanihan, sa mga kaisipang "insureksyunaryo."

Hindi lamang naging sentro de grabidad ng gawain ang kalunsuran; para sa Kawanihan mabagal na umusad at bumuntot pa ang gawain dito sa lihim. Sa ganitong kalagayan higit na naging bulnerable ang Kawanihan sa impluwensya ng linyang "sosyalista-feminista" na unang namayagpag sa hayag at kinalauna'y lumakip na sa mga Kanan at "Kaliwang" oportunistang tendensya o pagkakamali nito.

Kayat mahalaga ang lahatang panig na pagsusulong ng linya ng demokratikong rebolusyong bayan na nagbibigay ng pangunahing pansin sa kanayunan. Ang pag-unlad ng rebolusyonaryong pagkilos sa kalunsuran ay dapat lamang maghudyat ng walang patid na pagtungo ng mga kadre at kasapi ng Partido at mga aktibistang masa sa kanayunan upang tumulong sa pagpapalawak at pagpapalakas ng hukbong bayan, ng mga organisasyong masa, at ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

## III. SA LARANGAN NG ORGANISASYON

**ISANG DISIPLINADONG PARTIDO** na nasasandatahan ng Marxismo-Leninismo- Maoismo, gumagamit ng paraan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili, at nakaugnay sa masa ng sambayanan ang kailangan para maisulong at maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan na maghahawan din ng daan para sa paglaya ng kababaihan.

Kung wala ang rebolusyonaryong Partidong ito, ang pinaka-abanteng destakamento ng uring proleraryado, wala ring patutunguhan ang pakikibaka ng mamamayan. Ang Partido lamang ang may kakayahang magpursige sa puspusang pakikibaka, maglingkod sa sambayanan nang walang pasubali, magwasto kapag nagkamali, at magsikhay hanggang sa tagumpay ng rebolusyong Pilipino at ng pandaigdigang kilusang proletaryo.

Kayat tungkulin ng mga kasapi ng Partido na buuin ang pagkakaisa at lakas ng Partido sa pamamagitan ng pagtataas sa antas ng kanilang proletaryong kamalayan, bakahin ang makabagong rebisyunismo at lahat ng maling tunguhin at pagkilos sa loob ng Partido, umugat sa masa ng sambayanan, ipauna ang kapakanan ng Partido at ng masa ng sambayanan sa kapakanang pansarili, at sumunod sa saligang batas at programa ng Partido.

Ngunit sa maraming kaso, at sa iba't ibang antas, lumuwag na rin ang pagtangan ng mga kadre at kasapi ng Partido sa kilusang kababaihan sa mga tungkuling ito ng Partido. Tumagos ang mga pagluwag hindi lamang sa gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ng Kawanihan kundi pati sa gawaing pang-organisasyon. Nasalang at nalabag hindi lamang ang mga prinsipyo at proseso ng demokratikong sentralismo. Tumungo na rin ito sa pagkwestyon at pag-aalinlangan ng ilang kadre sa kakayahan at kahandaan ng Partidong pamunuan ang RKK. Sa bahaging ito'y may kinalaman din ang "sosyalista-feminista"ng impluwensya na naghasik ng mga kaisipang "awtonomya," "parallel movement," "non-hierarchical structure," at iba pa. Nakaapekto ito sa relasyon ng mga kasama sa Partido at sa pakikitungo ng mga yunit ng Kawanihan sa iba pang organo ng Partido.

Bagaman nagsimula nang pumasok ang ihip ng anti-Partidong tunguhin sa hanay ng ilang namumunong kadre, hindi pa ito tumatampok at hindi pa seryosong hinaharap. Ang mas tumampok pa ay ang pagsibol ng isang "ligal na Partido" sa kilusang kababaihan na labis na nagpahalaga sa gawaing lunsod sa pagsusulong ng RKK.

Sumunod dito ang paglakas ng liberalismo sa loob ng organisasyon sa anyo ng ultrademokrasya at sektarismo.

Mahalagang alamin ang sirkumstansya ng pagkakabuo ng organisasyon ng Partido sa kilusang kababaihan para higit na maunawaan ang paglitaw ng mga kalituhan at disoryentasyong ito sa Kawanihan.

Naitayo ang Pambansang Kawanihan ng Kilusang Masa ng Kababaihan sa ilalim ng NUCC noong 1985. Bago pa nito ang pamumuno sa hayag na RKK ay ipinailalim sa UFC at nalimita sa hanay ng panggitnang pwersa. Nagsimula ito bilang isang grupo ng Partido sa institusyong kababaihan noong 1983 hanggang sa maging komite ng kababaihan sa ilalim ng UFC noong 1984. Noong 1985 ito inilipat sa NUCC at binuo muna bilang probisyunal na kawanihan hanggang sa maging ganap na Kawanihan simula 1988.

Malaking bentahe ang pagbubuo ng isang organo ng Partido na katulong ng sentral na organo sa pamumuno at pangangasiwa sa hayag na kilusang kababaihan. Ang pinakahuling organo ng Partido sa gawaing ito ay binuo noon pang maagang bahagi ng 1970 at binuwag noong 1974, kasabay ng pagbuwag ng mga pambansang organong istap ng Partido upang maipadala ang mga kadre sa iba't ibang rehiyon. Natagalan ang muling pagtatayo ng Kawanihan gayong umunlad at lumawak na ang pagkilos ng kababaihang anakpawis sa kanayunan at kalunsuran simula huling bahagi ng dekada sitenta. Nang nagbuo naman ng yunit ng Partido ay itinutok muna sa panggitnang pwersa, na ang naging diin ng gawain ay pagtatayo ng mga alyansang kababaihan, bago pumalaot sa komprehensibong pagpapaunlad ng kilusang kababaihan na limitado pa rin sa kalunsuran.

Nang ilipat ito sa NUCC lumawak ang gawain ng yunit ng Partido sa kilusang kababaihan ngunit nalimita pa rin sa urban. Limitado ang ugnay nito sa mga rehiyon, laluna sa kanayunan. Gayunman ang kilusang kababaihan na pinamunuan ng Kawanihan ay nalagay sa mainam na sitwasyon na makapagpalawak at makapag-organisa para sa rebolusyon. Nakapagtayo ito ng iba't ibang organisasyon ng kababaihan laluna sa batayang masa, at nagsulong ng mga pampulitika at rebolusyonaryong pagkilos ng mamamayan. Ngunit sa kabuuan ay limitado ang lawak at laki, huwag nang sabihin pa ang antas ng konsolidasyon, ng masang saklaw.

Simula nang maitayo ito, sumabak na ang Kawanihan sa direktang pampulitikang pamumuno sa hayag na kilusang kababaihan. Armado ito ng

pangkalahatang oryentasyon sa pagpapalaya ng kababaihan na halaw mula sa mga batayang dokumento ng Partido at hindi na nagawang mapalalim at mapagyaman pa ang pag-aaral dito. Kaya umangkop ang Kawanihan sa mga kagyat na pangangailangan. Binigyan ng pansin ang mga usaping praktikal o taktikal sa panahong ibinibwelo ang antipasistang kilusang kababaihan sa hayag habang patuloy na binabalangkas ang oryentasyon ng RKK na naipinal noong 1988 sa antas ng Kawanihan at NUCC.

## "Ligal na Partido"

Simula 1983 hanggang sa mga sumunod pang taon, direktang namuno ang Kawanihan hindi lamang sa mga usaping pampulitika na kinaharap ng kilusang kababaihan kundi maging sa mga hayag na organisasyon. Maliban sa isa o dalawang kagawad, lahat ng mga namumunong kadre nito ay nasa pamunuan ng mga hayag na organisasyon, alyansa o institusyon.

Sa isang banda, naging paborable ang kalagayang ito para sa mabilis at direktang pamumuno ng Kawanihan sa masa at sa pwersang saklaw at sa maagap na pag-angkop sa mga mabilisang kampanya at mga pagbabago ng pampulitikang sitwasyon. Sa kabilang banda, nahatak naman ang mga kadre sa hayag na gawain, nakaligtaan ang buhay pampartido at nawalan ng oras para dito. Sa halip na maglaan ng oras sa mga patakaran ng Partido, sa mga gawaing pang-ideolohiya at pag-aaral ng rebolusyonaryong praktika, naubos ang panahon ng mga kadre sa pangangasiwa at pagpapatakbo ng mga gawain sa hayag mula sa kampanya, edukasyon, propaganda, alyansa, gawaing internasyunal hanggang sa mga serbisyong sosyo-ekonomiko.

Dito na rin umiral ang konseptong "ligal na dinamismo" na tumungo ng bandang huli sa pagpapaubaya ng Kawanihan at ng mga yunit nito ng pamumuno sa pampulitikang pakikibaka sa mga ligal na makinarya. Iginiit rin ng mga kasama sa hayag na may kakayahan sila, o ang mga hayag na organisasyon, na planuhin at patakbuhin ang kanilang gawain matapos maitakda ng Partido ang pangkalahatang gabay. Sila na ang bahala sa pamumunong pampulitika, at ang aasikasuhin na lang ng Partido ay ang gawaing pang-ideolohiya at pang-organisasyon. Tutal naman daw ay may mga yunit ng Partido na rin naman sa mga hayag na organisasyon.

Ngunit ang problema nga'y hindi tumatakbo ang mga yunit sa ilalim ng Kawanihan ayon sa tungkulin nito. Ang oras ng Partido ay halos buung-buo nang kinain ng mga hayag na pagkilos. Naging pang-araw-araw na gawain ng

mga kasama ang mga hayag na pakikibaka at isinisingit na lang ang mga pulong ng Partido sa libreng oras nila. Sa di iilang kaso ay mas pinahahalagahan pa ang sasabihin ng ibang pampulitikang pwersa at ng mga funding agencies kaysa sa mga puna ng nakatataas na yunit ng Partido sa kanila.

Sa ganitong kalakaran nalimita ang Kawanihan sa mga pangkalahatang pagpaplano at pagtatasa, at direktang pamumuno sa mga malalaking kampanyang protesta. Ang ibang mahahalagang gawain tulad ng pagpapayaman sa partikular na oryentasyon, paglalabas ng mga kursong kababaihan, pagtatakda ng pampulitikang linya sa mga isyung kababaihan at mga diin at panawagan sa mga pambansa at pandaigdigang kumperensyang inilulunsad o nilalahukan ay ipinauubaya na nito sa inisyatiba ng mga namumunonmg kadre o ng mga nakabababang yunit ng Partido. Kung wala ang inaasahang pulong kahit sa antas na ito, sa hayag na rin pinagdedebatihan o pinagkakaisahan ng mga pwersa ng Kawanihan ang mga posisyon o plano ng Partido.

Ilang beses ding sinikap na ikonsolida ang buong makinarya ng Kawanihan. Mula 1988 ay nagbigay ito ng diin sa pagkukumpleto ng mga rekisitos para sa komprehensibong paglalatag ng saklaw nitong gawain. Magkasabay na diniinan ang internal na konsolidasyon at pagsabak sa taktikal na pamumuno. Ginawa ito unang-una na sa pagpipinal ng oryentasyon ng RKK, pagpapalaganap nito sa mga pwersa, pagpapasigla ng mga batayang kursong pampartido at pangkadre, paglilinaw ng oryentasyon ng mga pambansang sentro ng RKK at gayundin ng mga yunit ng Partidong nakatutok dito, pagtatasa at pagsasanay ng mga kadre, pag-aayos ng mga gusot na idinulot ng reorganisasyon, maagap na pagbaba ng mga pagsusuri sa sitwasyon, at higit pang pagpapasigla ng mga kampanyang kababaihan, propaganda at hayag na edukasyon.

Subalit sa kabila ng mga ito, hindi mapagpasyang nabago ang pagkasubsob ng mga kadre at kasapi sa gawaing ligal at sa mga usapin ng taktikal na pamumuno. Kasabay ng pagbibigay ng diin sa pag-aaral ng mga batayang prinsipyo ng Partido ay humalo naman ang mga disoryentasyon sa pagsusuri ng kalagayan tungo sa paghahangad ng madaliang tagumpay sa pamamagitan ng malalaki at mapupusok na mga aksyong protesta kasabay ng pakiki-pagkompromiso sa burgesya.

Sa ganitong kalagayan mabilis na nakapuslit, nagpatianod at nabitag ng mga burges at petiburges na impluwensya ang mga kadre sa kilusang kababaihan. Naitanim ang mga pag-aalinlangan at pagdududa sa kawastuan ng linya ng Partido at kakayahan nitong pamunuan ang kilusang kababaihan sa bansa.

## Tunguhing "Anti-Partido"

Sa impluwensya ng linyang "sosyalista-feminista", may ilang kadreng nagkalat ng mga maling ideyang bumubuntot lamang ang Partido sa kilusang kababaihan, na nauna na muna ang inisyatiba ng masang kababaihan at ng mga babaing kasapi ng Partidong may krusada rito bago nagpasya ang Partido na panghawakan at pamunuan ang kilusang kababaihan. Na nagsimula lamang ang kilusang kababaihan nang maitayo ang Makibaka noong dekada sitenta at ito'y wala pa noon sa pamumuno ng Partido. Na ganito rin ang nangyari noong dekada otsenta kung saan bumulwak na muna ang antipasistang pakikibaka ng kababaihan bago namuno ang Partido sa kilusang kababaihan. Lahat ng ito'y pambabaluktot sa kasaysayan ng Partido, paghihiwalay ng kilusang kababaihan sa mga makauring kilusang nilalahukan ng kababaihan, at paglilimita ng kilusang kababaihan sa mga organisasyong nagdadala lamang ng mga partikular na isyung kababaihan.

Naapektuhan din ng ganitong pagtingin ang relasyon ng mga kadre ng Kawanihan sa iba pang organo at mga kadre ng Partido.

Ang mga organo o kadre ng Partidong hindi nagbibigay ng kaukulang pansin o tumutunggali sa posisyon ng Kawanihan sa mga usaping kababaihan ay binansagang "anti-women" o "anti-feminist." Ang mga pahayag, dokumento o sulating walang banggit hinggil sa kababaihan ay tinitingnang "walang ka-women-women." Sa isang panig, hindi itinuturing na kumpleto ang mga sulatin ng Partido hanggat hindi naihahapag ang mga partikular na kalagayan at panawagan sa kababaihan. Sa kabilang panig naman ay pinalalampas o hindi na rin nagiging kritikal sa iba pang mga usapin hanggat napag-uukulan ng pansin ang mga usaping kababaihan. Sa ganito'y hinahati pa ang hanay ng Partido sa dalawang kampo: ang "pro-women" at "anti-women."

Isa pang tendensya ang pagtawanan, maliitin o laitin ang mga patakaran ng Partido sa sekswalidad at pagpapamilya nang hindi isinasaalang-alang ang mga konteksto at kalagayang pinag-uugatan ng ganitong mga patakaran. Lumitaw ang mga pagtinging pwedeng magtalik ang "consenting adults" basta't walang karapatan ng ibang natatapakan; karapatan ng babaing mag-anak kahit di mag-asawa; di wastong gabayan ng Partido ang "pre-marital sex" ng magkasintahan. Lahat ng ito'y hinugot mula sa "karapatan sa reproduksyon," na ang esensya'y may karapatan ang babaing magpasya para sa sariling katawan. Gayunman ang paglalako ng ganitong karapatan nang walang pagtatangi o pakundangan ay patungo na rin sa paggigiit sa Partido nang pamamayani ng personal o indibidwal

na kagustuhan at ng pagpawi,ngayon pa lang, ng institusyon ng kasal at pagpapamilya sa hanay ng mga rebolusyonaryo. Isa sa mga akusasyon ng mga "sosyalista-feminista" sa Marxistang partido ang diumano'y pagpapanatili nito, sa halip na pawiin o alisin, ang pamilya na "bilangguan ng kababaihan."

Ang hindi malinaw sa mga "sosyalista-feminista" ay ang katotohanang ang anumang karapatan ng kababaihan o ng sinumang mamamayan ay hindi absoluto at nalilimitahan ng kalagayan ng lipunan sa ekonomya, pulitika at kultura. Maaaring magkaroon ng pormal na pagkilala sa burges na karapatan ngunit sa realidad hindi ito matatamasa ng higit na nakararaming kababaihan hanggat hindi nagbabago ang buong lipunan, hanggat nananatili ang mga uri at ang di pagkakapantay-pantay sa hanay ng mga mamamayan. Isa pa, ang batayang papel o anyo ng pamilya ay hindi nakadepende sa simpleng kagustuhan ng Partido o mga kadre nito kundi umaayon sa kabuuang antas ng sistemang panlipunang ginagalawan ng mga mamamayan nito, kasama na pati mga rebolusyonaryo. Ang pagbabago ng papel o anyo ng pamilya ay nakaugnay sa transpormasyon ng relasyon sa produksyon sa pangkalahatan, at ang pagpawi nito ay nakaugnay rin sa pagpawi ng mga uri at ng pribadong pag-aari.

Ngunit hindi ito nangangahulugan na kinukunsinti o hinahayaan ang pang-aapi sa kababaihan sa loob ng pamilya. Kailangan lang makita na ang pagbabago sa mga relasyon ng tao, kasama na ang relasyon ng babae't lalaki sa loob ng pamilya, ay hindi maaaring gawin nang lampas-lampas sa kabuuang inabot na pag-unlad ng lipunan, o ng rebolusyonaryong kilusan sa partikular. Kung hindi'y lilikha ito ng mga antagonismo at kaguluhan na maaaring humantong sa paglihis o pagkahati ng rebolusyonaryong kilusan.

Maliban pa rito, sa malakas na hangin ng Gorbachovismo at paghalo ng impluwensyang "sosyalista-feminista", umiral din ang mga pagtinging ang istruktura ng Partido ay "hierarchical," dominado ng kalalakihan at hindi "gender-sensitive." Bagaman hindi lantarang sinasabi, ipinahihiwatig ng ganitong mga pananaw na ang pagpapailalim ng mga nakabababang organo sa mga nakatataas na organo at ng lahat ng kasapian sa sentral na pamunuan ng Partido ay isang kaayusang otokratiko at pumipigil sa pamumulaklak ng demokrasya sa loob ng Partido. Sa katunayan nagkaroon din ng mungkahi mula sa ilang kadre ng Kawanihan na idaan sa rotasyon ang pagkakalihim ng yunit na may hibong pagkwestyon o pag-atake sa istruktura ng Partido na tinawag nitong "hierarchical." Ang mga ito'y nagpakita ng maling pag-unawa sa diwa at esensya ng demokratikong sentralismo at sa pagmamaliit ng mga pang-ideolohiyang pamantayan sa pamumuno ng isang proletaryong partido.

Hindi nauunawaan ng mga "sosyalista-feminista" na ang sentral na pamunuan ng Partido ay walang sariling kapangyarihan maliban sa tungkuling ibinigay dito ng kongreso ng Partido na pamunuan ang pagsusulong at pagpapatupad ng programa at konstitusyon ng Partido. Nakalagak at kinakatawan ng Partido ang pangkalahatang kagustuhan at interes ng uring proletaryado at ng iba pang aping uri sa lipunan. Sa loob nito may iisang pamantayan o regulasyong sumasaklaw kapwa sa mga kasapi o kadre ng Partido anuman ang antas ng organong kanilang kinabibilangan. Kaya hindi maaaring maging likas sa Partido ang otokrasya o diktadura ng isa o iilan. Ang sinapit ng Partido sa Unyong Sobyet at sa mga bansa sa Silangang Europa ay tulak hindi ng maling teorya ng Marxismo kundi ng rebisyunismo.

Gayundin labis na pinahalagahan ang usapin ng kasarian sa pagpapasapi at pamumuno sa loob ng Partido sa halip na ang suriin ay ang kawastuhan ng linyang dinadala ng mga kadre at organo sa loob nito. Ipinalagay na dehado ang kababaihan sa pagdami ng kalalakihan sa loob ng Partido, at mas nag-alala pa sa "patriarkiya" sa loob nito kaysa sa mga disoryentasyon at mga pagkakamali sa linya ng buong Partido na naramdaman na sa loob ng mahigit isang dekada at puminsala sa mga mamamayan at rebolusyon.

Hindi kasarian ang nagtatakda ng antas ng pang-ideolohiyang kamulatan ng mga kasapi ng Partido kundi ang kawastuan o kamalian ng linya nito. Sa "sosyalista-feminista"ng pananaw, kung may petiburges na suhetibismo mang umiiral sa Partido, ito ay suhetibismo ng kalalakihan.

Ang impluwensyang "sosyalista-feminista" ay nagresulta rin ng paghina ng punahan at pagpuna-sa-sarili (PPS). Sa di iilang kaso, sa halip na gamitin ang PPS sa pagwawasto ng mga pagkakamali at pagpapatibay ng proletaryong paninindigan, inihalili o ipinantapat dito ang istilong barkadahan sa anyo ng "sister bonding." Idinaan ang pagresolba ng mga puna hindi sa proseso ng Partido kundi sa pamamagitan ng mga impormal na aktibidad sa hayag tulad ng mga excursions at "women speak out." Higit na pinalakas nito ang ugnayang personal ng mga kasama kaysa pampulitikang pagkakaisa. Sa iba'y ginagawa ito sa katwirang hindi nakasasapat ang PPS.

Ang pagtukoy ng kalakasan at kahinaan sa paraang PPS ay hindi lamang simpleng paglalahad o pagpapayo sa mga problemang kinakaharap ng mga kasama sa iba't ibang antas. Isa itong buhay na pag-aaral ng karanasan at paglalapat ng teorya sa praktika. Isa rin itong mabisang anyo ng pagpapanibagong-hubog na papanday sa proletaryong paninindigan, pananaw

at pamamaraan ng paggawa ng mga kasama. Para sa mga mulat na proletaryado ang pagpapatibay ng pampulitikang pagkakaisa ang higit na nagpapalakas ng personal na ugnayan ng mga kasama.

## Ultrademokrasya

Samantala, di matatawaran ang inisyatiba ng mga kadre at pwersa ng Kawanihan sa pagsusulong ng kilusang kababaihan na makikita sa lampas-lampas na saklaw at dami ng gawain. Gayunman, hindi nasundan ang inisyatibang ito ng kahusayan sa kolektibong pamumuno. Sa maraming panahon ay umiral ang pagpapakasapat sa mga taktikal na plano, mga madalian at di natatapos na mga pulong, kakulangan ng check-up at pag-alam ng gawain ng isa't isa, kawalan ng kalihiman at kinalaunan ng komiteng tagapagpaganap, pagkaligta sa pagpapatawag ng expanded bureau, kakulangan ng teoretikal at praktikal na pag-aaral, pagkaligta sa pagtalakay ng mga plano at patakaran ng Partido.

Kongkretong resulta ng mabuway at maluwag na buhay pampartido ang ultrademokrasya. Lumakas ang tendensya ng mga yunit at kadre ng Kawanihan na lumarga nang nagsasarili at gumawa ng mga desisyon nang lampas sa saklaw ng kanilang gawain.

Isang malinaw na indikasyon ng liberalismong ito ang paglalabas ng samu't saring hayag na modyul, publikasyon at babasahin na ginawa ng mga kadre ng Kawanihan ngunit hindi dumaan sa mga pagsusuri at talakayan ng kanilang kinauukulang grupo o yunit ng Partido bago iniharap sa masa. Ganito rin halos ang nangyari sa mga rebolusyonaryong kurso, publikasyon at pagsasanay. Hinayaan na lamang ang iilang kasamang magbalangkas at magpalaganap ng kurso kahit hindi pa opisyal ito. Ilang beses ding tinangkang pag-usapan ito sa antas ng Kawanihan ngunit pinalarga na rin dahil sa kawalan ng kahandaan ng mga kadre o kakapusan ng panahon. Kapag nagkaproblema, saka na lamang naghahabol. Pagdating sa mga nakabababang yunit itinuturing nang pinal ang mga dokumento at mabilis nang tumatagos sa hayag, hanggang sa mga rehiyon.

May kaso rin namang pinapatigil ng Kawanihan ang pagpapalaganap ng kursong hayag laluna't napansing lihis na ito sa linya tulad ng borador ng pangunahing kursong hayag. Subalit sa kakulangan ng materyal na magagamit sa pag-aaral hinayaan pa ring ipalaganap ito bilang "sanggunian" sa mga pag-aaral at pagsasanay.

Nariyan ding hindi masangguni ang Kawanihan sa mga plano o desisyong may epekto hindi lamang sa mayor na bahagi ng kilusang kababaihan

kundi sa buong kilusang kababaihan. O kaya nama'y tahasang baguhin, hindi sundin, o hindi mahigpit na panghawakan ang mga desisyon o patakaran ng Kawanihan. Ang mga namumunong kadre ng Partido at mga intermedyang yunit ay umangkin din ng papalaking awtoridad at kapangyarihan at kumikilos nang halos awtonomo sa Kawanihan. Isang dahilan ang kabagalang magpasya nitong huli. Naiiwan ang Kawanihan sa paghahabol sa diumano'y mga inisyatibang ito, kundi man tuluyang nagpabaya sa responsibilidad nito.

Samantala, patuloy na umalagwa ang samut-saring mga konsepto at ideya sa hayag na naimpluwensyahan ng iba't ibang teoryang feminista, laluna ng "sosyalista-feministang" linya, na tumagos hanggang sa gawaing lihim. Bagaman naiimpluwensyahan, hindi rin makapusisyon ang Kawanihan nang kolektibo. Hindi nakapaglalaan ng sapat na panahon para sa mga teoretikong pag-aaral, buhos ang pansin sa paglulunsad at paglahok sa sunud-sunod na mga kampanyang masa, at hatak sa iba't ibang hayag na gawain ang mga kadre nito.

Sa kabuuan, lumakas ang tunguhing "mag-abdicate" o "mag-default" ng Kawanihan sa pamumuno ng hayag na RKK. Marami itong mga ginawang hakbang at kinapaloobang sirkumstansya na nagpahina mismo sa pamumuno nito.

Sa kabilang panig may bahagi rin ang sentro ng Partido sa mga kahinaang ito. Lumitaw na ang sitwasyon sa pagsusulong ng RKK sa pambansang saklaw ngunit hindi ito nakapagbigay ng estratehikong pamumuno sa kilusan. Hindi nito naharap ang buong tungkulin ng kilusan dahil na rin sa mga kaguluhan at kalituhan sa loob ng Partido dala ng maling linyang SCO. Nahaharap nito ang usapin sa pagpapakilos ng kababaihan sa kanayunan kaugnay ng armadong pakikibaka, ngunit hindi ang papel at relasyon ng hayag na RKK sa kabuuang rebolusyonaryong kilusang kababaihan.

Malaki rin ang tama ng sakit na burukratismo. Ang malaking mayorya ng mga pwersa ng Kawanihan ay walang gawaing masa at nakaipon sa mga opisina at institusyon. Kung nag-oorganisa man ng masa ang pangunahing layunin pa ay organisahin sila para sa mga kampanyang protesta na inilulunsad ng kilusang kababaihan at itinatakda ng insureksyunistang balangkas sa urban. Kaysa magpakabihasa sa gawaing masa, ang mga pwersa ng Kawanihan ay pangunahing nauwi sa pagiging "kampanyera."

Isang mayor na dahilan nang pagkahiwalay na ito sa masa ang pagliit at pagbagal ng paglawak at pag-unlad ng masang naoorganisa ng Kawanihan. Una,

napakaliit ng bilang ng mga kadreng itinalaga sa direktang pag-oorganisa, samantalang higit na marami ang mga kadre na nakatipon sa mga opisina.

Ikalawa, kalakhan ng mga kasapi at kadre ay hindi produkto ng gawaing pag-oorganisa ng Kawanihan kundi mga nalipat o nadeploy sa iba't ibang dahilan tulad ng mga suliranin sa pamilya o pagkilos nang lihim at pultaym. Di iilang kadre rin ang umiwas o nagbantulot na tumangan nang higit na malalaking responsibilidad sa Partido, laluna kung ito'y buong panahong gawain sa kanayunan.

Ang kabuhaghagan ng buhay Partido ay nagbunga ng mga alitan at demoralisasyon mismo sa loob ng Kawanihan laluna noong unang bahagi hanggang kalagitnaan ng dekada otsenta. Bandang 1988 na lamang nasimulang makonsolida ang Kawanihan at naayos ang relasyon sa pagitan ng mga kagawad, ngunit hindi rin naampat ang liberalismo at mga ultrademokratikong pagkilos sa hanay nito. May panahon ding panay-panay ang reorganisasyon sa mga puwersa ng Kawanihan para makaangkop sa mga bagong kalagayan. Walang katapusan ang rigodon ng mga pwersa na ipinaloob sa mga pormasyong taktikal.

## Proletaryong Partido

Ang mga tunguhing suhetibismo, oportunismo at rebisyunismo ay malinaw na umiral sa iba't ibang anyo sa organo at mga yunit ng Partido sa hayag na kilusang kababaihan. Sa organisasyon, pinakamatindi na rito ang liberalismo, burukratismo at sektarismo na mga kalawang na sumisira sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Mahigpit ang pangangailangang bunutin ang mga ugat nito para puspusang makapagwasto ang Kawanihan at mga yunit nito. Kailangan din ang rebolusyonaryong pagmamatyag sa pagpapanumbalik ng mga pagkakamaling dumidiskaril sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang kababaihan.

Maliban sa paggagap at pagtangan sa mga wastong rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido ay mahalaga rin ang ibayong pagpapanibagong-hubog ng mga kadre at kasapi sa ilalim ng Kawanihan. May materyal na batayan para ang burges at peti-burges na impluwensya ay patuloy na makapuslit at makapinsala sa loob ng Partido laluna't ang pampulitikang gawain ay nakasentro sa kalunsuran, laluna't ang gawaing masa ay manipis at mababaw, laluna't ang masang pinag-uugatan sa pangunahin ay petiburges at hindi anakpawis.

Ang hayag na RKK ay bahagi lamang ng buong RKK na pangunahing isinusulong sa kanayunan. Kahit pa man ang mga gawain ay sa pagsusulong

nga hayag na kilusan sa mga sentrong lunsod at bayan, ang mga yunit ng Partido rito ay may tungkuling iugnay ang hayag na kilusan hindi lamang sa lihim na kilusang kababaihan kundi sa buong demokratikong rebolusyon ng bayan na pangunahing inilulunsad sa kanayunan.

Kaya ang mga kadre at puwersa ng Kawanihan ay kinakailangang magkaroon ng direktang karanasan sa kanayunan: umugnay, lumubog at makiisa sa mga rebolusyonaryong magsasaka, mag-aral at lumahok sa antipyudal na pakikibaka, tumulong na magtayo at magpaunlad ng mga organisasyon ng kababaihang magsasaka. Dito'y higit nilang mauunawaan ang sitwasyon ng mga kababaihang magsasaka na siyang pangunahing lakas ng RKK.

Habang nasa kalunsuran, ang mga kadre at kasapi ng Partido sa kilusang kababaihan ay kailangang umugat nang malalim pangunahin sa masang manggagawa sa mga pabrika man o komunidad.

Dito'y lumahok sila sa pagtatayo ng mga rebolusyonaryong unyon habang nagbibigay ng espesyal na pansin sa mga komite ng kababaihan. Masigla nilang pangunahan at palawakin ang pagtatayo ng mga organisasyong kababaihan sa komunidad samantalang pinasisigla ang partisipasyon ng kababaihan sa iba't ibang pangmasang organisasyon.  Sa hanay ng mga abanteng aktibista ay magrekrut ng mas maraming kandidatong kasapi na magpapalaki sa bilang ng mga proletaryo sa mga yunit ng Partido.

Mainam na kalagayan ang malalim na pag-ugat sa masang anakpawis para sa pagwawaksi at pagsalungat ng mga burges at petiburges na impluwensya sa mga kadre at kasapi ng Partido. Higit nitong mapapanday ang proletaryong partido sa pagsusulong ng kilusang kababaihan sa yugto ng demokratikong rebolusyon ng bayan at kasunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.